

NOTE: TINAMAD NA AKO I-EDIT ANG LAHAT. Sorry sa excessive emoticons bandang page 320 plus haha. Sa grammar and so on! Thank you.



Prologue

Naranasan mo na ba makipagbreak?
Masaktan ng todo?
Kasi kung OO

Maiintindihan mo ako!

Malaman mong di ka niya gusto at ginawa lang na rebound?
THE HELL!!!

Ang tagal kong inisip yung sasabihin ko sakanya.
Pero anong napala ko? Diba wala?

"i love you. At alam kong nasisiyahan kang saktan ako"

Is that your way of showing your love?
The heck is that love!
Stop thinking of that stupid guy!

My sadist lover

Chapter 1: a joke?

Ano kayang pwedeng gawin? Ang boring ng buhay. Bakit ba ganito? Ang love ko di pa din nagtetext.
Ang boring boring boring bor-----

Magshopping nalang ako!

So what kung loner?

Oh yes! I'm a loner.

Maliban sa BF ko wala na ako kasama sa school.

Nilayuan ako ng mga kaibigan ko ng dahil sakanya. Nice right?
SUPER NICE! Why???

Eh kasi lang naman poang BF ko ay sikat po sa campus po! Isang basketball player! Partida captain pa. anong connect? Eh kasi siya ang... Ang

PAGMAMAY-ARI DAW NG LAHAT!

Wow! Really?

Anyway, pupunta nalang ako sa mall.

Naligo na muna ako, naghanap ng damit at syempre magpapaganda muna ako! Anong akala niyo? Lalayas na akong ganito lang? Hello? Nagkalat po ang fans ng BF KO!!! Lalaitin nanaman nila ako pag nakita nilang ang simple simple ko. Oo nilalait nila ako! Kasi ayaw nila sakin. Palibhasa Mga bitter!

Mahaba ang buhok ko. Gusto ko kasi mahaba. Ang dami kasi nagsasabi na maganda daw ang buhok ko. Naks! Maganda naman ako kaya bagay lang sakin may magandang buhok. Brown eyes din ako :))

After ko mag-ayos nagpunta na ako agad sa MALL!!!

Hindi ko pa pala nabili yung ALBUM NG PARAMORE!

Kaya ang diretso ko nung nakarating ako sa mall ay ang bilihan ng CD! Yippieeee :)))

Dumiretso na ako sa loob ng shop! At Swerte! Nag-iisa nalang at mukhang ako ang makakakuha!
Parang hinihintay lang ako neto! Haha

Nung inabot ko yung CD biglang may kumuha din kaya ang labas pareho kaming nakahawak sa cd!!!
>:((

Nagulat ako nung bigla pa siyang nagsalita.

"miss pwede akin nalang?"

"di pwede >:(("

"please???"

Aish! Kahit pogi ka pa mister di ko ibibigay sayo'to. OO GWAPO NGA SIYA!!! Hahaha. Pero may something sa mukha niya parang peklat pero di gaano pansin pero gwapo pa din. Alam niyo ba yung nakakapagpadagdag sa kagwapuhan niya yung pilat sa mukha niya? Alam niyo ba yun?? Inalababu na yata ako? pero pero pero HINDI! Mas mahal ko pa din ang BF KO! At kahit gwapo siya 'di ko pa din ibibigay ang cd >:(

“di pwede ako nauna” pagmamadamot ko
 “anong ikaw? Nauna ako nuh”
 “di kaya!”
 “oo kaya!” Hinsi siya gentleman!

Naman oh!!!

“hoy mister! Wala ka bang galang sa babae? Akin na kasi!”
 “miss, nakikiusap na nga ako diba? Kelangan ko lang”
 “alam mo ba yung ayaw?? Saka isa pa naku naman oh! Akin na kasi!”
 “miss naman gift ko sa kapatid ko ‘to”

Baka niloloko ako nito >:(

Kinuha niya yung phone niya. He started dialing pero 'dDi pa din niya binibitawan yung cd >:(

May tinatawagan siya at habang may tinatawagan siya hinihila ko yung CD!!! Kaso ayaw niya bitiwani! bakit ba ang lakas ng mga lalaki? Nakakainis naman! Pogi ka nga mister pero wala akong pakialam kung mas pogi ka pa sa bf ko!!! Mas pogi siya? Oo nga mas pogi nga ito!

HALA! NO Sharlot NO!!! Wala ng mas popogi pa kay Jake Russel de Vera! Wala na!

“oi KC!” Ano ba naman yan kumausap sa phone? Sisigaw??? Aish

“kasi, I may not be able to buy this for you” tumigil siya then nagsalita ulit “wag ka ng magtampo! Aish this kid! sabihin mo kay mommy Lian o kaya kay Daddy” a moment of silence tapos nagpatuloy ulit “wala na kasi last na ‘tong cd” tumingin siya saakin at saka nagsalita “itong babae kasi kinukuha. okay lang???”

“hwag ka magalit”

“Binabaan ako” he said with no reaction at all

I'm guilty! Nag-away ba sila ng kapatid niya?

“sige kuya kunin mo na” bye bye paramore.

Kinuha nga niya ang cd!!! Para akong na-heartbroken. My heart broke into pieces. Oh my paramore!
Don't leave me! NO!

Pinagmamasdan ko lang ang gwapong nilalang na pumunta sa cashier at binayaran ang CD at nung
lalabas na siya sa shop he left with an evil grin!!!

The heck?

Wag mong sabihing joketime yung tawag kanina????

Ay naman! Nakakainis! Bakit ba ako nagpapaloko sa mga ganun??? Nakakainis talaga! Umuwi akong
bigong bigo! Bigong bigo! Ang paramore! Kung kelan napagdesisyonan ko na bumilli! Nakakainis naman!
Bakit kasi iisa nalang yun? Bakit? Bakit? Can someone tell me why?

Anyway, natapos ang araw na wala naman nangyari. So today is another day nanaman. Naglalakad
na ako sa corridor ng biglang may umakbay sakin! Sino ba?Edi 'di ko kilala!

"hey stop it!" sabi ko sabay tanggal nung braso niya sa balikat ko/

"ito naman teammate ako ng jowa mo"

"so???"

"sungit nito makaalis na nga kawawa ka namang babae ka" saka niya binilisan maglakad.

"huh???"

Bakit ako kawawa?? Siya kaya kawawain ko! Nakakainis ah

Pagpasok ko sa room namin kumpol kumpol ang girls! Naman! Isa lang ibigsabihin niyan! Isa lang!
haha

May poging transfer student!!! LOL

Umupo na ako sa upuan ko. Tatal walang balak mga yan na isali ako dyan sa circle nila.

Then I heard na nagbeep yung cellphone ko.

From: jake

May bago kayong m8 hon

---end---

Weh? Sa room namin? No way?

beep beep

From: jake

Mukhang may tatapat na sakin :)

---end---

'Di naman siya adik magtext nuh? Haha

"texting with your bf again?" tanong nung nerd kong kaklase

Oo nerd yang si Gail Fernandez sayang maganda pa naman sana kaso nerd kaya ay basta! basta ang nerd ng itsura pero maganda naman. Ang gulo ko talaga! haha

"yeah. Sa room daw natin yung transfer eh" i answered

"oh really?" tas di na siya nagsalita. Ganda ng conversation namin!

Mga ilang sandal pa dumating na ang teacher nagpunta sa harap a tinawag yung transferee!

Nagulat ako sa nakita ko! Siya yung kahapon!!! SIYA YUNG LOKO KAHAPON!!!!

Di ko siya mapapatawad! HINDI TALAGA! At mukhang di niya ako natatandaan!!!

"magpakilala ka na hijo" sabi ng tracher!

Tumayo siya sa gitna mga isang minuto pa muna ang nakalipas bago siya nagsalita.

"sino si Miyuki Sharlot Parco???"

Napatingin sakin lahat mga classmates ko!!! AS IN TITIG PA!!!

"ah ikaw pala" he sighed

Napatitig lang ako sakanya yung bang tipong litong llito? Bakit niya ako kilala?

Bakit niya ako kilala? Bakit nya alam ang pangalan ko???

"i saw your BF kissing some other girl. Ang sabi niya wag ko daw sabihin sayo. Anyway I'm Lance Mariano." Nagulat ako sa paraan ng pagpapakilala niya.

The heck? Ano daw? May kahalikan na ibang babae? He's joking right? He must be!

The way he said those words parang ang cold. I don't know if he's concern or gusto lang niya ako ipahiya sa mga classmates ko. Sino ba ang lokong to? At bakit niya ako kilala? Ginamit lang ba siya ng mga students dito? I mean madami akong haters right??? So it must be a joke. A joke. Err yeah! I'm pretty sure! That's a joke!!!!

Chapter 2: Oh MY GHAD!!!

Sharlot's POV

Aba! Loko talaga 'tong si sino daw ba kasi siya? Oo na kahit gwapo pa siya di ko siya maalala. I mean ang pangalan niya! Nakakainis! Kung anu-ano ang sinasabi. Ayan! Mga mukha ng kaklase ko. Parang kinakaawaan ako at parang natutuwa sila! At dahil wala akong katabi. I hate to admit pero oo wala akong katabi.

"Lance sa tabi ka na ni Sharlot umupo. O kung gusto mo kay Gail nalang" katulad ng sabi ng teacher ko, Sakin o kay Gail. Sa likod ko si Gail.

Naglakad na si Lance. YES! Alam ko na ang pangalan haha. Kami ni Gail ang LONER TYPE DITO! Bakit di pa kami magsama? Hello as if makakasundo ko si Gail. Nakita niyo naman ang conversation namin kanina.

Tumigil siya sa tabi ko ako naman napatitig sakanya at talagang nagtitigan pa kami!

"aahhhh ikaw yung babae kahapon" he said and then umupo sa tabi ko!

"di kita mapapatawad" bulong ko. Yung siya lang makakarinig

"huh? Why is that?"

"paramore" sabi ko habang nakatingin sa teacher.

"ah thanks. By the way, nagustuhan ng kapatid ko" sabi niya

Huh? Edi di siya nagjo-joke kahapon?

"sharlot? nice name" he mumbled

Aba mokong na 'to!

"call me miyuki. Not sharlot >:((" Ayaw ko nga ng sharlot! Mas gusto ko miyuki!!! Cute nun eh haha

"are you a japanese?" he asked

"half" i answered

"oww i see" at nanahimik na siya

Sa wakas nanahimik ka din >:))

Recess na at nagtext na si HON ko. He said wait daw niya ako sa canteen. Yes! Lumabas na ako agad. Pagdating ko dun nakita ko na siya agad. He stood out too much! TOO MUCH!!! Haha

“hey” bati ko
 “oi! heto na binilhan na kita ng gusto mo” sabay bigay sa food >:))
 “thanks...”
 “yung transfer student ba-----“
 “he’s weird... i don’t like him...” i said
 “oh” then he smiled

EEEEHHH!!! Kung nakakamatay lang ang ngiti! HAHA

“Hindi ka naman ba pinahirapan ng mga kaklase mo?” tanong niya
 “nope not at all”

“wow naman! pa-english english ka nalang ah? Anong nakain mo?”
 “nakakahawa yung si transfer student kung kausapin ako panay english!”
 “hahaha okay lang yun” sabay akbay pa sakin
 “nakakainis pa siya sabi niya kanina may hinalikan ka daw na iba. Totoo ba yun???”

Napatingin ako sakanya at bakas sa mukha niya ang gulat. Nakakagulat ba? hindi totoo? Pero maari ding totoo.

“ahh yun. Wala yun kasi biglang may nanghila sakin”

edi totoo???

“HON! Bakit ka pumayag?? Nakakainis!”

Tumayo na ako saka umalis! Nakakainis! So totoo pala? Ay nakakainis talaga!

Ang bad! Babae ba niya? O isang fan niya na biglang halik? Aba? Dumadalas na ata yan? Laging may nagsasabi sakin na may babae daw siya. Hwag lang nilang sabihin na? isa lang ako sa GFs niya???

Don’t tell me niloloko lang niya ako?

Naman Miyuki!THINK!!! Pro mahal ko si Jake at mahal naman niya ako diba? Sabi niya yun diba?
 Diba diba? Puro nalang ako diba? ‘Di ako makatingin sa likod ko. ‘Di ko tuloy alam kung sinusundan ba niya ako?

“Wait lang... Miyuki!” Tse. Sinusundan pala ako! rooftop miyuki sa rooftop!

So talagang sira ang poise ko! Ikaw tumakbo sa hagdan? At siya ay hinahabol ka? Para lang kaming baliw! bakit? Pinagtitinginan na kami ng students!!! Nakakainis kasi! nakakainis ! ‘di ba niya pwede itulak nalang yung humalik sakanya? Bawalan lumapit ang girls sakanya? Hindi ba pwede naman

yun? I know 'di ako kinikilalang girlfriend niya nung mga girl students. Pero syempre the fact na we're dating! Hindi ba nila kayang irespeto yun? Ouch masyado ah! Ouch!

So pawis na pawis na ako?

At buti nalang di niya ako naabutan! Kaya naman, i locked the door! Nakakainis kasi anong paliwanag ngayon ang sasabihin niya? Sige nga? Nakakainis kasi malaman na totoo pala yun. Aish. Mahal na mahal ko pa naman siya. Ang loyal loyal ko sakanya! Tapos siya???

Niloloko ba niya ako???

"HEY! MIYUKI!" okay? Bahay ko to? Kumakatok talaga siya? Rooftop ito rooftop!

"Miyuki? di ko naman alam! bigla lang niya ako hinila!"

"PAKI KO?" sigawan ang drama? Eh kasi naman nakakainis. Basta i'm jealous. Diba niya sila kayang iwasan?

"Open it please? HON!"

"YADA! YADA YADA YADA!!!"

"yan ka nanaman sa mga di ko naiintindihan eh! OPEN IT!" uh-oh galit na si boyfriend

"YADA!!!"

"MIYUKI!"

"BAKA!"

"anong baka??? Kalabaw?"

"ANATAWA BAKA DESU!!!"

Bahala ka dyan! idiot!

At after 5 minute .wala na si jake. Aba! lokong Russel! sige ganyanin mo ako loko ka!

"NAKAKABWISIT KA KUNG SINO KA MANG MALANDING BABAE!!!" yan nalang ang nasigaw ko dahil sa sobrang inis!

"tsk. Ingay mo" HALA! May tao pa!

"pwede? Sa iba ka mag-ingay wag dito" dagdag pa niya

Tinignan ko kung sino. Isang lalaking nakahiga sa sahig at nakataklob yung libro sa mukha. May lalaki palang mahilig sa books? Di nga?

"miss-----" nagulat siya nung tinanggal niya ang nakataklob sa mukha niya at nung nakita ako.

Ah! So si mr. Lance pala ito?

“so it’s you” parang naiinis pa niyang sabi.

“so what kung ako?” mataray kong sagot!!!

“wala naman” at tinakluban nanaman niya mukha niya gamit ang libro.

Walang kwenta. Ay wait! Tatal nandito na din naman siya. pwede ko kaya siya tanungin kung bakit alam niya pangalan ko?

“hoy Lance”

“what?” Di pa din niya tinanggal yung nakataklob sa mukha niya. i wanna see your face! Haha joke lang.

“panu mo nalaman pangalan ko?” i asked

“Your bf. When i saw him and that girl were kissing. He asked me not to tell you. Anyway. Why am i talking to you???”

naiirita na ba siya? Diba ako dapat ang iritable? Napaka ungentle niya! alam niyo yun? Alam niyo ba yun? Nakakainis naman to!

“bwiset!” sabi ko

“will you stop cussing? kanina ka pa” he said and finally!!! Ang haba na ng sinabi niya mula kanina!

Yeah ang iikli kasi niya sumagot kakairita. Yung pinakamahaba lang yata na narinig ko yung kahapon nung kausap niya ang kapatid niya???

Waaaaaaaaaaaaaah ano ba? Ano ba? Yung boyfriend ko nga pala!

Baka maghanap na siya ng iba??

Napasalpak ako sa sahig! Nagsquat muna ako kasi naman nakakainis talaga siya. Magpapahinga na muna ako. Ang layo kasi ng tinakbo ko. Cateen to rooftop? Partida yung pull ng gravity!

“hey Lance. Pwede ba ako magsalita salita dito?? Magpapatanggal lang ako ng init ng ulo?” i asked

“go on” sabi niya at nagbasa na siya ng libro.

“anong binabasa mo?”

“who cares?” Ang bastos naman sumagot nito!

“bakit ka lumipat dito?”

“friend ba kita para sagutin?”

lalo akong naiirita! Patience Miyuki Patience!

“ilang taon ka na ba?” i asked again. Bakit ko ba tinatanong?

“16” he answered. Wow?? he actually answered!!!

Hahaha

“san ka nakatira?”

“are you my stalker?” he asked back

Tsk...lokohan na ba ito???

“ano ba gagawin ko sa boyfriend ko? Nakakainis. Kung bakit kasi mahal ko yun?”

“edi ibreak mo. G*go eh” And beeeeeeeep! He cussed! Curse na ba yun???

He said g*go right? Edi cuss na yun???

Ang cool ng loko na ‘to ah

Pero duh? Ako ibrebreak yung mahal ko? Asa ka naman Lance

“wala ng ibang choice?” tanung ko ulit.

“edi magpakamartyr ka” he suggested while reading the book

Tsk. okay. Magpakamartyr talaga ako! mahal ko kasi haha..

“okay Lance... thanks sa payo...”

Tumayo na ako! Tumayo para puntahan ko na boyfriend kong si Jake. Makikipagbati na nga ako.

Bubuksan ko na sana yung pinto kaso bigla siyang tumayo din. Ewan ko pero lalabas na sana ako kaso.

“aalis ka ng ganyan???”

“huh???”

“blood” he said blushing

Blood???

“dugo???” “tanong ko at tumango naman siya

“you mean tagos???” tanong ko pa ulit

“yeah” he answered without looking at me at super pula na niya at ganun din yata ako kasi ang init na ng mukha ko!

What the?????? May tagos ako?

At nakita ng isang lalaki?

At isang transfer student pa?

Agad ako humarap sakanya para di niya makita yung tagos! nakakahiya

Oh MY GHAD!!!!

Chapter 3: waaaaaaah?

Nakakahiya. Nakakahiya!!! SUPER NAKAKAHIYA!

first day ko pala??? Bakit ‘di ko alam? Hala naman! bakit kasi hindi ako regular??? At siya pa talaga nakakita!!! My gulay!!!

Anong gagawin ko? What to do??? What shall i do??? What what what??? To do to do to do??

“panu ka lalabas niyan?” tanong ni Lance

“di ko din alam. Ang malas naman na buhay oh!” hinawakan ko na yung palda ko na may tagos.

Ang malas. Kawawa naman ako! Nakakahiya. Lalaki pa talaga nakakita!Wala namang cr dito sa rooftop!

“itatago ko” sabi niya

“huh???”

“kesa naman maglakad ka dyan!”

HALA! ano yun? Panu niya itatago??? naman oh!

“lakad ka lang” he said

“eh makikita!”

“wag ka kasi pahalata! Wag mo hawakan palda mo!”

Hala? Edi kita lalo at saka. Aba? may ganang sigawan ako?

“sa likod mo lang ako” he said habang di nakatingin sakin.

hala? Bakit ako nagblublush? No Miyuki! No!!! Tsk. no sa blush.. yes sa lakad sa likod!

“Fine! Maglakad ka sa likod ah. Pag-ikaw biglang nawala!”

“bakit naman ako mawawala?” he said it with a poker face expression.

At ayun na nga naglalakad na ako at siya sa likod ko! Huwow! Maraming salamat! Di talaga niya ako iniwan. Dun lang talaga siya sa likod ko. Kaso medyo nakakailang kasi siya naman nakakakita buti nalang first day. Di gaano malakas. Pero nakakailang TALAGA! Anong mukha nalang ang ipapakita ko kay Lance Mariano pagkatapos nito?

Ang mga students pinagtitinginan kaming dalawa. Hello? kasi po kung maglakad super lapit kay Lance! I mean masyado kaming magkadikit. Sasabihan nanaman akong malandi. At ang matindi papunta kami sa cr ng girls! Naman! Buti nalang at nakarating na nga ako doon sa CR.

“thanks” sabi ko nalang sabay takbo na sa loob. Naghulog ng limang piso para kumuha ng pantapal!

Haist. Buti nalang walang tao sa cr. Buti nalang talaga!

Binasa ko nalang yung parteng may dugo at buti may sabon! good vibes! Hehe so ayun! Natanggal na ang mantsa!

Ngayon papatuyuin ko naman. I waited for at least 20 minutes kaya naman ‘di na ako nakapasok sa next class! Lumabas na ako sa cr atwala na yung gwapong nilalang sa paligid. Natural pumasok na yun. Ano bang pakialam niya sa taong inagawan niya ng cd? Sa taong seatmate lang niya? Sa taong kanina mo lang nalaman ang pangalan?

Pagpasok ka sa room. Awww center of attraction ako!!! walang teacher? Agad akong pinalibutan at napansin ko lang wala yung mga boys. baka nagliwaliw? Class hour oi!

Ano nanaman gagawin nila sakin???

“isa ka talagang malandi! Pati yung bagong transfer!” sabi ni Kristine! Ang leader ng group

“oo nga ang landi landi mo! Lahat nalang inaagaw mo!” sabi naman ni Mae siya yung mataray type >.<

“tama! Kaya dapat ikaw lumayo layo ka sa bagong student na yan!” said Ina Marieang maaalahanin

“kung ayaw mong isumbong ka namin kay Russel!” dugtong ni Mae

“anyway Shar---“

“don’t call me Sharlot!”

“choosy ka pa! akala mo naman kagandahan ka! Eh isa ka namang NERDY NOON!” malakas na sabi ni Kristine

Napatingin sakín yung ibang students tapos tumawa sila. Natural naalala nanaman yung mga araw na yun! Right i was a nerdy back then. NERD na kung NERD! Pero may mga kaibigan naman ako noon! And guess who? Sila Kristine, Mae and Ina lang naman ang mga bff ko noon. Kaya nga alam na alam ko ang ugali nila. So sad!

“anong kaguluhan nanaman yan??” nakapamaywang pang sabi ni Czelene

“oops si ex BFF niyo pala” taas kilay pang entrada ni Czarina

Kawawa nanaman ang lagay ko nito.

“Sharlot-dear. Just break-up with Russel” –Kristine

“no”

“SHARLOT!”---Ina

“what?” i asked

“we. are. warning.you..” slow motion pang sabi ni Czelene at umalis na sila

Naglapitan pa yung ibang babae sakín.

“kawawa ka naman. Maaring boyfriend mo nga si Jake. Pero iniwanan ka naman ng mga kaibigan mo” errrrr! I hate Keith! isa pa tong meanie!!! At pagkatapos ng eksenang iyon isa isang pumasok yung mga boys.

Uhm mmm nasan na si Lance? At bakit ko ba siya hinahanap??? Nevermind.

“ah ah! So hinahanap mo sa lagay na yan si Lance?” tanong ni michy >.<

“seryosong tanong Miyuki. Mahal mo ba talaga si Jake?” mataray na tanong ni Glaiza

“Oo nga kasi kung hindi---“ di ko na pinatapo syung sasabihin ni Maricris

“well hell yes!” sagot ko saka na ako umalis sa room!

Nakakainis. Pagtulungan daw ba ako??? anyway i don’t care. Manhid na ako! sanay na ako sa ginagawa nila. As in sanay na sanay. Ever since naging kami ni Jake nung 3rd yr kami. Ganyan na ang nangyari. 1 year na din pala akong ginaganyan ng mga classmates ko? Mga naging classmates pati mga di ko kilala.

Sila Hon kaya? May klase din? Pero feeling ko wala kasi parang may riot sa campus ngayon. Kinuha ko yung phone ko para tawagan siya and Uh-oh! Ang daming tawag ni labs ko!

At eto nanaman tumatawag nanaman siya! >:))

“oh hon?”

(hon ka dyan! Kanina pa ako tumatawag!)

“sorry nabusy lang kanina ako >.<”

(excuses)

“sorry na” Hey wait?? Bakit ako yung nagsosorry? Diba dapat siya?

(pinapatawad na kita) he said

“oi! Kapal mo jake ah! Ang kapal!”

(where you at?)

“ikaw san ka?”

*(oi pare okay na tong isang to) rinig ko na sinabi nung kaibigan nya?
(sige hayaan niyo na yan dyan. Wala naman palang binatbat eh)*

No wait??? Wag mong sabihing----

“nakikipag-away ka nanaman ba? Asan ka? TELL ME!!! NOW!”

(aish. Wala to...)

“san ka sabi eh!”

(likod ng school)

And that’s it! tama ako! may inaway nanaman sila!!! May inaway nanaman and sino nanaman ang unlucky guy na bumangga sakanila? ako ang naawa para sakanya! Tumakbo ako papunta dun. Buti nalang at di masakit ang puso ko. Takbo ako ng takbo ngayong araw na to ah? Aish naman!

Hinihinal na ako! pero dapat makarating na ako dun. Baka mamaya kung anong mangyari sa inaaway nila...naku hwag naman sana!

Sa wakas! Nakarating na din ako. Naabutan ko silang nakatayo tayo doon. Tapos yung isa.

wait... ginugulpi.... si....wait.....

Wait.....

Si..

LANCE!!!

“HEY! STOP IT!” sigaw ko

“so nandito na ang unfaithful girlfriend” sabi ni Roel

“unfaithful??? The heck??? Are you crazy???”

“pumunta ka sa rooftop para makasama mo siya?” sabi pa nung isa

“what??? Ano bang sinasabi niyo???”

“at naglakad pa kayo ng sobrang dikit!!! SOBRANG DIKIT!” sabi naman ni Jake >.<

So talagang may spokesperson siya ganun?

Agad akong lumapit kay Lance. hala basag ang mukha... i mean ang hot tignan >:)

Ano ba yan??? Bakit ba parang ang saya ko pang nakikita siyang nasasaktan?

No no no. pero ang hot kasi niya. Alam niyo yun? Ang sexy tignan kahit na na-beat up siya!!! Aish.

“oi okay ka lang???” Pero di siya sumasagot

“hoy! Bakit niyo naman siya binugbog??? Ano namang kasalanan niya sainyo? Alam ko hindi yun yung reason eh!”

maangas” maikling sagot ni Jake

Ay naman kung maangas siya ano tawag sayo? Mayabang? Basagulero?

“HON! WHY DID YOU DO THAT?”

“coz i’m jealous! Nakakainis! Imbes na ako yung kasama mo kanina. Nakikipaglandian ka dyan sa maangas na yan!!!” sabay turo pa kay Lance

“he helped me!”

“what? Helped? San? Bakit?”

Di ako makasagot ang dami kayang lalaki at ako lang kaya ang babae

“what? Di ka makasagot! Kasi totoo naglalandian kayo ng bago na yan? You know what? Maybe totoo yung mga sinasabi nila tungkol sayo that you’re a Bit----“ sinampal ko na siya bago pa niya matapos ang sasabihin niya.

“aaah! So mas maniniwala ka sa mga yun? Go! maniwala ka sa mga rumors. Maniwala ka sakanila! Bakit? Masama bang takpan niya yung tagos sa palda ko? Sige nga? Ikaw ba gagawin mo yun? Panigurado ang gagawin mo kukuha ng tabo na may tubig. Kesa makita nilang masyado tayong malapit sa isa’t isa! Ganyan ka naman lagi eh!”

Di na siya makasagot tumingin lang ako sakanya. Napansin ko na namumula siya. No way?? Namumula ang boyfriend ko! Gwapo! Resist! Resist! Inaaway niya ako! lab ko naman papatawarin ko nalang mamaya. si Lance na muna aasikasuhin ko >.<

“kaya mo tumayo?” nagnod lang siya. Great itatayo ko na siya

“HOY ikaw Jake! Next time tanungin mo muna ako!”

“Hon naman”

“tse!”

Nakasabit lang yung braso ni Lance sakin. Ang bigat niya! Naglalakad naman siya pero gulay na siya eh/

“bakit di ka lumaban?” yeah parang di kasi lumaban. Walang galos mga yun eh

“i’m not a fighter”

“then hahayaan mong mamatay ka?”

“whatever” mahina niyang sabi

“tsk... kahit isang suntok lang sana”

Adik ko ba? Boyfriend ko yung nandun eh haha! Kasi naman kawawa si Lance at halatang pinagtulungan siya

“sorry” sabi ko

“for what?” sabay napatingin pa siya sakin

“kasi inaway ka pa nila. Boyfriend ko pa din yun eh”

“tsk. Like i care” Duh! Nakakbwiset tong lalaki na to ah!

“dalhin kita sa clinic ah” sabi ko

“no. I’m going home” To the place where you are belong??? Haha joke

“paano ka uuwi ng ganyan??? Commute???”

“parking lot.”

“BAHAY MO NASA PARKING LOT?” hindi nalang niya ako sinagot.

Pero dahil sa sinabi niyang sa parking lot. Edi dun ko siya dinala! Grabe ang bigat niya promise. Mararamdaman talaga! Tapos napansin ko yung imperfection ng mukha niya. Yung scar. Promise nakakapandagdag sa kasexy-han >.<
Eh bakit ko ba dinedescribe? Erase erase

Pagdating namin sa parking lot. Ayun. Biglang may sumalubong samin

“HALA SIR! Anong nangayari sainyo?” errrr driver maybe?

“nabugbog. Alangan naman na nahulog sa hagdan?” Ganyan talaga siya makipag-usap sa lahat???

“salamat miss. Sa pagtulong sa amo ko” at kinuha na niya si Lance sakin saka pinasok sa car.

Paalis na ako ng bigla siyagng nagsalita

“san ka pupunta? Sasama ka”

“huh???”

“sino nalang magpapaliwanag sa parents ko nito?”

“ikaw???”

“you”

“why me???”

“coz i said so!”

“what???”

“pasok”

“per----”

“PASOK SABI EH!”

“oo na po TT__TT”

Waaaaaaaaaaaaah >.<

What to do???

Galit? Kasalanan ko nga naman

Chapter 4: his family

Errrrrrrr nandito ako ngayon sa bahay nila. Ang laki. Pagpasok palang sa gate mamamangha ka na! now i know kung bakit ang gaspang ng ugali ng lalaking ito! Magkakaalaman na kung totoong may kapatid ka Lance Mariano!

Pero kanina pa kami nandito wala namang tao eh. Mga maid lang? yah MGA! Bakit ang yaman ng tao na ‘to? Bakit?

“pwede na akong umalis? Wala naman sila eh”

“no. wait for them”

“huh? Malaki ka na! kayang kaya mo na yan!”

“sino sa tingin mo ang may gawa nito sakin?”

“boyfriend ko >.<” mahinang sagot ko

“yun naman pala eh!”

Ginagamot ko pala siya ngayon. Tsk. Oo na kasalanan na ng boyfriend ko. Pero di ko naman kasalanan saka siya nagvolunteer na tulungan ako. saka isa pa maangas ka naman kasi talaga!

“OUCH! Wag mo diinan!” sigaw niya

hahaha

Ang cute kasi niya tignan habang nasasaktan. Tawanan siya! ATING TAWANAN! Hahaha

Ang cuuuuuuuuuute!!! Nanggigigil ako!

Diinan ko pa kaya? haha..isa nalang talaga didiinan ko muna kasi ang cute niya magreact. Hindi pala cute! HOT!

Pero totoo! Ang lapit ko kasi sa mukha niya eh. Haha. Ang hot pala niya. Pero mas hot ang boyfieee ko BLEH! :p.

Eto na didiinan ko na ang pagpunas punas sa pasa niya sa maganda niyang mukha! UHMM!

“OUCH! Ano ba? Sinasadya mo na!”

Nagalit hahahaha..ang astig!.... ayan gusto ko pa tuloy

“amin na nga yan! Sinisira mo mukha ko” - ___ -

Epal..kinuha na niya yung cloth. :’<

“edi aalis nalang pala ako. wala naman ginagawa eh”

5 seconds, 10 seconds..... 1 minute!

BEeeeeeeeeeeeeeeeeeeep!

Bakit diya ako pipigilan???

Tumayo na ako at aalis na nga ako. hayaan na ‘tong nilalang na ito. He’s such a jerk. YABANG MO PARE!

Nakakainis ang yabang. Ang angas nga niya talaga. Bagay lang sayo ang mabugbog! Hahaha. Ang ganda mo kasi tignan na nabugbog ka! Ehem. Mind stop it! stop it bad ya!

So naglakad nalang ako papalayo sakanya. Papalapit sa pintuan nang biglang bumukas ang pintuan.

“oh ay bisita ka pala kuya?” kuya???

Napatingin ako sa nagsalita! May kapatid nga siya!!! edi ang paramore nasa kanya???

“OH MY GHAD! Kuya anong nangyari sa mukha mo???” saka siya tumakbo papalapit sa kuya niya

“hey wag mo hawakan!”

“eh kasi mukhang masakit eh >.<”

“Xyla ang kulit mo ah!”

Xyla daw? Last time i heard KC ang tinawag ah? Yung sa phonecall?? KC right? Bakit Xyla? Aba! Niloloko na ata ako nito ah!

“Kuya! Wag mo akong tawaging Xyla! Call me KC!” Ay so KC nga. Ano ba ang pamilya nila? Ang gulo!

“whatever” Hala? Pati sa kapatid niya ganyan siya?

“kyaaaaaaaaah! Ang cool mo talaga kuya!!!” sabay hinug pa niya

“aaaaay! KC! STOP HUGGING ME!” sa wakas!!! ARAY na ang narinig ko at hindi OUCH! Arte ng nilalang na to. Mas maarte pa sakin! Wala naman akong arte sa kawatan. Paarte lang >:))

“ah!” sabi ni KC nung naalalang nandito ako

“KUya...who’s that girl?”

“classmate”

“eh bakit nandito yan?”

“siya magpapaliwanag”

Ang labo naman sumagot ni Lance

“ah! sa mga naging pasa mo ba Kuya?”

“yeah. = ___=”

Buti nagkakaintindihan sila? Ang ikasi kasi sumagot nitong si Lance.

“ate halika upo ka muna.” tas takbo nanaman siya. I think pumunta siya sa may pintong yun. Hello. Dun kasi siya pumasok hahaha

“eerrr di pa ako pwede umuwi?” Tingin siya sa watch niya. Dapat lang na tumingin ka sa watch mo. Halfday absent na tayo!

“maya pa. parating na mga yun” Parating? You mean? Mom and dad??? At ayun! BUMUKAS NA NG PINTO! Woah! Isang magandang nilalang at poging nilalang ang pumasok. no way??? Mom and dad niya to??? NO WAY????

“Lance ang aga mo naman” sabi ng mom niya??? Di pa nga nakitang si Lance alam na nilang si Lance? Nakatalikod kasi yung sofa sa pinto. Ako naman tumingin lang sakanila.

“may bisita ka pala” said ng dad???

Lumapit sila samin. Kinakabahan ako. anong sasabihin ko? Ako ang bumugbog? I mean ang boyfriend ko ang bumugbog? Natatakot ako! Pumunta sila sa harap namin.

Halatang nagulat sila nung Makita si Lance

“sorry po” agad kong sabi >.<

“My Ghad Lance!” agad na hinawakan ni mom niya yung face niya

“who did that?” tanong naman ni dad niya sabay tumingin sa kin si Lance

“you???” sabay na tanong nila

“HINDI PO >.<” saka ako nag shake ng head. hindi naman talaga ako

“Beb! Kunin mo yung ice” sabi ng mom niya. Ang sweet! Beb daw. Waaaaaaaaaaaaah. Grabe sana ganito parents ko .sana lang naman. Kaso hindi.

“mom. I’m fine”

“no you’re not. Ano ba talagang nangyari? Sana inupakan mo na yun” kalog din yung mom niya.

“ah kasi po----” napatingin sa kin ang mom niya saka ngumiti siya. hindi ko mapigilan mamangha! Ang ganda . Bakit sexy ng mom niya? Bakit nanay ko mataba? Tsk

“kasi po napagkamalan po kasin----” di tinapos ni Lance yung sasabihin ko siya na ang nagsalita. Sige na IKAW NA!

“nagselos yung boyfriend niya. Akala yata type ko to” sabay turo pa sa kin

“Lance!” saway ng dad niya na may dala ng yelo

“sorry” sabi ni Lance

Awww marunong magsorry si Lance? ^ ___ ^ ganda! Takot sa daddy! Pero parang spoiled sa nanay

“ma... ayaw ko dun. Dami ko kaagad kaaway = ___ =” sabi ni Lance

“eh lagi ka naman may kaaway” sabi ng KC na nakabalik na pala? may dalang tea at cake

Basagulero pala talaga to???. Kaya siguro may scar sa face? Sayang pero astig nga eh >.< ampogi!!!

“oi! Ngayon lang ako napaaway. As if i’m a fighter”

“hahaha napagkakamalan ka kasing maangas dahil sa sugat mo hahahaha” tawang-tawa pang sabi ni KC

“tsk. Ano ba naman kayong dalawa kita niyo na ngang may bisita eh” sabi pa ng nanay niya

“ate anong pangalan mo?” sabay tanong pa ng KC sakin

“i’m miyuki” i answered

“miyuki? call her sharlot” Lance said

NO WAY! Di lang ako makareact kasi nandito parents mo ULOL! Bad Miyuki bad!

“Anata no koto daikirai” bulong ko sa sarili ko. napatingin sakin si Mom niya

“Lance ayan. Ano bang ginawa mo at naiinis sayo si Sharlot?” hala! naintindihan niya??? May lahi din ba siyang japanese??? No way???

“nothing”

“waaaaaah sorry sorry” sabi ko nalang >.< nakakahiya ako nakakahiya!

“its okay. Si Lance naman kasi. Ang rough ng ugali”

“pero sorry pa din. I think kasalanan ko nga po kaya nabugbog siya kanina tinulungan po kasi ako ni Lance eh >.<.”

“you actually helped her KUYA???” gulat na tanong ni KC

“eh may dugo sa palda niya. Alangan naman maglakad siyang may dugo sa palda niya. Nakakahiya yun”

=__=

Nagtinginan yung mag-asawa tas tumawa. tinawanan ako...

“hahahaha beb! Parang yung nangyari lang nung 3 yrs old si Lance hahahaha”

“tama ka dyan... ikaw kasi nun di nagdadala ng ano hahaha!Ay mga adik

“stop that!” sabi ni Lance

“stop that ka dyan! Wag ka kasing maangas naiintindihan mo? At saka isa pa umayos ka sa pagsagot sa mga kumakausap sayo. Maliwanag?”

“yes dad” sagot niya

At umalis na ang mag asawa...
I mean ang daddy pala ni Lance

POGI NG DAD NIYA SWEAR!!! >.<

“ma! Where’s pooh???” tanong naman nitong si KC

“in your room” sagot naman ni ma’am at tumakbo nanaman si KC

Hmmmm feeling ko kakausapin ako nitong nanay ni Lance eh >.< natatakot ako.

“ihatid mo na siya Lance”

“huh?? Ako? ma naman!”

“hapon na. baka hanapin siya sakanila... ihatid mo na”

“ma! Wala pa akong license! Baka naman mahuli ako”

“bakit? Sinabi ko bang ikaw ang magdrive? - ___-“ Cute naman nitong dalawang ‘to parang magbarkada lang hahaha

“oo na po eto na po”

At tumayo na si Lance. Wow? Nakakatayo na siya di na siya lantang gulay hahaha

“tara” sabi niya saka na siya naglakad.

“sige po aalis na po ako” sabi ko

Di ko alam itatawag ko eh. Di ko naman alam pangalan ni Tita ganda ^ ___ ^

“BEB! IKAW NA NGA MAGDRIVE!” sigaw ni tita ganda. Nakakahiya naman

“oo na po boss” ay nandyan pala si tito gwapo

Waaaaaaaaaaaaah bakit ganito ang pamilyang ito??? Bakit ang gaganda at ang gwagwapo??? Mga tao ba sila?? Tao ba kayo? Yan ang tanong na gusto kong itanong sakanila. Parang from out of this world ang mukha. Gwapo siguro si tito nung binata? Si Lance kamukha ni tita ganda eh >.<

At ayun hinatid nga ako hanggang sa kanto lang ng bahay. Dun na ako nagpababa. Nakakahiya na kasi masyado eh.

“salamat po ulit sir” sabi ko kay tito gwapo

“just call me tito Jun?” i guess sabi niya kyaaaaaaaaaaah! ampogi ang pangalan! Eh si tita ganda kaya anong pangalan??? Muahahahaha

“pa call mommy Lian sabihin mo gusto ko ng cake - ___-“

“spoiled ka talaga sa nanay mo!...sige Miyuki. Ingat ka dyan” sabi ni tito Jun

Waaaaaaaaaaaaaaaaah bakit di nagmana si Lance sa tatay? Ang bait ng tatay!!! Si tita Lian pala yun... Lian Mariano....parang naririnig ko ang Mariano minsan sa TV eh - ___ -

Habang naglalakad ako yun ang iniisip ko... di ko tuloy napansin.... yung poste....

“ouch...” sabay kamot sa noo...ang sakit kasi >.<

“you okay???” huh? Lalaki??

Wag mong sabihing rapist???

Waaaaaaaaaaaaaaaaah

“wag mo ko hahawakan sisigaw ako >.<” sabi ko habang di nakatingin

“tsk...baliw ka talaga.... Jake to” he said...

Ooops si Boyfriend pala >.<

“hehe..kumusta?” sabi ko

“you’re with him” he said

“eh kasi binugbog niyo siya”

“tsk.... i’m sorry. Galit ka???” Magsosorry ako bukas na bukas din sakanya”

“promise???”

“yeah promise” he said raising his right hand

“good”

“then okay na tayo???” he asked

“why? Nag-away ba tayo???” tanong ko din

“tsk... kaya mahal kita ehh” sabay hug pa niya sakin

Woooooooooooooh swerte may hug ako kay boyfriend >.< nyahahaha.. adik adik mode nanaman ako >.< i love Jake Russel de Vera talaga! ^____^

Chapter 5: he is a....what????

Jake's POV

Tsk. Ayun. Napasubo pa ako. kala ko naman kasi! Tinanong ko naman kasi ng maayos 'di naman sumagot ng maayos. Ang angas ng loko! Tas sinabi pa kay Miyuki! Walang kwentang kausap. Pero di ko naman talaga sinadya yung kiss dun sa babae. Yung babae nga yung biglang humalik sakto lang na nakita nitong lalaking loko na to.

Nagtititigan kami ngayon ng Lance na to. Lance ba? Yun ang tawag sakanya ni Miyuki kahapon.

"pare..." tae mas mahirap pa to kesa magsorry sa girlfriend eh!

"oh?" ang angas talaga sarap upakan ulit - ____ -

"yung kahapon"

"oh ngayon?"

Kahapon nga eh! Anong ngayon! Pilosopo to ah!

"di ko kasi alam kaya---"

"okay lang" tas tumayo na siya at umalis

Aba lokong yun!

"loko yun may gana pang umalis" satsat ko

"eh kasi. Ikaw! Ang tagal mo magsory" sabi ni Miyuki

"ang hirap po kaya."

"madali lang magsorry noh! Lalo na kung alam mong kasalanan mo"

"oo na...pero okay na ba yun? Ang angas ng loko!"

"yaan mo na... spoiled kasi yan sa nanay. At saka mayaman kasi yan"

Huh? Eh bakit niya alam? Pati ba naman ang pagkaspoiled sa nanay nalaman? Close na ba sila kaagad?

Ano ba? Di naman ako napapanatag. Nagseselos ako! >:((

"tara na kain na tayo" aya niya. Saka niya ako hinila...

Kaya ko to nagustuhan eh. Ang kulit kasi hahaha...nakakawala ng stress ba? Diba kasi yung iba nakakainis yung pagkamakulit. Siya kasi hindi eh. Tsk... full support pa yan kapag may laban akong basketball! Naks. Ang swerte ko ata sa girlfriend ko?

Tsk. Swerte nga ako... eh siya kaya? Swerte kaya sakin??? Di ko kasi alam iniisip niya eh. Habang hinihila niya ako. nakita ko nanaman siya. At nakangiti pa -___- ang labo niya. Hayaan na nga yan. Kasama ko naman si Miyuki :))

Sharlot's POV

Pagkatapos namin kumain. Ayun! Nag riiiiing nanaman si bell :(. Bye bye boyfriend. Hello loner mode >:((....

Hinatid na niya ako sa klase ko. Sweet! Haha.

"Good luck sa quiz mo ^___^"

"oh sure" he said saka niya kiniss ang cheek ko! Kyaaaaaaaaah! Kilig naman ako hahaha

At dahil nasa room na ako mga tingin nanaman ng mga kaklase ko sakin eh. Si Gail lang at si Lance saka yung mga lalaki ang walang pakialam sakin.

Si Lance nakaub-ob lang sa desk niya. Kahit kelan talaga parang laging natutulog. At ayun may book pa siya sa lap niya! Bookish pala siya talaga! nice.

"hmmmm crush mo?" tanong ni Gail

"huh? Ako ba kausap mo?"

"sino pa ba? Alangan naman yang natutulog" ouch! Barado ako dun!

"sorry naman. Hindi ah! Di ko yan crush"

"weh? Lagkit mo tunitig eh"

Eh bakit ba napapansin niya ang lahat? Eh sa ampogi kasi ng taong katabi ko! haha. Pero mas pogi si Jake! Wala pang scar sa face :]

Lumipas ang isang week. At ayun. Walang improvement sa ugali ni Lance! As in wala! Ganun pa din sungit mode lagi siya. Tipid magsalita! Di ba napapanis laway niyan? Isa pa yang loner sa klase! Yehey! Magtabi-tabi ang mga loner hahaha. Pero sinasama siya nung iba kaso ayaw niya eh. Siya pa ang choosy! Naku.

Walang klase ngayon. Saturday eh. heto ako ngayon naglalakad, mag-isa haha. Wala lang trip ko lang maglakad. Isa pa malapit lang naman kasi tong nilalakad ko. Sarap kaya maglakad lakad sa tabi nung field. Yup may field dito. Minsan may mga naglalaro ng baseball... ganun. Yun palang nakita ko eh. Di naman ako palalabas hahaha.

Hmmm???

Daming tao ngayon sa tabi ng field ah. Anong meron??? Makikitingin nga ako >.<

Curious ako kung anong meron

"hyaaaaaaaaaaaa!!! GALING MO NUMBER 10!!!"

Huh?? Number ten? Ano bang meron???

"waaaaaaaaaaaaaaaaah!!! NUMBER 10!!! Crush na kita!!!"

Tsk? Mga babaeng 'to... kulang nalang maglaway eh =___=

"anong meron?" tanong ko dun sa tao sa tabi ko. Wala kasi ako Makita! ang tatangkad ng mga nasa harap ko >.<

"ah soccer... practice game lang pero ang astig. Ang galing nila. Lalo na yung naka number 10"

Sino ba yang number ten na yan?

"KYAAAAAAAAAAAAAAAAA!!! GOAL NA YAN!!!" sabay sabay pa yung mga babae

Sakit na ng tenga ko pero go! titignan ko yan. Makikipag siksikan ako! hahaha

Siksik lang. Ang hirap makipagsisikan

"aray ko >.<" nasiko pa ako waaaaaaaaaaaah

"GO NUMBER 10!!!!" sakit naman. Kung makasigaw parang walang tao sa tabi

"kyaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaah!!! Number 16 din magaling!!!!"

At sa wakas!!! Success!!! Nakasiksik din ako!!! hahaha

Namamalik mata ako???

No way???

Number ten ay si...

Waaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaah !!!!!

Ang galing nga niya!!!

"AND GOAL! BY LANCE MARIANO!" sabi ng announcer

Waaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaah ang galing!!!

Ang galing niya magsoccer!!! Waaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaah!! IDOL!!! Number 1 fan mo na ako >.<

At natapos na ang game! Grabe ang galing...3-0 lang naman po ang score.oha? galing galing nanalo sila Lance. Ang galing niya... pwede kaya ako lumapit? Pwede kaya???

Baka ma snob ako???

Grabe...yung mga fans na babae...fans na talaga??? Weh??? Nagsisilapitan sila kay Lance oh! Nagpapapicture! Grabe naman mga to. Parang ngayon lang nakakita ng gwapo sa buong buhay nila!

Si number 11 din gwapo! Dami din lumalapit oh! Wahahaha...astigin naman ng members nila sa soccer daming pogi!!! Nakakalaway! joke..maglalaway naman daw ako? asa naman!!!

Napatingin siya sa side kung nasan ako... mula sa pagkakaupo napatayo siya. Tama nakaupo siya habang pinipicturan LOL. Astig siya ever!

Nakaupo lang din ako sa may damo. Oo damo nga!

Ang panget pa naman ng porma ko ngayon. Pambahay. Nakakahiya naman sa nilalang na to!

Habang nakatingin sa kin. Nag smile siya!!!!

NAG SMILE SIYA!!!! AS IN NAG SMILE TALAGA!!!!

Nagsitilian naman yung mga babae! Kaya sumimangot nanaman siya hahaha

Ang cute ewan ang cute kaya hahahaha

He's such a snob! Kasi kinakausap ata siya pero di ko pa nakitang bumuka yung bibig niya!

Parang killer smile ang ginawa niya kanina hahaha... nawindang naman ako dun! Ngumingiti pala yang taong yan? Hahaha...

Tumayo na sila ng mga teammates niya tas nagsialisan na. nakakapagod yun ah! Mga sikat ba sila para magpapatik pa ang mga taong nandito ngayon? Eh hindi naman eh! Hahaha... anyway tatambay nalang muna ako dito sarap kaya tumambay dito sa damo. Humiga nalang muna ako.

Pinapanuod yung clouds. Cute naman nung isa. Parang nagform na pusa,. Ganito po ako mang-aliw sa sarili ko. Loner kasi ako eh. I miss my bff's na.

I miss them so much. Isang taon akong iniwasan nila. Isang taon.... pero isang taon naman akong masaya kasama si Jake eh. Worth it ba? Pinagpalit ko mga kaibigan ko para lang kay Jake. Hindi ba panget yun? Pero si Jake kasi crush na crush ko yun nun eh. Nag change looks pa ako para lang mapansin niya ako. at yun nga ang nangyari. Napansin nga niya ako! di ko nga alam kung... kung haist----

"hey are you my stalker?"

Huh??? Napatingin ako dun sa anino.... tas sa taong nagsalita

"tsk who? Me? Duh!" sabi ko saka umupo at umupo din siya saka humiga

"ikaw siguro ang stalker! Nakita mo na ngang nandito ako lumapit ka pa"

"after ng game dito talaga ako pumupunta. Practice or not" he answered

What???? Weh???

"di ka naniniwala? Look" sabi niya saka niya tinuro yung puno na may nakasulat...yung puno sa tabi lang ng kinauupuan namin

At ang nakasulat??? Eto babasahin ko na----nagulat naman ako! heto kasi ang nakasulat 'Lance Mariano's property!!! Don't sit here. Don't sleep here! Ako lang pwede!'

Ang damot. Makaalis na nga...

"tse! Damot! At paano naging sayo to???" adik ko naman sinabi ko na ngang aalis ako eh >.<

"dineclare ko. Bakit masama?"

"oo government property to eh!"

"edi kanila. Bakit nandito ba sila?" Aba sutil din tong isang to eh!

"aalis na nga ako!"

"tsk..wag..dito ka muna. Ang boring eh" Huh? Ano ako clown???

"okay na ba pasa mo sa mukha?"

"bakit may nakikita ka pa bang pasa?" Wala na,...oo nga naman...wala na pala >.<

"bakit ayaw mo sumama kina Jake? Nagsorry naman na siya sayo eh. Saka di na daw mauulit"

"he's a jerk"

WHAT????

"hoy! HINDI KAYA! MAS JERK KA NGA SAKANYA EH!"

"utot mo. Magpaka martyr ka na lang sa lokong yun." Tapos nilabas niya yung libro niya. At nagbasa nanaman siya!

Maya maya pa tumunog ang Cellphone niya. Kala ko akin...tsk

"oh? Sino to?"

"ah. ales kaw pala"

"crush mo nanaman ako - ___-"

"hahahaha...hindi. akala lang nila....."

"hahahaha sige sige bye"

Ang bilis naman ng usapan nila? Ales? GF?

"GF???" tanong ko

"sino???"

"si Ales???"

"ah! Si Ales....hahahaha...."

hala??? Tawa ng tawa??? Marunong pala siya tumawa??? Hahaha

"bestfriend" Huh??? Bestfriend?? Tas napapatawa siya ng ganun???

Bestfriend niya babae???

'Di kaya..

Bading siya??????

He's a gay???

Waaaaaaaaaaaaah ang dami talagang gwapong bading sa mundo! sayang ka! sayang ang mukha mo Lance..... kaya pala di ka lumaban sa BF ko nung binugbog ka >.<

So he's a gay pala???

Chapter 6: he called me.....what???

bading si Lance. Oh em gee!!!

"errr That ales isyour bestfriend right? Then are you" hindi ko matapos yung sentence ko

"hmm?" Tumingin pa sakin si Lance. As in eye to eye! >.<

"what?"

"wala wala" malay mo hindi pala bading? Edi pahiya ako?

"ano? Ayoko sa lahat may mga sasabihin di naman pala itutuloy" Nagalit? Hahahaha ang cute naman magalit ng tao na to. Parang nagjojoke lang hahaha

"and i'm not joking"

nabasa ang naiisip ko? Susubukan ko nalang i-change ang topic!!! Kasi naman ako eh. Bakit ba yun nasagi sa utak ko? Malay mo hindi? Pero ang weird. babae kasi ang bestfriend niya! Aba? Bihira ako makarinig ng ganyan! As in yung bff talaga? Yung siya talaga ang bestfriend maliban sa iba? Yung I mean mas close pa siya dyan kesa sa lalaking kaibigan niya?

Ang hirap paniwalaan na ang loner na ito ay may bestfriend na isang babae...

Pambihira! Akalain mo yun? May bestfriend siya! Daig pa niya ako. Baka naman kasi bading siya? Hahaha. Bading bading bading! He's a gay! Siguro nga bading tong lalaki na ito. Pero naglalaro naman siya ng soccer? Pero may mga sporty naman na gay right?

"Lance anong hobby mo?"

"soccer, reading, sleeping"

"yun lang?"

"yeah. Why?"

"how about DOTA???"

"it's an DEVIL'S ORGANIZATION TRAINING ACTIVITY"

"you're weird"

"i hate computer games" - ___ -

Bading nga ata talaga to? Siya nalang yata ang di naglalaro ng DOTA sa klase namin?

"eh bakit ayaw mo?"

"i love my eyes"

"so?"

"ayaw ko masira mata ko" he answered

Diba kapag madalas magbasa ng libro nakakasira din ng mata?

"weird ka din eh" sabi ko

"tsk" yan lang narinig ko sakanya....

Pwede ko din kaya maging friend tong lalaking to? Pwede kaya? Sana naman okay lang sakanya.

"Lance pwede ba kitang maging friend?" Napatingin siya sakin. Yung curious ba? Hahaha ang cute naman maggawa ng mga expression yang mukha niya! Ano ba yan. Parang ang sarap panggigilan. Pakurot akong pisngi!!! Hahahaha

Dali na! yes or no? parang nagpapasagot lang ako sa taong liniligawan ko ah? Nakakaloka!

"friend? Hmmmmmm" aba at pinag-isipan talaga? Adik tong tao na 'to

"ayoko" dagdag pa niya. Ah okay. Aya---- Huh? Ayaw niya akong maging friend???

"At bakit ayaw mo???" mataray ko talagang tanong! Nakakainis tong tao na to >.<

"bugbugin pa ako ng Boyfriend mo" Wahahahaha scared pala to eh! Hahaha

"hindi yun promise" at ni-raised ko pa ang aking right hand! Hahaha

"ayaw pa din"

"tsk. Why???"

"eh ayoko nga. Ano yun? Mas nauna pang babae ang naging kaibigan ko sa bago kong school? Pagkamalan pa akong bading" -____-

Oaring biglang may tumunog sa isipan ko!

Di siya bading! WOW! akala ko nabawasan na ang mga gwapong lalaki sa mundo! Hindi pa pala! Hahaha

"eeeh Lance! Di ka pagkakamalan na bading promise. Isa pa may sport ka naman ah. At astig pa kasi soccer" i said smiling

"tsk... oo na sige na!"

"really? Friends na tayo??? Talaga?"

"oo na"

"tsk napaka emotionless mo naman sumagot >.<"

"ganun talaga"

"pwede ko din ba iukit yung name ko sa puno?"

"NO!" agad na sagot niya

"DAMOT MO!"

"this place is mine... and mine alone!" ANG DAMOT NIYA >:(

"madamot!"

"i saw this place first. So go find your own tree" Own tree talaga? Sira ulo tong tao na 'to

So naghanap-hanap din ako ng magiging puno ko!!! Hahaha and yun! Sa malapit meron

"how 'bout that one?" sabay tinuro ko yung puno. Umupo siya then nagsalita

"edi iyo na" nakapoker face niyang sabi.

"edi sakin na talaga!" tumayo ako saka ko nilapitan yung puno may mga naka-ukit din dun...

'I love this day, here with him.'

'sorry for breaking your heart'

' i'm still in love with you'

'really?'

Patawa naman yung really? Wahahaha natawa naman ako dun. Parang diary nung babae tong tree
>.<

Naglakad lakad ako at inikot ko yung puno. May iba pa palang nakasulat

'you love me right? Bakit may kasama kang iba?'

'whatever! I'll take you away from her!'

Naku bad si Girl! ikaw naman ang nagbreak ng heart niya ah. Bakit ikaw ang galit? pero pwede din ang lalaki ang nag break ng heart? Di ko naman alam kung sino nagsulat nito eh >.<

"LANCE!!!!!" sigaw ko hahaha wala lang trip ko lang sumigaw. Ganda kaya ng pangalan niya.

"WHAT?"

"dali punta ka dito! Basahin mo to!" Tumayo naman siya saka lumapit at binasa niya ng tahimik ang mga nakasulat.

"ang emo naman ng gumawa" Tapos lakad siya ulit at bumalik sa pwesto niya kanina >.<

Lumapit na din ako dun

"nakailang GF ka na?" tanong ko

"close ba tayo?" tanong niya aish! Ang adik

"friends na tayo eh" sagot ko

"tatlo" weh?? Nakatatlo na siyang GF? Nice one hahaha

"bakit ka nagtransfer?"

"ayaw ko sa dati kong school"

"dahil dun nagtransfer ka na?"

"yeah"

"anong kwento ng book na binabasa mo?"

"bakit ba ang dami mong tanong?" Sheeeeeeeeeee -3- napansin pa... tsk....

"oi curious lang ako sa Ales na yan ah... kelan mo pa naging bestfriend yun?"

"kelan ba? Ah!...noong...."

"noong???"

"nagbreak kami " nakangiti pa siyang sumagot

Ah so bestfriend pala niya ang----- EX NIYA???O__O

"alis na ako maingay na dito" tumayo na siya saka umalis na

Ex niya ang bestfriend niya??? kami kaya ni Jake? Magiging bestfriend ko din pag naghiwalay??
Malabo! 'di kami magbrebreak nun

Jake's POV

Ano kaya pwedeng iregalo sakanya? Birthday na niya sa susunod. Wala naman siyang kaibigan. Kung tanungin ko kaya yung mga dating kaibigan niya? Galit nga pala sila kay Miyuki. Ano ba yan. Kasalanan ko kung bakit iniwan siya ng mga kaibigan niya. Di 'ko naman alam na patay na patay sakin si Miyuki. Necklace? Ring? Bag? Ang hirap naman pumili.

"miss ano ba magandang pangregalo sa babae?" adik na ako. kung sino sino na tinatanong ko

"gift ba?" sabi ng nakatalikod na babae

"shoes kaya?" sabi niya saka humarap na ikinagulat ko naman.

"hey! long time no talk ikaw pala yan hehe" sabi niya

"yeah. ano...."

"sa gf mo ba?" tanong niya

"yeah"

"i see... hmmm heels nalang kaya? Tatal maliit naman siya eh"

"sa tingin mo?"

"yeah... alam mo ba size ng paa niya?" I think pareho lang sila ng size ng paa eh - ___ -

"pareho ata kayo. pwede bang ikaw nalang magtry?"

"sure..tara dun tayo sa kabilang shop mas magaganda dun"

"okay..." Bakit sa dinami dami. aish...wala....nevermind... hanapan ko nalang ng magandang pangregalo si Miyuki

"okay na pala. Ano ba size ng paa mo? Ako nalang pipili"

"sure ka?"

"oo...."

"size 7 yung paa ko. 'di ka pa din nagbabago makakalimutin ka pa din ng size"

"oo nga sige thanks...."

"sige bye...."

Ang daming taong pwedeng pagtanungan. Bakit siya pa yung natanungan ko? Ang loko naman ng buhay. tsk

Sharlot's POV

Physics ang subject namin. Ang boring magturo ng teacher swear. Help me na wag makatulog . Konti nalang bibigay na ang mata ko konti nalang . Napatingin ako sa right side ko. Waaaaaaaah tulog na si Lance! Hahaha nakakaloka ito! Hahaha Kurutin ko kaya? Para din magising ako. kukurutin ko na...

At pinisil ko nga ang kanyang braso ng malakas! AS IN KUROT TALAGA! YUNG NANGGIGIGIL!

"ARAY! SHARLOT! BAKIT MO AKO KINUROT! SADISTA KA BA?"

Nagulat ako sa reaksyon ni Lance. Napatingin ang teacher, mga classmates namin saamin.

"napakababaeng tao. sadista. Parang sarap na sarap kang nakikitang nasasaktan ako ah? Nakakahalata na ako. sadista ka ba" halatang naiinis na siya.

Pero wait! Tinawag niya akong ano???

SADISTA DAW AKO???

Chapter 7: HIS POV

Lance's POV

Sadista = __ =

Ang sakit ng kinurot. Tsk. Kung di lang babae to pinatulan ko na. panira ng tulog. SADISTA! Sharlot the Sadist dapat pangalan nito.

"Mr. Mariano and Ms. Parco. Go out! NOW!"

"but ma'am---"

"No buts Ms. Parco...."

Tsk edi lalabas. Sabi mo eh... ng makatulog pa ako ng tuluyan. 'Di ko na hinintay ang sadistang yun. Sakit ng kinurot. Namumula pa din. Nanay ko nga di ako kinurot siya pa wala nga akong palo galing sa tatay ko.

This school is a hell!!! Para akong nasa hell!!! Lagi nalang akong sinasaktan dito ah. Nung una binugbog. Ngayon naman kinurot ako ng isang sadista. -___-

I walked out from that building. Anong gagawin ko sa building? pinalabas na nga kami...

"Hoy Lance! Hintayin mo naman ako"

"bakit mo ko sinusundan? Stalker yata talaga kita" di ako nagbibiro seryoso ako

"Stalker? Eh bakit kasi natutulog ka? Ginising lang kita"

"palusot ka pa!"

"oi hindi ah..."

"wag mo nga ko sundan!"

"eh bakit hindi? Kaibigan na kita ah"

"kahapon yun di ngayon!"

"wala kaibigan pa din kita!"

"magtigil ka Sharlot!"

"don't call me Sharlot!"

"why not? Pangalan mo yun"

Ang labo ng babae na to. Ganda nga ng pangalan niya eh. Sharlot.Tsk. Pero maganda naman ang pangalan na Sharlot. Mas maganda nga lang pangalan ng kapatid ko. Xyla. Baka nagtataka kayo kung bakit KC? Xyla Camille pangalan niya. Dapat dun XC. Labo talaga KC daw gusto niya. =___=

"Basta MI-YU-KI dapat itawag mo sakin"

"ako tatawag sayo kaya ako ang masusunod!"

"eh pangalan ko naman yun ah!"

"pakialam ko? Basta SHARLOT ang pangalan mo!" Sharlot ang sadistang babae.

"Miyuki!!!" May tumawag sakanya. Napatingin ako sa likod ko kasi dun galing yung boses.

"HON!"

Ang boyfriend pala niyang walang kwenta. Magsama silang dalawa. Mabuti naman ng makaalis na ako dito. Para talagang hell tong school na ito.

"bakit kayo nandito sa labas?"

"pinalabas kami gawa ng gf mo" sagot ko. At napatingin naman 'tong lalaki

"Miyuki anong ginawa mo?" tanong ni lalaki

"kinurot ko siya"

"eh bakit mo naman kasi kinurot? Ikaw talaga... oh regalo ko sayo" saka niya inabot yung hinahawakan niyang paperbag.

Monthsary siguro nila. pakialam ko ba? Makaalis na nga.

"happy birthday hon" narinig ko pang dagdag nung lalaki

"yaaaah arigato ^____^ . Jake you're the best! Hehe"

Birthday niya? Ano bang date ngayon? pakialam ko ba kung birthday niya?

friend ko? Kahapon ko lang yan kaibigan ngayon hindi na. hayaan na nga yang makulit na yan. Makulit na nga sadista pa. kawawa naman yang Jake na yan sakanya.

Pumasok ulit ako sa building. Dun ako sa rooftop. Presko, masarap matulog dun.

Kriiiiiiiiiiiiiing

[Ales calling]

Si Ales nanaman. Siya naman lagi tumatawag. May toyo na ata to sa utak? Class hours palang.

"oh? Tumawag ka nanaman. Namiss mo na ako?"

(HOY LANCE MARIANO SPELL ASA?)

"A-S-A"

(sabi ko nga hahaha. Wala kasing magawa noh!)

"so?"

(kaya tumawag ako para may magawa.)

"ah"

(wala ka sa mood?)

"di naman."

(hahaha edi kwentuhan mo na ako dali! Yung sa babae)

"ah. Si Sharlot"

(oo yun nga! I-describe mo naman siya. Maganda ba siya tulad ko? Sexy ba? Type mo? Dali na bestfriend hahaha)

"sadista siya" - ___ -

(yun lang? eh yung mukha ? yung katawan? May laban ba sakin?) Ano ba naman yang mga tanong na yan? She's fooling around again

(type mo ba??? Dali na!!! anong itsura niya?) Nagsisisi ata ako na sinabi ko sakanya na may kaibigan na ako? kaibigan ko ba yan talaga?

"gusto ko yung buhok niya. Medyo kulot sa baba. Pero di ko alam kung kinukulot niya yun, malaking mata, brown eyes, maliit yung ilong, maputi, di katangkaran, red lips, pakainin lang yun ng konti ayos na that's why she's not my type"

(tsk. Ayaw mo talaga ng sexy noh? Hahaha)

"mas maganda ang chubby"

(hahaha then i assume she's sexier than me)

"yeah and a lot better i guess, but she's a sadist"

(hahaha why ?)

"she pinched me. really hard! - ___-"

(hahaha scary ka pa naman pagnasasaktan hahaha. by the way nabugbog ka raw?)

"yeah..."

(sino? Yung mukha mo? Nadagdagan ba ng scar? Hahahaha. gwapo ka pa din ba? Haha)

"kulit mo talaga. Syempre gwapo pa din. Asa ka naman na papangit ako. ang ganda kaya ng mama ko" I laughed

(MOMMY'S BOY! Hahaha..sige na nga bye na....)

"bye"

(ay nga pala)

"ano?"

(sana ako nalang, ako nalang ulit... hahahahaha.. joke! Napanuod ko kasi si popoy at si basha! Hahaha)

"baliw ka nanaman. Mag-aral ka nga!"

[toooooot]

Binabaan ako. sira ulo talaga yung si Ales. Humiga nalang ako sa sahig saka nagbasa.

"hey, ikaw yung transfer student?" May tao pala dito.

"yeah, why?"

"nice to meet you, I'm Jade Louise. Ikaw si Lance right?" Why am i so popular to girls? I hate my face....

"Lance Mariano" pakilala ko saka umupo

"great. So pwede ba ako umupo?"

"edi umupo ka di ko naman binabawal"

"bakit wala ka sa klase niyo?" Don't talk to me. I came here to sleep -__-

"is Miyuki your friend?" Can you just shut your mouth?

"or maybe not?" she continued

"i came here to sleep so don't bother me" i said

"oh o-okay. I'm sorry" Am i too harsh? Lumayas na siya.

I don't care. Girls are noisy and nosy too. They talk a lot. They are such talkative creatures. Like mom and Kc. And niggers. Under na under nga ang tatay ko. Mga taong laging nanggigil, mga martyr, mapangtrip. I hate it. pero i like it. ang gulo ko. I hate it kung sa ibang tao. But i'm used to it that's why i like it kasi sa mom at sa kapatid ko.

Nagbasa nalang ulit ako. ang boring, masyadong tahimik. Matutulog nalang ako

"HOY! NANDITO KA LANG PALA!"

"don't shout!"

"why not? Ayaw naman kitang kurutin ulit hahaha"

"SADIST!"

"i'm not!"

"yes you are!"

"GAY!" WTF?

"i'm a what?" napaupo pa talaga ako!

"a gay!"

"stop calling me a gay!"

"then stop speaking in english you baka!"

"baka? Kambing?"

"pilosopo!"

"alien!"

"GAY!"

"SADIST!"

"stop calling me sadist!"

"then stop calling me gay!"

"FINE i'll stop. So you stop!"

"don't wanna" i murmured

"what?"

"wala"

"but i heard you murmuring!"

"no i'm not"

"tsk...anyway Lance. Ikaw na bestfriend ko ah"

"ayoko nga"

"bakit?"

"isa lang bestfriend ko"

"sino? Si Ales?"

"don't call her Ales, ako lang ang allowed!"

"edi ano pala itatawag ko sakanya?"

"Sana"

"sana????"

"just call her Sana!"

"okay whatever you like master"

"are you my slave?"

"NO!"

"Then don't call me master if you don't want to obey my orders"

"You haven't said any command!"

"Why would i? You're not my slave!"

Ang gulo na ah? Ano bang pinag-uusapan namin? -___-

Humiga na ako ulit at siya nakatayo and.i-i a-accidentally saw her pa-pan----

Agad akong napaupo. Nagulat ako. Ano ba yan! Di ko alam kung matatawa ba ako ahahaha

"oh? Napano ka? Parang nagpipigil ka ng tawa dyan?"

"magsuot ka nga ng shorts!"

"you saw my.....pa-pant---"

"Ra---bit hahahahahaha"

"BASTOS! MANYAK!"

"hahahahaha SR! SADIST NA MAHILIG SA RABIT! Hahahahahaha"

"waaaaaaaaaaaah ang sama mo!!! Bastos ka!"

Chapter 8: TREAT!

Sharlot's POV

Ang sama ni Lance. This is my worst birthday ever! I hate it. i really hate it!

"BASTOS KA!!!"

"It was an accident"

"even if it was!"

"di ko naman sinadyang makita ah"

"uuuuuuuugh! I HATE YOU LANCE!"

"may problema ka ba?"

"huh???"

"birthday mo right? Dapat kasama mo yung boyfriend mo"

"oh yeah it's my sweet sixteenth today! AND WOW! Yung boyfriend ko inabot lang yung regalo niya tas may pupuntahan na daw! No date! Sooooo boring!"

"really? Your boyfriend is rude"

"hey don't call him rude!"

"ayaw ko lang talaga sa boyfriend mo"

"advice ba yan as classmate?"

"as a friend. I'm your friend right?"

"wow! At tinanggap mo na palang kaibigan kita" I said smiling

"sabi mo eh"

"hahahaha eh kung tayo nalang kaya mag-date?"

"you're insane. i never dated my exes before "

"nandeyo?"

"huh?"

"bakit?"

"walang oras. Ang date sa school lang. wala na. Saturday and Sunday practice naman"

"eeeeeeh??? Edi kawawa naman yung mga ex mo? Mas rude ka pala kesa kasy Russel. At least siya may date naman kami sa labas."

"not really, i'm a sweet lover hahaha" Wow he actually laughed! Hahaha tumawa siya at hindi na dahil sa design ng underwear ko!

"epal ka haha."

"tsk." Umupo nalang din ako sa tabi niya.

"oi SS"

"huh?? SS???"

"SHARLOT the SADIST"

"BALIW!!! MOKONG KA!!!"

"bakit ba gustong gusto mong tumatabi sakin? Mamaya makita pa tayo ng boyfriend mo o kaya mga kaibigan niya akalain pa nilang----"

"i explained naman na. I said you're my friend"

"at sa tingin mo maniniwala? Sharlot i'm a guy"

"so?"

"i might attack you hahahaha"

"just kidding haha look at your face! Hahahaha....." nagulat ako sa sinabi niya! Medyo kinabahan din! Nagpawis pa yata ako ng malamig! Sira talaga tapos tawa siya ng tawa! Pinagtritripan niya ako! nakakainis siya! 'Di ko nalang namalayan kinurot ko nalang siya ng napakalakas!

"OUCH! Ano ba? Sadistang amasona!!! Are you going to peel off my skin? Ang sakit. Siopao!"

"siopao?"

"i'm actually cursing" he said

"really? Cool. pwede na palang pang cuss yung siopao? Hahaha"

"i learned that from my mom"

"si Tita Lian?"

"close kayo ng nanay ko?" - ___ -

"haha no. Alam mo bang ang ganda ng lahi niyo!"

"at alam mo bang ang kulit ng lahi niyo?"

"MEANIE!!!"

Tapos bigla nanaman siya nanahimik. Ano bang ugali meron ang taong 'to? Hahaha. Ang moody! Di nalang din ako nagsalita. Kasi naman eh. Baka sigawan pa ako o kaya dedmahin. Naku! Ayaw ko naman nun.

Wala na nagbabasa lang siya ng book. Nakasandal siya sa may wall. Ako? wala tumatambay lang. ang boring naman ng birthday ko. Kasi naman si Russel nakakainis! May pupuntahan daw? Saan naman? Di niya nga pala nasabi saakin kung saan! Ang daya! Ayaw ko naman tawagan. Baka sabihin niya nasasakal na siya saakin? Di ko naman siya pinipigilan sa mga gusto niya eh. Well at times oo. Pero di naman yan nagsasabi saakin eh. So paano ko siya pipigilan right?

Dahil mahal ko siya may tiwala ako sakanya. I'm soooo in love haha. Unexpected love talaga pag high school. Unexpected. To feel love at a young age. cool right? And to think niligawan ako ng sikat na basketball player sa campus! I'm so lucky

Biglang tumayo si Lance at saka nagsimulang maglakad.

"san ka pupunta?"

"wherever i like" nasisiraan na ata talaga siya ng ulo? Wherever i like? Baliw! Hahaha

"or maybe uuwi nalang ako" - ___ -

"HUH? EH DI PA TAPOS YUNG KLASE AH!"

"lower down your voice!" sabay nagtakip pa siya sa tenga

"whatever" I rolled my eyes

Grabe tong lalaking 'to kanina ang saya saya niya eh. Hello mister Lance Mariano? Di mo ba pasisayahin ang nag-iisang kaibigan mo dito sa campus??? Birthday ko oh?

"uuwi ka na talaga?"

"field"

"field???"

"soccer"

"ah! Pupunta ka sa field?"

"slow"

"huh??? Anong slow???"

"ikaw slow. slowpoke ng pokemon"

"TSE!!!"

"sama ka?"

"huh?"

"edi wag"

Ano daw? Pinagsasabi ng taong to? Ang gulo ah. Magcu-cut talaga 'to? Sasama ako hahaha. Buti walang teacher na nakakapansin samin. Kung meron niyan sigurado! HULI AT IPAPATAWAG ANG PARENTS NAMIN! Kung sakaling ganun. Ay naku! Lagot ako sa nanay ko! Hahaha

Buti at dala namin ang bags namin. Naks? So talagang heto ata ang binabalak ni Lance kanina pa? ang mag-CUT! Lumabas na kami sa campus. Ako sinusundan ko lang siya kung saan siya pupunta. Naglalakad lang siya. Asan na yung sasakyan nila? Naman oh! Ayaw ko maglakad. Kapal talaga ng mukha ko haha. So sasakay ako sa sasakyan nila ganun? Bigla siyang huminto sa may side kung saan may mga motor. Wait wag mong sabihing may motor yan? Naku po! Tito Jun, Tita Lian. Underage pa yan! Baka maaksidente.

At ayun! Motor nga.

"susundan mo ko? Kaya mo kaya ako habulin?"

"huh? Di mo ako isasakay?"

"wala pa akong pinasakay sa likod nito."

"edi akong una"

"ayoko nga" pero kahit ganun ang sagot niya tumakbo pa din ako papalapit kay Lance

"isakay mo na ako dali! Hahaha" kanina natatakot ako tapos ngayon? Ay naku! Eh di ko pa naexperience 'to noh! Hahaha masaya kaya?

"ayaw nga. Maaksidente pa tayo"

"eeeeh kasi naman eh! PAANO AKO SUSUNOD SAYO?"

"mag-tricycle ka!"

"ayaw >.<"

"Aish! Susundan mo ba talaga ako?"

"oo! Birthday ko eh. Please?"

"ano ngayon kung birthday mo? isa pa ano bang date ngayon?"

"july 12 hehe. Sige na please???"

"oh look at her. Wala lang sa tabi niya ang boyfriend niya nilalandi na niya yung transfer student"

"yeah right. Saka look as if naman bagay sila hahaha"

"tama! Naku iba na talaga ang kamandag ng malandi" at nag roll eyes pa!

"don't mind them" Lance whispered

"as if i care"

"napakaf flirt talaga!" And so lumayas na sila :(

Malandi talaga ang turing nila sakin? Di naman nila ako kilala ah! Kung kinakaibigan sana nila ako. edi alam nila ugali ko? I'm not a flirt! I AM NOT!

LANCE POV

Akala ko ba wala siyang pakialam? Para naman siyang binagsakan ng langit. Nakatingin lang siya sa lupa. Anong gagawin ko? Birthday pa naman niya tapos ang lungkot niya. Nasaan ba kasi yung boyfriend nito?

"hoy wag ka nga umiyak dyan" sabi ko

"i-i'm not crying." Tsk deny pa. nangingilid na nga yung luha niya tapos yung boses niya nanginginig pa. Sa case naman nitong Rabbit na 'to parang ang tingin sakanya inagaw niya yung property ng school nila. Property talaga si...si.....si jake ba yun?

"sakay na"

"huh?"

"slowpoke sakay ka na sa motor!"

"san tayo pupunta?"

"date"

"DATE?"

"wag maingay masasabihan ka nanaman na flirt dyan"

"eh---- kasi i-i-ikaw!"

"friendly date. Okay? hwag ka ngang malisyosa mag-isip"

"YEY! ikaw na bestfriend ko!" saka niya ako niyakap

"hoy! Bitiwan mo nga ako. Nakakatakot kayong mga babae" binitiwang naman niya ako agad nung sinabi kong bitiwan niya ako

"tsk.nakakatakot ka dyan! At bakit naman?"

"bigla kasi kayong nangyayakap."

Saan ko naman to dadalhin? Sa restaurant nalang nila tita marie. Libre ako dun. -___-

Umangkas na siya sakin sa motor. Nakakailang pala ang may babae sa likod?

"wear this"

"okay"

"kapit ka"

"san?"

"eh san pa ba?"

"okay" Humawak siya sa uniform ko. Di kaya masira uniform ko sakanya?

Pinatakbo ko na yung motor. Nag-iingat ako kaya mabagal. Kkung lalaki lang siya edi pinatakbo ko 'to ng mabilis.

Biglang may sumabay din samin na motor.

"HOY LANCE! BAGAL NATIN NGAYON AH! Hahaha"

"tsk. May angkas ako!"

"hahaha okay lang yan! Karera tayo dali! SAN BA PUNTA?"

"RESTAU!" That's Rowie. Kaibigan ko yan sa dati kong school bago yung school nila Ales.

"OH SIGE! UNAHAN NALANG DUN!" he said

"SIGE!" sigaw ko naman

"hey Lance. No way? Bibili---" di ko na tinapos yung sasabihin ni Sharlot

Kung tinapos ko yun mauunahan na kami ni ROWIE!!! AT AYAW KONG MAGPATALO SA LALAKING YAN! Hahaha. Di pa ako natalo sa karera!!! Binilisan ko yung takbo. Pinalipad ko sa bilis yung motor ko. Mas exciting talaga pag ganito kabilis!

"YAAAAAAAH! LANCE DAHAN DAHAN!"

"don't shout!" Bigala nalang siya yumakap sakin. Ano ba? Nakakailang. Ang higpit ng yakap.

Nakarating din kami sa Restaurant. Great! I'm hungry!

"walang kupas ka Lance! Tae ka talaga magpatalo ka naman kahit minsan"

"sus"

"ASAR KA! Paano kung naaksidente tayo? Papatayin mo ba ako ah?" ayan nanaman ang sigaw ni sadistang amozana -___-

"aba? May syota ka na agad sa bago mong pinapasukan?"

"SYOTA???" sabay pa kami ni Sharlot

"para namang magkakagusto ako sa payatot na 'to"

"eh chubby naman kasi gusto mo eh hahaha"

SHARLOT's POV

Tinawag niyang payatot ang sexy kong katawan? Payatot ako? waaaaaaaaaaaah >.<

"HOY LANCE!"

"yung volume pahinaan"

"hoy Lance" at sinunod ko naman?

"oh?"

"di ako payatot!"

"oo nga Lance di naman siya payat eh. Sexy nga" sabi nung lalaki. Oh sure! I'm sexy hahaha

"hahahaha ayan? Sexy yang sadistang rabbit na yan? Hahahahaha...."

"say what??? Sadist Rabbit??? SAPUKIN KAYA KI----"

"oh Lance? Why are you here? Diba class hour palang?" biglang may babaeng nasa edad kwarenta sa harap namin.

"ah tita. Halfday eh" Sinungaling!!!!

"your Girlfriend?" sabay turo pa sakin

"hindi po. Friend ko" sabi niya

"hello po. Ako po si Miyu---"

"si Sharlot nga pala tita. Treat mo naman kami.. birthday niya"

"oh sige. Pasok muna kayo. Ikaw din Rowie"

Pagpasok namin sa Restaurant. I saw my boyfriend. With his family!!! Oh no!!! baka kung anong isipin nila tita. no wag naman po. Aatras na sana ako kaso they saw me at napatayo pa si Tito tapos pumunta sa harap ko. Waaaaaaaaaaaaah kinakabahan ako baka isipin nila i'm cheating.

Chapter 9: birthday date?

Tito? A-anong gagawin ko? I think no no no! Miyuki! You are NOT cheating. I am not cheating so why guilty?

"a-ahm tito... nandito pala kayo?"

"ikaw nga dapat tinatanong niyan diba? May pasok pa kayo ah?"

"Dad halfday kami" Isa pang sinungaling ang boyfriend ko

"anyway Miyuki. Sama ka na muna samin" wow? Inaalok ako nila tito??? Hehe

oops i forgot about Lance. nakita ko si Lance nasa isang table kasama niya ni Rowie. Ang bilis naman nila makarating dun? So talagang di ako inaantay? Pano toh? Alam kong nakita ni Lance na nag-uusap na kami ng tatay ng boyfriend ko. kaya diguro umalis na kaagad dito?

"come join us" sabi pa ni tito. Edi go.

"you're with him again" Jake whispered

"yeah. 'cause it's my birthday today. And we're supposed to be dating" bulong ko din - ___ -

"sorry... "

"di mo pa sinabi na nandito na pala sila tito?"

"i forgot. Ako din kasi nasurpresa eh"

Whatever. Sana sinabi mo kanina. reasons. Di bale mahal naman kita so okay fine. Pinapatawad na kita. Napatingin ulit ako sa table nila Lance. Pero they're gone. Tumingin ako sa labas and there he is!!! At oi wait. May babae who's that? Ang ganda ah. She's great but i'm the best. Haha just kidding.

Nakaupo na ako ngayon. I'm nervous. Eh bakit ba ako english ng english. I hate you Lance!
Nahahawa na ako.

"what brought you here Miyuki?" tanong ni Tita. Sasabihin ko ba na inangkas ako sa motor? Eh yun ang dahilan kung bakit ako nandito eh. Mula sa kinauupuan ko nakikita ko yung sa labas at nashock ako sa nakita ko!

"hey what's wrong?" tanong ni Jake

"n-nothing"

"may sakit ka ba?" tanong naman ni tito

"I'm f-fine" Nagulat lang ako. hahaha. Kasi nakita ko. Si Lance may hinalikang babae!!! AS IN HALIK SA LIPS! yata. Yata lang. Akala ko ba wala siyang girlfriend? And look! Sumakay pa sa motor ni Lance! Akala ko ba wala siyang inaangkas? Ang duga naman.

"hmmm Miyuki?" Ay! Nakalimutan ko kasama ko pala family ni Jake.

"sorry po. Sorry I'm idling again hehe"

"it's okay. So kumusta ka naman? Ang tagal kitang hindi nakita ah"

"ah okay naman po ako"

"MA sinabi ko naman kasi sayo. Dapat siya kasama ko ngayon"

"at bakit?" katakot si tita

"it's her birthday today" he explained

"wow! di mo agad sinabi. Tara magshopping tayo after nito. I'll buy you gifts" waaah nakakahiya naman.

"h-hindi na po. Ayos lang naman po eh. In fact napadaan lang po ako sa restaurant k-kasi-"

vroooooooooooooom nadistruct naman ako sa tunog nung motor. Grabe todo kapit yung babae sakanya. Girlfriend nga siguro ito

"Alliya. hayaan mo na yug dalawnag bata magdate :)"

"oo nga ma. kami nalang ni Miyuki ang aalis" tapos tumayo na si Jake at hinila na ako patayo

"Bye ma"

"sige po aalis na po kami..."

"okay. Happy birthday nalang ulit hija ^^"

"thank you po"

Paglabas namin sa restaurant. Nandun nanaman sila Lance

"nice round pare! Haha" said Rowie

"sabi ko sayo wala pang 5 minutes eh"sabi niya habang tinatangal yung helmet niya

"walang kupas! Patuloy mo pa din akong nawiwindang Lance Mariano" sabi nung babae

"haha nain-love ka nanaman ata sakin eh"

"OI ANG KAPAL!" Hala? Cute nila? GF niya ito for sure. Lalapitan ko pa ba? Kasama ko si Jake eh >.<

"Lance" tawag ni Jake. OMG! ano nanamang kahibangan yan? >.<

"oh?" ang angas talaga... Napatingin yung babae at si Rowie kay Jake.

"salamat" Ano daw???

"ah...okay....para san?" hahaha lokong Lance to ah

"for bringing my girl here"

"ah..no prob"

"sino sila?" tanong nung girl

"yung babae classmate ko, yung lalaki boyfriend niya"

"ah okay.Hi i'm Ales his besfriend" pakilala nung girl

Wait? ALES?

May bestfriend bang nagkikiss sa lips?

"n-nice to meet you. I'm Miyuki and this one in Jake"

"Jake? Diba boyfriend ni Sharlot yun? Eh bakit si Miyuki kasama niya???" anong pangalan nanaman pinakilala saakin ni LANCE!

"she's Miyuki" sagot ni Lance

"wow ikaw pala si Sharlot. Hello ikaw pala yung sadistang sinasabi ni Lance haha yung funny girl daw" Funny Girl??? Am i a clown? LOKO LANCE HUMANDA KA SAKIN!!! Pati yung sadista thingy?

Nasabi na niya yun agad? Eh diba kanina lang yun??? Tapos napatingin ako kay Jake at natatawa siya actually tumawa na nga eh. Done na!

"ALES!"

"oops sige aalis na kami bye Sharlot" tas umangkas na siya ulit sa motor saka ayun pinaandar na yung motor at umalis na sila.

"so tara na?" aya ni Jake

"sure"

"so anong gusto mo?"

"hmmmm kahit ano.... ano bang gusto mo?"

"nuod tayong sine"

"sige sige^^"

Pumunta kami ni Jake sa mall. Dun naman madalas ang date eh. Sa mall. Tsk. Wala bang iba? Kunwari home date. Haha home date? Ang panget naman nun. Hmmmm

Nanuod lang kami ng sine. Di ko nga natandaan yung palabas. Nakatulog ako eh haha.

"hon kain tayo. Di pa kami nakakain kanina sa restaurant eh"

"sure san mo ba gusto?"

"hmmmm mcdo tayo?"

"hahaha Jake para ka talagang bata,,, pero sige^^"

Yaaaaaaah alam niyo bang sa Ferris wheel ko siya sinagot? wala lang nasabi ko lang hehe. weeeeeeee. Dalawa lang kami nun tas. Tas. Ayun sinagot ko siya. Mabait naman si Jake minsan nga lang snob siya parang si Lance lang. tapos serious type na mahilig tumawa. Haha serious type na mahilig tumawa? Hmmmm nag-iisa lang yun! Si Jake Russel de Vera na yun.

"oh hon...ahhhh ka" tapos sabay sinusubo niya sakín yung fries. Shete. kinikilig ako! hahaha

"eeeh nakakahiya Jake"

"tsk..sige na please?" waaaaaaaaah wag ka magpapacute sakín....

"tsk...ayaw mo ba Hon?" dagdag pa niya

"hindi naman sa ay----" bigla niya sinubo sakín yung fries

"oh ngayin mo yan haha. ang cute mo talaga!" tas pininch niya pa yung pisngi ko >.<

"nyaaaaah mashakit shon"

"anong shon? Hahaha papacute ka naman eh. kawaii"

"hala? Natuto ka na magjapanese?" haha ayieeeee ang sweet talaga ni Jake^^

Tinanggal na niya yung pagkakakurot niya sa pisngi ko

"angshakit"i said while massaging my cheek.

"bakit ba ang cute mo Miyuki?"

"kasi half Japanese ako"

"so? May mga purong maganda...."

"eh ano? Kung di ako half di ako maganda?"

"oi wala akong sinabing ganun ah"

"hehe.... sabi ko nga...oh" saka ko sinubo sakanya yung sundae haha

"tsk...na brain freeze ako. bigla mo sinubo >.<"

"weh? Pacute ka naman hahaha"

"Hon di ako pacute matagal na akong gwapo"

"stop stating the obvious Russel"

"why are you calling me Russel.. Sharlot?"

"hmmm kasi naman po..lahat na sila puro Jake ang tawag sayo..so i'll call you Russel kasi ang gwapo kaya ng pangalan mo. pangalan palang nakakainlove na :)"

"Miyuki ang cheesy mo ngayon"

"nakakain ako ng fries eh hahaha"

"adik ka talaga"

"adik sayo"

"same here hahaha"

After namin kumain sa mcdo at puro kacheesy-han lang ang ginawa. Lumabas na kami. Nakakahiya na sa mga katabing tables haha..kami na ni Jake ang pinag-uusapan. Kesho ang pogi daw ni Jake at MAGANDA AKO! haha saka masyado daw kaming sweet.

Paglabas namin. Aba si Lance nandun nanaman syempre kasama niya si Ales and Rowie.

Napansin ako ni Ales kaya naman siya nag-HI saakin. At nag wave din ako ng kamay. Syempre friendly ako di lang halata kasi wala akong friends sa campus. Tapos si Ales ayun tumakbo papunta samin ni Jake. At sumunod lang sila Lance at Rowie.

"Oi happy birthday! sinabi sakin ni Lance na birthday mo daw "

"thanks" nakangiti kong sagot

"so ilang taon ka na?" Nag-uusap kami habang naglalakad so magkakasama na kaming lima.

"16 na ako. eh ikaw?"

"15 palang haha...."

"oh? Di halata."

"haha sabi nga nila ang ganda ko daw haha" Hala? Pareho kaming makapal ang face hahaha joke. Maganda naman kasi talaga siya

"alam mo bang may kahawig kang artista?" may kahawig talaga eh.

"oh? Sino?"

"hmmmm di ko lang maalala" panandalian ako nag isip "hindi ko talaga maalala"

"hahahaha you know what Sharlot? You're so cuuute! Swerte naman nitong Jake na yan sayo" sabay tingin sa likod namin. Kasi nandun si Jake eh kasama nila Lance. Akalaing si Lance at si Jake ay nag-uusap? Ibang klase!

"hmmmm eh kayo nga ni Lance ang sweet niyo eh"

"haha nakasanayan lang"

"pati yung kiss?"

"anong kiss? Hahaha. Kelan kami nagkiss ng lokong yan?"

"kanina???"

"hahahaha baka nung may something na nalagay sa mata ko hahaha..di kami nagkiss noh ahahahaha" Akala ko nagkiss eh haha.

"you know what Sharlot super funny ka. Swerte mo dalawa lang tayong kaibigan ni Lance na babae hehe"

"really?"

"di yan friendly. Saka madalas napagkakamalang mayabang hahaha"

"weh? Di nga? Bakit?"

"kasi yung scar sa face niya"

"owww kaya pala...saan ba niya nakuh----"

"Ales tara na..nakakaabala ka na sakanila eh...."

"pssssh! Sandali nalang oh! Nakakainis naman tong Lance na ito...."

"teka lang mag-cr lang ako sandali" paalam ni Jake

"okay" Kaya ayun kasama ko tong tatlo. Nasa isang shop kami nagtitingin ng mga damit. Isa lang ang masasabi ko kay Ales she's a shopaholic! Haha

Maya maya pa may tumawag na kay Ales. Kaya naman lumabas siya sa shop. Kelangan talaga lumabas? Ayaw iparinig saamin?

"waaaaaaaaah sorry guys i need to go. Ehem! Lance pasabi kay Tita Lian ang ganda niya pinapasabi ni mommy" haha

"oo na maganda din nanay mo. Pinapasabi ni mama ko" labo ng dalawang to.

"pakumusta mo nalang ako kina tito Jerome...."

"yeah sure." At umalis na siya. Ganun? Super close naman ng ex na ito sa family ng ex niya? Ano daw sinasabi ko?

Anyway, heto ako naghahanap ng damit. Ang tagal naman kasi ni Jake

Maya maya dumami na yung tao. Saan nanggaling ang mga ito?

"hoy..nakita mo si Rowie?"

"eh bakit mo tinatanong sakin? ikaw kaya kasama niya"

"huh? Wala siya. anak ng siopao!"

"nanganganak yung siopao??"

"OO! lokong rowie. Yung cellphone ko nasa kanya!"

"speaking of cellphone paano ko itetext si Russel kun---kung ang cellphone ko ay hindi ko dala?"

Paano ko hahanapin si JAKE? Napatingin ako kay Lance mukhang walang pakialam sa mundo. Wala akong perang dala. hindi ako marunong magcommute

Paano na ngayon? :(

Chapter 10: He Bought This For Me

“eh kung puntahan kaya natin yung boyfriend mo sa CR?” said Lance

“sabi ko nga” Kabobohan at ka-panic-an strikes again. Na-down naman ako bigla dun. Nahihiya tuloy ako kay Lance hehe

“tara”

“san?”

“sa cr ng boys. saan pa ba?”

“HUH???” Napatingin pa sakín mga tao sa shop kasi napalakas ata yung huh ko? Nakakahiya ako. major na ito! Haha

“di ka naman papasok sa loob. sa labas ka lang” paliwanag niya

“okay. Baka nga din makasalubong na natin siya dun”

Tapos nauna ng maglakad si Lance. Ay naku! Ang bilis maglakad ng loko! Di ako hinihintay! wait for me! Pakalat kalat lang kami sa mall. Parang walang klase? Naku! Pag may nakakita saamin baka isumbong kami sana wala naman haha.

“oi antayin mo naman ako”

“bagal mo kasi baka nakaalis na yun”

“oo na eto na nga oh binibilisan ko na” At tuloy tuloy pa din siya sa paglalakad! Mawawala ako nito eh. Ano itong mall? Gubat na madaming puno? Gubat nga eh. Edi madaming puno! Bobo ka talaga Miyuki! Ang bobo mo talaga. Kung bakit kasi RUSSEL lang ang laman ng isip mo? Ay nakakabobo pala si Russel? Hahaha

Bobo naman talaga ako eh.tsk. lalo na sa advance algebra na yan.

At nakarating na din kami sa may cr! SA WAKAS!!! Sa nilayo layo ba naman ng cr. ‘di namin alam kung saang cr. Natural sa floor na ito siguro diba?

“teka hintayin mo ko dito. Parang flinush na ata niya sarili niya” pagkatapos niya sabihin yun pumunta na siya sa loob. Aba loko to? Na-flush daw ang hon ko dun? ‘di ako agad nakareact dun!

After 2 minutes lumabas na si Lance

“wala siya”

“huh?? Wala siya dun? Eh nasaan pala?” tanong ko

“i don’t know and i don’t care” tas naglakad nanaman siya.

saan ako pupunta? Ang laki ng mall. ayaw ko naman ipapage ang pangalan ng hon ko. Malalaman nilang nagcut kami! Nakauniform nga pala ako. Bawal kasi saamin ang magmall habang class hour pa.

“Lance! Wait...”

“what?” Aww ang moody talaga ng panget na to. Gwapo pala -_-

“pwede sama muna ako sayo? Malay mo makita ko si Jake habang magkasama tayo?”

“whatever..bahala ka” Kaya naman ayun heto nanaman ako sa hobby ko ang pagsunod sa tao haha. Hobby? Naging hobby ko na atang sundan si Lance? Joke. Napansin ko lang kasi mula kaninang umaga siya halos sinusundan ko . Naku Jake Russel where are you na ba?

“I’m hungry” he said while looking at me

“so? Anong gusto mong gawin ko?” busog na busog pa ako -_-

“i wanna eat”

“then go buy food you. You-” hindi ko natuloy ang sasabihin ko.

“what?”

“jerk” i murmured haha. Bakit naman jerk ang nasabi ko? You handsome creature dapat! Joke. You moron. Ungentleman! Di ka isang tao! Isang out of this world ang itsura! Kahit na may peklat sa mukha! Anyway, saan ba niya yun nakuha? Matanong nga.

“hoy Lance”

“What?” he glared at me

“galit?”

“no” akala ko galit.

“san mo nakuha yang scar mo?”

“where? Sa siko? Sa tuhod? O sa mukha?” Meron ba sa siko? Ay meron nga. May tahi! ano ba namang tao ito oh-oh

“the scar on your face”

“ah. wala naman di ko matandaan”

“what?”

“paglaki ko meron na yan” paliwanag lang niya

“huh??? Di ba sinabi ng mama mo? Ng papa mo? Tita? tito? KAPATID?”

“we’re not close enough kaya bakit ko naman sasabihin sayo?” saka naglakad nanaman siya

BAD!!! Di daw kami close ang sama niya. friend naman niya ako ah? Nagmadali nanaman ako maglakad kasi ang bilis niya. i’m a girl Lance! How could you! Anong connect? Ni hindi nga ako pinapansin ni Lance.

“Hoy Sadistang Rabbit”

“HUWHAT?”

“sadistang rabbit”

“at talagang inulit?”

“sabi mo what? Edi inulit ko. Baka di mo naintindihan” Anong akala mo sakin?? BINGI? Lokong Lance to ah! Kaibigan mo ba talaga ako?

“sadistang rabbit anong masarap kainin?”

“carrot!”

Asar to. Rabbit ka ng rabbit! Edi kumain ka ng carrot!

“carrot? Parang gusto ko tuloy ng pagkain -_-“ Sira ulo pala tong Lance na to eh! Eh ano kaya sa tingin niya ang carrots? Flower? ang labo naman nitong tao na ito!

“birthday girl”

“what?”

“anong gusto mo?”

“huh? Ililibre mo ako?”

“oo na. kawawa ka naman mukhang walang pera na dala“ sinabi ko kaya sakanya kanina na wala akong pamasaha! Natural walang perang dala! Ano kala mo sakin?

“ano na? ano ng gusto mo?”

“napakaatat mo naman! Teka lang pag-isipin mo muna ang maganda”

“reyna ng rabbit! sadistang rabbit, may sungay na rabbit, may dugo na rabbit, sadistang rabbit kaya may dugo yung rabbit!”

WHAT THE HECK?

“LANCE!” Ooops. Napatingin ang mga tao saamin

“di kita kilala lumayo ka sakin” tapos bigla siya naglakad palayo sakin. Sira ulo talaga haha

Pero pinapagod niya ako ah! Ang sakit na ng paa ko at sa wakas huminto na siya sa kakaikot sa mall!!! Ayun pumasok sa pizzahut. Edi syempre ako sinundan naman siya. Siya lang kaya kasama ko. Asan na ba kasi yung kadate ko? Moment dapat naman ngayon!

Nag-order na itong si Lance ng isang buong pizza?mauubos niya yun??? Tapos bottomless na ice tea! Anak ng tokwa! Anong tiyan meron siya?

“oh kain” he offered

“no thanks...”

“edi wag” at ayun kain lang siya ng kain. Natatakam tuloy ako parang gusto ko din kumain at talaga namang napapalunok ako!

“oh. Mukha ka naman kawawa dyan.Eat”

“tsk. Mag ooffer nalang talagang sasabihan pa akong kawawa. Bad Lance”

“that’s life” Tapos kumain nanaman siya hanggang sa naubos na niya lahat! Isang slice lang nakain ko at siya inubos niya LAHAT!!!

“why are you staring??? sa gutom ako” Hala? Galit? Hahaha ang cute naku naku!

“hey di mo pa sinagot yung tanong ko kanina ah”

“about what?”

“the scar thingy” i asked

“well i was kidnapped”

“oh kid----KIDNAPPED????”

“lower down your voice you Loud sadist rabbit!”

“you called me a sadist again!”

“why not? You’re a sadist. You love hurting me. Physically”

“tsk... di mo pa yun napatunayan”

“napatunayan ko na”

“then panu? Sige nga?” Humanda ka Lance Mariano tiyak wala kang masasagot haha

“you pinched me”

“yun lang?”

“nung binugbog ako ng boyfriend mo. mas masakit pa yung ginagawa mo sakin nung ginagamot mo mga pasa ko” nakangisi siya habang iniisa isa niya ang mga patunay niya. Waaaaaaaah eh kasi cute ka kaya pag nasasaktan. Ang cute kasi magreact eh. Haha

Tumayo na nanaman siya at nagsimulang maglakad nung after niya bayaran yung bills. Ang yaman na tao. Ang daming pera sa wallet iba pa yung cards niya. Sosyalin kasi may debit card na may credit card pa! ang bilis talaga ng mata ko.

“san ka nanaman pupunta?” tanong ko at least ngayon nag slow down na siya sa paglalakad.

“laro tayo?” yaya niya

“huh? San naman?”

“wag nalang pala” Ay ang gulo naman nito

“eh san na tayo?” tanong ko ulit

“anong gusto mong gift?”

“GIFT?” nagulat naman ako dun!

“friend kita diba?ang linaw mo talagang kausap”-__-

“hehe..bibilhan mo ko?”

“yeah”

“wow! Di nga?”

“oo nga” Eh bakit ba ang yaman nito?

“wag na nakakahiya eh” Tapos di na siya nagsalita ulit. Naglakad nalang ulit siya nagpunta sa isang shop na pang baba. Di ba siya nahihiya? Baka pagkamalan siyang ba---- or not?

‘Ang pogi naman ng kasam nung girl. Ang swerte naman ng GF niya. Girlfriend ba niya yung kasama niya? Ay kaso tignan mo yung mukha nung lalaki may scar. Mukhang basagulero.... pero cute pa din! Haha’

Ang lalandi naman talaga oh. Everywhere ba may flirt?

“heto isuot mo to. Baka mahuli tayo na nagcut”tapos tinutulak niya ako sa may fitting room aish

“oo na po heto na po” Yung damit, actually dress siya na blue cute nga eh . Type ko. Marunong pala sa fashion itong si mr. cold guy? Sinuot ko na yung dress and aww naka black shoes pa ako! haha..

“oh ayan” sabi ko nung lumabas na ako sa fitting room

“good. Miss, I’ll buy that one”

“are you for real???” tinignan ko yung price. Di niya ako pinansin. What the?! 6000 po ito!!! At high school students lang kami! Wala na akong nagawa! Nabili na niya! Aish naman

Tapos nagbihis na ulit ako ng uniform. Ang baduy kaya. Naka school shoes pa ako. Dalawa na ang paperbag na hawak hawak ko. Yung isa yung galing kay Jake

“heels pa” What??? Pati ba naman heels?

“hala tama na”

“ delikado pag nahuli tayo ng mga officers ng school”

“oo na po” kaya next stop namin yung sa mga sandals, shoes at kung ano pang may kinalaman sa paa.

“heto nalang. ayos naman ito”

“paglalakaran mo ako ng may heels talaga?”

“oo gusto kita mahirapan”

“heto bayad miss”

“thank you sir.” And that! May hawak nanaman akong paperbag!

“eh ikaw? Di ka magbibihis?” tanong ko

“bibili palang ako ng damit ko” Lakad nanaman siya sa kabilang shop walang sabi-sabi kumuha nalang siya ng damit tapos binayaran. Anu ba yan??? And then pumunta na kami sa may cr. Tabi naman ang cr ng boys at ng girls kaya ayun. Hintayin nalang daw niya ako sa labas mamaya. Kasi alam niya mabagal daw ang mga babae! Well not me! Tinanggal ko na yung tagpricesaka ko sinuot yung blue dres atyung cute na heels. Type ko yug heels! Kunyari lang ako kanina pero deep inside i wanted this one haha. Ang galante niya. baka mamaya may hingin kapalit to sakin.

After ko magbihis at itali ang buhok ko pataas. And ganda ko talaga then lumabas na ako. Nakita ko na siyang nag-hihintay sa labas. May kumakausap sakanya na lalaki. Daming friends pala nitong tao na ‘to.

“great ang tagal mo” sabi niya nung napatingin siya sa lugar ko

“sorry naman...”

“sino yan pare? Bago mo?”

“no classmate lang. Sige alis na kami saka na pakisabi nalang sa iba”

“sige pare” tapos umalis na din yung lalaki na kausap niya

“sino yun?” tanong ko

“who cares”

Ay anu ba yan? Ayaw ko na talaga to kausap. Di matinong sumagot!

“so san na tayo?” tanong niya

“hmmmmm Picture tayong dalawa kasi alam mo na friend na kita diba? Haha”

“ayaw ko. maglaro nalang tayo ng shooting game sa may arcade”

“sige na nga...” Shooting game? yun ba yung parang basketball? So basketball din pala? Akala ko ba soccer? Pagpunta namin sa may arcade nagulat ako kasi si JAKE! Si jake.

With a girl attumatawa pa! di ba niya ako hinanap??? Napansin ako nung girl at ganun din si Jake. yung girl ay schoolmate naming.

“Jade Louise” Lance murmured

“wow great nandito na pala sila eh” sabi ni Jade Louise?

“hon kanina pa kita hinahanap” Hinanap?nandito ka sa arcade eh!

“wow. Nagpalit ka na pala you look beautiful” sabi pa ni Jake at Si Lance naman di nagsasalita...

“sinuot mo na pala yung regalo ko sayo” Gift? What gift?

“sakto pala sa paa mo eh” sabi pa nung girl. You mean yung heels?

Sorry Russel but “he bought this for me” i whispered

What a great present!!! Bakit kasi di ko pa inopen kanina???

Chapter 11: I spent the rest of the day with my Boyfriend

“ah yeah sinuot ko na nga hehe” awts sinungaling na ako Tumingin ako kay Lance at binigyan ko siya ng makiride-ka-nalang-look. Kasi naman eh. Di ko naman alam na same sandals lang! naku naman Miyuki kung di ka nga naman kasi tatanga tanga!anyway, Close sila ni JL??? So JL na tawag ko? Kasi narinig ko si Lance na tinawag niya siyang Jade Louise. Haba ng name kaya JL nalang.

“hmmm tara?” yaya ni Jake

“san?”

“laro tayo”

“as in dito?”

“oo tatal nandito na din naman kayo ni Lance eh”

-_- mukha ni Lance pffft pacute!

“hey last time we met di tayo nakapag-usap ah” said JL to Lance

“yeah right” Tsk mapambara talaga itong si Lance

“aalis na ako” sabi pa ni LANCE!

“aalis ka na agad? Di ka na maglalaro?” tanong ko

“bakit pa? sinamahan lang kita hanapin yan” tapos umalis na si Lance

“then aalis na din ako bye Russel and bye Miyuki” paalam ni JL

kaya dalawa nalang ulit kami ni Jake. Date na ito! Kaso nakakakonsensya. Hindi ko suot ang regalo niya. Anyway, tinawag ni JL na Russel ang Russel ko!wag mong sabihing close sila??

“Hon...sino yun? Close kayo?”

“si Jade, JL ang tawag sakanya” Oh so tama pala ako

“ano mo siya?” tanong ko

“friend”

“friend???? As in friend lang talaga???”

“yeah”

“hmmmm”

“di ka naniniwala?” Oo di ako naniniwala. Bakit ganun ka makatawa nung kasama mo yung JL na yun? >.<

Nag-nod lang ako. Hala! Hwag ka magalit. Hwag kang magagalit dahil di ako naniniwala sayo. Minsan lang naman ito.

“tsk. Don’t worry you’re my present and she’s already my past”

“huh?” Past? you mean?

“she’s my first love pero wag kang mag-alala wala lang talaga yun promise” Past. Yeah past. Wala na yun. Past na eh. First love pala. bakit di ko man lang yun alam???

“kelan mo siya nagi----“

“Miyuki. hwag na natin siya pag-usapan okay? Ikaw ang girlfriend ko ikaw ang mahal ko kaya okay na hah? Wag na magtanong about kay JL. i only love you”

“okay sabi mo eh” Wag na nga magtanong haha. Ako daw mahal niya yieeee. Yan ang paniniwalaan ko. Kinilig naman ako dun haha

“oi..basketball tayo” sabi ko

“tsk sige na nga... promise ito walang mintis haha”

“talaga lang ah”

“naman! Haha. Pagnapasok lahat yung bola may kiss dapat ako”

“asus! Sige sige. Pero pustahan di yan mapapasok lahat hahaha”

“pustahan? Haha sige akala mo ah. Humanda yang lips mo hon haha”

Waaaaaaaah adik ka adik ka! Humanda daw yung lips ko! naloka naman ako dun. Nagblush naman yata ako?

Nagpapalit na siya ng token. Tapos heto na naghulog na siya dun sa basketball haha. So far so good mukhang humanda ata talaga ako ah?

“heh..ang dali naman nito” yabang

“magmintis ka magmintis ka haha”

“HOY! Wag mong ipagdasal” *sabay nag shoot siya! SWAK! Ang galing!

“aba??? Ang galing mo pare ah” biglang may lumapit saamin. Sino naman tong mukhang ewan na ito?

“so?”

“yabang mo ah” Hala? Mayabang ang boyfriend ko? Wala pa nga siya ginawa ah!

“tsk bakit nanaman ba?” Jake asked then shoot the ball.

“GF mo?”

“pwede? Tumigil ka dyan may ginagawa ako eh” naiiritang sabi ni Russel

“ah-ah. Ganda ng girlfriend mo eh. Pagsawa ka na. akin naman?” Aba loko to ah?!!!

hindi ko alam kung paano nangyari pero bigla nalang bumagsak yung lalaki sa sahig.

“Gago ka pala eh! wag na wag mong babastusin ang girlfriend ko!”

“Loko pag di mo pa ako tinigilan mapapatay kita Gago” dagdag pa niya.

Ang lakas nung pagsuntok ni Russel sa lalaki. napatingin lahat ng mga tao sa arcade saamin. anong gagawin ko? Napatalsik pa kaya yung lalaki sa lakas ng force nung suntok.

“tsk” sabay punas pa sa dugo sa may lips “di ka na mabiro relax wag kang mag-alala maghahanap nalang ako ng mas hot dyan yung tipong JL ang dating haha” Tapos tumayo na siya saka umalis....

“sorry i lost my temper” Nagnod nalang ako kasi nashock din ako. di ko alam gagawin ko kanina.

After nun umalis nalang kami sa arcade.kasi naman buti nalang at di kami pinuntahan ng guard hehe.

Di nagsasalita si Russel. badtrip siya >.<

“Hon??? Sorry. Did i spoil your day? I’m sorry” he apologized

“no its okay. Actually thankful ako kasi di mo ako hinahayaan mabastos. You’re so sweet. I’m so lucky to have you”

“thanks babe”

“hala? Babe naman ngayon? Ibang babae ata yun ah -_-”

“haha. kasi nakakasawa yung hon. Naumay na ako. hahaha”

“pfffft ngayon patawa tawa ka na hahaha”

“kasi its your birthday^^”

“naks! salamat hehe” Tapos kiniss niya ako sa cheek

“oi nagnanakaw ka ng kiss” =__=

“kasi kung hindi dahil sa lokong yun kanina. Edi sana may kiss ako nagmintis tuloy yung huli” Hahaha yeah right nagmintis nga! Hahaha

“so honey”

“baduy mo naman hon”

“mas baduy naman yung babes mo. ewwwness haha”

“oi! Asa ka naman haha”

Tapos bigla niya hinawakan yung kamay ko. holding hands kami as in yung holding hands talaga hindi yung hawak bata. Nakakaloka. Kinikilig nanaman ako kasi sa school bihira kami mag hold hands kasi naman baka pag may nakakita samin lagot nanaman ako sa mga babae haha.

I’m so in love muahahaha. Ang saya ko ngayong birthday ko. Kasi he said mahal niya ako. tapos pinagtanggol pa niya ako yun lang may mali ako hinayaan ko si Lance na bumili ng gamit para saakin!!! ayang nagkapareho pa tuloy ng gift..aish

Nakakakonsensya talaga

“saan mo pa gusto pumunta?”

Wala na akong gustong puntahan >.<

“Russel wala na akong alam na puntahan” i pouted

“sawa ka na sa mall noh?”

“oo kasi naman lagi nalang mall tambayan na ito ng lahat”

“oo nga wala din akong alam puntahan. Boring na ba?”

“nope not at all. kasama naman kita”

“bakit ba ang sweet mo?” sabi niya habang nakatingin sakin >//<

Waaaaaaaaaaaaah no i'm melting! Joke! Evaporating pala...waaaaaaaaaaaaah ay basta!!! Grabe na ito! my gulay, upo kalabasa at saka mayron pa! jusmiyo! Yung titig kasi niya nakakatunaw hahaha.

“hey stop staring” i said. i think i'm blushing pa nga. Kasi ang init ng mukha ko. Why Miyuki what's this? My heart is beating so fast. Ang sabi russel russel russel!!! Haha naloloka na ako

“why? Ang ganda mo kaya ang sarap mo titigan” Tsk >//<

“ang sama nito! Russel naman eh.”

Yeah right nahihya pa din ako sakanya to think na 1 year na kami pero heto ako at nahihya pa din sakanya? Haha

“why? Di naman ah. hon kung nakikita mo lang mukha mo ngayon. Super cute haha” Hala? >//<

“Jake Russel de Vera stop it >.<. it's embarrassing”

“you don't need to be embarrassed. ako lang naman makakakita” Ano ba naman yang ngiti niya nakakaloka hehe...

“yun na nga eh! ikaw lang naman kasi. LANG naman kasi. ikaw!”

“half japanese na babae na hindi mukhang japanese dahil pusong pilipino. hmmm tara na sa labas?”

“bakit ba ang hahaba ng pang asar niyo sakin? Hahaha”

“tsk. bakit? Ano ba inaasar sayo ni Lance?” waaaaaaaaaaaaah sinabi niya yun habang nakatingin sa opposite side. selos ba?

“sabi niya i'm a sadist rabbit. Sadistang rabbit kaya may dugo yung rabbit! Hon i'm not a sadist right??? i'm not right???”

“hahahahahahaha...loko yun hahahahaha...nadali niya...hahahahahahaha” Tinatawanan ako ni Russel !!!

“ang bad mo!” Waaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaah

“hahahaha eh ka-si hahaha..... totoo naman eh hahaha....”

“hala??? HINDI KAYA!”

“oo kaya hahaha ang sakit mo kaya mangagat haha. i don't need to buy a dog hahaha. Kasi ikaw na kumakagat sakin hahaha” kyaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaah

“i-i am not a dog!bad ka bad!” Tas walk out effect pa ako kunyari. ang bad kasi. dog? Aso ba ako? waaaaaaaaah bad russel bad!!!

Di naman ako sadist! in fact ganun naman ginagawa ko sa mga kapatid ko ah? Madalas kong kurutin, tadyakan at suntukin. Sadist na ba yun? Diba yung sadist iba yung meaning?Bakit iba yung meaning nung sakanila? Kapag nananakit sadista na? edi si Russel sadist din? Laging may sinusuntok hahaha

“Hon haha.sorry na oi..hintayin mo na ako haha”

“tse! Bad ka Russel! isip bata!!! Mukhang bata!!! Ewan na bata!!!”

“sorry na oi hahaha....di na ako tatawa promise ahahaha...”

“hindi daw! Eh tumatawa ka pa din!” Ano ba yan? Nag eeskandalo kami sa mall haha

Pinagtitinginan na nga kami. Loko kasi

“hon...” tas hinawakan niya yung kamay ko. Naabutan na pala niya ako?

“sorry na oi...di na ako tatawa” Tas tinignan ko siya. Eh mukhang nagpipigil pa din siya ng tawa eh >.<

“Miyuki Sharlot pag di mo pa din ako pinansin hahalikan kita” Tse bahala ka dyan..di mo yan magagawa kasi nahihya ka sa madaming tao... ganyan ka naman eh. At ganun din ako haha....

“Miyuki,....oi hon.....” Naglalakad lang ako at hawak niya kamay ko tapos bigla siya tumigil kaya napatigil din ako.... napatingin ako sakanya..tas yung tipong deadly look ba haha

Pero bigla niya akong hinalikan! Dampi lang naman pero kahit na! Ang dami kayang nakatingin.

“i told you pag di mo ako pinansin hahalikan kita” tas umiwas pa siya ng tingin saka hawak pa din niya kamay ko. kaya ako napatingin din sa kabilang direction.... nakakahiya kasi >.<

“ayieeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeee..bati na sila” sigaw nung mga tao....

“cute couple^^” Waaaaaaaaaaaaaaaaaaaaah stop

“Russel...naiisip mo ba naiisip ko?”

“yeah...”

“bibilang ako ng 1 to 3 tapos....”

“ako nalang...1 2 3.....” Tumakbo kami agad pagkatapos nung bilang.

Haha ayun pareho kami tumakbo palabas ng mall hahaha. Nakakahiya kasi. sana walang nakakilala samin hahahaha...

“that was awesome!” he shouted

“yeah cool haha... ayun gabi na pala? Haha”

“oo nga noh... ang dilim na....hatid na kita?” sabi niya

“sige hatid mo na ako..baka malagot ka nanaman sa mga kuya ko haha”

Oo mga kuya. tatlo lang naman po ang aking kuya kaya nung nalaman nila na may boyfriend ako pinatawag agad nila si Russel haha... takot na takot pa siya nun sa mga kuya ko eh haha. Pero ngayon. Wow? Astigin parang barkada na niya mga kuya ko.

Nagtaxi na kami pauwi. Nakatulog pa nga ako eh. Paano ko nasabi? Pag gising ko nasa kama na ako. nung bumaba ako wala na din si Russel sabi ng mga kuya ko umuwi na daw. Di na daw niya ako inantay magising. Sabi pa nila mahiya naman daw ako ang bigat bigat ko daw tas hinayaan ko daw si Russel ang magbuhat saakin haha. Ay sorry naman tulog kasi ako -__-

Ang saya talaga ng birthday ko. ^__^

Napalingon ako dun sa mga paperbags atnakita ko yung gift ni Russel. Nakonsensya pa ako.haist

Binuksan ko.Parehong pareho nga kaya lang parang may mali. Sinubukan kong isuot...

Sabi na nga ba mali talaga.... >.<

Ang laki sa paa ko size seven ito. size six lang paa ko!!!! Awts meaning di ko ito masusuot.

Waaaaaaaaaaaaaaaaah sorry Russel di bale 16 palang ako! lalaki pa yang paa ko! Masusuot ko din yan!!!! But still ang saya kasi I spent the rest of the day with my Boyfriend Jake Russel :D

Chapter 12: Boy Clinic

So as usual heto ako nasa school. Absent ata ang aking seatmate? Anong meron? Anyway may quiz kami so bakit ko ba inaalala ang seatmate ko? Kasi po 2 days na po siyang absent. Wala ako ginugulo pag boring yung class. Wala ako makurot. Wala tuloy ako pampagising. Friend ko pa naman siya. Yeah right friend ko siya hahaha. Kanina nga tinanong kung sino kaibigan ni Lance dito kasi nga kahapon pa siya wala baka daw may nakakaalam. Tapos biglang tumingin mga classmate ko saakin.

Aba malay ko kung nasan siya? Wala nga ako number niya eh.

Oo nga noh? Ang tanga ko namang kaibigan! Wala akong number niya! Naku naku. Anong klase akong kaibigan! Aish -__-

“pssst”

Tsk may pangalan naman ako. Bakit kelangan pa akong sutsutan! Di nalang ako lilingon malay mo di naman ako tinatawag niya. Malay mo lang naman...

“psssst...oi” naiinis naman ako

“oi...Miyu---“

“oh?”

Lumingon ako sa likod si Gail yung tumatawag sakin...

“i saw Lance” bulong niya

“oh? Talaga? Saan?” natural bumubulong lang din ako. Pero bago siya sumagot tumayo muna ako para magpass ng paper. Sisiw! wala ako masagutan. Edi ipasa ko nalang haha. Nagpasa na din si Gail ng paper tapos pwede na kaming lumabas! Ang saya saya So lumabas na ako at syempre pati si Gail...>.<

“saan mo siya nakita?” tanong ko nung naglalakad na kami sa hallway

“sa may soccer field...yung malapit sa bahay niyo”

“ah! Yun pala...di siya pumasok para sa soccer grabe naman yung tao na yun >.<”

“ang cool pala niya noh?”

“HUH???”

“sabi ko ang cool pala ni Lance” Hala lagot na. Mukhang tinamaan si nerdy i mean si Gail kay Lance!

“kaya ka ba nalate kanina?” tanong ko. Kasi late siya! At nakakapagtaka yun para sa ner—sa masipag na tulad niya! Haha

“eh kasi nakakaenjoy panuorin. Alam mo bang ang galing niya tapos kung sumipa ng bola—“ blah blah blaah blah! Hahaha

Wala ako maintindihan to think na grabe! Si Gail ba ito? Nagsasalita ng mahaba! Nagsheshare saakin ng kung anu-ano! Ayiee natuwa naman ako!

Maganda ka naman Gail ayusan ka lang at konting make-over lang at mapapansin ka na ni Lance! Pero di ko naman alam kung ano gusto ni Lance eh

“eh Gail ano tawag mo dyan?”

“edi crush” Ay sabi ko na nga ba at may gusto ito kay Pareng Lance! Haha naman! si Gail ba ito? Naglalandi! i mean lumalablayp!

“Gail! Gusto mo ba siyang makaclose?” nagulat siya sa sinabi ko tapos biglang nagblush!

Hala! Nagblush si lola! Ang cute niya pala! Haha maganda siya promise tanggalin lang yung salamin niya tas iladlad mo yung hair niya bongga! maganda siya! Naiimagine ko kasi ^__^

“eh kumusta naman yung quiz mo kanina?” pag-iiba niya ng topic! Aba umiiwas pa haha

“okay naman. Wala ako masagot hahahaha” Hala? Adik! Hahaha

“tsk. Shar. Miyuki pala. Hehe dapat nag-aaral ka. Oo nga’t gumanda ka pero bumababa naman yung rank mo >.<”

“wow? Gail is that you? Concern ka?”

“oo naman. Classmate kita and...and...”

“then Friends?” sabay abo’t ko sa kamay ko^^

“kay. Friends” at nagshake hands kami haha

“so Gail... you like Lance?”

“WHAT?? Ah eh....ano....ah....”

“crush mo?” tanong ko pa

“ka-kasi ano >.<”

“dahil nakita mo siyang nagsoccer?”

“miyuki naman eh!” bull’s eye! haha

“hahahaha i thought so”

“you know what Gail? I think i’m beginning to like you. i think i found my new bestfriend in you haha”

“ang drama mo naman Miyuki”

“Call me Sharlot....”

“akala ko ba ayaw mo magpatawag na Sharlot?”

“well basically mga kaclose ko lang pwede tumawag sakin niyan. Maarte ba? Haha”

“then Sharlot na itatawag ko sayo” nakangiti siya nung sinabi niya yun.

Papunta na kami sa canteen para kumain. Lunch na din kasi. Kwentuhan lang kami. Dami kong nalaman kay Gail ah. Mag-isang anak lang pala siya. Kaya naman pala todo aral siya kasi ang taas ng expectation nila sakanya. Naawa naman ako bigla sakanya. Pero magaling siya ah. Top 3 lang naman kaya siya sa buong batch! Eh ako? hehe. Nagtanong ka pa 2nd po ako. at ang first? Si ano wala di naman siya importante dito.

nung nasa canteen na kami nakita ko mga ex bff ko.

“so you’re here and with that loner how pathetic! nagsama ang dalawang lame. Oops nerd pala”
said kristine

“don’t mind them” Binubulong ko sa sarili ko yan. ‘di ko sinasabi kay Gail as if naman may pakialam si Gail dyan.

“so pag wala pala si Lance may iba ka ng kaibigan...congrats”

“hoy...” Huh???

Hoy daw???binubully na din ba kami ng lalaki? Napatingin ako dun sa nag-hoy. Nakahinga naman ako ng maluwig doon.

“pahingi nga” tas umupo sa tabi ko saka sumubo sa kinakain ko

lahat nagulat! ‘di na din namin namalayan wala na pala sila Kristine

“hoy! And what do you think you’re doing?”

“eating” -_-

“sadist rabbit”

“aish! Lance!!! Lance the Bully!!!”

“whatever”

“give me back my food”

“go buy yours”

“but i bought that!”

“dress” he said And i’m lost! 6000 yun. Hello? pagkain ko 65 pesos lang. Tumayo na ako at saka bumili ng food at syempre! Perfect strategy para iwanan yung dalawa hahaha

Astigin malay mo magkatuluyan yiiiiiiii. bumili nalang ulit ako ng curry. Kasi naman bully talaga yung Lance na yun. Aba? Di pa siya kontento sa pang-aasar sakin? Ngayon naman pagkain ang inaagaw? Aba aba! Ibang klase ito!

Pagkabalik ko sa table namin. Ayun! hindi sila nag-uusap? Ano ba naman yan. Si Lance naka dukmo! Natutulog nanaman yata.

“natulog?” tanong ko kay Gail

“yeah”

“di ako tulog” sabi ni Lance

“oh! Gising ka pala! akala ko isa ka naman homo sapien na after kumain ay matutulog na ___-“

“ang gwapo naman ng sapien na yun”

“tsk kapal mo! papasok ka na nga lang talagang hapon pa noh?”

“oo naman” -_- labo talaga nito.

“malapit na ba ang game?” tanong ko habang ngumunguya XD

“talk when you’re done eating. Napaka unlady mo talaga -_-“

“sorry ah..ganito ako eh”

“rabbit” si Gail di ata nakakarelata kasi halatang nagulat siya.

Mabuti na din para di niya alam kung bakit rabbit ang tawag niya sakina >.<

“ang close niyo noh?” sambit ni Gail

“huh? Close? Ako at siya?” nagmamaangmaangan pa si Lance naku -_-

“Gail can’t you see? Inaaway ako eh” sabi ko naman

“away? Away bata siguro” sabi ni Gail saka kumain ulit..

So tahimik lang kaming kumain ni Gail si Lance naman nakadukmo nanaman sa lamesa. Matutulog nanaman siya? Eh bakit ba siya nandito pa? jusmiyo di ka nalang sana pumasok. nakakainis naman tong tao na to. Naiimbyerna ako. parang ewan eh papasok kung kelan wala ng quiz. Tas ang yabang pa! genius daw siya? Aba?

Natapos na ang lunch medyo mahaba lunch break namin ni Gail kanina kasi aga namin natapos sa quiz eh. Talino talaga namin..si Gail lang pala haha...
Napansin ko ang tamlay ni papa Lance. Bakit kaya?

Nakaupo na kami sa upuan syempre. Mag start na yung klase. Tsk. Ano ba naman di ako makapagconcentrate nag aalala ako sa katabi ko. Ang tamlay talaga niya tignan eh. Parang may iba. Well hot niya tignan pero...wala akong ganang kurutin siya...

Nagsulat ako sa isang papel...

Hoy panget. Ang tamlay mo? Problema?

Inabot ko sakanya yung papel... binasa niya. Tas nagsulat din:

Wala. Ang boring kasi. Wala magawa. Katamad

Huh? Yan na reason niya? Di ako naniniwala!!!

Di ako naniniwala eh. Ano na dali na!

Wala nga kasi. Sakit lang ng ulo ko

Ayun! Lumabas din ang tunay! May sakit ka? Pwede ka hawakan?

Ayaw ko sayo! manyakin mo pa ako

KAPAL MO NAMAN!!! Asa ka naman Lance Mariano! May BF ako!

Edi meron paki ko ba? Mas pogi naman ako

Hinawakan ko yung forehead niya... ghad! He's burning!!!

"ei don't touch me" sabay tanggal niya sa kamay ko. Medyo mahina din pagkakasabi niya.

"tsk... but you have a fever Lance. Bakit ka pa pumasok?"

"errr coz i'm bored."

"so what if you're bored?"

"Xyla is not there, mon and dad are on a business trip. Ales and the others went to their own schools . i had no choice." Tsk asar naman tong tao na to! Tapos nagsoccer pa! naku naman!!!

"di ka pwede magsoccer bukas!"

"ano kita nanay ko?" Di namin napansin lumapit na pala yung teacher saamin. patay nanaman ako

"Ms. Parco and Mr. Mariano" ghad namumuro na ako sa mga teachers huhu

"w-why ma'am?" tanong ko

"kanina pa ako salita ng salita sa harap at napansin kong sinasabayan niyo ako... so can you explain again the topic?" Biglang tumayo si Lance....

"blah blah balah blah" ano daw mga sinabi niya? nawindang ako. 'di ko naintindihan. nanosebleed ako!!!

halatang nagulat ang lahat sa sagot ni Lance!

"o-okay you may sit down" sabi pa ng teacher. 'di na niya ako tinawag. Nagulantang yata masyado kay Lance. Pero nagtaas pa ako ng kamay

"what is it this time ms. Parco?"

"well ma'am. may lagnat po kasi si Lance. pwede po bang dalhin sa clinic???"

“sure.but not you Ms. Parco. Ms. Fernandez. samahan mo siya”

“yes ma’am” tumayo agad si Gail saka niya inalalayan si Lance...

Si Lance ayaw magpahawak eh... tsk... arte much...

At natapos na nga ang araw. Boy clinic si Lance ngayon haha. Tatal may practice naman si Jake ng basketball eh pinuntahan ko na muna si Boy Clinic.

“oh ano? Ayos ka na ba?”

“yeah....”

“good. Pag-uwi mo inom ka ng gamot. Matulog ka. Wag ka na din papasok bukas”

“kelangan ko pumasok”

“if notes lang din naman. Ako na magsusulat para sayo”

“slave ba kita?”

“well you can treat me your slave KUNG may sakit ka lang pero wag kang abusive much kasi di ko susundin mga sinasabi mo. Ako magkukusa”

“tsk..such a sweet child” he said!

“child ka dyan! Batukan kita ehh”

Wala naman masyado... hmmm nagtataka lang ako ano kayang napag-usapan ni Gail at Lance habang papunta sa clinic? Feeling ko meron eh haha. mafeeler kasi ako. Malay mo meron talaga? Labo! meron kaya?

Bakit ba ang chismosa ko? Aish..okay lang babae naman ako.kaya ayos lang maging chismosa.... and besides...kakausapin ko nga yung si Gail bukas

Iniiisip ko palang..parang kinikilig na ako sa pwedeng naging conversation nila...pero sa ugali ni Lance? Parang kinakabahan ako sa mga nasabi ni Lance eh kung meron man....malay natin???

Chapter 13: Facts about Lance Mariano

“GAIL!!!! Hahaha”

“napanu ka? Ang saya mo ata???”

“eh kasi...eh kasi...hahaha”

“hala? Kinikilig ka?”

“OO!!!! Hahaha”

“bakit?”

“ano pinag-usapan niyo ni Lance kahapon? Diba kayo magkasama kahapon nung papunta kayo sa clinic? Wahahaha” ~ ako

“kala ko naman kung ano na -__-“

“nyek napano ka niyan?”

“wala kaming pinag-usapan...”

“oh?”

“meron naman pero...”

“pero???”

“about sayo lang eh” HUH????????????????????????????????

“about sakin???” Teka... you mean..ako topic niyo?????”

“oo isa ka daw sadista...isang clown....isang isda -__-“

“isdaaaaaa????? Aba loko yun ah!!! At hindi ako clown!!!! PFFFFT!!!! Lagot sakini yung lokong yun! nakakainis yun ah! isa akong isda???” Rabbit na isda???” -__-+

Bakit ko ba niloloko ang sarili ko? Grabe naman haha awa na ako masyado kay Lance ah. Speaking. Absent nanaman kaya yun? Kunsabagay maaga pa naman... hmmm baka. Kasi may lagnat kahapon.

Anyway may practice si boyfieee ngayon kaya wala kong kasama mamayang uwian. Tsk walang maghahatid sakini. Tama hinahatid naman ako lagi ni Russel sa bahay eh para iwas disgrasya... bakit? Kasi isa akong danger zone? Kita niyo naman? Nakitaan na ako ng ano ni Lance..ng ano...basta tas pati yung blood thingy tapos yung nawala si Jake. tapos haist..danger zone talaga???

Inub-ob ko nalang yung ulo ko kasi inaantok ako. puyat. Nagdrama marathon ako kagabi! kinikilig ako sa mga korean boys eh ang gwagwapo!!haha.. tapos eto pa! kasi sa mga drama laging happy ending. Di naman lagi madalas lang saka cute mga story. Pang high school hehe. Saka ano ba yan naalala ko si Jake at si Lance eh mga mukhang star sa korea haha. Speaking bigla bumukas yung pinto... ay si Lance. Nagulat ako kasi nilalagnat siya diba???

“hoy! Nilalagnat ka diba?”

“sino may sabi?” Sabay baba niya dun sa bag niya sa upuan saka naglabas ng libro at nagbasa. ano ba yang libro na yan at ganun siya kainteresado sa libro???” Bookish pala talaga siya...

“anong binabasa mo???”

“hindi pa ba halata sa cover???” Sunget nanaman si papa Lance hahaha. Pero nakita ko about sa mystery thingy. -__-

Ayaw ko niyan mas prefer ko manuod nalang ng movie kesa magbasa kakatamad kasi eh haha

“Lance?”

“what?”

“may gagawin ka mamaya?” sinarado niya yung book at saka nagsalita

“bakit? Gusto mo magdate tayo?” he smirked. What the???. Adik ba siya?? Date niya mukha niya!!!

“BALIW!”

“haha....nakakatawa ka talagang clown ka hahaha”

“di ako clown!”

“yes you are...” Napapaingay nanaman ako. mula nung dumating tong lalaki na to lagi nalang ata ako sumisigaw???

“you know what Sharlot...”

“don’t call me Shar-LOT!...call me MI-YU-KI!”

“don’t wanna”

“pffffffffffffff! Bakit ba ako nag aaksayang kausapin ka? Anyway... di ko pa alam. Ano ba yun?”

“i like you” what? Nagulat naman ako! He likes ME? No no no no pinagtritripan nanaman ako nito.

Bigla siya humawak sa chin niya tapos tinitigan ako... alam niyo ba yung 500???. Yun ganun!!! Waaaaah gwapo amp i’m melting na.... mag eevaporate na ako sa hiya >//<

“hahaha. Bakit ba ang dali mo magblush???. Di dahil sinabi kong i like you eh..gusto kita bilang babae hahaha”

WHAT???. akala ko nabighani na siya ng charms ko!!! Kunsabagay kung icompare mo ako sa ex niyang bestfriend niyang si Ales i mean Sana malayong maganda yung batang yun sakin! sexy at mas maputi may kamukha pang artista.oha? eh ako?

Atashi wa kerei LOL iangat ang sariling bangko Miyuki Hahaha

“eh Lance...tatanungin kita ah”

“fine...what is it?”

“anong type mo sa babae?” LOL Gail this is for you kaya lakihan mo na tenga mo!!!! haha

“bakit??? Patay ka na ba sakin??? Desperate ka na ba para malaman ang tipo ko??? Hahaha”

“ay grabe!!! Akala ko sa labas lang mahangin pati pala sa loob????? Aba??? Hindi pero yung seryoso??? Nyek biglang ngumiti eh nuh? Adik talaga tong mokong na ito....

“well type ko ang mga chubby ” walang reaksyon lang na sabi niya

Chubby? Ay walang pag-asa si Gail. Maganda katawan ni Gail parang ako lang,

“gusto ko din ng medyo curl yung buhok” sabay hawak sa buhok ko. Hala! Umiinit ang mukha ko! Curly kasi sa dulo at ‘di ko yan kinukulot.

“yung madaling magblush” HALA! ako yun ako yun!!! Hahaha saka si Gail din!!! Haha

“matalino syempre....” ay panalo!!! KAMI ULIT NI GAIL YAN!!! Haha

“ano pa???” tanong ko

“hmmmm yung parang sa mommy ko” Nyek mama’s boy talaga to haha

“MAMA’s BOY KA! Hahahaha”

“BWAHAHAHAHAHAHA” laughtrip!!! Laughtrip talaga hahahahaha naloka naman ako dun hahahaha

“wag ka ngang tumawa! May rason naman ako kung bakit”

“eh ano?”

“mabait kaya si nanay ko, maganda pa, dating model, di man halata pero matalino yan. May isang salita, loka loka nga lang. mapag-aruga, kung may problema ang mga kaibigan niya. Ready to help yun. Astig pa!”

“astig??? Bakit???”

“under na yung tatay ko dun hahahaha”

“wow astig nga!!! Ang galing hahaha...pero duh??? May makakapag-under ba sayo? Hello you’re cold kaya”

“i’m freezing hot”

“huh? Freezing hot??? Ayus ka din eh nuh???”

“naman! Coz i’m hot and i’m cold =__=”

“hot and cold? Katy Pery is that you? Haha” i asked while laughing haha

Binuklat na niya ulit yung book niya... nagbasa ulit siya..aynaku...

“sadistang rabbit”

“oh?” wow? Tanggap ko na yung sadistang rabbit ganun???

“may gagawin ka mamaya?” tanong niya. tanong ko din yan kanina ah haha

“wala naman bakit?”

“good..samahan mo ako”

“huh? Saan? Kelan? Ngayon na?”

“tanga ka ba???” Mamaya natural! Mamayang uwian” ouchy tanga daw ako???” Jake i need your sweet words! not Lance’s harsh words.

“ano naman gagawin? Saan pupunta?”

“i need you to dump her” he said coldly.

Dump her? you mean girl? Girl talaga ang nanligaw???? Ay naman tong Lance na ito! Aba? Di ba sila natakot sa imperfection ng mukha niya? Malay mo pala sanggalo ito? Na hindi naman talaga haha

And so natapos na nga ang klase...kelangan ko pa muna sabihin ito kay Russel ko...

“tara na”

“huh? As in now na???” magpapaalam pa muna ako kay Ja---“

“tanga mo talaga... edi kung sinabi mo yun di hindi na yun pumayag” -___-+

Ouch tanga talaga ako huhuhu. bad ka Lance pagkatapos ko iangat ang upuan ko... bigla mo naman binababa.... Bigla nalang niya ako hinila saka nagmadaling lumabas...

“oi Lance pwede mo naman ako bitiwang eh.... kaya ko po maglakad mag-isa”

Actually nailang lang ako School grounds pa din ito.Makita ako ng mga spy ni bebe ko. Kasi naman eh!

Bebe ko???” Sarah geronimo ba ito? Hahaha >.<

Binitiwang nga ako ni Lance pero tinignan naman ako ng masama. Napalunok uloy ako ng laway. Yuck! bakit ba ang bad mood niya? Nakakaloka itong lalaki na ito.

“ano? Bakit ang sama ng tingin mo???” katakot siya. Nababalutan ng itim na aura. Alam niyo yun? Nakakakita kasi ako ng aura. Parang yung nasa hana kimi? Wahaha kidding!

“halika na nga” sabi niya saka naglakad

Hmmph! Ikaw may kelangan sakin..suplado!!! di mo ako kelangan sungitan!!! TUMANDA KA NG DI ORAS!!! Oooopsy.... bakit siya tumingin sakin ng ganyan???” Wag mong sabihing.....

“ikaw ba si Edward???”nababasa mo ba naiisip ko???” Ikaw ba si B1???” Naiisip ang naiisip ko???”

“huh???” Nyeh???” Di ba niya naisip ang naisip ko? Hahaha akala ko naman eh.. hay naku!

Naglakad na ulit siya, ang sama niya talaga sakin... siya na nga itong may kailangan sakin eh. Naku naku Lance kung hindi lang kita kaibigan eh matagal na kita natsugi!!!! Aba???” Di pa din kita ganun katagal na kaibigan ah... tsk... If ipapadescribe niyo sakin si Lance ito ang masasabi ko.

He’s unpredictable, moody, sporty type, a hotty!!! Kind? Well yeah a bit? Haha ano pa? well mama’s boy halata naman. spoiled sa nanay!!! Well built ang katawan. tama. hotty nga siya eh!!! Kung mula sa likod talaga ang sexy tignan ng likod ni Lance. Parang si Jake lang. yummy haha..joke... ano ba ito???” Russel sorry may pagnanasa ata ako kay Lance? Pogi lang pogi! Haha

Sumakay na kami sa sasakyan nila Lance. Syempre may driver siya haha. San ba ako dadalhin ng lokong to? Ni di man lang ako tinulungan magdala ng libro ko eh...ang bad niya. Ang sama mo talaga Lance Mariano pasalamat ka gwapo ka!!! Kung wala akong boyfriend crush na kita hahaha.

Mga 20 minutes din kaming nasa sasakyan. Bumaba na kami sa ewan kung saan man ito.. teka? Parang may party ata???” party nga ata. party pala talaga!!!!

“Lance???” Party ba yan?”

“di halata? Nakita mo na ngang nakadress yung iba eh” Waaaaaaaaaah.

“eh nakauniform lang tayo... isa pa.....”

“di tayo magtatagal.... kelangan ko lang ipamukha sa babaeng yan na wala na siyang aasahan... masyado kasing obsessed. nakakainis na... “

“waaaaaaaaaaaaah then gagamitin mo ko???”

“di halata? Kaya nga kita binilhan ng dress para kapalit eh” What the heck???” Loko to ah!!! Ano to? Bribe niya yun? Nagkamali ata ako kay Lance. Bigla niya ako hinila sa loob ng bahay. Bahay ng di ko kilala. Hinawakan niya ako sa kamay! Hala! Russel May kaholding hands akong ibang tao! Forgive me hon.

“lahat ng sasabihin at gagawin ko mamaya. wag ka na aangal makiride ka nalang. i just need to do this nakakasawa na yung pangungulit ng babae na yun”

“eh bakit ako?? why not Ales? Or your other girl friends???” Why me???”

“pwede wag madaming tanong? Di naman tayo magtatagal eh” ang sama talaga ni Lance sakin.... Daig pa niya talaga ang mood swings ng buntis. Saan ka ba nila pinaglihi???” Saan? Sa nagaalburotong bulkan ba?

Pumasok na kami sa loob. Ang daming tao. Tapos yung mga tao biglang na-starstruck nung nakita si Lance.. saka nagbulungan pa ang mga ongas...oo na ako na si hindi maganda na kasama ni Lance! Badtrip na malalanding babae tong mga toh.....

“Ohh Lance! Kanina pa kita hinihintay” saka pa siya niyakap nung babae

“so...salamat sa pagdalo.... waaaah i can’t believe you’re here. I thought galit ka talaga sakin... i thought iiwanan mo na talaga ako... yaaaaaah..... hehehe.” Napatingin sakin yung babae...

“h-hello” bati ko saka pa ako nagwave :)

“Lance who’s that B*tch?” What??? She called me a female dog!!! OMG!!! I hate this girl. pigilan mo ko Lance mauupakan ko tong babae na to! Pero biglang umakbay sakín si Lance as in yung akbay nung boyfriend ba! I’m not cheating naman diba??? I’m not right??? Huhu

“hey Lance...don’t tell me she’s your.....”

“My girlfriend i guess??? My girl for tonight and for the rest of my life” WHAT? Lance!!! YOU’RE INSANE!!!! Kaya pala sinabi niyang hwag ako aangal sa mga gagawin niya...

“so Arianne. I’m sorry so stop it i don’t love you or either like you. You’re not my type. definitely not my love interest. I hate you” Napa “woah!!!” ang mga tao sa sinabi niya....

“b-but Lance! I-i can wait....”

“i said no... i don’t like you....”

“Lance....”

“you’re creepy”

“i love you Lance...” saka niya niyakap si Lance

“Arianne! Stop it! you’re acting like crazy! Mahirap bang intindihan na hindi kita mahal? Arianne! Stop humiliating yourself and don’t ever call my girl a b*tch you are the worst and desperate”

“she’s a whore!” sigaw pa nung isa

“STOP IT!!!” sigaw ni Arianne saka tumakbo. Tapos bigla akong hinawakan sa kamay ni Lance saka umalis.

Whaaaaaaaaaat??? Sinabi niya yung i hate you? Sinabi niya yung mga yun sa isang babae? Ghad Lance! Di ka talaga gentleman!!! Nasa labas na kami ngayon ng bahay. Hala.

“can’t you at least tell that in private? Hello? Lance! Ang daming tao dun. pinahiya mo siya”

“pinahiya? Mas nakakahiya ang ginagawa niya mas nakakahiyang magsunod sunod sa isang lalaki na hindi ka naman gusto nakakahiya yun. i dumped her several times but what happened? Wala! So kinailangan kong gamiti---“

“i never thought that you are a heartbreaker Lance. i never thought na babastusin mo yung babae. You know what? I think di pa talaga kita kilala. I thought pinalaki ka ng maayos ng nanay mo. pero ano??? Ang PANGIT NG UGALI MO!!! Lance babae pa din yun! Sana naman kung binalak mo siyang saktan then sana private naman! Lance ang daming tao sa loob! Ano nalang mangyayari sakanya??? Pagtatawanan siya ng mga nandun! I HATE YOU LANCE MARI-----“ i didn’t finish what i am supposed to tell.

“shut the f*ck up! wala kang alam! I did that for her own good. You know what? Kasi mas pinagtatawanan siya sa kakasunod saakin! I did that para matigil na ang kahibangan niya! Now sabihin mo. dapat ba hinayaan ko nalang siya sa pagsunod sunod saakin? Dapat ba hayaan kong laging may nag-aakalang girlfriend ko pa din siya??? Tell me papaasahin ko ba siya sa wala???”

Natahimik ako wala nga naman kasi akong alam pero hindi ako natigilan dahil sa mga sinabi niya. He didn't let me finish talking! He shut me up! He shut me using his lips.

My ghad.....

Lance kissed me. He kissed me just to shut my mouth up!

Jake i'm sorry..

“i-i'm sorry... i didn't mean to....” he apologized

Tapos pumasok na siya sa sasakyan.

Anong gagawin ko? Sa harap siya pumwesto pumasok na din naman ako. Nailang ako bigla anong gagawin ko??? He's mad at me. Ako naman kasi sisalita ng salita ng di naman alam ang sinasabi huhu Binaba niya ako ulit sa school and then umalis na yung sasakyan nila. what should i do??? Hinalikan ako ni Lance. Ang soft ng lips niya. Este bakit ko hinayaan na halikan niya ako?

“hey san ka galing?” sabay tap pa sa likod ko

“Ay butiki!”

“huh? Ako butiki???” >.< si Jake pala

“w-wala naman...”

“wala? I saw you.... bumaba ka galing sa sasakyan ni Lance...san kayo galing?”

“w-wala naman.... tinulungan ko lang siya...” I helped him break someone's heart. Mali ako sa pagkakakilala kay Lance....

BZZZZZZT BZZZZZZZZZZT BZZZZZZZZZZT

1 new message:

From Gail

Tinatanong m kng ano pinag-usapan namin ni Lance right???

Diniretso niya ako...

Ayaw niya ako.

He hates me...T_T

-end-

Isa pang sinaktan ni Lance. Kung ipapadescrib si Lance saakin ngayon. heto siya: He's cold, mysterious, sungit type, sporty, a user and a heartbreaker. Di niya kino-consider ang feelings ng iba.

Nahihiwagaan ako sayo Lance Mariano hindi pa talaga kita kilala.

Chapter 14: night with....

"helped him???sa???" tanong ni Jake

"wala wala..nevermind" i said

"sus..."

"eh kaw bakit ka pa nandito?"

"i'm waiting for you -_-"

"tsk....really? sana umuwi ka na noh? Magdidilim na eh"

Tapos inakbayan niya ako saka kami nagsimulang naglakad pauwi. Naks sweet eh nuh? Lakad pa talaga kami. Di naman kasi kalayuan bahay namin sa school. Mga 30 minutes away kapag nilakad.

Kinabukasan. Waaaaaaaaaaaaah ewan ko. Ilang ako kay Lance kasi nga dun sa ginawa niya. Di ko nga masabi yun kay Jake eh. Aba! Sinong muret ang magsasabi nun kay Jake? Adik much ba? I'm a fool. Tangengot kasi ako. tapos ewan siguro nafeel niya na di ko siya pinapansin kaya di na din niya ako pinapansin for days, weeks, months!!!

Hello ilang months na po ang nakakalipas at anong month na ba ngayon? Month check november na po mula nung sinamahan ko siya sa party na yun. Mula nung ginamit niya ako para basagin ang puso nung babae. Ayun di ko siya pinansin at di din niya ako pinapansin. Nagpalit na din po ng seatplan. So iba na po katabi ko at sino ang katabi ko? Si Gail. Bestfriend ko na si Gail. I love her na. well di naman daw siya nasaktan nung sinabi ni Lance na he hates Gail nga daw. Well duh? Spell crush?

Busy na ang lahat sa pagrereview. Review for what? For college slash university entrance exams.

Pero bago yun Christmas na muna ang isipin ko! Haha. Christmas? Ang tagal pa november 18 palang.

Yung fieldtrip pa namin na-move! Naging december na. guess kung kelan? December 20 po! Hello? Paano yung mga may pupuntahan? Pero astig yun noh? Sana nga overnight para Christmas party with my classmates. Yuck. Di nga ako kilala sa classroom eh. Kilala naman ako pero lagi naman akong out of the world.

Kung tatanugin niyo si Lance. May mga kaibigan na yan. Puro maangas pareho niya. Nakakainis nga eh akala ko kasi okay kami ni Lance eh. Hindi pala. May problema ata yun sakin? -_-

"Sharlot mauna na ako umuwi ah. May pupuntahan pa kasi ako eh"--Gail

"ah sige sige ^__^ ingat ka bye bye"

With that umalis na si Gail. Ano pa nga ba gagawin ko dito? Edi syempre susundin ko yung dakilang inutos ng teacher ko! Ampness lagi nalang akong ginagawang utusan!!! Ano bang iniutos? Edi ayun ako yung nakatokang gawin yung records dun sa pe subject naming. badtrip yun. Di niya kaya gawin? Jusko students pa talaga magcompute para sakanya?

Mga dakilang utusan ba kami ng teacher? -__-

Edi ayun compute compute compute! Done! Wihhi asan na kaya yung panget na teacher na yun? Joke! Pogi yung teacher na yun ehem. Bata pa eh. 20 palang yun baguhan sa teaching chuva haha. Kung wala lang akong boyfriend ayun! Baka makacommit pa kami ng forbidden love! Jokeness lang po.

Hinanap ko na si teacher. 'di ko alam kung nasan yung lokong teacher na yun. Gutom na din ako eh. Pumunta ako sa faculty room pero wala daw siya. Sabi lang nung teacher eh ayun baka daw nandun sa gym. Kaya naman eto ako naglalakad papuntang gym. Wala na pala mga tao noh? Nagsiuwian na sila.

Pagpasok ko sa Gym kita ko agad si Sir Morgan. Wala ang pogi talaga. Ay ay ay MIYUKI stop nga nagboboyhunting ka nanaman dapat ang mata ko kay Russel lang.

Mata mata mata >.<

Wala naman mga nagprapractice dito nagsiuwian na ang mga players? Pati si hon??? >.<

"sir morgan si Russel po?"

"ah baka nagshower lang. habang hinihintay mo yung boypren mo eh dalhin mo muna ito sa bodega"

Sabay abot ng dalawang bola saki. naman oh! Si sir morgan pala eh coach din ng basketball team dito. Kung bakit kasi walang soccer dito edi sana ang attention nila na kay Lance na at hindi na sa hon ko.

Madala na nga ito sa bodega ng matapos na at aantayin ko nalang si Russel sa labas ng gym.

"hOh how about a round of applause, yeah. Standing ovation. Ooohhhh yeah... yeah yeah yeah... You look so dumb right now"

Toinks kumanta pa talaga ako eh nuh? Kaloka

At nakarating na nga din ako sa bodega. Aish... ayos ah. Ang linis naman dito? San ko kaya pwede ilagay itong bola? Drinible ko pa muna saka ko sinoot dun sa may lalagyanan hahaha...

"HMMMP tamad mo talagang teacher ka. Wala kang kwenta."

"lagi nalang kami inuutusan mo. Hindi porke't pogi ka sir kaya mo ng utusan ang lahat! >.<"

"AY Ang ingay naman ng rabbit na to oh!" nagulat ako! May tao pala!

"lance?"

"sino pa ba?" Bakit nandun siya sa may gilid nakahiga. Aba? Pati ba naman dito natutulog siya? Ibang klase!

"ibang klase ka din eh nuh? Bakit ka natutulog dito?"

"cutting " he answered yawning

"uwian na" Speaking kaya pala wala nanaman siya kaninang 4th period ang tamad na tao naman nito

"Oi tayu ka na dyan..labas ka na. baka masara-du---" hindi ko na natapos kasi biglang nagsara ang pintuan at narinig kong ni-lock!

Napatingin ako sa door..hala naman!

"i'm doomed!" mangiyak ngiyak na yata ako

Napatingin ako kay Lance..wala ba siya gagawin??? Hello!!! Nalock kami sa loob? At magrerelax lang siya dyan??? Aba naman!!!

"LANCE!"

"what?"

"do something >.<"

"edi sana ginawa ko na kung may gagawin man ako para mabuksan yan"

"you mean hahayaan mo na na ganyan???"

"obvious??"

"AHHHH LANCE!!!"

"HEY!!!! MAY TAO BA DYAN!!! BUKSAN NIYO NAMAN OH!" pinapalo palo ko ba yung pintuan! dapat kanina ako nagsisigaw dun. Huhu

"Lance" Pagtingin ko tulog siya!!! Aba naman ibang klase! Nakulong na kami't lahat lahat wala pa din siya gagawin? Matutulog lang siya? Dumidilim na sa labas. Ayaw ko nito baka hanapin ako nila kuya

CELLPHONE! Haha ang saya ko naman! talino ko!!! ngayon ko lang naalala :)

Nilabas ko agad yung cellphone ko para tawagan si Russel. Walang signal huhu

"Lance peram ng cellphone" Di nagising?

Lumapit ako sakanya saka ko siya nuyugyug....

"OI LANCE!!! Peram ako ng CP!!!"

"ingay naman ng sadistang to oh" Pagkasabi niya yun!!!! POOOFFF!!! KINUROT KO SIYA NG TODO!!!

"A-a-aray aray naman!!! SHARLOT!!!....MASAKIT NA AH!!! BITIWAN MO NGA AKO!!!"

"AYAW!!! CP MUNA!!!"

"ARAY!!!! TAE NAMAN...TANGGALIN MO MUNA YANG PAGKAKAKUROT MO!!! ANG..ARAY!!!"

"Sharlot! F*ck! ETO NA!" Pagkabigay niya ng phone binitiwang ko na siya. Ibubukas ko sana kaso....

"hoy bakit ayaw bumukas?"

"lobat" naiirita niyang sagot saakin

"WHAT???"

"masakit na sa tenga ah. kanina ka pa" naiinis na talaga siya

Binalik ko na yung phone niya... wala pa ding signal yung akin. wala ata talagang signal dito.

Nanahimik nalang ako sa tabi. Waaaaaaaaaaaaah lumalamig na. Ang dilim na din. wala akong makita. ay OA na ba? Hehe nag-aagaw na yung dilim at liwanag kasi. Wala ng tao. Wala na akong naririnig na yabag. Qala na. magpapalipas na ako ng gabi dito. Kasama ng kumag na to.

Nakaupo nalang ako sa may mat. Iniikot ko pa yung tingin ko. Ang boring di ako mabubuhay nito. Di kaya panis na laway ni Lance? Di siya nagsasalita eh.

Di ko na talaga kaya ang katahimikan na ito! Masyado talagang tahimik! Hindi ko kaya! Mas gugustuhin ko pang awayin ako ng mga dati kong kaibigan kesa mag stay na tahimik dito! At least napapalag ako!!!

Huhu....baka may multo???sana naman eh wala..sana sana....

"alam mo ba yung kwento about sa---"

"wa-wait Lance wag mong sabihin-----"

"Multo" Waaaaaaaaaaaaaaah mu-mu-multooooooooooooooooo? Ayaw

"wag kang magkukwento sasapukin kita Lance"

"yung about sa sadistang multo =__=" tuloy pa niya

Aaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaay!!! Di ko na alam kung nang-aasar ba siya o ano....

"Lance Mariano.... kapag ikaw hindi tu-mi-gil....." napalunok ako kasi ang lapit niya sakin.

"gusto mo ba marinig?" pabulong pa niyang sabi. OMG buti madilim nagblublush ata ako?? wahaha ang landi mo MIYUKI!!! Dapat matakot wag kang magblush haha.

"Lance???"

"oh???"

"may multo ba talaga?"

"hmmmm alam mo bang nakakakita ako" he said seriously

No wayyyyyyy???? NAKAKAKITA SIYA NG MULTO!!!!

"hahaha... you should have seen your face Sharlot! It's hella funny!!! HAHAHAHA" What the????
Waaaaaaaah! pinagtritripan nanaman niya ako!!!!

"RIDICULOUS! I hate you Lance!"

"i like you too"

"Ah Lance! Will you stop saying you like me!"

"why? I'm serious"

"waaaaaah you're insane >.<"

"no i'm not"

"yes you are"

"RABBIT!"

"PANGET!!!"

"ayos ah. Magkarhyme"

"so???"

"RABBIT PANGIT KA! Hahaha" He called me pangit??? No way!!! ANG GANDA KO PARA TAWAGING PANGIT!!!

"payatot ka pa" - ___ -

Payatot?? Ako???? ANG SEXY KO NGA EH! Naramdaman ko pinaglalaruan niya yung buhok ko.

"don't touch my hair"

"i love your hair"

"BAKLA KA!!!!!"

"WHAT???" saka niya ako tinignan ng nanlilisik niyang mata >.<

I'm scared not because of the ghost thingy but because of his eyes.

"don't call me gay....i'm a guy Sharlot... at kapag tinawag mo ako ulit na gay. i'm telling you... papatunayan ko sayong hindi" sabi niya saka siya nagsmile ng nakakaloko.

Hindi na po...di na ako uulit.... ano nalang kaya??? Hmmmmmm..ay so talagang nag-isip ako ng ipang-aasar ko sakanya ganun??? Hmmmmm freak kaya??? Mama's boy nalang haha

"hoy mama's boy =__=" Napatingin siya sakin...mas scary na yung mukha niya kesa kanina..

"asar talo" dagdag ko pa... kaya ayun umiwas ng tingin haha... ayaw patalo ni Lance eh

"pangit ka, payatot na Rabbit...sadistang rabbit" Immune na ako sa mga pangloloko mo Lance di ako asar sa rabbit na yan! KAHIT SA DUGO PA!!!! hahaha

"Lance bakit ang moody mo?"

"don't know"

"eh bakit ang sungit mo minsan?"

"don't know"

"minsan naman mapang-asar ka"

"don't know"

"eh bakit mo ko hinalikan nun???"

Oooops wrong question!

"ha-ha-ha. wag mo nalang pansinin yung huli. ah eh hmmmmm" i faked my laughs

"to shut you up. gusto mo gawin ko ulit???"

"i hate you!" pinagtritripan niya ako.

Anong oras na kaya? Siguro 8pm na. nagugutom na ako. kanina pa kami hindi nagsasalita dito eh. Tama kanina pa mula nung sinabi kong i hate you wala ng umiimik samin. Siya nakahiga lang sa may gilid ako naman dito sa kabilang gilid nakaupo.... mga kuya ko... baka hinahanap na ako ng mga yun. patay pa ako kay Jake niyan kasi baka isipin niya di ko siya hinintay.

Haist... napatingin ako kay Lance. Ang kampante niya parati. Ewan ko may pagka mysterious itong si Lance. Kelan pa naging bad word ang siopao? Pero ang galing naman kasi minsanan lang siya magmura eh. Nyek. Kung anu-ano iniisip ko. mag bibilang nalang ako ng tupa.

Isang cake dalawang cake. Tupa nga tupa! I'm hungry na

"wala ka bang pagkain?" tanong ko

"nah...."

"bakit mo gusto si Jake?" Wow? Siya ba yan? Nagtatanong siya??? Weh? Baka nasaniban na yan!
Haha

"bakit nga ba? Eh kasi mabait siya"

"pero madami ka kaagaw sakanya"

"paano mo naman nasabi?"

"yung mga nang-aaway sayo"

"well i don't know siguro dahil nung una patay na patay ako dun. Gwapo eh pero nung tumagal na paran----"

"you don't know him at all. He's been playing your heart since the beginning" huh???

"what do you mean?"

"i can sense it...he's not serious...maybe he's trying but i can't see the effort"

"sinisiraan mo ba ang boyfriend ko???" naiinis kong tanong

"bakit ko naman gagawin yun???"

"coz you said you like me!"

"ASA!!! I like you but not as a girl. sabi ng daddy ko kung mahal ko ang tao sabihan ko ng i love you at hindi i like you....i like you as a friend...." Nyek yun pala pahiya naman ako dun haha...wait he said friend!!! He said FRIEND!!!! Hahahaha

"friends tayoooo???"

"ayaw mo ba. Diba dati pa???"

"gusto syempre at oo dati pa nga hehe!!!"

"yun naman pala eh edi wag ka na matanong!" Toinks.... eh kasi naman kung maka i like you eh parang wala ng bukas.

"so you mean pili lang talaga ang mga kaibigan mo?"

"not really"

"then what about Gail??"

"i like her but i hate her too" Ang blur naman kausap nito oh!

grrrrrrrrrrlllll

Tyan ko!!! Tumahimik ka nga!!! >.<

>///
< nakakahiya itey!

"oh" may inabot siya sakin...

"what's this?"

"isn't it obvious? Chocolate" he answered

Wow!!! PAGKAIN PALA!!! Hahaha kakain na me :) ang bait din nitong si Lance eh. Kaso minsan ang rude lang talaga. Baka may topak na siya?

"stop staring baka ma-in love ka pa sakin" he said

"ASA naman Lance... it'll never happen Lance Mariano"

"you think so Miyuki Sharlot Parco?"

"yes"

"then great...." after that he stood up and kicked the door!!! Nasira yung door.

"tara hatid na kita" sabi niya

"huh?? eh yung door" sabay turo sa sinira niya

"oh..hayaan mo na nga yan." At nagsimula na siyang maglakad....

Problema nun? Kaya naman pala niya sirain eh. Bakit di pa niya sinira kanina? Asar naman oh.

Sinundan ko nalang siya...ang dilim na pala talaga dito sa labas mas lalo nga lang sa loob kanina.

"ah Lance"

"don't talk to me" Ay bastos! ang moody talaga

"Lance....galit ka ba sakin?"

"why would i?" nakakairita naman oh

"then no???"

"no..."

"eh bakit parang galit ka?"

"i'm hungry" gutom???

"and..."

"and???"

"it's hot." Hot???? ANG GINAW KAYA!!!! Yung hangin pa oh ang lamig! Anong klaseng tao ba ito? Half kalabaw ba yan?

"sakay na. gabi na eh hatid nalang kita" Yung motor pala niya ang gamit niya. Tsk... no choice ako gabi na eh.....haist..

"last na tanong" sabi ko

"what is it?"

"sabi mo kasi kanina. nasesense mo na di ako gusto ng boyfriend ko na syempre di ko naman pinapaniwalaan kasi ambait niya sakin."

"ang haba naman. ano na yung tanong?" ay mainipin!

"then for you. what is love?"

"tsk..."

"ano na???" tanong ko habang kinukuha ko yung helmet na inaabot niya....

"love is abstract. It is something that we cannot touch nor cannot carry." At after niya sumagot sumakay na siya sa motor niya.

"love is precious. If the feeling's mutual then grab it. Don't waste a chance. Second chance will not always be given... second is not always the same with the first one. Its either you become happier or the worst you'll feel the pain" he continued....

Aww i think.... ang swerte ng mamahalin ni Lance sayang si Ales. Love lang tinanong ko pati second chance sinabi pa eh haha. Pero totoo naman. I don't know pero parang sa age namin na to ang daming alam ni Lance. Madami na ba yang experience sa love? Then pag may problema ako sakanya ako tatakbo para humingi ng advice ^^ yehey!

I think kilala ko na si Lance Mariano. Parang gusto kong paniwalaan yung sinabi niya dati na....he's a sweet lover. Moody siya pero mabait naman. Di lang nga malaman kung san siya naiinis pero... okay na yun. Mabait naman siya. Maloko lang talaga.

This night with him? i think okay na ulit kami? edi papansinin na niya ako at magpapansinan na kami? Haha..

"nga pala"

"oh?" nagreready na siya patakbuhan yung motor

"di mo ako nun pinapansin ah. Bakit?"

"kasi di mo naman ako kinakausap." - ___ -

At dahil dun ayun pinaandar na niya at hinatid na niya ako.

Chapter 15: Love Spell

After ako ihatid ni Lance ayun Si...si..si Jake nasa bahay nag-aabang. Naku po! Anong ginagawa niya dito?

“You’re with Lance huh?” salubong niya sakín nung nakababa na ako sa motor ni Lance

“Russel... i can explain”

“nakulong kami sa bodega.” Said Lance...

“ah so..nakulong kayo dun? Yun na yun? Excuses” sabi naman ni Jake

Bakit ba parang ang bad mood niya? Napatingin ako kay Lance. Nanlilisik yung mata niya. eh kasi naman si Jake kung makapagbintang.

“do you really love Sharlot?” out of this world na tanong ni Lance and Jake nodded as an answer

“eh yun naman pala eh... eh kung mahal mo to...dapat may tiwala ka! Kasi alam mo. Saksakan ng katangahan ito eh.” Awts naman Lance

“masyadong loyal sayo....” Tapos bigla nalang pinaharurot ni Lance yung motor niya....

Nabadtrip siya...kawawa naman yung kaibigan ko at syempre pati ako. tama nga naman si Lance...

Tumingin ako kay Jake...di siya makatingin sakín. So that means.... nagdududa nga siya. Wala siyang tiwala sakín?

“wala kang tiwala sakín?” tanong ko.... :(

“Miyuki hindi naman sa ganun yun...kaso....”

“kaso ano???? Pinagdududahan mo ko dahil may kasamang ibang lalaki?”

“Kasi hindi ito yung first time eh! Hindi lang naman ngayon... Miyuki naman eh... “

“hah! Jake! Kaibigan ko si Lance. Ano namang problema na kasama ko kaibigan ko? At saka isa pa... nalock lang talaga kami sa bodega! So that means wala ka ngang tiwala sakín... ang labo naman.... ikaw nga tong laging wala eh... ikaw nga tong laging may kausap na babae....”

Yah...lagi naman siyang may kausap eh.. especially that Jade Louise....

flashback

Naglalakad ako sa corridor kasi pupunta ako ng CR nang makita ko silang nag-uusap at nagtatawanan pa sila...gusto ko lumapit para sana marinig ko yun. Nakakaselos kasi eh. Di ganyan tumawa si Jake pag ako kasama niya.

***--end of flashback---**

Napatingin ako sakanya...bigla nalang siyang umiyak....i don’t know.... bakit siya umiiyak??

Hey....

“Why are you crying???” Bigla nalang niya ako niyakap.....no way..wag mong sabihing may problema siya???

“Jake....may problema ka ba?” May problema to...kasi kung wala di naman niya ako pupuntahan dito eh....

“hon.... anong problema???” tanong ko ulit pero tuloy lang siya sa pag-iyak....

naiiyak na din ako.... ayaw niya kumalas sa yakap. iyak lang siya ng iyak at ako naman wala akong magawa....

“Russel....” pinapat ko yung ulo niya.... di ko naman kasi alam sasabihin ko eh.

“Russel....anong problema?” bulong ko. Iyak pa din siya.

“my dad.....” Ano nangyari???

“he’s dead” No way? The last time i saw him he was super hyper pa ah wh-why???

A-anong nangyari?? Teka i don’t believe this. no way.

“h-h-hindi totoo yan....you’re lying right???

Tell me you’re lying....”

“i-i’m not.... Sharlot.... i never said "I love you dad".... I never said how much I love my dad.....Sharlot..... what should I do???

Mahal ko si dad...pero ni minsan di ko nagawang sabihin sakanya.... ni minsan..... Sharlot.....” patuloy lang siya sa pag-iyak at di ko pa din alam ang sasabihin ko....

“hon...cry all you want....kahit nasan man si tito ngayon... i know alam niyang mahal mo siya....”

I don’t know... di ko alam sasabihin ko.... i never expect a scene like this.... di ko alam. nakayakap lang ako kay Jake atumiiyak lang siya.

Oh my ghad....ang sama ko pa..kasi di ko man lang nasense na may problema siya. Kasi naman hon.

“i love you miyuki” bulong niya pa.... saka na siya kumalas sa yakap...

“miyuki...thank...you” dagdag pa niya....

Tas umalis na siya wait..nag aalala ako...

“hon..sasamahan na kita”

“no just stay there baka hanapin ka ng mga kuya m.” di na siya naiyak pero parang pa din. Nag-aalala ako sakanya.

“pero kasi---“

“i said just stay there Miyuki....thank you.... i love you” he said

Tapos sumakay na siya sa taxi na nadaan. Di ko talaga alam ang sasabihin ko kanina. di ko inexpect yun. Tapos ang engot ko. di man lang ako nag condolence? Pumasok ako sa loob na malungkot. Di ko kasi talaga inexpect yun. Si tito pero ang saya pa niya nung birthday ko ah?

“daijoubu desu ka?” asked Shizu nii-san

“nii-san ”

“oh ano nangyari?” tanong pa ni isang kuya si Lavi

“problema sa lovelife?” tanong naman ni kuya Rex

“nope. Kasi po. Di ko alam sasabihin ko kay Jake... i don't know how to comfort him. His father died... :(“

“WHAT???” sabay sabay na tanong nila. Tapos maya maya pumatak na din yung luha ko. Nasasaktan ako eh. Naalala ko nanaman yung pag-iyak ni Russel kanina. First time. Umiyak siya ng ganun sa harap ko. Di ko na pinagsalita sila kuya. Umakyat na ako at saka nag half bath. Tapos kumain at natulog na. haist.

Kinaumagahan. Natural wala si Jake. Lahat nalulungkot para sakanya. Lalo na yung mga fans ni Jake umiyak din kaya yung iba nung nalaman nila >.< Nilapitan ako ni Lance.

“you okay?” tanong niya

“yah...i'm okay.... pero si Jake kasi” tas di ko namalayan naiyak na ako... Naramdaman ko yung kamay niya. Tinatap niya yung balikat ko....

“Lance....i don't know...di ko alam sasabihin ko sakanya”

“you don't need to say something. Just be there and help him ease the pain”

“b-but”

“actions speak better than words right?” he said while moving away his hand

“you're right. Mamayang gabi pupunta ako sa bahay nila”

“okay”

“sama ka ah”

“huh??? Pati ako???”

“yah pati ikaw....samahan mo ako”

“oo na sige na”

Dahil sa sinabi ni Lance kahit papano parang alam ko na gagawin ko pag nakita ko na si Jake mamaya.

“why do girls cry a lot? Its irritating -_-“ Pssssssssssh! Adik to nagmomoment ako dito tapos sasabihan niyang irita siya sa iyak ko?i mean sa iyak ng babae?

“its coz we need to let it out... it’s better than keeping it inside and feel sad or so on -_-“ i answered.

“oh....wanna drink?”

“drink??? I don’t drink” inom ka dyan mag-isa mo. Tsk ma-suspend pa ako

“water???” saka niya nilabas yung bottled water niya. Adik talaga to! Di kasi linawin eh! Kinuha ko yung tubig tas inom ko.

“baka kasi naubusan ka na ng tubig sa katawan. Parang ikaw yung namatayan eh -_-“

“kasi kilala ko sila. kasi napalapit na din si tito sakin.” I explained

“is that so? Girls are such cry babies ” Tapos tumayo na siya saka bumalik sa upuan niya. Dinukmo yung ulo at ano pa ba ang aasahan natin dyan? Natural natulog nanaman.

Pero seryoso gusto ko kasi pag pumunta ako dun may sasabihin din ako kay Jake. Words of sympathy ba. Pero sa sinabi nga ni Lance kanina na i don’t need to say something. just let him feel my presence. Parang ganun haist ewan ko ba.

Hours passed and natapos na din ang klase. Agad kaming nagpunta ni Lance sa burol. Si Gail naman di nakasama kasi may emergency. At doon sa bahay nila Jake ang daming tao. Classmates, friends, mga co-workers ng dad niya, family friends nila at kung sino sino pa na malapit sa pamilya nila.

Nakita ko na si Jake at doon kasama niya si JL. Hindi na umiiyak si Jake nung nakita niya ako ngumiti siya. But such a painful smile. Di ko tuloy alam ang gagawin ko. Tinulak lang ako ni Lance papunta kay Jake.

“condolence” said Lance Tas tumango lang si Jake

“maiwan na muna kita” sabi ni JL

Pagkasabi niya yun umalis na siya at ganun din si Lance.

Umupo lang ako sa tabi ni Jake...diya siya naiimik kaya di din ako. alam ko malungkot siya. Feel na feel ko yun. Sumandal lang siya sakin. Mukhang wala pa siyang tulog. Hindi siya natulog.

“Sharlot alam mo ba na kahit ang dami kong kasalanan kay dad tinatanggap at tinatanggap pa din niya ako pasaway man ako at di ko man siya sinusunod mahal ko naman yan”

“anak you need to rest” sabi ni tita. Na hindi man lang namin namalayan ang pagdating

“pero ma”

“go on.... matulog ka na.....Sharlot...please samahan mo siya”

“opo” sabi ko saka tumayo na ako. Pati si Jake tumayo na din saka naglakad. Hindi ko siya iniwan sa kwarto niya hangga’t di siya nakatulog. Halata talagang di siya natulog. Di naglaon nakatulog na din naman siya kaya iniwan ko na siya. Lumabas na ako saka hinanap si Lance para makauwi na din kami. Malalim na din kasi yung gabi eh

Isang linggo na ang nakakalipas. Bumalik na din si Jake sa eskwelahan. At napansin ko na parang lumalayo na ang loob sakin ni Jake. May problema ba kami? May problema ba saakin? Ayaw na ba niya sakin? Di ko alam pero parang naging cold na ang treatment niya. Pero baka dahil din sa pagkawala ng dad niya kaya ganun.

Anyway magkikita kami ngayon ni Jake. Wow? Di ba kami nagkikita? nandito ako sa labas ng gym hinihintay ko siya lumabas. At sa paghihintay ko ayun i saw Lance.

“LANCE!”

“kung makasigaw ka naman parang walang bukas -_-“

“san ka pupunta?” tanong ko

“practice”

“ah..soccer?”

“ay hindi..badminton -_-“ sarcastic niyang sagot

“nyeh patawa ka niyan?”

“sinabi ko bang nagpapatawa ako?”

“ang labo mo talaga kausap”

“at ikaw malinaw?” pang aasar niyang tanong

“tsk.... galing ka sa loob ng gym ah nung ginawa mo?” tanong ko

“do i need to tell you everything?” tanong pa niya. Sungit talaga nito

“kung hinahanap mo ang Jake na yun. Nandun siya sa loob may kausap na babae”

“ah okay” pagkasabi ko nung okay na yun. umalis na si lance. Tsk...

Parang na BV naman ako dun..may kausap siyang babae.di ako nagdududa ah. Mga limang minuto pa ako naghintay at lumabas na din si Jake sa loob...uhhhmmmm with JL.....

Bakit ba lagi sila magkasama? Anong meron sa dalawang yan?

“ah kanina ka pa ba naghihintay?” tanong ni Russel

“ah hindi naman” OO KANINA PA!

“ah kala ko kanina pa...”

“sige alis na ako Russel....bye Miyuki” paalam ni JL. Shooo! nagsisimula ng kumulo dugo ko sa babaeng yan ah....

“sige..salamat JL” nakangiting sabi pa ni Jake... aba nakakaloka na ito ah. May nafefeel akong ewan... pero di tamang manghusga!

“san mo gustong pumunta?” tanong sakín ni Jake

“hmmm san mo ba gusto?”

“tsk. Wala eh. Lakad nalang tayo” suhestiyon niya

“sige...” Kaya tulad ng sinabi niya naglakad lang kami pauwi

Haist. Boring ba ako kasama? Bakit di siya naiimik??? >.<

“gusto mo ba kumain muna?” and finally!!! Umimik na siya! Muahahaha

“Sure”

Kumain na muna kami sa mini restaurant na malapit sa school, madalas dito tumatambay mga students lalo na pag lunch break minsan umuuwi naman yung iba. Sa case ko di na ako umuuwi wala din naman ako makakain dun eh haha. Eh sila kuya lang din naman nandun madalas sa bahay,. Parents ko naman kung san san napapadpad mga yun. si Jake ba mayaman? Yup pero mas mayaman ata sila Lance aba naman nung pumunta ako sa bahay nila. Ubod ng laki naman kasi haha tas may sariling tiga sundo pa si Lance saka may motor pa siya! Anak ng tokwa high school student na ibibili ang isang kaibigan ng 6000 pesos na dress??? Pati yung sandal!!!

Yung heels..naalala ko nanaman. Napatingin ako kay Russel...haist...

“oh? You’re sighing like an old woman” he said

“>.< i’m not old”

“hehe sabi ko nga. Oh” Huh? Susubuan niya ako? siya ba to? >//<

“yieeee Russel naman kinikilig ako sa ginagawa mo eh haha”

“haha adik talaga to...oh ahhh kana kasi” pilit niya haha ang cute naman ng boyfieee ko XD

“Miyuki salamat ah. Isa ka sa pinaghugutan ko ng lakas...salamat” saka siya ngumiti

“walang anuman...mahal kita eh” sagot ko din...

“tsk...swerte ko pala talaga sayo”

“Anu ba yan. Ngayon mo lang narealize? Haha”

Pagkatapos namin kumain inihatid na niya ako sa bahay. Nagkwentuhan lang kami. Tas pinag-usapan din namin yung fieldtrip sa December kasi nasakto sa anniversary namin yung fieldtrip eh hehe.

Naexcite tuloy ako kasi...waaaaaaaaaaaaah sabi niya >//<

“dapat wala tayong kasma maggala pagnandun na tayo” at nakangiti pa siya nun nung sinabi niya yan! Ghad! Haha

“you know what Miyuki Sharlot?”

“hmmm? Ano nanaman?” tanong ko

“every little bit of you is magic” he said smiling

“magic kasi. You’re always beside me you saved me before and now your humor is my source of strength.” he explained at natouch naman ako dun hehe. Pero di ko naman nagets yung “you saved me before” i don’t wanna spoil our moment kaya wag ko nalang tanungin. Tumingin ako sakanya at nagsmile ulit siya. At last... yung ngiti niya nabalik na... i mean yung hindi na siya faint smile/

“if every little bit of me is magic then you are the wand. the wand that completes the spell....” You’re my Love spell Jake Russel de Vera....

Chapter 16: you meanie!

Parang sirang plaka sa utak ko yung...

“every little bit of you is magic’ kyaaaaaaaaaaaa” pabulong kong sabi. With matching kilig kilig pa haha

“oh...pathetic... what are you talking about? Magic? You’re a witch? Hahaha” said Ina

“she’s a wicked witch who made a potion just to get Jake... for her own good” sabi naman ni czelene

"AISH!" tumayo siya and then hinila ako.

"this is your room. Lahat ng pwede mong gamitin meron dyan. May damit ng babae dyan, toothbrush or what can be found in that cabinet." sabay turo pa siya sa cabinet

"oh okay. Thanks"

"waaaaaaaaaaaaaaaaah kuya! NANDITO KA NA!!!"

"Xyla? Bakit gising ka pa?"

"ah si ate. Sino nga ba ulit to?"

"Sharlot"

"ah the paramore girl!!! Bakit nandito siya??? GF mo ba kuya???"

"NO!!!" sabay pa naming sagot ni Lance

"ah sorry naman. pwede mag sorry??? Galit na galit naman mga to! makatulog na nga ulit.." Tapos naglakad na siya.

Kawaii!!!:D (cute)

"Ah Lance..pano ba kita mapapasalamatan? Sobra sobra na mga tulong na nagagawa mo sakin"

"nevermind" he answered

"but gusto ko patas tayo"

"fine then" Huh???

"anong gagawin ko?"

"be my slave Miyuki Sharlot Parco" WHAT??? SLAVE?

"EEEEEEEEHHHHHHHHHHHHH?"

"what? You don't want to?"

"fine!"

"heh?? Haha okay then, Slave. Sleep well coz I'll make sure tomorrow will be a nice day. so nice that you won't feel sleepy tonight." He grinned.

What the eff???

"teka anong gagawin natin bukas?"

"wanna know???"

I nodded.

"great! i want you to---" and after he whispered the rest i reacted this way "NO WAY!"

"then you won't listen to your master???"

"p-pero----"

"you won't???"

"b-but Lance!"

"yes or no???" >///
<

"Lance naman eh!!!"

"then that's a no?" he asked pouting. OMG!!! Kawaii na! kyaaaaaaaaaaaaah >///
<

"Lance naman! pano naman ako?"

"it's not serious or anything i just wanna have fun. Boring ang buhay pag walang thrill Sharlot"

"per----"

"siya din naman ginagawa yun ah"

"sinong siya?"

"slow. good night slave" - ___ -

Tas pumasok na siya sa kwarto niya. samantalang ako di makaget-over sa gusto niyang gawin!

OMG talaga. Was that really him? Siya ba yung Lance kanina??? Siya pa din ba yung kilala kong Lance? He's asking me to DATE HIM!

Pano naman si Jake? If I'm gonna date Lance?

Friendly date lang naman to diba? >.<

Chapter 21: the master-slave day?

Nung nagising ako nakita ko may mukhang nagmamasid sakin habang natutulog ako. bakit ang adik ng pamilyang ito? I mean iba-iba talaga ugali nila. Pano ba naman!

"ATE! GISING KA NA ATE!! Haha.. ANG CUTE CUTE MO^__^" Hyper ng kapatid ni Lance. nagulantang naman ako dun. Agad akong umupo. Saka tumayo na din.

"GOOD MORNING SOON-TO-BE-GF ng kuya ko" bati niya habang nakangiti ng sobra sobra

ANO DAW??? Soon-to-be a what?

"Hey KC! Stop that. you're shouting like crazy. Aga aga pa nambubulabog ka na!"

"But kuya she's cute kasi can't help it"

"TOMBOY KA! LUMABAS KA NGA DYAN! Don't scare her" taboy niya sa kapatid

Lalo akong natatakot sa ginagawa niyo. tomboy yang magandang yan??? Uh-oh. ano bang. waaaaaaaah anyway wala pa akong sapat na tulog! Sa kakaisip nung kagabi. we're going on a date right? If i remembered it right i'm his slave for today right?

"Get up and get ready" he said then left

"that's it? get up and get ready? DUH!!!" Biglang bumukas ulit yung pinto

"i heard yah"

"oops sorry >.<"

"call me master" What the?? Is this a childplay?

"tsk 30 minutes kung di ka pa ayos. i'll leave you..."

"HUH???"

"time starts now"

Is this a race? Grabe siya! dali-dali akong tumayo and then naligo na ako agad. If you're asking about clothes. Nakita ko kagabi yung closet sa may dressing room nung kwarto. Yaman talaga. Puro bago ang damit as in new pa din!!! Halata naman sino gumagamit ng mga ito? Unexpected guests like me? Great right

"HEY! 30 minutes na! di ka pa tapos?!" Shoot 30 minutes na ba? Ang bilis dali dali na akong nagbihis naman Lance! TIME PRESSURE ITO!

"HOY SLAVE!"

"I'M ----kelangan ko pa bang sabihin na nagbibihis palang ako? ampanget lalaki yan eh. Ayoko nga sabihin. Mag-antay siya"

"ISA, DALAWA, TATLO, APAT, FIVE, SIX, SEVEN, EIGHT, NINE.....pag di ka lumabas dyan----" Natawa ako. Tagalog naging English haha. Teka pag di daw ako lumabas ano?

"I'M DONE!!! WAG KA PAPASOK.....LOKO!!!"

"who told you?" maangas niyang sabi sa labas ng pinto. Kahit kelan talaga ang yabang ng tao na to! Kung hindi ko lang siya kaibigan! Naku naku!

Lumabas na ako sa kwarto... anyway yung suot ko? Tatal may jeans naman dun kaya ayun yun ang pang baba ko. Saka ako nag T-shirt. Bongga buti may size ako sa jeans hehe.

"tsk" tas naglakad na siya. Weird ah.... sinundan ko lang siya.

"where are we going?" tanong ko nung napansin ko na palabas na kami ng bahay nila.

"where do you think?" he asked back. Loko to ah! I'm asking and yet eto siya at naku Lance Mariano!

"hey. di ba tayo kakain?" tanong ko

"later"

"what? Gutom na ako >.<"

"tsk." sumakay na siya sa kotse niya at syempre dahil sumakay siya edi sumakay din ako.

Pinaandar niya na at walang umiimik. Ako naman ayoko magsalita. Kasi naman eh. Gutom na din ako.

Napansin ko tong dinadaan namin. way na papunta sa bahay baka ihahatid na niya ako? ayos to ah. Free ride pero biglang lumiko kaya napatingin tuloy ako sa likod. Yung nadaanan namin alam niyo ba yung isang kanto nalang bahay na namin tapos biglang liko??? Waaaaaaaaaaaaaaaaah

"hoy san tayo pupunta?"

"kakain"

"saan???"

"who knows" Ay adik talaga to! tapos huminto na yung kotse. Nasaan ba kami?

AH!!! Eto yung restaurant dati na pinuntahan namin... yung nakamotor kami yung puso mo restaurant!

Nung nasa tapat na kami ng pinto close pa nakalagay kaso pumasok pa din si Lance!!!! AY SIGA!!!

"good morning sir" bati ng mga employees. Anong meron? Bakit? Diba dapat pinipigilan yan pumasok? Haha

"tell tita that----"

"sure sir..."

"good" Ano daw? Di nga natapos sasabihin ni Lance eh

"Lance regular customer ka dito?"

"nah"

"eh bakit ka nila kilala?"

"coz i'm popular" he said sarcasticly. Loko kanina pa ako ginogood time nito ah!!!

"Lance naman eh..." umupo na siya. Kaya umupo na din ako. tapos bigla nalang kami binigyan ng foods.di pa nga kami umorder!

"eat" he commanded as if he's the king

"fine..." Kumain lang kami... hmmm.... nakakawalang gana naman kumain pag si Lance kasabay. di umiimik.

"kumain ka pa" he said..

"eh panu ako kakain kung nakakawalang gana ka kasama >.<"

"tsk.. what do you want?"

"hmmm talk???"

"while eating???"

"yeah.. that would be great right?"

"nah not really. Talking while eating? C'mon"

"ayaw mo???"Tsk... tappos napansin ko di siya gaano kumakain eh. wala na din tuloy ako gana.

"ubusin mo yan" sabi niya

"pero kas----"

"no buts just eat" katakot ang aura..parang ako ang gustong kainin ng tao na ito ah

"oo na eto na oh... uubusin ko na"

"good" he smiled as if we're not fighting..

Wait did i just call that a fight??? Eeew it's childish! dahil sa food nag-aaway kami??? Nuh ba yan!

"Lance after this.. pwede na ko umuwi?"

"no..."

"why???"

"you should obey your master.."

"WHAT???" Napatingin saamin yung mga empleyado >.<

"i said you should obey your master.. and that's me...."

"bu-but why me??? Ales is there.. and oh... the rizza girl is there.."

"it should be you and no one else.... understand???" Pffffffffffffff >.<

He's treating me like a slave!!! But he said i'm his slave

"now eat." he commanded and so i followed. Pagkatapos namin kumain umalis na kami kaagad. Ng hindi nagbabayad?>.< Naloka ako dun promise! Bigla nalang lumabas si Lance eh ano ba yan? Edi ako naman si sumunod lang aba ewan ko sa lalaking ito. Ano siya dyan? VIP?

"HEY! Walk faster" he said without looking at me

"eeh!! Hintayin mo kasi ako!"

"ang alipin hindi dapat sumasagot sa master" Aish! ANG LAKI NG TOPAK MO!!! NAKAKALOKA KA NA LANCE MARIANO!!!

"psh... pwede? Wag ka nga mag-isip ng kung anu-ano dyan?"

"huh???"

"i said don't think!!!" Ano daw?? Wag daw ako mag-isip??? Sira ulo ba siya???

"slave"

"what master?" -__- ano? Masaya na ba siya?

"tsk...Sharlot"

"oh? Bakit mo ako tinawag sa pangalan ko?"

"san mo gusto pumunta?" Weh??? Tinatanung niya ako??? edi Uuw----

"pwera uwi.. -__-..." Tsk ang saklap naman eh

"why???" tanong ko

"stay with me for awhile" No way? Si Lance to??? Siya ba to?

"s-sure" Nadadala ako! siya kasi eh.

"tara" Sumakay na ulit kami sa car niya tas nagpunta kami sa mall. Wala naman ibang mapuntahan kundi mall eh.

Naglalakad lakad lang kami. Di nanaman siya umiimik. Silent-type talaga tong lalaki na ito. Nauuna siyang maglakad. Ang ganda pala ng likod niya? I mean matangkad din pala siya? Habang naglalakad siya. napansin ko yung mga babaeng napapadaan tas pag nadaanan na si Lance parang kilig na kilig sila. Ano ba yan??? Anong meron sa pheromones ng lalaking ito? haha

"hey slave" tumigil siya sa paglalakad

"ano?" tumigil din ako sa paglalakad

"walk faster" he ordered

"eh kasi naman..."

"ano???"

"wala" sagot ko at saka ako naglakad nalang ulit. Ngayon nauuna na ako sakanya. Masyado na ba ako mabilis maglakad? O siya naman ang bumagal? Ang gulo din namin eh nuh?

"tsk..." bigla nalang humawak sa wrist ko....

"bakit???"

"nababanas ako" sabi niya

"hala??? Bakit???"

"di mo ako hinihintay"

"huh???"

"dito ka sa tabi ko"

"okay sabi mo eh"

Adik talaga tong Lance na ito. Di ko na siya magets sabi walk faster. Binilisan ko maglakad tapos ngayon naiinis siya tapo ngayon gusto sabay kami maglakad. Edi go yun lang pala eh adik talaga tong lalaking ito. Wala naman kaming ginagawa. In fact parang sinasamahan lang niya ako maghanap nung kung anu-ano haha. siya tiga tingin kung bagay sakin yung damit o hindi haha. tas di din naman namin bibilhin parang pinagtritripan lang namin mga sales lady hahaha. Nakakaloka talaga. Si Lance may suggest nun eh. Ang bwisiten ang mga sales lady! NICE ONE! Ibang klase ang trip haha.

At dahil lakad lang kami ng lakad. Napagod na ako.

"upo tayo dun" sabi niya saka niya tinuro yung sa may food court

"okay" Umupo kami dun. Pero siya tumayo. iniwan ako? tama ba yun? Pero sandali lang yun. Bumalik din siya agad. At may dala dalang FOOD! Haha sakto gutom na ako.

"kain ka muna" sabi niya

Wala ng tanggi tanggi. kumain nalang ako haha. pero napansin ko di naman siya kumakain tinititigan lang ako.... hala?

"oh?" sabi ko

"kumain ka lang"

"eh ikaw?"

"*smirk* susubuan mo ko?"

"ASA KA NAMAN LANCE!" Oooops ingay ko nanaman >.<

"HOY! Kayo pala yan! Ehem.. ano ito? Nagkakadevelopan?" napatingin ako kung sino yung nagsalita... si Ales pala >.<

"ah...bakit ka nandito?" he asked coldly

"wala lang naghahanap ako ng damit eh...paupo ah"

"sure" sagot ko pero ang sama ng tingin sakin ni Lance hahaha.

"so anong ginagawa niyo ditong dalawa?" tanong ni Ales

"date" said Lance >.<

"DATE??? Woah... level up ka na Lance!" di ako makasagot pag tong dalawang to ang kaharap ko. Tama kaharap ko. Tabi silang dalawa eh haha

"neh neh Lance...you Like Sharlot???" nakangiti pa si Ales nung itanong yan. ako talaga di makaimik dito eh tsk

"no -__-" Aray naman ibang klaseng kaibigan to... dati naman like daw niya ako ngayon hindi na? ibang klase!

"she's my slave and i don't like my slave"

"i don't like my master too" sabat ko

"woah! Hahaha di na nga ako magtatanong tong dalawang to"

Mga ilang minutes na din kami nagkwekwentuhan ni Ales. Puro about kay Lance eh haha. si Lance halatang naiinis na siya. Aba? Eh nung same school palang daw sila ang daming sinusungitan ni Lance tas mga laging kasama lang daw niya eh sila Ales pati yung mga lalaki. Si Ales nga lang daw yung nakakalapit sakanya na babae eh haha. kaya ang dami daw nagpapalakad. Eh one time nainis na daw si Lance kaya ayun! Naging sila ni Ales para magtigil na yung mga babae sa pagkakandarapa sakanya haha. angas mo! Di ko mareach ang level haha.

Nasabi na ba ni Lance at ni Ales na hindi alam ng magulang nila na naging sila? Haha nice talaga

"OI Pare! Nandito ka din pala!"

"anong ginagawa niyo dito???" tanong ni Lance dun sa tatlo

"nagpapalamig" sagot ni Romnick

"aba Lance madaya ka ah. Daladalawang babae pa kasama mo" sabi naman ni Glenn

"oo nga... sino naman tong isa?" tanong ni James

Poker face lang ekspresyon ni Lance nakukulitan na yan panigurado haha

"she's Ales"

"Hi " cheerful na bati ni Ales

Naupo na din yung tatlo haha... adik tong mga to.... buti naman at madami na kami

"laro tayo" sabi ni Ales

"anong laro naman yan?" tanong naman ni James

"dapat maganda yan ah" sabi naman ni Glenn

"eh teka muna di ko pa kayo kilala"

"ah ako si Romnick...siya naman si Glenn at yan si James" Nice may ganung factor? Haha

Okay di na kami nagsalita ni Lance nuh? Haha

"okay game.....the first person is the name of the game, the name of the game is the name of the first person. If Sharlot is Lance, Lance is me Ales, Ales is Romnick, Romnick is Romnick, Romnick is James, James is Glenn. What is the name of the game"

"huh? Ano daw???" sabi ko

"hmmmmm. Rominick???" tanong ni Glenn

"no" :D

"Glenn?" tanong naman ni James

"hindi pa din"

"si Lance???" tanong ko

"nope"

"ay nakakabobong laro naman to" sabi ni Romnick

"dali sagot na!!!"

"si Sharlot" tanong ni Glenn

"oo siya nga"

"hala???? Panu nangyaring ako yung name ng game???" tanong ko

"ah basta haha...." ay adik tong si Ales >.<

"oh dali isa pa...."

"tsk.... ang dali naman niyan" sabi ni Lance

"ang yabang mo! Pag ikaw di mo nasagot to mamaya ah..." hamon ni Ales

"the first person is the name of the game, the name of the game is the name of the first person. If Lance is Sharlot, Sharlot is Romnick, Romnick is glenn, glenn is James. What is the name of the game?"

"Lance???" tanong ni ROMnick

"hindi ^ ___ ^" sabi ni Ales

"tsk... si Romnick" sagot ni Lance

"eeehh? pano mo nalaman???" she pouted >.<

"simple.... ang dali ng laro mo - ___-" he answered

"pare ang yabang!" - glenn

"hindi lang yun" ---romnick

"mahangin pa" ---james

Ayos tong tatlong to...pag pinagsamasama yung sinabi nila...iisang sentence lang din haha

"sige nga...what is the logic behind that game?" tanong ko

"walang logic - ___ - basta kung sino una magsalita. That's the name of the game"

Tas tumayo na siya...saka naglakad...

"nangyari dun???" sabay sabay pa yung tatlo

"nabadtrip hahaha" natatawang sabi ni Ales....

"sundan mo na nga yung lokong yun" pagtaboy pa niya sakin >.<

Kaya naman tumayo na din ako para sundan yun..

"hoy anong nangyari sayo?" tanong ko

"They're disturbing us and you're tolerating them"

"ah eh kasi... diba nakakahiya naman paalisin sila? Ikaw nga di mo pinaalis eh"

"you're my slave. you should do the task"

"what? so you're into the game pa din pala?"

"yeah so???"

"master! gomenasai"

"tsk....kahit magjapanese ka pa dyan maiintindihan kita...sige na...okay na" Wow??? Ang weak hahaha. Bumigay kaagad sa sorry ko

Dahil wala na kaming magawa sa mall umalis na kami doon.....pero ewan ko kung saan naman kami papunta ngayon. Tong tao na ito talaga. Mga 30 minutes din yung byahe.... yung lugar maganda. Yung view PANALO! Haha

"saan naman to?" tanong ko

"i don't know.... i just wanted to be here...this is my secret place."

"nice... then thanks for letting me see this place" i said

"yeah...keep it a secret....my slave"

"sure master" nakangiti kong sagot

Actually yung lugar. Ano eh... para siyang garden. Garden nga yata toh? Tas parang napabayaan na pero ang ganda pa din. Humiga si Lance sa may damuhan.

"Lance...bakit ganyan personality mo?"

"i don't know" Umupo ako sa di kalayuan niya....

"bakit mo ko dinala sa secret place mo???"

"wanna know why???"

"hmmm yeah???"

"i know you Sharlot"

"huh???"

"galit ka"

"huh???"

"kay Jake" :((

"pano----"

"he's with JL.always with JL and lagi mo sila napapansin na magkasama" Tama na....

"you're jealous" Tama na

"pero.....you're enduring it.....i don't know...pero...dahil dun.....gusto kitang protektahan."

"i'll make sure na kahit saktan ka niya.... di mo mararamdaman yung sakit...."

"Sharlot...." O_O??

"dahil....aish...." Tumayo na siya....

"uwi na nga tayo -__-"

"teka master ano yung sinasabi mo???"

"wala!"

"ano yun???"

"kulit mo ah..wala nga... ano bang gusto mong malaman???"

"yung sinasabi mo kanina haller???"

"ah... gusto mong malaman na.....mahal kita" -__-

Huh? Mali yung dinig ko diba???

"hoy rabbit...uwi na tayo...."

"ah...o-okay" Teka lang... yung sinabi niya. Mali yung dinig ko? Mali yun???

"HOY SADIST! Bilisan mo nga your master is bored....bored waiting for you... slow"

EEEEEEHHHHHHHHHHH?

Chapter 22: what a day

ah gusto mong malaman na... mahal kita -__-

Haist... di naman ako nakatulog dahil dun. Nasira ang beauty ko dahil kay Lance tas kung umasta siya di niya sinabing mahal niya ako? ano ba yan. Anong gagawin ko? Mag mamaang-maangan na di ko narinig yun? He said i'm slow pa! kung totohanin kong kunwari slow ako? hindi hindi. He's smart malalaman niya lang yun eh.

"Miyuki! bumangon ka na dyan. may pupuntahan pa tayo" sabi ni Kuya...ewan kung sinong kuya.

“pero kasi..tinatamad pa ako”

“ay ikaw talagang bata ka... sumunod ka nalang”

“opo” Tapos nagtaklob na ulit ako ng kumot. Ilang araw na ang nakakalipas. Ang totoo niyan... december 24 ngayon. Di pa din ako kinocontact ng Jake na Yun. Tsk. Wala na siyang paki alam sakín? wag naman sana. Ilang araw ako naghihintay ng text o kaya tawag niya eh.

Bumangon na ako. wala na sila kuya. Mag-isa nalang ako sa bahay. Amp loner ko. kumain na ako saka naligo at nagbihis. I'm wearing a blue dress. I love blue talaga. Ang sarap kasi sa mata. Naglagay ng onting make-up tas ready to go na.

Saan nga ba ako pupunta? Ayun nasa bahay ng pinsan ko sila kuya and ayun pinapasunod nila ako dun. nandun na silang lahat ako nalang wala. At note: isasama ko si Gail. Pumunta muna ako sa mall para i-meet si Gail. Wala pa si Gail nung pagdating ko. kaya naman hinihintay ko pa siya. Mga 30-minutes din ako naghihintay ang daya talaga nun. Wala sa oras ang loka. Tsk tsk.

“sorry na Sharlot”

“hindi...dapat dyan nililibre ako” Parang bata noh? Pero ganyan na kami ni Gail ngayon eh. She's sweet pala talaga kapag nakilala mong mabuti^^ swerte ng taong mamahalin nito

“sure...anong gusto mo???” Nagtingin tingin ako sa paligid... tumingin ako sa kabilang direction. Wala naman makitang pwedeng ipalibre eh, ayaw ko naman kumain pa ang aga aga pa kumain. Haist

“OI...” saka pa ako hinihila pero di ako tumitingin

“HOY!!!”

“bakit?”

“dalian mo tingin ka dun!!!”

“huh???”

“SABI KO TIGNAN MO YUN!!!!” pinatingin niya ako dun sa direction. Nanlaki ata mata ko dun. nakakagulat kasi.

“si....si Lance Yun diba???” nauutal niang tanong. Napalunok pa nga ako ng laway, Toinks.... siya ba Yun??? OO NGA!!!! SIYA NGA YUN!!!

“sino yung kasama niya?” tanong ni Gail

“aba malay ko dyan!”

“eh bakit ang sungit mo?”

“wala” saka ako nag smile ng fake!!!

Lokong Lance to... niloloko niya ba ako nung sinabi niyang mahal niya ako? anyway...wala naman ako pakialam kahit hindi niya ako gusto. Kaya lang...sino nga kaya yung kasama niya??? Aynaku!!! Anyway...kelangan ko na pumunta dun kina kuya.

“Gail tara na”

“teka lang...di ka ba nacu-curious???”

“huh???” Hinawakan niya yung wrist ko

“OI teka anong balak mo???” tanong ko

“sundan natin!!!”

“HUH???”

“tara na please???”

“pero kasi...yung kina---“

“makakapaghintay naman sila diba???”

“Gail...”

“please??? Sharlot?” Hala???

“oo na sige na“

“yey! I love you girl” Psh. Kaya naman eto kami parang stalker lang ni Lance eh...

“para tayong stalker” sabi ko

“stalker ka dyan.... para tayong detective!”

Sinundan namin sila Lance. Maya maya pa huminto sila sa tapat ng bookstore. May lumapit sakanila na couple. Maganda naman yung girl pero mas maganda yung kasama ni Lance. Well pogi din yung kasama nung girl pero nagmumukhang walang dating kasi napatabi pa kay Lance. Ay Bad miyuki! hahaha

Pumasok sila Lance sa Movie House kaya naman pumasok din kami ni Gail. Naman oh napapagastos ako ng di oras...humanda ka Gail pag tayo walang napala dito!!!

About sa Girl na kasama ni Lance. Hindi mahaba yung hair, shoulder level lang. tapos maputi pa. kung makahawak pa kay Lance parang walang bukas/

Tas masyadong madikit!!! Parang nakagluwe lang...di ako makaconcentrate sa Movie kasi naman tong si Gail matyagan daw namin sila Lance! Jusko po! Ako naman itong si uto-uto hahaha

Yung girl nakapatong na yung ulo sa shoulder ni Lance. Girlfriend ata niya to? Eh bakit niya sinabing mahal niya ako kung may girlfriend naman pala siya?

Mga lalaki talaga SINUNGALING!!! Well Jake??? Di ko alam...oo ata?Bitter mode ako? Speaking of jake.. Tentenenen! kakareceive ko lang ng text niya...mabasa nga

From: Jake
Miyuki...kita tayo bukas^^
---end---

Pwede ba sumigaw??? Pwede kiligin??? Kyaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaah
Hahahaha Habang ako dito kinikilig itong si Gail nagsasalita pero pabulong lang

“Sharlot look....”

“ang alin???”

“kamay” Huh??? Kamay??? Tinignan ko kung ano yung tinutukoy niya..... nakanang!!! HOLDING HANDS! OMG!!! So that means???? Sila nga nung girl?

Eeehhhh??? May LOVELIFE SI LANCE MARIANO NA MASUNGIT? Nasa likod lang kami halos nila Lance pero di naman nila alam na nandito kami haha..ayos eh. Yan naman kasing si Lance ang taong walang pakialam sa mga taong nasa paligid niya haha

“Hey Rizza...wake up“ Wait.... he said Rizza???he called her Rizza?

“hmmmm??? I’m sleepy pa eh” Ay arte magsalita oh..pero ang cute ng boses parang bata lang haha

“matatapos na yung movie halos tinulugan mo lang” sabi naman nitong Lance

Tapos bigla din nagsalita yung lalaki na katabi din ni Rizza yung kasama nila.... kadouble date???

“lagi naman yan natutulog pag nanunuod ng movie eh” cold niyang pagkakasabi. Hmmmm parang may nasesense ako.

Pero baka mali naman ang naiisip ko.

Natapos na yung Movie sa tingin ko nakakahalata na si Lance na sinusundan namin sila. Ngay kasi nitong si Gail eh.

Next na pinasukan nila is Mcdonalds mga bata talaga hahaha joke...hindi naman namin sila Masundan dun sa loob kasi naman mahahalata na kami nuh!!!

Di ko tuloy alam kung...kung ano pinag-uusapan nila... kung tatanungin niyo kung nasaan kami ngayon ni Gail ayun dun sa labas ng mcdo haha.... sana lang di kami makita tutal dami naman tao eh. Mula dito sa kinalulugaran namin nakikita namin sila..

Ewan pero parang asar na asar na itsura ni Lance...tas yung si Rizza naman.... parang.....galit???

Di ko alam. Di ko mawari mga nasa isip nila. Malay ko ba naman kasi sa sitwasyon nila???

Biglang lumabas si Rizza sa mcdo....sinundan naman siya nung guy... tama yung guy nga!!!

“DIBA I TOLD YOU???” Tama na!!!!” Hala?? Away sa mall???

“I’M HAPPY WITH LANCE...so don’t bother....”

“don’t bother???” What the f*ck! Ang bilis o naman ako palitan noh?”

“so???” Ano tawag mo sayo???”

“Rizza naman... she’s not my girlfriend”

“NOT???” Hindi pa pala yun sa lagay na yun???”

“eh ikaw???” Lance ka pa dyan....”

“so???” At least pogi ang boyfriend ko!!!” Hala???” Parang bata naman mag-away tong mga to. Lumabas na din si Lance at yung girl na isa. So parang lumalabas na nagpapatulong itong----

“Lance lets go”

“tsk - ___-...”

“Lance tara na!!!” Nakatingin sa direksyon ko si Lance....uh-oh....

“Lance ano ba!!!”

“Hey you b*tch” sabi nung girl na isa.....

“B*tch your face...whore! FLIRT! Sasampalin na sana nung girl si Rizza kaso pinigilan siya nung guy. Ano ba talaga? Ang gulo ng life ng mga to ah. Nakapikit si Rizza malamang inaabangan niya yung sampal kaso napigilan eh.

“malandi ka!” sigaw nung babae. iskandalosa siya

“ako pa???” eh sino kaya yung umaaligid na parang aso sa..sa lalaking yan!!!” sabay turo pa kay Guy. Wow ??? gwapo mo naman kuya? Ang ganda niyang si Rizza.

“hey stop.....” awat ni Lance....

“how can i???” look... ako ang naagrabyado dito!!! Lance naman!”

“pumayag akong tulungan ka kasi sabi mo ayaw mo ng gulo...tapos ngayon....aish” Nakakaloka baka mamaya may security na.

“ikaw. kung sana di mo sinasaktan to. edi sana walang gulo?” sabi ni Lance

“ako???”

“naman!!! Sino pa???” alangan namang ako???” Di nakapagsalita yung lalaki.... tapos sa inis nung girl... nag walkout na siya..sinundan naman siya nung Guy... ang gulo talaga...ano ba yung lalaking yun? Sino ba gusto niya? Si Rizza o yung Girl? Aalis na sana ako kasi nga busted na! kita na kami ni Lance pero bigla naman siyang lumapit samin.

“what are you doing here?” he asked

“why do you ask? Natural having fun with gail?”

“really? I saw you.... i saw you stalking me....” he said

“HUH??? Pakapalan ba to???” tanong ko

“ehem.... nandito pa ako” said Gail. Lumapit na din si Rizza saamin. Kumalma na siya i think? ang warfreak eh

“sino naman sila? Tanong ni Rizza

“classmates”

“name?”

“I’m Miyuki..and she’s Gail” pakilala ko

“kay...” Ano ba yan ang sungit.. pano pa kaya mag-usap tong dalawang ito haha

“ano mo siya???” tanong ko kay Lance. Ang normal ko ba makipag-usap? Haha... eh kasi parang jinojoke lang ako ni Lance nung sinabi niyang mahal niya ako eh. So bakit naman ako maiilang? At saka isa pa friends naman kami.

“KC’s friend”

“correction...his girlfriend.

“What the hck??? Kelan pa?” tanong ni Lance

“ngayon bakit? May angal???”

“tsk -___-“ Haha yung itsura ni Lance...

“So back off Miyuki” Ooops. I gulped

“don’t worry may boyfriend ako” i answered

“good.... kasi kung aagawin mo sakín si Lance di kita mapapatawad“ masungit niyang sabi

WARFREAK >:((

“i don’t effin care”

“cool...mag-aaway din kayo?” tanong ni Lance

“just kidding” super sweet pang sabi ni Rizza

Kakaiba itong babaeng to o baka sweet lang siya pag kay Lance na?

“Lance tara na” yaya ni Rizza

“don’t want to -___-“

“hala??? Palibhasa crush mo si Sharlot” sabi ni Gail

“sino naman yung Sharlot?” tanong ni Rizza

“edi si Miyuki” sagot naman ni Gail

“eto??? Eh mas maganda pa ako dyan eh” Edi ikaw na maganda RIZZA! Hahaha.... never ko naman sinabing maganda ako >:))

“Gail tara na baka mahuli pa tayo eh super late na tayo....” sabi ko naman

“san kayo pupunta?” tanong ni Lance

“puntahan namin sila kuya niya. Bakit?” tanong ni Gail

“sama ako” HUH???

“sasama ka????” tanong ni Gail Tapos nag nod lang siya. Sasama daw siya???

“Lance naman ehh!!!....” nabubugnot na si Rizza.... ayan kasi ang mean mo sakín haha

Ay ang mean ko din pala mag-isip >.<

“pwede?” tanong pa ni Lance. Si Lance ba ito??? Parang ang sweet kasi eh.... haha di ako sanay.... ay nak ng tokeneng. kinikilig ako sa kaibigan ko haha

“edi sumama ka....pano si Rizza? Sama ka din?” tanong ko. Para ko naman siyang hinahamon sa isang duel haha... ang warfreak kasi eh.. parang anytime pwedeng pwee niya akong sabunutan/

“no thanks. wala na ako sa mood....” tapos umalis na siya

“hoy sundan mo” sabi ko kay Lance

“ayaw..sama ako sainyo -___-“

“hahahahaha Lance!!! Para kang bata hahahaha....” tawa ng tawa tong si Gail. Ang sabi pa naman ng matatanda...ang babaeng tawa ng tawa maagang mag-aasawa hahaha

“tsk...so???” Ayan balik na tuloy ulit yung dating Lance sungit mode haha

“hmmm may hindi ba ako nalalaman?” tanong pa ni Gail

“wala naman ah” sagot ko

“eh ikaw Lance?”

"ah....i confessed"

"confessed? You mean..... sinabi mo na sakanya?" So totoo pala?

What a day!!! Ang daming kaganapan. I thought.....joke lang yun so HINDI pala???

WHAT A DAY!!!

Chapter 23: Crazy Heart

So katulad ng sinabi ni Lance sumama nga siya. Ayos na din may instant driver kami kaya naman nakarating kami kaagad sa bahay ng pinsan ko. Dito kasi kami mag cecelebrate ng christmas. Ewan ko dito kay Lance kung bakit sumama pa si Gail kasi, kaya ko sinama kasi gusto nila makilala siya kaya ayun pumayag naman siya.

Nandito na kami ngayon sa bahay nila pinsan halos kadarating lang. family gathering kasi siya. Tas sila kuya balita ko dinala yung mga GF nila at last mamemeet ko na yang mga yan!

"- __ - ugh all of them.... are they really your family?"

"natural.... ano sa tingin mo?" Wow sunget ko naman kay Lance noh? Eh kasi naman di ko alam kung panu ako aasta ngayon sa harap niya ngayon pa na nalaman ko na mahal daw niya ako?

"ang dami mo naman gwapo na kamag-anak mukhang magpaparty party ako nito" sabi naman ni Gail

"Miyuki buti nandito ka na" bati ni Rex nii-san :)

"ah nii-san kasama ko po mga kaibigan ko"

"kaibigan???" Siya na ba si Gail?"

"hello po"

"pogi ng kuya mo!" bulong pa sakin

"eh sino naman siya?"

"the name's Lance" he answered

"her what???" tanong ni Kuya

"friend" - ___ - Osige! Magstraight face pa kayong dalawa! Nakakaloka ito

"hoy miyuki ang tagal mo ah" sabay yakap pa sakin ni Kuya Lavi. Sweet talaga to haha

"eh kasi kuya...nagwindow shopping muna kami ni Gail"

"4 hours late" sabi naman ni kuya Shizui >.< ang pinakatahimik at seryoso kong kuya haha

"eeeeeeeh gomenasai >.<"

"ah..-__-" si Lance yan

"oh?" sabi naman ni lan. Ah so magkakilala sila nuh?

"=__="

"tsk Lance Mariano di ka pa din nagbabago" sabi naman ni Kian

"kilala niyo siya?" tanong naman ni Kuya Rex

"yeah lower year siya...." sagot ni Kian

"yung kambal na magkasalungat -__-" sabi naman ni Lance

"buti at naalala mo pa kami nuh?" sabi naman ni lan

"whatever -__-" Parang war ata ito ah

"lan naman...umiiral nanaman pagkamaldita mo" sabi ni Lavi nii-san haha. Maldita pala ito eh XD..makakasundo ko yan!

After ng pakilala..ayjuskopo! kung alam niyo lang itong si ate lan at tong si Lance parang aso't pusa pero ang galing ah. May side na ganito si Lance? Napansin ko lang ah. Mas close si Lance sa mga nakaka-away niyang girl? Hahaha. Tapos kung may gusto yung girl sakanya sinusungitan naman niya.

riiing riing

Tumunog yung cellphone ni Lance

"hello?"

.....

"okay -__-" Binaba na niya yung phone niya saka lumapit sakin

"una na ako..thanks sa pagsama sakin" he said with straight face

"okay ingat ka" i answered coldly

"advance merry christmas" sabi pa niya. Hala? Di na umalis?

"ikaw din" sagot ko tapos ngumiti siya! Ehem... ngumiti siya?? Nginitian niya ako???

"bye" sabi pa ulit niya at tuluyan na nga siyang umalis.

Waaaaaaaah grabe yun.... kung alam niyo lang! ang bilis ng heartbeat ko nung ngumiti siya hahaha... di ako sanay!!! Ano ba yan!!! Hahaha...ang cute pala niya pag ngumiti? Sana lagi nalang siya nakangiti.. pero mas gwapo pa din ang aking jake.

Speaking of Jake tumawag siya sakin kanina..papunta daw siya dito..yipeeeee

Banzai!!! Banzai!!! Hahaha

Isang oras bago nakarating dito si Jake. agad siyang sinalubong ng mga kuya ko. naks! Ang lakas talaga niya kina kuya hehe

"ghad i hate him" rinig kong bulong ni Gail

"huh??? Bakit? Kanino?"

"nah don't mind me" nahawaan na ba siya ni Lance? >.<

"hon musta na?" tanong ko

"yeah good as always"

"tagal mong di nagparamdam ah >.<"

"sorry busy lang kasi...." Ang tipid niya sumagot.

Masaya naman yung party... kaya lang si Jake parang di naman masaya dito.

"may problema ka ba?" tanong ko. Nandito kami ngayon sa sala. Walang tao dito kasi nandun sila sa labas lahat

"ah..wala naman. Bakit mo naman nasabi?"

"you're not your usual self Jake"

"really? Baka nagkakamali ka lang"

"sana nga" He's cold. I don't know... pero nararamdaman ko yung coldness, do i deserve this treatment? I'm supposed to be the cold one. He didn't contact me for days...and this is what i get?

What a Christmas. Natapos na yung Christmas eve..and its now Christmas... great... nagsiuwian na din kaming lahat. Bigayan na ng gifts... i didn't bring my gift for Jake. Kaya naman di ko tuloy siya nabigyan kanina.

Worst...i'm the worst.

After that nagkaroon ng vacation si Jake so mas matagal ko nanaman siyang di nakita. Samantalang ako nandito lang sa bahay. nakakainis naman ang boring boring

Natapos na nga din ang taon na...di man lang ako naging masaya? I mean..kahit naman sana kasama ko si Jake diba?

Nagsimula na din ang klase. At ilang araw din akong absent. Bakit? Sino ba naman kasing tanga na lalagnatin sa simula pa lang ng taon?

At ngayon. Eto! Ngayon palang ako papasok hahaha.... miss ko na si Gail. Pagpasok ko sa room nagulat ako.

"oh nandito ka na" bati ni Gail

"o-oo.....si-sino yun?"

"yun ba???"

"transferee?"

"hindi hahahaha" Nakita ko kasi nakadukmo yung lalaking blonde yung buhok... bakit may blonde ang buhok dito? Bawal yan ah

"si Lance yan" sabi ni Gail

"weh?????"

"oo nga"

"di nga????"

"oo nga sabi lapitan mo pa!"

"eh baka iba eh >.<"

"siya nga kasi yan...at alam mo bang habang wala ka...naku mas dumami nagkagusto sa nilalang na yan haha"

"nyeh?? Bakit?"

"kasi lalong gumwapo!!! Hahaha"

"excuse me..tabi nga kayo dyan" tas dumaan naman tong si Kristine and company >.<

Inangat na ni Lance yung ulo niya...and OH....MY...GOSH! Siya ba yan??? Kawaiii!!! I mean... Kakkoi!!! ang cool talaga! ito ba ang taong in love sakin? Hahaha...oops. friend ko yan.

Lumapit na ako sa upuan ko. Which is sa malapit lang din sa upuan niya. Tumayo siya saka siya tumabi sakin.

"bakit ka nagpakulay ng buhok?" tanong ko

"ayaw akong bilhan ng motor"

"huh??? Yun lang? natural ang bata mo pa kaya nuh"

"tsk..."

"ayaw kang bilhan kaya ka nagpakulay? Anong tawag mo dyan?" tanong ko pa

"pasaway?" patanong niyang sagot

"pasaway ka na nyan?"

"oo pero nakakainis"

"huh? Bakit?"

"si mommy kasi imbes na magalit natuwa pa"

"hah??? Natuwa???? Bakit???"

"mas pogi daw kasi ako pag ganito -___-"

"ANG KAPAL! Ang hangin sa loob ng classroom!!!"

"natural nakatutok sayo electric fan" Ah joketime??? Asar na Lance to ah

"madami kang namiss na lesson" sabi ni Lance

"I know kaya nga pipilitin ko humabol eh"

"tsk..kaya mo kaya?"

"ako pa!"

"heh..oh eto notes...ipapahiram ko muna notes ni Gail" said Lance

Notes ni Gail??? Adik ba siya???

"eh notes mo?"

"i didn't jot down notes"

"oh really" ikaw na..ikaw na henyo!!! Pagtingin ko sa notes ni Gail. Omg di ko nga maintindihan. panu to???

"kaya mo?" tanong ni Lance

I shook my head because that's the truth! I can't understand a thing! nakakaloka...kung makikita niyo lang ang notes na ito bakit may ganitong formula? Bakit..aish... i hate math!!! Mag science nalang ako....

"turuan mo naman ako"

"plea first"

"what???"

"you don't wanna? Then... i'll leave it up to you" eeeeeeeh!!! Pinaglalaruan ako ni lance! Nakakainis >.<

"please???" walang buhay kong pakiusap

"-_____"

"pleaaaaaaaaase?????" oh ayan! Ang sweet na!!!

"=___=" Haist! Ano ba yan!!! Ang hirap naman pakiusapan nito!

Napatingin kami sa pintuan nung biglang may kumatok at pumasok si JL...anong ginagawa niyan dito???

"may i speak to Miyuki?" paalam niya sa teacher

"okay....Ms. Parco..."

"yes ma'am" Lumabas ako para kausapin si JL. wow...gumanda siya ah may high lights pa ang hair... ako lang ata di nagbago ngayon eh.

"pinapasabi ni Jake na...wag mo na daw siya hintayin mamayang uwian... nasira din yung phone niya kaya di ka niya macontact.... yun lang" Tas naglakad na siya

"wait.... bakit ikaw nagsasabi nito?" bigla nalang yan lumabas sa bibig ko

"napag-utusan???" parang pinapahiwatig pa niya na....obvious ba? Naiinis ako. Pumasok na ako ulit sa room...

"you okay?" tanong ni Lance

"...."

"tsk,.... don't mind her" he said as if may alam siya sa mga nangyayari

"Lance....what if...."

"hmmm???"

"what if....."

"ano???"

"nah nevermind"

"=___=" Haist

"turuan mo nalang ako mamayang uwian nung mga lesson"

"sure"

"san?" tanong niya

"sa bahay"

"okay" Huh??? Okay??? Adik siya? Jinojoke ko lang eh!!!

"nagbibiro lang ako" agad ko ding bawi

"eeeeh! Akala ko dun talaga kayo >.< sasama sana ako eh" sabi ni Gail

"please??? Sharlot sa bahay niyo nalang...please? gusto ko ulit makita yung pogi mong kuya na si Shizu hehehe"

"oo na sige na >.<" Crush na crush talaga ni Gail yung kuya ko. Bad ba ako???

I mean... i'm starting to doubt Jake. Am i? Kasi.... bakit si JL pa nagsasabi sakín ng mga to? And usually may time pa din para sakín si Jake.

"hey.... don't wear that sad face.it irritates me" natural isa lang magsasabi niyan! Si Lance!

"do you really love me?" bigla kong natanong

"yeah..." Bakit ba ang straight forward niya sumagot???

"Sharlot.... paano kung ang gusto ko may boyfriend"

"edi friends nalang"

"ah... okay...friends naman tayo eh" he said casually!

Amp!!! My heart is racing Pero At the same time it's aching!

"Sharlot - ___-"

"what Mariano?"

"call me....."

"Mariano-sensei" i said

"ang sagwa! Tsk...."

"eh anong gusto mo???"

"master = ___=" Ibang klaseng tao to!!! Sinong may gustong may tinatawag na master???

"Sharlot you can burst it out. May cry all you want. Cry until you feel the pain no more. Yell until the pain goes away. Gail and i are here so tell us your doubts" He's talking.... as if he knew everything....

Then.... am i the only one.... who doesn't know anything? My heart it's beating faster and faster. But it hurts then my phone beeped.

From jake:

Miyuki....lets talk
--end--

Eto na kinakatakutan ko. Nagreply ako...

[Not now Jake] Ghad

Crazy heart.

Chapter 24: doubt

Tinuturuan ako ngayon ni Lance-sensei. Grabe siya na ang strict magturo at para lang siya naggocosplay as teacher aba at nagsalamin pa! wala namang grado! ang kulet pala niya? Haha

“Mali...ulitin mo”

“huh??? Eh ilang ulit na to.”

“you can do it Sharlot!” pagcheer ni Gail. Ang hirap naman kasi mag-aral ng may iniisip na iba eh.

“put aside all your worries. if you’re thinking about that guy better not to. Better not to think of him while i’m here. Got that?” naiinis na siya

“hai hai sensei”

“good” naintindihan niya? Nanay nga niya naintindihan yung sinabi ko nun. Siya pa kaya?

“neh Lance. Kakko warui”

“di ako panget.”

“sinusubukan ko lang kung naintindihan mo hehe”

“he-he ka dyan..sagutan mo na yan... bawal internet”

“EEEHHH?manunuod pa ako ng korean drama! di ko pa natatapos yun”

“di pwede...”

“bu-but”

“sagutan mo yan!”

“oo na po TT__TT”

Habang ako nagsasagot..aba loko itong si Lance siya naman nagbukas ng laptop at siya ang nagfacebook. aba! Napansin ko ah. Kasi napatingin ako dun. Dami niyang friend request. At accept lang siya ng accept. Tapos nag-out naman kaagad. Ay kaloka ito.

“what are you staring? Tapusin mo na yan”

“oo na ito na nga oh” sabay kamot pa ako sa ulo. Ang hirap naman kasi. Itong si Gail naman walang magawa sa buhay nagtingin tingin ng pictures.

“ang cute niyo naman dito... ang close niyo pala nila Kristine, Ina, Mae at yung iba nuh?”

“sinabi mo pa”

“eh kasi naman eh. dapat friendship over lovelife yan teh”

“eh kasi naman” Haist nakakainis naman kasi yang teacher ko oh! Buti pa yung values teacher ko..ang cool... christian living teacher ba talaga yun? Yan tuloy naiisip ko haha...napapangiti ako pag yun naalala ko oh!

“nakangiti ka nanaman...naalala mo nanaman yung si Ms. Denka noh?” tanong ni Gail
Tapos sabay kami tumawa

“hahahahaha”

“nadali mo girl hahahaha” Napansin ko tinitigan ako ni Lace

“oh bakit?”

“masama tumitig???” tanong naman niya

“eh bakit ka ba kasi nakatitig?” medyo asar na tono pa ang ginamit ko. Di ko kasi alam kung paano siya pakikitunguhan ngayon eh.

“wala naman. Napansin ko lang na maganda ka din pala?”

“maganda nga pero sadistang rabbit naman kaya may dugo ang rabbit - ___-“

“LANCE !!!! ang sama mo talaga!!!!”

“:p” Lumapit ako sakanya saka ko KINUROOOOOOT ang pisngi niya! AS IN GIGIL TALAGA!

“a-a-araaaaaaaaay!”

“yan napapala mo....kaya wag mo ko inaasar!!!”

“SADISTA!!!”

“MASOKISTA!!!”

“edi ayos bagay tayo” ano daw???

“tse! Manahimik ka dyan Lance...kita mong nag-aaral ako ginugulo mo ko!

“kita mong naguturo ako ng maayos di ka naman nag aaral ng mabuti“

“huh?? At ako pa?”

“oo ikaw pa“ Eeeeeeeeeeh!!! I haTE Lance ang gulo niya kausap. Natapos ko na yung isang pinapasagot ni Lance-sensei.. at may binigay nanaman siyang panibago! Bakit ang bilis gumawa ng mga sangkatutak na isosolve ang taong ito! Siya na matalino! SIYA NA!!!

“Wakaranai.” >.< DI KO TALAGA MAINTINDIHAN!!! As in!!

Tapos eto pang lance naman na to tumititig nanaman saakin di tuloy ako makapagconcentrate!!!

“Jiro jiro minai-deyo!” (a/n: don’t stare at me!)

“tsk -__- *blah blah*” may binubulong siya eh di ko marinig

“Nante itta-noyo?” (a/n: What did you say?)

“maghanap ka ng kausap mo“

“hahaha akala ko naintindihan mo lahat! Hahahaha“

“Dare-ni mukatte mono itten-dayo?” bigla niyang sinabi (who do you think you’re talking to?)
Nanlaki mata ko pati na din si Gail

Si Lance?? Nagsalita ng nohongo!

“bakit ka marunong???” Agad kong tanong

“= __ =” Ay wala akong mapapalang sagot sa taong to!!!

“Mō ii-yo!” i said... (forget it)

“to know you better.... to understand what you’re saying...” he answered normally at ako naman si nagblush!

“aysus! Ang cheesy niyo! Mukhang sagabal ako dito ah“

“GAIL!...” suway ko

“ay oo nga pala may BF ka nga palang Chea----“

“huh???”

“nevermind...magkulitan na kayo ulit ni Lance...wag niyo ko pansinin na nandito lang sa gilid at napapanuod kayo ah? Kunwari invisible ako...haha“

“ANG ADIK MO!!!” sabay bato ko sakanya nung pillow....” Malapit lang kasi yung study table ko sa may bed kaya naabot ko kaagad yung pillow

“hey both of you! Stop that. Gail you shut up” lance ordered/ Kinglike talaga siya kung makautos eh akala mo hari! Maya maya pa may lumilipad ng unan! At nasapul ang mukha ni Lance hahahahaha

“GAIL!!!”

“hahaha katuwaan lang Lance hahaha” natatawa pa din na sabi ni Gail

“tsk...” Akala ko di na gaganti si Lance pero bigla din niya binato ng unan si Gail,...at ang lakas hahaha ang adik nila

“hahahahaha” tawa ako ng tawa dito haha. Napatingin sakín yung dalawa. No way! Bigla nila akong binato ng unan!

“ARAY NAMAN! Kayong dalawa!” naasar kong sabi

“geh tumawa ka pa dyan” hindi na ako tatawa kasi masakit sila bumato

“continue solving that” utos nanaman ng hari

Kaya naman ako eto sinasagutan ko na. baka mabato pa niya ako ng unan. Ang totoo niyan may Quiz kasi kami bukas kaya naman tinuturuan akong maigi ni sensei. Four hours straight! Four hours akong tinuturuan at naintindihan ko naman. Ang gusto kasi ni perfectionist. Tama perfectionist si Lance! di niya ako nilubayan hanggat di ako nagkamali!!! Grrrrr. Tas yung solution sa notes ni Gail iba sa solution na tinuturo ni Lance at mas madali nga naman yung tinuturo niya haha. kaya ayos na din :D

Kinabukasan nagquiz na kami!!! At ayun!!! Haha...perfect kami!!! Kami ni LANCE!!! Weeeeeee :D

Ang galing talaga idol ko na si Lance!

Lunch na. hinihintay ko magtext si Jake kung sabay ba kami maglunch kaso wala naman ako naantay!

Kaya ako itong naglakas loob papunta sa classroom nila

“nandyan ba si Jake?” tanong ko

“nah umalis na”

“saan nagpunta?”

“ewan ko”

“sino kasama???”

“oi pare sino bang kasama ni Jake?”

“si JL ata eh” JL nanaman???

Nak ng putakte naman oh...

“SAN SILA NAGPUNTA?” Nagulat ako...kasi si....si Lance yung nagtanong. Di ko namalayan na sinundan pala niya ako???

“Kyaaaaaaaaaaaaaaaaaah si Lance si Lance” sigaw pa nung mga babae

“where are they?” tanong niya ulit

“nasa rooftop ata” said the girl. Hinila ako ni Lance papunta sa classroom...

“Lance t-teka.....a-ano bang.....” Huminto siya at saka nagsimulang nagsalita

“STOP IT! nagmumukha ka ng tanga! Can’t you see??? Or are you pretending to be BLIND??? Wala kang mapapala sakanya! He’s a cheater! I’m telling you this not because i’m in love or i’m jealous.... i’m telling you this as your friend. And to see the fact that you look stupid chasing a cheater? I can’t bear this.. so i’m begging you...stop hurting yourself”

Isa lang masasabi ko nasasaktan ako, Nasasaktan ako sa mga sinabi niya.ml am..I am pretending.

“Sawannai-de!” (don’t touch me!) please.....stop it.....

“Sharlot maawa ka naman sa sarili mo. if you wanna continue hurting yourself then Go...puntahan mo siya. puntahan mo sila and see it with your own eyes....” Binitawan niya ako...at saka siya umalis.

Pagkaalis niya..bigla nalang tumulo yung luha ko. ang sakit. para marinig mong sabihin niya yun. ang sakit. paano pa kaya kung kay Jake na galing yun? Paano pa? ano nalang. ano nalang gagawin ko?

I don’t know.Ghad! I hate this!

Nagsisimulang maglakad mag-isa ang paa ko. di ko alam pero, pero papunta ako sa rooftop. i don’t wanna go.... stop....please. Pero tuloy pa din ako sa paglalakad.... gustuhin ko man huminto pero may nag uudyok sakin na pumunta dun...I don’t know if it’ll be good. If it is good for me. Pagbukas ko ng pinto sa rooftop I saw it. Saw them Hugging each other. It hurts..

I don’t know what to think anymore. is this something i must doubt? Or something i must understand?

Nagulat sila nung nakita ako dahil na rin narinig nila ang bumukas na pinto. kaya naman agad kumalas sa pagkayakap yung dalawa And i saw JL She’s crying. Why?

Bakit naman siya umiiyak??? Coz of Jake? Coz of her lovelife or something? Pero kahit ganun. Bakit di sinasabi sakin ni Jake? Before he could talk... i closed the door and ran...

Pretend Miyuki...pretend that you didn’t see them.

Pretend.....

Pero i can’t....
i can’t pretend.

“MIYUKI!!!” Napalingon ako sa direction kahit ayoko tumingin....

“yung nakita mo...”

“nakita???” Just pretend miyuki please....pretend..

Bago pa siya makapagsalita ulit nag ring na yung bell.

“sige...una na ako.....” i said saka umalis....

Yung luha ko hindi ko alam kung nakita niya. Di ko alam kung napansin niya. Di ko alam na umiiyak nanaman pala ako. I hate this. Harap harapan ba?

Are they really in good terms? Ano ako dito? The third party? Or the real girlfriend? I thought friends lang sila? Then ano to??? Anong tawag mo sakanila? He’s always with JL! How about me? Bumalik ako sa classroom and Lance is staring at me. I don’t know pero bigla nalang ako lumapit sakanya.... Tapos he hugged me

“cry....” he said... while patting my head

“b-b-but.....”

“ssssshhhhhhh....don’t talk....just cry” And then the next thing i remembered was nasa clinic na ako.

“bakit ako nandito?” i asked

“you fainted” he answered

“are you okay? May masakit ba sayo? Pinag alala mo ako...bigla ka nalang nawalan ng malay....”

“i’m sorry”

“wag ka ngang depress!” Gail Said

“humanda talaga sakin yang Jake na yan” sabi pa niya Natapos na din ang araw. day of doubts ba?

I really hate this umuwi ako hinatid ako ni Lance..

“eat, sleep and don’t think about any” he commanded...

But even so Nadedepress ako sa nakita ko. Ang close nila. And i admit they look good together...

And that i’m insecure. I’m doubting my boyfriend.And i’m starting to believe what Lance said awhile ago. That he’s a cheater?

Chapter 25: Broken heart

Pagkauwi ko I opened my Facebook account. Wala trip ko lang talaga magfacebook. Ewan ko kasi parang may iba talaga akong nasesense eh. Di naman sa gusto ko lang icheck gamit ang fb kung may babae talaga siya. I don’t know he’s been cold to me these past days. Pabigat na ba ako? ayaw na ba niya sakin? Sawa na ba siya? Sakal ba siya sakin? I tried na hindi siya sakalin in fact free siyang gawin mga gusto niya. I never imagined myself doing this. errrr anong gagawin ko??? Kasi si JL i don’t know pero. si JL. Eto sakto online siya.....bigla niya ako chinat eh.

JL: miyuki

Me: oh?

JL: i'm sorry

Pinagsasabi nito?

Me: wat u mean?

JL: basta i'm sorry :(

And offline na siya.. Mga ilang oras na akong nag fe-facebook pero wala naman akong napapala. Syempre people are ignoring me as if i have some kind of severe disease. Naglalaro nalang ako ng cityville. haist boring na so.... out na ako....pero bago yun..tingin sa chat

me:hi?

Jake: hi

nag chat ba kayu ni JL?

JL nanaman -__-

me: kanina

cya una nag chat sa akin

Jake: ah

^^

sorry Sharlot

me: sory for wat?

Jake: i know ur very confused

me: confused of what?

Jake: i tried miyuki... to love you totally but may matagal na akong hindi sinasabi sayu im sorry

me: what man?

Jake: i justt want to tell you na ginusto kong mahal in ka totally

me: pero?

Jake: Pero hindi tlga mawala sa icip at puso ko ang babae na mahal na mahal ko tlga Pasensya na kung hindi ko sinabi sayu dati pa

me: ha?

Jake: Since PAGKABATA til now cya pa rin ..JL is really my true love im sorry

but one day, nalaman ko nIng na may bf cya

but it is really a big misunderstanding

kaya i also find my own

naghanap ako ng babae..marami akong nakilala

**but ikaw ung napili ko
im really sorry Sharlot
i hope you understand nah hindi tau nagkakaintndhan
iba ka
marami akong ginawa just to cope up with u in fact
i became very confident of myself
and that i thank you**

me: Okay

**Jake: im really sory
chat you nxt tym**

Nag-out ako di ko kinaya yun. I don't know pero ewan ko yung luha ko tumutulo na pala. ganun na yun??? No...di siya nakipagbreak right??? No right???he said i'm sorry...but he didn't said that we'll break up right???? No Miyuki! Wag kang tanga..... no. sawa na akong maging tanga. pero.... Jake.... why??? Nagkulang ba ako?

Di ako nakatulog nung gabing yun. So as usual i went to school but this time without any sleep. I never had a chance to sleep last night. I couldn't bear the fact that.....he said "i'm sorry".... yeah i know... di niya ako mahal. So sila na ba??? Dami kong katanungan... ano yun? Ginagago niya ako? f*ck!

akala mo kung sino! Mas maganda naman ako sayo ! hmmmph Di ko nalang siya pinansin. Panira sa mood

“kita mo yun? Tumitingin tingin pa din siya kay Jake” bulong nung isa. Bumulong ka pa! rinig ko naman! Naasar na talaga ako ah

“Russel...lets go?” tawag ni JL sakanya....

Nandito ako ngayon sa gym. Practice... wala naman yung partner ko. Sino pa? edi si Lance. Nakakainis talaga yun. Iwanan daw ba ako? aish naman eh kasi naman.... bakit di niya ako tinatawagan? Nakakaloko na yun ah. Kinuha pa number ko never naman ako tinext at tinawagan ang labo talaga nun. Kaya ayun... never ko din siya tinext at tinawagan. Kala niya ah. Hmmmmph.

“SHARLOT!!! Tara na!!!” tawag ni Gail. Right... itong si Gail excited talaga? Haha

“saan tayo pupunta?” tanong ko

“kakain tayo!!!”

“kain ka ng kain ah.. baka naman mamaya niyan di na kasya sayo yung gown mo ah haha”

“baliw! Nasan na pala yung boyfriend mo? Aba nawiwili na yun mag-absent ah?”

“malay ko dun di naman ako sinasabihan. Di naman ata niya ako girlfriend eh” Natapos na yung lunch wala pa din si Lance. Nakakainis na talaga ah... BV pa naman ako! Sa cafeteria kami ngayon ni Gail, at duh! ang daming issue tungkol saakin ah. Di na ba nagsasawa ang mga chismosang magkalat ng kung anu-anong chismis? Aba? Inaagaw ko daw si Jake kay JL? At nilalandi ko daw si lance? Di kasi nila alam... na kami ni Lance. Bakit? Kelangan ko pa bang sabihin na kami ni Lance? Tsk... sabi ko kay Lance help niya ako... pero... he's not doing anything and i can't do anything either. I'm so stupid,

Wala nga akong ginagawa para sa revenge ko. Paano ko yun gagawin kung ang taong gusto kong paghigantian mahal ko pa din? At alam kong di din naman siya masasaktan... stupidity Miyuki! STUPIDITY!

Uwian na. at talagang nag-absent si Lance ang bad talaga di niya sinabi saakin ang dahilan. Anyway. Bakit nga naman kasi niya sasabihin saakin? Kasi... kasi girlfriend ako?

Laging hatid lang ang ginagawa nun saakin. Never pa akong sinundo sa bahay. Eh bakit nag naman kasi niya ako susunduin? Eh siya nga mismo laging late haha. ano kayang ginagawa niya at lagi siyang late? May sarili naman siyang car.

Nakakamiss pala si Lance? Wala akong kinukulit eh. Kasi ang sarap niyang asarin. Pikon kasi siya. Anyway umuwi nalang ako sa bahay. Bukas... kelangan maganda ako. mas maganda pa kesa sa iba. Ang pogi kaya ng boyfriend ko.. Pero sinasabi ng utak ko...bitter ka lang...mas maganda kasi si JL at kumpara sa akin mas sexy siya! So physical appearance ang basehan ko ngayon ganun? Nag online ako sa Facebook. At aba? ONLINE SI LANCE MARIANO!!!

Piniem ko siya

Me: bakit di ka pumasok?

Lance Mariano: boring kasi dun

Me: so hinayaan mo lang ako?

Lance Mariano: busy ka lagi =__=

Me: di mo man lang ako sinabihan?

Lance Mariano: huh???

Me: sabi ko di ka man lang nagtext >:(

Lance Mariano: bakit pa?

Me: Bakit ba ang sungit mo ngayon?

Lance Mariano: ewan ko sayo

AY!!! AYAW KO NA!!! ang hirap niya pakisamahan!!!

Me: bahala ka jan! naiinis ako sayo!!!

Tas nag offline ako sa chat. Bahala siya... nakakainis kasi siya eh. Ang simple simple lang ng mga tinatanong ko tapos sinusungitan pa ako. nakakainis! tinignan ko yung profile niya.. ang daming nag wawall post sakanya tapos mga reply grabe! Ang sungit. Dinaig pa talaga ang babae!!! Ano ba yan! Maya maya pa nagmessage siya sakin

Lance Mariano:

Bah..sorry na. I texted you. Several times. But you didn't reply. I tried to call you but it seems you're not using your cellphone. Sorry...

Ano daw??? Tinitext daw niya ako? tinatawagan daw ako???wala naman akong narereceive! Nagreply ako. Eh bakit ka nag-absent? Sana sinabi mo sakin kaagad. Nakakainis ka!

Lance Mariano:

Tinatamad ako pumasok

Ako:

Yun lang? dyahe naman Lance... ang tamad mo! Ang sungit mo pa! MAGPAKABAIT KA NGA!

Lance Mariano:

Ako? masungit? Ang bait ko na nga eh

Ako:

Huh? Mabait ka na niyan? Ang sungit mo kaya! Pati sakin! Sa lahat na! di ko tuloy alam kung boyfriend ba kita o hindi eh -___-. bahala ka jan.. wag ka na din pumasok bukas. Okay lang kahit wala akong partner sa prom bukas..bahala ka!!!

Lance Mariano:

Mag ol ka sa chat

Ako:

Ayaw bahala ka jan

Lance Mariano:

BAH! Sorry na...i love you

Waaaaaaaaaaaaah amfufu naman eh! biglang I love you???teka lang naman lance! Nag-gagalit-galitan pa ako!

Me:

I hate you -___-

Tapos di na siya nagreply.

Nag post pa siya sa wall ko...

Pasaway ka = ___ = Halikan kita dyan eh

Maya maya bigla siyang nag lagay ng status...

favor???

tadtadin niyo naman sa wall ng i love you from Lance si Sharlot...thanks

Maya maya pa... may mga nagwall post nga saakin!!!
Aish >.<

Denka Salvosa Leto-Miličević:

Gua ai di from Lance

Mawi Glipo Cataran:

ginugudma kita (tma b?) dw sb ni lance

Ian Hetzer:

aishite imasu from lance-san :))

Grace Castañeda:

MAHAL KA RAW NI LANCE. :))))))))) ♥

Clarina Dianne Mariano:

I LOVE YOU SO MUCH!!!

from: YOUR ONE AND ONLY LANCE MARIANO ^ _____ ^

Trinia Gene Lucas Medrano:

INIIBIG KA DAW NI KUYA LANCE :))

Hillary Evian Castro: FROM :

LANCE MARIANO - I LOVE YOU Sharlot ♥ :>

Princess Bernadette Reyta:

i love you daw pinapasabi ni Lance Mariano

Jacqueline Salvador:

sinisinta ka daw ni lance.. ^_^

Oo na!! IKAW NA SWEET!!!! Pinapatawad na nga kita... pero....wala...di pa din pala. Gusto ko personal...

Nag lagay din ako ng status ko...kala mo ah...

hala?? ang dami nagwallpost sakin....

Lance Mariano BAH!!! - ___ - di pa din kita pinapatawad kahit sweet ka pa

and then after nun mag-out na sana ako... kaso dahil naka online na ulit ako sa chat. Ang daming chumat sakin! ang mga tanong:

- ano mo si Lance?

- Kayo na ba ni Lance?
- Waaah congrats girl...

At si Lance din chinat ako...

Lance Mariano: mali ata yung number mo sakin?

Me: bakit?

Lance Mariano: naka off ba cp mo ngayon?

Me: hindi

Lance Mariano: =__= sabi na nga ba.... number?

What the??? Kaya naman pala wala akong natatanggap na text sakanya!!! MALI NAMAN PALA ANG NABIGAY KONG NUMBER!!! Oo na sige na...kasalanan ko pala. pinapatawad ko na siya. Binigay ko yung number ko sakanya... then... nag ring kaagad yung cp ko

“Lance?” agad na tanong ko

(yeah)

“sorry” sabi ko

(tsk... I’ll punish you tomorrow...good night... matulog ka na...or else...----) di ko na siya pinatapos magsalita!!! Kasi parang alam ko na sasabihin niya

“waaaaah! Oo na matutulog na ako matutulog na talaga >.<”

(matulog ka na-__-)

achooooo

Waaaaaaaah sinisipon ako

(tsk...sakitin... matulog na)

“pag natulog ka na”

(Sharlot.. pag di ka pa natulog pupuntahan kita dyan!)

“edi pumunta ka” hamon ko... kasi alam ko di yan pupunta haha

Tapos biglang narinig ko yung nag shut down na pc tapos yung pagbukas ng pinto pati yung umandar na sasakyan. Wag mong sabihing----

(in few minutes nadyan na ako) -__-

Hala???

“Lance! You’re crazy!!!” Di siya nagsasalita...nakakaloka na ito!!!

“LANCE!!!” Lance ako ng lance...di siya sumasagot pero naka in call pa din naman... ano ba yan....

(dito na ko...di mo ko pagbubuksan?) Ang bilis naman??? Dali dali akong bumaba. As in takbo talaga!!!

“Dahan dahan lang” sabi ni kuya Shizu. Pagkalabas ko...nandun nga siya...

“ang laki ng topak mo! Bakit ka pumunta dito???”

“kasi di ka pa natutulog - ____ -“

“adik ka ba???? Nandito mga kuya ko!”

“ano ngayon?”

“aish! Papagalitan nila ako!!!” At sakto naman ang paglabas ng mga kuya ko

“anong ginagawa niyan dito?” tanong ni kuya Lavi

“kasi kuya ano...ano kasi....”I give up di ko alam ang sasabihin ko

“I’m her boyfriend” sagot ni Lance. nagulat yung tatlo kong kuya.. Hello? Eh kasi naman po... di nila alam na nagbreak kami ni Jake.

“WHAT???” sabay sabay pa sila nagreact...ng super late.

“boyfriend ko po..si Lance....” sabi ko

“kelan pa???” tanong ni kuya Rex

“last month pa po” sagot ko

“eh si Jake???” tanong ni shizu-nii

“papasukin mo siya” sabi ni kuya Lavi...

Pinapasok ko nga siya at eto ako pinaghahanda pa sila ng midnight snack! Kung bakit kasi pumunta pa si Lance dito eh.. Pagdating ko sa sala.... waaaaaaaaaaaaaaaaah!!! Grabe naman ito!!! Nagtatawanan silang apat!!! Aba?

“ayos pala itong si Lance eh!” sabi ni kuya Rex

“sinabi mo pa! haha loko... tama lang yung ginawa mo no! lokong yun” sabi naman ni Lavi

“thank you ha” sabi pa ni kuya Shizu

Si Lance naman poker face...di ba siya pwedeng mag smile? Kaharap na nga niya sila kuya eh

“buti nalang at pumunta ka dito..samahan mo nga muna tong si Miyuki..at may pupuntahan kaming tatlo” sabi ni kuya. liwan kami dito??? Kaming two lang???

“pero kuya....”

“may tiwala naman kami dito sa bago mo eh... mas trip ko nga to kesa kay Jake” sabini Kuya lavi. Tapos. malis na nga sila. So.... ayun. Ang tahimik.

“prom na bukas ah” I said

“yeah” Tsk...ang ganda kausap! Ang haba ng reply!!

“matulog ka na” he said

“eeehhh nandito ka pa!”

“so?”

“pag umuwi ka na lang”

“matulog ka na!”

“ayaw pa!”

“hard-headed girl!” tapos bigla niya ako binuhat!!!

“hey!!! Ibaba mo nga ako” Teka? Bakit alam niya papunta sa kwarto ko??? Ay timang!!! Dati pala pumunta na yan dito. Inilapag niya ako dun sa kama...nakaupo ako

“sleep!” he commanded

“but...you’re still here”

“don’t mind me”

“eeeh!! LANCE!!!”

“what?”

“ayaw kitang nandito!!!” Bigla niya ako tinulak para mahiga.... waaaaaah >///
<

“pag di ka tumigil..hahalikan kita”

“one, two, three..di ka pa pipikit???” H-he..he..he’s too close. Bigla niya pinat yung ulo ko...

“don’t worry... I won’t kiss you... just sleep..okay?” Then pagkasabi niya yun. pumikit na ako. I trust you Lance. Pag-gising ko.... wow..morning na.... at wala na si Lance

Ang bilis ng oras.... weeeeeeeew... grabe... ano kaya itsura ni Gail?? Si Lance??? Haha...bigla akong naexcite... wala lang...mukhang ang gwapo lang kasi ng escort ko mamaya eh hahaha... pag di nga naka-ayos gwapo na..panu pa kaya pag ganito na?

Nag-ayos na din ako... yung gown ko... light blue. tas naka-curl yung buhok ko... basta all in all kasama make-up! Equals. Wow! Ang ganda ko! Hahaha 6:30pm na....wow

beeeeeep beeeeeep!

“SHARLOT! BOYFRIEND MO NANDITO!!!” sigaw ni kuya... ewan kung sinong kuya..magkakaboses sila

Pagbaba ko sa stairs.... waaaaaaaaaaaaah..nasisilaw ako!! nasisilaw ako!!!! ESCORT KO BA YAN??? ANG POGI!!!! Na iinlove na ata ako sa mukha niya hahaha... promise ang pogi kung alam niyo lang! mukha siyang Prince!!! Sa suot ba naman kasi niya. white suits him best!!! Swear!!!

I’m sure he’ll stand out mamaya sa prom!dagdag effect pa ang kanyang blonde hair... HAVEY NA HAVEY!!! ANG POGI!!!

Feeling ko naman prinsesa ako. he’s waiting downstairs kasi... kyaaaaaaah i’m so lucky! Ngayon ko lang yun narealize!!! So lucky talaga... first time... kinikilig ako kay Lance. Pagbaba ko bumulong siya

“Pretty” he said... wag ka na nagblublush tuloy ako

“Lance ingatan mo kapatid ko” sabi ni kuya Rex

“I will” he said Tapos sumakay na kami sa car... pagdating namin sa venue....wow! TINGINAN KAAGAD ANG MGA STUDENTS SA AMIN!!! Rinig ko din mga bulungan nila.

“sila na right? Kita mo yung status ni Lance kagabi?” puro ganyan naririnig ko..

“nagchange na nga din ng relationship status si Lance kagabi” sabi pa nung iba

Nagchange siya???

“siya pala yung gf?” sabi pa

“perfect right?” narinig kong sabi nung isa pa ulit

“she’s gorgeous”

My ghad? Are they complimenting me??? Since naging kami ni Lance...lagi ata akong napupuri? >///<

“mas bagay nga sila” Napatingin ako sa nagsalita.... that’s JL. Bakit ba parang ang laki ng galit niya saakin? Nag-start na yung program... maya maya pa... may mga award pa na binigay. Nag-start na din yung sayawan.First dance ko...si Lance... natural

Then after that di na niya ako niyayang sumayaw!! LOKONG TO!! Haha pero ayus na din.. ang sakit na kasi ng paa ko eh... feeling ko napaltos ako....

Ang daming yumayaya saakin...pero ayaw ko nga...magalit pa si Lance saakin.... actually masakit lang talaga yung paa ko. And then...habang may mga nag-sasayaw.... someone approached me.... napatingin ako sa nakasuot ng black na suit..

“pwede ba kitang isayaw?” tanong niya. Shet... bakit ako???

Ang daming matang nakatingin sa amin ngayon. if I'll turn him down...tiyak madaming magagalit saakin... kung papayag naman ako.... sasabihan nanaman ako ng kung anu-ano

“GO NA!” sigaw nung iba. which is nakakagulat... kasi... bakit sila pa ang nag-uudyak na pumayag nalang ako???

“sige na pumayag ka na” sabi ng mga nakatingin.

“wala naman malisya,..pareho na kayong may iba” sabi nung isa. Yun na nga..pareho na kaming may iba. Pero siya... mahal niya yung kasama niya... eh ako?? i'm still in the state of moving on!!! Inabot ko yung kamay ko... wala akong karapatang tumanggi..yan ang parang pinaparating nila saakin. Sumayaw kami... at sakto...nag-switch sa sweet dance yung song. Ghad... i don't like this... I really don't like this.... naiiyak ako. Walang nagsasalita saamin. Ayaw ko magsalita....

Naalala ko nanaman nun... how possessive he was... as in sa buong gabi nun..siya lang nasayaw ko... kasi ayaw niyang may magsayaw saakin na iba. He's unfair. bakit ba parang pinapaalala pa niya saakin yung mga sandaling kami pa? naiiyak na talaga ako

“Sharlot i'm sorry.” He sighed. a deep one. Bakit ba siya nagsosorry?? Ayaw ko na. Tinulak ko siya papalayo pero yung di malakas. Saka ako umalis.... ayaw ko na. Ayoko nito.....

Bakit ba niya ako pinapahirapan???

“hey you okay?” tanong ni Gail

“no...”

“thought so.... hayaan mo na lang... don't let him ruin your night” Gail said. Pero...wala na eh..sira na....

“so eto na ang pinakahihintay ng lahat!.... ang prom's KING AND QUEEN!!!” sabi nung announcer. Lahat ng nagsasayaw..nagsibalikan sa upuan nila..

“ayon sa tally ng votes.... the king is no other than.... LAST YEAR's KING!!! Jake Russel.....” Lahat ng tao nagpalakpakan at hiyawan.... Siya nanaman? And sino nanaman yung queen???

“eheim...and for the Queen...lets call on....” Dami pang patagal... Tumayo ako para sana umalis.... may tradition kasi dito.... stupid tradition!!!

Ang king and queen ay kelangan mag kiss.... how stupid right? Bakit pinapayagan yan ng faculty? Ng principal? Naku... =___= yun nga pinag-awayan namin ni Jake nun eh... kasi yung girl...ninakawan siya ng kiss at naalala ko pa talaga?

Tsk... ayaw ko talaga tignan....

“is..... Miyuki Sharlot Parco” Naramdaman ko yung mga taong nakatingin sa akin. Ghad.... what about Rose??? JL???

Bumaba mula sa stage si Jake.... para i-escort ako paakyat. Napatingin ako kay Lance hindi niya alam yung tradition dito sa school? I feel so numb. Ghad... bakit ako? Nasa stage na kami.. inabot saakin ang bouquet then crown... ganun din si Jake. Then after mabigay. Biglang nagsigawan yung mga tao

“KISS!!!!” No...

“They’re kidding right” sarcastic kong sabi Pero... he pressed his lips unto mine. I was so shocked.. di ako agad nakareact sa nangyari. Napatingin ako kay Lance. No. Paalis na si Lance..

“we used to do that” Napatingin ako sakanya....

“how could you....why are you so dense???” pabulong ngunit pagalit kong sabi then... bumaba ako sa stage. Si Lance. Ghad.... nag-aalala ako kay Lance. Yung mga students.. nakatingin lang saakin....kasi..i threw the bouquet.. Then after nun... I think bumalik din sila sa ginagawa nila. Whatever...I don’t care si Lance... di ko na makita si Lance. I think lumabas siya. Kaya naman lumabas din ako para hanapin niya. Bakit ngayon pa umulan??? Nakakainis....

Chapter 31: My last dance, my last man?

Nasaan na siya?

“Lance???” tawag ko... pero no one answered. Yung car niya? Saan nakapark?

“Lance???.” Ang ginaw dito sa labas.... natural di ako sumulong sa ulan dun lang ako sa mayroong bubong. Ang ginaw swear. Nasaan na ba siya? Bakit ba laging ako ang naghahabol? aware naman ako sa nakita niya kanina. Di ko naman ginusto ah.Nagulat lang din ako. Pero paano ko siya kakalimutan kung ganun ang asta niya saakin? Pero paano si Lance?Magrerevenge pa ako. And I think gumagana naman diba?Kasi kung hindi. Di naman gagawin ni Jake yung mga kinikilos niya. Nasasaktan ko ba ang pride niya? Naapakan ko na ba ang ego niya? Dahil ba may bago na ako agad? Dahil ba Kay Lance..pumapayag ako? I mean... hinayaan ko si Lance.. na halikan ako... ng ganung way? Seriously speaking di namin ginagawa yun ni Jake. Dati. Then makikita niya.. ganun ako kay Lance? Am I stepping him na? Nasasaktan ko ba siya? Pero si Lance.. Nasasaktan ko din siya??

“Lance???” tawag ko ulit

Pero wala talaga siya. Lakad lang ako ng lakad. nasaan na ba siya? Ang ginaw... ni-ru-rub ko nalang yung braso ko. Lance naman. Nasaan ka na? LANCE....

Nasa may dulo na ako... di na ako pwede lumayo dito. Umuulan ang ginaw pa. nasaan na ba yun?

“what are you doing here?” napalingon ako and let out a deep sigh

“Lance kanina pa kita hinahanap”

“why?”

“masama bang sundan kita?”

“no”

“eh yun naman pala eh ”

“He will be your Last Dance” he said coldly

“Lance...galit ka?”

“no”

“eh bakit ang sungit mo?”

“hindi”

“eehhh kasiiii”

“lets go back” he said

Galit siya eh. nauuna siyang maglakad. Pinapanuod ko lang siya maglakad mula sa likuran niya. Hindi ko na kaya to. Ang cold niya swear... galit siya saakin? di ko naman ginusto??? Hindi talaga! At DI KO NA NGA KINAYA! Kaya naman hinawakan ko ang ang kamay niya para pigilan siyang maglakad pabalik sa loob.

Napatingin siya saakin.. sabihin na nating nakakatakot na tingin..badtrip nga siya. Anong gagawin ko?

“what?” tanong niya

“n-nothing...” i said. Ganun lang kami. Di na siya naglalakad.. siguro naramdaman niyang ayaw ko pang bumalik. Na ayaw ko pang makita si Jake... or kung sino man....

“galit ka eh” I said opening the topic again

“NO” matigas niyang sabi

Natatakot ako. ewan ko lang. pero galit to! Halata naman. anong gagawin ko? Paano ko siya aamuhin? Aamuhin? Pusa? Aso? Hayop? Hayop ba siya? HINDI MIYUKI!!! ALIEN YAN!!! Isang gwapong nilalang yan!!! Bakit yan ang naiisip ko? There’s no time for jokes... he’s mad! And I can feel it.

“.Lance...” medyo mahina kong sabi

“he kissed you” he said

I knew it! he’s mad! Ayaw niya ang nakita niya pero ayaw ko din naman ah. feeling ko nabastos ako.. na easy lang ako. Na parang sinasabi niyang di ko siya matatanggihan kasi MAHAL KO PA SIYA! Well somewhat true... pero.. ayaw ko pa din... coz that’s pambabastos!!!

Tapos humarap si Lance saakin...he's staring at me hindi naman galit ang mukha niya.. in fact parang nawala na ang galit niya..

Pero nakakatakot pa rin. He's MOODY!!! Super moody... di ko malaman kung galit pa ba siya? O kung ano man...

"let's go back" he said once again

"i don't wanna" i replied

Tinaasan ako ng kilay! Dinaig ako! di ko kayang gawin yun! anyway. bakit ko pa ba napansin yun? Kasi ang pogi niya? Miyuki? Naiinlab ka na ba sa mukha ni Lance? Waaaaaaaaaaaaah... sa mukha lang??? hindi sa ugali? Sa mukha?? gusto ko din yung ugali..pero mas gusto ko yung mukha lalo na yung POKER FACE niya. straight face na straight forward pa! san ka pa!!! edi sakanya na! sabi ng utak ko >.<

Pero ang sabi ni puso ko mahal in mo siya yung tunay at hindi ang mukha lang ang gawing basehan. Tinititigan pa din niya ako... maya maya pa naglabas siya ng panyo...

Nagulat ako nang bigla niyang pinunas sa bibig ko yung panyo! as in PUNAS TALAGA!! Tanggal ang lipstick ko! ang panget na tuloy.

"why did you that???" tanong ko

"to erase his kiss"

Nagulat ako sa sinabi niya...

"and? Pwede namang sabihan mo nalang ako na magpunas sa CR ah! Pwede naman yun ah. At least dun may TUBIG! At hindi harsh ang pagpunas. ang sakit kaya?" medyo pasigaw kong sabi

"can't wait to tell you that. it's irritating me. To think the he kissed you?"

"then what?"

"I HATE IT!!!" There! He admit it na!!! nagseselos yan!OMG!Kinikilig yata ako

"AHHH! Naiinis ako" sabay iwas pa siya ng tingin kaya nagulat naman ako.. nahihya ba siya?

"GALIT DIN AKO SAYO" Hala??? Galit siya saakin? Tapos naglakad na ulit. Di ko talaga siya magets ang gulo niya...okay naman kami kanina ah? Ang gulo talaga. Ang ginaw na nga ditto tapos cold din siya saakin? He erased it na nga diba? Ano pa bang problema niya???

"LANCE!!!! ANONG PROBLEMA MO?"

"wala"

"eh kung wala bakit ganyan ka?"

"MASAMANG MAGALIT? MASAMANG MAGSELOS? MASAMANG ISIPIN NA GUSTO KONG BASAGIN ANG PAGMUMUKHA NIYA??? SHET!!! I HATE THIS FEELING. why am I so madly in love with you?"

Why can't I just forget about you and just court another woman? this is the first time and I hate this first time" Selos? Galit? In love? First time? Then nagsink in yung sinabi niyang court another woman? liwan niya ako? ayaw na niya saakin? Ayaw na ba niya maghintay??? Won't he help me get my revenge?

"..." wala akong masabi. speechless ako. To think sinabi niya mga yun??? Hindi ko alam ang --rereact ko.

"If I can just erase that kiss with my own lips but I can't coz I don't want to scare you because I respect you."

so all this time? Kaya pala medyo nagbago siya? I mean kaya di niya ko hinahalikan? Or what... holding hands and whateve. all because of me??? Kasi he respects me??

Ghad! bakit hindi ikaw ang una kong nakilala? sana ikaw nalang ang unang lalaking minahal ko.. para sana... di ako nagsisi ngayon...para sana..masaya ako Bakit kasi ngayon ka lang nagtransfer dito? Kung kelan graduating na? Bakit hindi nung first year? Nung second year? Nung third year? Bakit ngayon? I met you when I was at my happiest moment and know you better at my worst....

"If I can just do that Sharlot." he said in a low husky voice.

Ewan ko pero. aaaaaaaaaaah!!! Am I bad to think that I want it too? am I?? even though I only like him and not love him? Am I a pervert like him? no right??? No. Giniginaw pa din ako and I think I'm shivering na..it's cold. Tinanggal ni Lance yung White Tuxedo niya saka niya nilagay sa likod ko. Napatingin ako sakanya. he cares about me, he's sweet, gentle but cold. If this will continue... I'm not afraid If I'll fall in love with him in no time.

Unconsciously I smiled

"what?" he asked

"nothing...I'm happy"

"because???"

"you're here" then I hugged him... Di ko makita kung ano man ang reaction niya...basta ang alam ko lang ang sarap niya yakapin...nawawala yung lamig. Niyakap din niya ako saka pa niya kiniss yung ulo ko??

"di ka na galit?" Pero di siya sumagot. Kumawala siya sa yakap at na sad naman ako dun. Tinignan niya ako ng diretso.. Then the next thing na ginawa niya hinalikan niya yung tip ng nose ko then down to my lips...

"I miss your lips" he said while kissing me.

I didn't resist him. Coz yeah!!! I like it and i think there's nothing wrong with it. I'm his girlfriend and he is my boyfriend. we're in a relationship though I think. it's kinda complicated but I like Lance or rather I'm falling for Lance. Not because of his Looks but because of his attitude...

I remembered what Gail Once said he's maybe cold at times but his attributes makes a girl fall for him. And I think this is what I'm experiencing now? I'm falling for Lance??? But am I really falling???

His white Tuxedo fell down his kisses are the ones giving me warmth. We stopped. He smiled and I don't know I think I smiled too? Pinulot niya yung tuxedo niya then hinawakan niya kamay ko.

"Now...let's go back" So bumalik na kami sa loob.. everyone. they're staring at us. Why? Di sila sanay na holding hands kami ni lance? Si JL ang sama ng tingin niya saakin wala akong ginawa. malinis ang konsensya ko. Madami pa din nagsasayawan. And last three songs nalang pala! di pa din ba ako yayayain ni Lance sumayaw? Magkatabi lang kami sa table.. si Gail ba? Ayun sumasayaw! Feeling ko ang daming umaya eh haha. Lance is playing with my hands. ewan ko dyan! natripan niyang paglaruan.

"ang liit ng kamay mo" sabi niya

"ikaw nga dyan ang malaki ang kamay"

"tsk" He's caressing my hand. No one is looking at us. Feeling ko parang samin lang ni Lance yung buong venue. Unlike kaninang pumasok kami ulit lahat ng mata talaga nakatingin samin.

"last two songs" said the emcee then tumayo si Lanc .habang hawak yung kamay ko.

"tara" he said Ganun na yun? Hindi na siya magpapakaromantic? Basta tara??? Sasasayaw na kami? Tumayo na din ako. He guided me until we reached the center of the dance floor! Musta naman yun? At talagang gusto niya sa gitna? Nagswitch na yung song ng romantic. Nilagay niya yung kamay niya sa bewang ko. Ako naman sa balikat niya then burried my face to his chest. Sorry Lance sorry for making you wait. Wait 'till i completely fall for you...

That night Lance was my last dance hoping that he will also be my last man.

Paggising ko nagulat nanaman ako ng sobra! "B-BAKIT KA NANDITO???" tanong ko

"why? Masama?"

"OO!!!" but he just gave me that POKER FACE of his!

"I want to see you" he said

"magkasama lang tayo kagabi ah"

"namiss na kita kaagad"

"eh Lance! Nasisiraan ka ba? Ang aga aga pa ah"

"pinapasok naman ako ng mga kuya mo" pero kahit na!!! di ba nag-iisip sila kuya??

Uuwi sila mama ngayon!!! Ano nalang iisipin nila?

"ayaw mo? Sige uuwi nalang ako" he said with a disappointed look on his face! teka lang magagalit nanaman siya? Saktong pagbukas niya sa pinto... saktong papasok na din si mama sa kwarto ko at bakas sakanya ang pagkagulat!

"who....who are you?" tanong ni kachan (mother)

“Okasa ano. Kare wa watashi no kareshi desu” (he is my boyfriend)

“kare no namae wa?” (sorry mali ba??? Wahahaha (his name???)

“kare no namae wa Lance desu” pakilala ko (his name is Lance)

“what about Jake?” tanong ni mama

“Kachan!” suway ko kasi nandito si Lance.

“Lance umuwi ka muna please?” saka ko siya pinagtulukan palabas sa kwarto ko

“okasa.....ano. jake and i broke up.... and”

“so you like Lance?” She asked, Well legal kasi kami nun ni Jake kay mommy and she like Jake. I don’t know if she’ll like Lance as well.

“hai... “ (yes)

“Okay then..” she said then left

Like ko naman siya. sana lang nagustuhan ni mommy si Lance... ampanget naman kasi.. naabutan pa niya si Lance dito sa loob ng kwarto ko. ano nalang iisipin nun?>.< aish!

Naligo muna ako saka ako lumabas and surprisingly!! Aba? I think they like Lance na!

Mom is laughing kasi. They’re enjoying each other’s company and of course kasama nila mga kuya ko. Aish naman. Ang mommy ko marunong yan magtagalog. Expert yan hahaha.. ako hindi ako expert sa lengwahe niya.

“anong pinag-uusapan niyo?” sabat ko

“wala naman” nakangiti pa ang mama ko...

“Lance tara” i said at halatang nalilito si Lance? Eh ayaw kong kausap niya si mommy!! Baka kung anu-ano na kinukwento niya!!!

“tara na... magdate tayo” sabi ko

“sige po una na po kami” paalam niya

“take care okay?” sabi pa ni mama. Nakakaloka!!!

“Miyuki! Don’t be mean to him okay?” What? ako pa ang mean? Eh si LANCE KAYA!!! Nakakainis. Mas panig pa sila sakanya? Hmmpmph

Paglabas namin. Agad ko siyang tinanong.

“anong sinabi mo kay mama? Anong pinag-usapan niyo?”

“wala”

“LANCE!”

“NOTHING !” high blood? Kanina patawa tawa lang siya. Tsk....

“MEANIEE!!!”

“you’re mother is nice” he said....

“you think so?”

“yeah....”

“great... your parents as well” I said

“I know” Pero.. ang bad. Di pa niya ako pinakilala as girlfriend sa mga magulang niya. Even to his sister. Hmmpmph BAD! But even so. I think I’m the luckiest woman when I’m with him...

I want Lance to be my last man.

Chapter 32: Before Graduation

Yeah malapit na ang graduation. Wala ng ginagawa, puro practice, puro tambay tambay ayun lang. selosan. Selos? Kanino? Kay Jake at JL. Nah nevermind may Lance naman ako.

Anyway malapit na din ang exam. Naks nauuna pa ang practice ng graduation kesa sa exam musta naman daw yun?? Hmmpm at dahil malapit na ang exam nandito ako ngayon sa library. Tatal si Lance wala naman ngayon may practice siya ng soccer.

Haist.. kung bakit naman kasi ang hirap ng physics at advance algebra eh! Nakakainis sabay pa silang dalawa. I’m writing formulas and whatever nang biglang may tumabi saakin. Napatingin ako sa tabi ko.

“bakit ka nandito?” mataray kong tanong

“I saw you here..”

“so???”

“sasamahan kita..hapon na”

“no need”

“di mo naman ako mapipigilan eh” Akmang aayusin ko na yung gamit ko pero pinigilan ako at nagsalita siya.

“hey. let’s talk”

Huh?

“what are you saying? Are you nuts? Ano nalang iisipin ng girlfriend mo?”

“gusto ko lang naman kausapin ka eh”

“Jake naman.....please....wag mo na ako pinapahirapan!”

“SHARLOT I LOVE YOU!” hindi ko alam ireact ko

“I do love you and I’m wrong for not realizing it sooner. gago na ako kung gago pero Sharlot I love you.” It’s breaking my heart. hearing that is breaking my heart. I love him But Lance loves me and Jake loves me?

But who will I choose? Is it Jake? Or Lance?

“Sharlot...” Don’t talk. please? stop it!

“if it’s a lie, please stop it”

“totoo tong sinasabi ko” Tumayo ako.. I can’t take this. Gusto ko yung narinig ko pero what about Lance?

“you don’t need to answer me right away” Then hinalikan niya ako sa cheek kaya naman lalo akong di nakareact. Anong gagawin ko? Pinanuod ko lang siya habang palabas siya sa library. Ako nalang ang natira dito. Anong gagawin ko? Miyuki.... decide! Its either Jake or Lance?

ilang araw na ang nakakalipas. ilang araw ko ng iniisip yung sinabi ni Jake...

“saang school ka papasok?” tanong Gail

“dunno” sagot ni Lance. sige lang wag niyo pansinin.

Di ko din alam kung bakit di ako pinapansin ni Lance kanina pa. at si Gail naman mukhang nakakaahalata kaya naman parang si Lance lang ang kinakausap at hindi ako. sino ba talaga ang kaibigan niya? Ako o si Lance? Aaaaaaah! Nakakainis...

“Lance....galit ka?” tanong ko. But he didn’t reply. Okay??? He’s mad? Saakin?

Tumayo siya at nagsimulang maglakad. Di ko naman alam ang dahilan kung bakit siya galit eh. May problema ba siya? May kasalanan ba ako?

“Anong problema niya?” tanong ko kay Gail

“hmmm di ko alam eh” sagot niya

“anong gagawin ko?”

“sundan mo???” patanong niyang sagot

Anong gagawin ko? Galit nanaman siya di ko naman alam kung bakit siya galit. No choice kelangan ko malaman kung bakit siya galit sakin! Sinundan ko siya. Ganito nalang palagi? Sunod sunod sakanya?

“LANCE!!!” sigaw ko na parang akin lang ang hallway “Lance” sabi ko nung nahabol ko na

“What?” medyo pagalit ang tono

“bakit ka galit?”

“I’m not!”

“eh kung hindi---“

“I SAID I’M NOT!” Nagulat ako kasi sinigawan niya ako? Naiiyak ako. sinigawan ako ni Lance?

“k-kung di ka galit. bakit mo ko sinisigawan?”

“HINDI AKO SUMISIGAW!” nagulat lahat yung mga estudyanteng nasa hallway

“ANO BANG PROBLEMA MO AH?” pati ako napapasigaw na din

“WALA NGA!!!” And there!!! Di ko na napigilan! Naiyak na talaga ako.

“w-wala naman akong ginawa ah? a-ano bang kasalanan ko? Did I do something that made yo---“

“SHUT UP!” Then he left hindi man lang niya pinunasan luha ko? I can’t believe this!

Galit siya? galit talaga. bakit siya ganyan?

Mula nung araw na yun di niya ako pinansin as in! Alam niyo ba yung katabi ko siya pero ang layo niya? Yung tipong kasama ko siya pero ang cold niya? Bakit? Di na niya ako mahal? Ayaw na ba niya sakin? galit pa din siya sakin?

I’m sitting beside him, eating lunch with him but sad to say di niya ako kinakausap. Just GAIL GAIL AND GAIL! What the heck is wrong with him?

“Lance. you’re angry. what’s wrong? Bakit di mo sabihin sakin?”

“ask yourself”

“Lance di kita maintindihan! Ano ba talagang problema mo? Ilang araw ka ng ganyan ah. Ano ba talagang kasalanan ko sayo?”

“Nothing, so don’t ask. please? it’s nothing. i’m not mad Sharlot” he said

“I love you” he said sincerely then hinawakan niya yung pisngi ko...

“hindi ka galit???”

“hindi na...”

“na???”

“I’m not mad okay? So don’t ask” then he kissed my forehead

“Lance i like you” He smiled but a faint one. Did i choose the wrong word? Because of the word "like"? I can’t say that I love him now....I-I don’t know. Love him?

Sana kasi pwede ko na siyang mahal in kaagad kaso hindi naman agad agad nakakalimot. Ngayon pa na nalaman ko na..na si Jake ay mahal ako? Anong gagawin ko?

He held my hand then he smiled. I love his sweet stare at me right now. it makes me want to hug him. I miss his sweetness. I’m used to it na kasi. Di nga niya pinapakitang sweet siya pero nararamdaman ko naman. Feeling ko safe ako parati kapag kasama ko siya.

Now, **before graduation**. Gusto kong sabihin sakanya na **mahal ko na siya**. Na hindi ko na siya ginagamit kundi mahal ko na talaga Kaya sana Before graduation makalimutan ko na si Jake. Na sana wag ako mabagabag sa sinabi niya. Na mahal niya ako. Kasi may iba na ako
And that is **Lance**.

Chapter 33: Date (part 1)

I love you...

I love you???

Ganun ba kadalang sabihin ang salitang i LOVE YOU sa ex mo? Sa taong sinabihan mo ng *i tried to love you...* pero may iba pa din pala?

Jake...bakit mo ako pinapahirapan ng ganito? Oo nga’t mahal kita... pero at least masasabi ko naman sa sarili ko na..konti nalang LIMOT na talaga kita. Pero bakit ka pa bumabalik ngayon?

Kakatapos lang ng career talk. Career talk para sa mga undecided pa. Actually napahiwalay ako kay Lance at Gail. Kasi naman late ako nakarating kanina. Late na din kasi ako nagising. Nasaan kaya yung dalawa? Kanina ko pa sila tinatawagan pero di ko sila macontact. Unattended kasi eh. So naka-off talaga ang cp?

Lumabas na ako sa malaking room parang sinehan ng school haha. auditorium pala.

No Lance and Gail talaga dito... saan ko ngayon sila hahanapin? Wala namang tao sa classroom kasi naman uwian na. eeeeeeeehh?? ALAM KO NA!!!!

Kung uwian na...edi.... pupunta nalang ako sa bahay nila LANCE!!! Tama tama.. yun nalang!!! Ang talino mo MIYUKI.

At kagaya nga ng naisip ko. Pumunta ako sa bahay nila nahihiya ako. tama ba itong ginagawa ko? Eh kesa naman kasi di ko siya makita. Wala lang. gusto ko lang siya makita!!! Gusto ko lang siya kasama. Yung kaming dalawa lang. waaaaaaah Miyuki kung anu-ano iniisip mo.

At ito na nga! Nandito na nga ako sa bahay nila Lance.... I mean mansion nila Lance!!! Kasi naman eh ala-castle type ang bahay. Nagkakanapan pa kaya sila dito? Haha

Pumasok na ako sa bahay nila. Pinapasok ako ng maid.

“nasan po si Lance?”

“nasa kwarto po niya. Tatawagin ko nalang po para sa inyo”

“ah no. ako nalang po” Umakyat ako papunta sa kwarto niya kasi alam ko naman na kung saan eh. Luckily his parents aren't here as well as his sister KC. Nakakahiya kasi.

Pagkatungtung ko sa harapan ng kwarto niya..may narinig akong nag-uusap. Parang ang serious nga eh. Kaso di ko marinig yung tone lang ng voice kasi masyadong serious. At familiar yung kausap ni Lance... i mean...mga kausap???

Nahihiya namna tuloy ako pumasok. Kasi natural parang ang seryoso nila tapos. >.< papasok ako bigla? Ay naku. Sige mag-aantay nalang ako dito. Pero... curious lang ako.

Makikinig na sana ako pero biglang bumukas yung pinto at nakita kong nagulat sila.

I thought so. Tama ako. anong ginagawa dito nina Ales at Gail?

“what are you doing here?” asked Lance

“bawal ba kita puntahan?”

“nah -__-“

“Gail bakit kayo nandito?” tanong ko din. Then parang nag-freeze sila dahil sa tanong ko

“w-wla naman” nakangiti pa si Gail nung sumagot

Oh. gusto ko pa sana magtanong kaso.. si Lance kasi parang ang sama ng tingin. Yung tipong "don't-ask"

“geh Lance alis na kami.” Said Ales then hinila na niya si Gail at umalis na

“so, You. What are you doing here?” biglang tanong saakin ni Lance..

“bawal ba?” nagpout pa ako. sige Miyuki pacute ka pa sa syota mo! Haha

“no...” Ngumiti ako yung super wide

“What's behind that smile?” sabay tinaasan pa ako ng kilay

“eh Lance....”

“What?” Ako ba talaga mag-aaya? Eh bored na din naman ako eh

“Lance...date tayo ^^”

“Why all of a sudden?”

“Eh basta! Ayaw mo? Sige uuwi nalang ako. Sayang naman effort ko. Tapos aayawan mo lang pala ako. sayang talaga” sabi ko habang naglalakad ako papalayo para makonsensya at makikipag date na sakin! Haha

Hala? Miyuki? Ikaw ba ito? Ikaw na nag-aaya mag-date ayos lang naman yun diba? Kasi naman ang boring naman. Biglang may humawak sa siko ko. YES!!! Hahaha... payag na to for sure. alam ko di ako matitiis ni Lance

“Fine.. where to?” see? Di ako matitiis haha

“amusement park!!!” I heard him sighed.

“ayaw mo???” tanong ko tapos siya nilabas lang niya yung isang kamay niya sa bulsa niya saka siya nagkamot ng ulo...

“tara na nga... kung bakit kasi----“ Ehh??? Ano daw??? Di ko narinig >.<

“ano yun???” tanong ko

“wala”

“eh meron eh!”

“wala nga ang kulit”

“meron eh” sabi ko saka ako tumigil sa paglalakad.. kaya naman napatingin siya sakin...

“I said... kung bakit naman kasi di kita matiis!” biglang nag0init yung mukha ko!

“Come” sabay kuha niya sa kamay ko saka kami naglakad

Todo na ito! he’s too good to be true! He’s too perfect to be my boyfriend. Kinikilig ako! Paglabas namin sa bahay nila ang saktong pagdating naman ng kapatid niya.

“yieeeeeeeeeee may date kayo??? Holding hands pa eh”

“paki mo? pasok ka sa loob” said Lance. Tapos tumakbo naman itong si KC haha.. ang cute talaga nitong magkapatid na ito. Dumiretso si Lance sa motor niya. No way? Sa motor kami? >.<

“Lance...”

“ano nanaman?” Hala? Badtrip ba siya?

“eh Lance..= nakapalda ako”

“sa car nalang tayo”eh mas lalong ayaw ko!!!

“commute tayo?”

“hah?”

“commute tayo” nakangiti pa ako! Haha

“Miyuki...” Say what??? he called me Miyuki?

“bakit mo ko tinawag na Miyuki?”

“sinubukan ko lang”

“parang di naman”

“tara na nga” sabi niya saka niya kinuha kamay ko at nagsimula na kaming maglakad papalabas ng bahay nila. Magcocommute siya hehe... Nandito kami sa amusement park. Ang galing. Ang daming tao.

“Lance! Bili tayong cotton candy!”

“wag...matamis yun”

“eh gusto ko yun..tara na please???”

“no...”

“Lance naman....

”

“I said no... baka lalo ka pang mahyper”

“aish..sige na nga.... tara nalang sa roller coaster!!!”

“sure ka?”

“oo bakit? Takot ka ba?” Bigla niya ako hinila papunta sa may roller coaster saka kami pumila.... Grabe. jinojoke ko lang eh

“pag ikaw sumigaw...may parusa ka sakin” he smirked. Hala? Ayann nanaman yang parusa thingy. kakaloka..paano kaya ako di sisigaw? At eto na kami na ang next!!!

Pwede na kaya magback-out? Kinakabahan na ako.

“Lance??? Pwede ban----“ Nagsmile siya..then nagsalita

“no Bah. tayo na next...” medyo malokong pagkakasab. Patay. ayaw ko na ata? may parusa pag tumili eh. Waaaaaaaaaah. Tapos..bigla nalang... ayun kami na pala!!!!

“tara” he said smiling. So he’s enjoying this! anong gagawin ko? Di naman pwedeng.... ay bahala na nga!

“di ako sisigaw” sabi ko

“sure panindigan mo ah” sabi niya saka siya tumawa

“ang bad mo!!!”

“that means you’re mine. Kaya wag mo sisirain”

“hai hai” (yes) Yieeee kinikilig na talaga ako!!!

“ano muna yung numbers?”

“L-A-N-C-E. so you’re mine wag mo yan tatanggalin” he said

“eeehhh bakit ang sweet mo?” i asked

“i want you. more than anything else. saka”

“saka???”

“i’m trying to get your heart .para akin ka lang” >///
<

“cotton candy?” sabay abot niya yung blue na cotton candy yieeee dyahe kinikilig na ako

“t-thanks”

“diba sabi ko pag magth-thank you ka. you need to kiss me?”

“TSE! Manyak” mahina kong sabi kasi baka pag may nakarinig akalain totoo totoo naman talaga

Tumayo siya..

“saan ka pupunta?”

“bibili ako ng pagkain. I’m hungry” then he left Ang boring..wala na yung kinukulit ko >.<

Tinitignan ko yung bracelet... anu ba yan! Kinikilig talaga ako haha... never akong sinabihan ni Jake ng ganun. Tapos si Lance..sasabihan ako ng..“you’re mine.. saka ng i want you more than anything else”? kilig talaga! Aish.Onti-onti na talaga ako nafafall sakanya...

“hey miss wala kang kasama?” sino naman to? Kala mo naman kung sino! ang mukha naman naku..waley na waley!

“may kasama ako” masungit kong sagot

“pare pa hard-to-get pa oh” Aba? Epal to ah

“di naman ako pwedeng tumayo basta basta dito baka mamaya di ako mahanap ni Lance” Wag ko nalang sila pansinin

“sige na miss sama ka na muna samin”

“oo nga...okay sige kung ayaw mo. Number mo nalang?” Aba? Loko to... number ko daw! As if!

“that’s my girl” napatingin ako..at LAST!! Lance is here

“ah...Lance....Lance Mariano ka diba?”

“yeah” Teka kilala nila si Lance?

“move out!” he said tapos umalis na sila . so hindi pala talaga siya nagbibiro nung sinabi niyang,...he’s a fighter?

“bakit ka nila kilala?” tanong ko na painosente effect pa!

“they were my classmates back then“

“owww i see” Tapos inabot niya yung foot long

“eat that”

“ehhh? Tong buo?”

“oo”

“pinapataba mo ba ako???”

“oo”

“at bakit?”

“mas type ko chubby” Anak ng tipaklong! balak pa pala ako patabain nito!!!! Haha

So after namin kumain pumasok na kami sa haunted house akala ko nakalimutan niya. Hindi pala. Nakakatakot at dahil ang bilis ko tumakbo ngayon!!! Napahiwalay ako kay Lance.

“LANCE???” tawag ko kaso mga multo ang lumapit saakin kaya sigaw nanaman ako saka takbo. Lance I’m scared. kahit sabihin pa nating tao talaga mga ito! Ang dilim pa din!!! Sa kakatakbo ko... nung hinila ako nung mumu nasira yung bracelet. kasi nahila nung multo kaya naman napauupo ako.. tapos umiiyak na ako? Eh natatakot ako kay Lance. Nasira ko yung bagong bigay palang niya. yung proof na..”I’m his”

“Lance” I said in a low voice. Now i’m siniffing and sobbing.

Pinupulot ko yung napatid na bracelet. Yung proof. Na sakanya lang ako... nasira na..

Tinatangka kong ayusin pero di ko naman makita. Hindi ko na mapigilan umiyak ng tuluyan

“what are you doing? Bakit ka nakasalampak dyan?” tanong niya

“Lance”

“bakit ka umiiyak?” umupo din siya

“are you scared? Sorry” he apologized sabay punas sa luha ko

“no...not that....”

“bakit?” malumanay niyang tanong. He’s being too sweet again

“the bracelet....”

“what about it?”

“nasira kanina. sinusubukan ko naman ayusin pero di ko maayos.... Lance..... sorry” pumatak nanaman yung luha ko. but he smiled in return.

“don’t cry. papalitan ko nalang”

“ayaw... gusto ko nito. bigay mo to..tapos di ko man lang iningatan”

“okay just stop crying okay? Aayusin ko yan”

“p-pero....”

“no buts Sharlot tumayo ka na and don’t cry. just smile” pinupunasan pa din niya yung luha ko

“sorry” i apologized once again

“it’s okay... at least.. you tried to fix it” Then lumabas na kami sa haunted house...nakakainis yang haunted house na yan... nasira ko pa tuloy yung bigay ni Lance... so bad!!! Pero.... i’m enjoying this date. Sana mamaya madami pa kami gawin... ang saya kasi niya kasama. Nakaupo ulit kami... pero this time sa isang restaurant.... sinusubukan niyang ayusin yung bracelet.

“gusto ko sa Ferris wheel” HALA! Why all of sudden Lance? Ayaw!!!

No...

Ayaw ko...

Haunted house nalang ulit! hwag lang sa Ferris wheel!

Chapter 34: My Sadist Lover (date part 2)

hwag dun. Ayaw ko nung ride na yun. Ayaw. Inaayos pa din ni Lance yung bracelet. Di pa din niya nakakabit

“hey... “ tawag niya sakin

“bakit?”

“I said I wanna ride the Ferris Wheel”

“eh? Ano...kasi. Lance...”

“It’s done...” sabi pa niya kasi naayos na niya yung bracelet....

“ah.. thank you” sabay kuha ko sa bracelet.. pero di niya binigay kasi sinuot niya sakín

“you better take care of this”

“yeah I will. Bigay mo ata to. Ito ang unang bigay mo sakín ngayong tayo na”

“good.”

“so as I’ve said...tara sa Ferris wheel” hala naman

“Lance.... the truth is...ayaw ko ng Ferris wheel”

“why? Takot ka sa heights? Sumakay ka naman sa roller coaster kanina” he said, confused.

“eh kasi...”

“tsk... bakít ayaw mo?” parang naiinip niyang tanong

“Lance....it’s because”

“what?” Di ko kayang sabihin kay Lance. the truth is sa Ferris Wheel na yan. Sa amusement park na ito. Dito ko sinagot si Jake..

Hinila ako ni Lance...

“please?? Just once.... please?”is he really Lance Mariano?? he just plead???

“tsk..ayaw mo? Okay” sabay nag pout pa ang BATA!

“OO NA!”

“napipilitan ka eh”

“no....”

“oo kaya”

“no nga...”

“oo napipilitan ka umamin ka na kasi”

“edi wag kasi” tutal ayaw ko naman talaga eh

“tsk tara na nga” Ay ang gulo talaga nito!! Hinila niya ako papunta sa Ferris wheel. Grabe siya. Para siyang bata !!!

“oi..para kang bata!” bulalas ko

“sa hindi pa ako sumakay sa mga ganito” Ano daw? Hindi pa siya nasakay sa mga ganito?

“eeh?? Di nga? Di ka nagbibiro???”

“oo nga hindi pa!”

“eeeeeeehhhh????”

“don’t act stupid!” Eehhhh??? Di talaga ako makapaniwala then first time niya pumunta dito. tapos ako pa ang kasama?

“b-bakit ka di pumupunta dito? Panu kayo nag date ng mga ex mo? Si ales? Mommy mo? Kapatid mo?”

“I’ve never dated someone here before. It’s a child thing” he explained

“oi! Grabe ka naman! Hindi naman to pambata... saka isa pa... 17 ka palang. Bata pa tayo oi! Edi ayaw mo pala dito pumunta kanina?” tanong ko

“yeah”

“eh bakit ka pumayag?”

“coz you like it” Ay naman ihhhh! Mapagbigyan na nga ito sa ferris wheel daw eh..

“tara na” aya ko

“you don’t like it..so nevermind”

“hindi...tara na...” I said saka ko siya hinila

Eh kasi excited ako! si Lance kasi haha..first time daw? Hahaha natatawa tuloy ako. how did he spend his childhood days? Haha Pero may halong...ewan..lungkot? bitterness? ‘Coz of the Ferris wheel?

Lance POV

Tsk.. even if she’s smiling

I know.

She’s thinking about him..

AGAIN! Shet... naiinis na ako sa totoo lang.

Ang hirap na magpakasweet. but I can’t stop it. This is my way of doing things. Especially when it’s for her.... it’s natura.

Sumakay kami sa Ferris Wheel. isip bata na din ba ako? This is my first time here in amusement park... so i wanna try this kind of things.

“Lance.... are you sure you wanna ride this one?” Is there something wrong? I saw some girls pulling their boyfriend just to ride this one.

“Are you afraid of heights?”

“no! kelan pa ako natakot sa mataas?”

“then why?” Am i not good enough? Can't i replace him? Immediately? I don't wanna hurry her but the thing i heard. I'm afraid that anytime. I will lose her even if she's never been mine. She's still in love and he loves her. I'm just a rebound. A person she's using to forget someone. This is gayish. Falling in love at this age sucks! We're here inside the..hmm what you call this thing? Well it's a house shape but it's a ride. Weird -__-.

I'm watching her. She's not talking. She's not her usual self again. Did I do something that made her feel that way? Siopao =___=
I can't handle girls like her. I'm sitting in front of her. And I noticed while watching her.

“What's wrong? Di ka mapakali?”

“ah-nothing nothing...” she answered

“really?” Kung ganun bakit parang may tinatago siya? Tumayo ako sa kinakaupuan ko

“hey..umupo ka baka mamaya....—“ di ko na siya pinatapos. I pulled her. I knew it. May tinatago siya.

“Lance.....kasi---“

“so that's the reason why huh?”

“Lance....”

“you know what? masakit. “

“Lance...” medyo nangingilid na yung luha niya. I don't want this

“i love you.....alam kong nasisiyahan kang saktan ako”

Sh*t! Why did I say that?

“Lance...no....I- I love you....Lance I think I love you”

“you think? YOU THINK? Wow! I'm happy!” Coz I know .it's just an alibi.

“is that your way of showing your LOVE?”

“Lance please don't hate me. Please don't.” now she's crying. perhaps she can't take my words. I don't hate you but **THE HECK IS THAT LOVE!**

“you're a sadist.” I whispered. Tinignan ko ulit yung vandal na nakasulat

I love you Jake Russell de Vera :D

-Miyuki Sharlot Parco

Our first day together as a couple. I love my girl.

-Jake Russell de Vera

Nakakaloko.

“Lance....” she’s wiping something on my face. I hate the fact that I’m crying.

stop thinking of that stupid GUY!

“Sharlot.....I love you.....**my sadist lover**” I just love her so much that even they already broke up... that even if she’s with me. I’m still jealous. I’ve got myself a sadist lover. A girl that is slowly breaking my heart into pieces. A fact that I can’t deny. A fact that I wanna change. A fact that can change me into someone.. A heartbreaker. that she, herself doesn’t know...

Chapter 35: LUCKY

Sharlot’s POV

After that incident, we went home. Then when i checked my facebook account... awww.... Lance Mariano is in a relationship and it’s complicated with Miyuki Sharlot Parco. Awww

“nakasimangot ka dyan” ani ni Kuya Rex

“may kasalanan ako kay Lance” i said sadly...

“WHAT??? anong ginawa mo???” tanong pa niya

“nasaktan ko siya..”

“wag mong sabihing niloko mo yung taong yun?”

“NO!!!”

“eh ano pala???” Di ako naimik and i think alam na din niya...

“jake?” he asked and i nod in return

“you still love him?”

“well i can’t say that naman po... kasi... everytime i’m with Lance... masaya ako... and i think...i’m starting to fall for him”

“ay ang tanga mo pala prinsesa.. masakit naman kasi yang ginagawa mo. You’re hurting him... man’s pride Miyuki.... you’re stepping on his pride... i think? Well sa nakikita ko mahal ka ni Lance. Pero kung patuloy mo siyang masasaktan.. di natin alam ang mangyayari... Princess choose... you better choose...” Is it whether to answer Jake...or choose to be with Lance?

i don't wanna leave Lance... i don't wanna break up with Lance. i don't wanna because i'm not sure. i'm still confused

di ko alam kung gusto ko pa ba siya o mahal ko na talaga siya. nalilito pa ako. Jake that jerk.. bakit kasi lagi siyang nagpopop-out sa utak ko!

Kinaumagahan nagpunta ako sa may soccer field. Then i saw his teammates playing... pero si Lance wala... lumapit ako dun sa manager ng team nila. At tinanung ko siya kung nasaan si Lance.

“asan po si Lance?”

“ayun oh” sabay turo pa dun sa tumatakbo around the field. Hala? Bakit kaya siya tumatakbo dun? Na-late ba siya?

“hey...nag-away kayo?” asked Ales. di ko man lang siya napansin dito

“...parang...siguro...ewan ko...” sagot ko naman.

“ano??? Alam mo di ko kayo magets na dalawa. Nakakainis kayo”

“bakit? Ano bang sinabi ni Lance?”

“nah... kaya lang naman siya tumatakbo dyan sa filed ng 30 laps...kasi naparusahan siya”

“eeeeeehhhhhhh??? Bakit???” tanong ko

“he was caught...”

“caught???”

“drinking... ang smoking....”

“WHAT???? ke-kelan pa siya natutong mag-smoke? Uminom?”

“hmmm i guess kagabi???”

ALESANA'S POV

FLASHBACK

sinundo ako ni Lance sa bahay. Then pumunta sa bahay ng isa pa naming kaibigan. Classmate siya ni Lance nung 2nd year high school siya. And that time ako ay 1st year pa lamang. Anyway birthday kasi ni Ivan. Siya yung pinuntahan namin ngayon at may inuman session dito!

Anyway alam ko naman na hindi papayag si Lance na uminom kasi bawal siya niyan pag nalaman ng dad niya.. lagot siya... naku.. lalo na pag nag-smoke yan! Sapok ang makukuha niya sa mommy!!! She hates smokers kasi... so alam ko wala naman akong alalahanin.

Pero...

“OI! Lance nandito ka na pala” said Ivan na medyo may tama na.

“happy birthday” dry na bati Lance..

“salamat! Oh inom ka naman dyan”yaya ni Miguel. Kampante ako na hindi tatanggapin ang inaalok sakanyang shot glass. Pero. Nagkamali ako! Kinuha niya yung inaabot sakanyang glass then inom! With just one gulp!

“naks pare..may problema ka? Di ka tumanggi ah”

“nah” sagot niya. mukha ngang may problema.

“ei stop drinking” i said nung nakaka tatlong shot na siya..

Di kaya yan malasing kaagad? Ang alam ko bihira siya uminom pero occasionally lang talaga. Kunyari pag nandun ang parents pero... sa ganitong sitwasyon? Di naman yan umiinom. **NGAYON LANG!!!** kasi yung ibang celebration nung ibang tropa niya di naman siya umiinom as in **NGAYON LANG TALAGA!**

“Lance i said stop” nakakailang shot na siya! Then tumayo yung dalawa.

“Oi Lance... gusto mo din?” saka niya inilabas yung cigarette

“i’ll give it a try” he said smiling then kinuha nga niya yung inabot! Grabe na to!! ano bang problema ni Lance? Sinundan ko siya kasi naman eh... kung anu-ano ang tinuturo sakanya. At tong si Lance naman OO lang ng OO! He’s stupid! Kelan pa siya nagpakastupid!

“LANCE!!! ANO BA? Tumigil ka nga. Pag yan nalaman ng dad mo...LAGOT ka” banta ko

“i don’t care” he said emotionless. what’s happening to him?

“Lance... ano bang problema mo?” mahinahon kong tanong

“it’s none of your business”

“I’m still your bestfriend....so tell me!”

“SO WHAT? parepareho naman kayo eh” Ano daw? Parepareho? Lasing na nga ata to. Bumalik siya sa table... then nag-inom ulit

“oi pare... hinay hinay lang” sabi ni Monmon

“Wag niyo nga ko pigilan!...” saka uminom ulit. Hala mga ilang oras na ang nakakalipas.. maybe 2 hours? Ghad... he’s now drunk!!! So drunk!

Tawa na siya ng tawa.. parang timang.. hindi na cool ang bestfriend. teka nga? Parang hawig na tuloy sila ng kapatid niya! tawa ng tawa...hala jusko po! Ganito pala malasing si Lance..

“Pero pare..... a-ano ba talagang problema mo ha?” tanong ni Monmon

“problem? Hahaha... I don’t have one” he said... pero tanga nalang ang maniniwala dun!

“hindi nga?” tanong pa ni Ivan

“Babae,,,” he finally confessed pero BABAE? OH NO!!! THEN is it because of MIYUKI? Nag-away sila?

“nag-away ba kayo?” tanong ko

“I don’t know” Wow sumasagot ng matino pero nakakainis...lasing na eh

“pero seryoso..nag-away kayo?” tanong ko

“mahal pa niya yung gago” then..ayun.... hala? Teary-eyed na si Lance. Di ako sanay na nakikita siyang ganito

“ang gago ko din eh..maiinlove nalang sa taong may mahal pang iba” At tapos uminom lang siya ulit ayaw papigil

end of flashback

Tinatanong niyo siguro ngayon kung paano nahuli? Well simple lang yan. Ikaw lang naman ang magising...na..... na...biglang nandun ang coach. Kasi naman tumawag sakin si Coach tinatanong kung nasaan si Lance...kasi... hini daw siya sumasagot... so ayun... amoy alak pa siya. Tas nakita yung upos ng sigarilyo sa kwarto niya

Patay... pasalamat siya at wala dun sina tito Jun at tita Llan. So ayun nakwento ko lahat lahat kay Miyuki....

“mamili ka girl.... taong mahal ka pero hindi mo alam kung mahal mo... o tong mahal mo pero hindi ka mahal” I said...in a low hoarse voice...

“oh wait.. Lance said, he heard something pala”

“what is it?” she asked curiously

“sabi niya... nung nasa library ka.... he saw you....with Jake.....” Makikita sa mukha niya ang gulat...

“no.... bakit....bakit di niya ko pinuntahan?” medyo nanginginig pa yung boses niya

“coz he heard what Jake said to you... that’s what he said to us yesterday”

“p-pero. bakit di niya ko nilapitan? Then you mean nung ang cold ng treatment niya sakin... ibig sabihin..dahill sa....----“

“yeah... and... you know what yesterday... nung nakita mo kami magkakasama nila Gail....we’re talking about you... and talking about...this vacation..... kung-----“

“ALES!!!!” sigaw ni Lance. Oops Lance is here... di ko masasabi kay Miyuki... well i’m not in the position naman kasi...so ayun..

“ano sinasabi mo?” tanong pa ni Miyuki

“wala...wala...nevermind aalis na ako..may pupuntahan pa ako eh” i said. para naman mabigyan ng privacy yung dalawa. Kasi naman.....kelangan talaga nila yan. Natatakot lang kasi talaga si Lance na mawala sakanya si Miyuki.

Kasi oo nga’t sila daw ni Miyuki pero... hindi naman niya alam ang nararamdaman nito para sakanya. He’s jealous... what if bigla daw pala sinabi ni Sharlot na mahal din niya si Jake? What if.. nung sinabi ni Jake na mahal pa niya si Miyuki umamin na din siya? Paano nalang si Lance? This is the first time... he cares about a girl. His first time to fall in love with a girl. Who, he doesn’t even know, what she really thinks. aalis pa naman si Lance this vacation. what if sa panahon na wala siya. what if gumagawa na ng move si Jake? Kaya kahapon nung magkakasama kami. He asked us to watch over Miyuki kasi naman daw di daw niya alam kung happy ba si Miyuki sakanya. Shete ang drama ng bestfriend ko sa totoo lang.. One thing. Hindi man halata pero he really cares about her. She’s lucky To be loved by a man like Lance Mariano...

My ex-lover...
My bestfriend

Chapter 36: Magic words

Sharlot’s POV

Naiwan kami ni Lance ng kaming dalawa lang. naglalaro yung iba. At yung coach naman nila di pa naman nagagalit na hindi pa nagprapractice si Lance.

“uminom ka daw?”

“who cares” sagot niya ng di man lang tumingin sakin

“Bah.....”

“what?”

“yung kahapon...kasi....”

“nah.... about that..sorry kung iniwan kita dun kahapon” he said casually

“i-it’s okay”

Ako dapat nagsosorry... pero natatakot akong baka magalit siya sakin pag nagsorry ako. paano nalang kung iba ang isipin niya sa sorry? And besides... di ko din alam kung bakit at anong dahilan ng sorry ko. Dahil ba nasasaktan siya sakin? Pero syempre lalaki yan eh. Ayaw ko naman pangunahan pero kasi...

“wala ka ng sasabihin?” tanong niya

“hihintayin kita” sagot ko

“wag na... maiinip ka lang”

“hindi... hihintayin pa din kita”

“bahala ka”

Pumunta na siya sa coach nila. Pinasok na siya sa practice game. At ako? nakaupo lang dito sa ilalim ng puno. Naaalala ko pa, ang sabi niya na sakanya lang daw tong puno na ito. Isip bata pero ang cute lang kasing isipin na may mga ganoong tao pa din. Angkinin ba ang bagay na di dapat?

Napakabuti ni Lance. Wala na akong hahanapin pa sakanya. Mahal niya ako at sa tingin ko naman mahal ko na din siya. Alam ko sa sarili ko naguguluhan pa ako pero lahat ng ginawa ko kasama si Lance yung pagtyatyaga ko sa ugali niya? Wow... nag-eejoy pa nga ako sa totoo lang. i love his attitude especially his poker face, gustong gusto ko din siya pinapanuod maglaro ng soccer. Kagaya ngayon, pag pinapanuod ko siya para bang...nag-eejoy ako? ang sarap kasi niyang panuorin buti di siya nangingitim? Ang init kaya. ano bang sabon nito? Bakit ba nasingit yang sabon na yan? Tsk

Humiga ako at pinapanuod ang ulap. Yung isang ulap shape ng ulo ng rabbit. Rabbit? Kainis naalala ko nanaman sabihan ba naman akong Rabbit? Dahil nakita yung design ng aish... nakakainis... tapos Kyaaaaa...ang clumsy ko palang nilalang? Naalala ko bigla yung sinabi ni Lance na... SADISTA DAW AKO!!! tapos...sadista daw ako kaya may dugo yung rabbit! Bakit ko ba yan naalala? >///
<

“you’re blushing” Napaupo ako ng di oras.

“L-Lance nandyan ka na pala” Tumingala siya at saka Ngumiti....

“hmmmm Rabbit shape hah?” then he smirked. Nagpout lang ako.

Umupo si Lance at sumandal sa puno. Naglabas ng aklat saka nagbasa. Yung binabasa niya parang horror ata yun? Suspense? Di ko alam wala naman akong hilig sa pagbabasa. Usually pag ganitong magkasama kami kinukulit lang niya ako. pero sa nakikita ko bumalik siya sa dati niyang ugali. Yung di namamansin at basa lang ng basa ng libro. Eh simula nung naging kami di na siya nagbabasa. kapag kasama niya ako lagi lang kami nag-uusap tungkol sa mga bagay bagay.

“Lance....” mahina lang ang pagkakasabi ko. Pero di niya ako sinagot. Galit ba siya?

“nag-aral ka na ba para sa exam natin next week?”

“no” ang tipid sumagot

“ah..eh kelan mo balak mag-aral?”

“no need” sagot niya saka niya nilipat yung page ng binabasa niya

“ah...hmmm so di ka na mag-aaral?”

“yeah” Pfffft di ako sanay... ang tahimik ni Lance.

“Lance galit ka sakin?”

“no”

Hindi daw? Pero bakit siya ganyan sakin? Naiirita na ba siya sakin? Ayaw na niya sakin?

“then are you hmmm are you jealous?” Sinara niya yung libro niya...

“ah....halata na ba masiyado? Yaan mo susubukan kong kalimutan ka na para naman pag nakalimutan mo na si Jake. At least natulungan kita. At siguro naman sa panahon na yun...wala na din akong nararamdaman para sayo”

Diretso lang niyang sinabi. Bakit ganun? Nasasaktan na ako. Parang sobrang sakit nung sinabi niya. Di ako agad nakareact. Kakalimutan niya ako? Then i'm right. He's tired of me. Tama nga naman. 'di ko siya deserve. Pinapahirapan ko lang siya. Sinasaktan ko lang siya. Ginagamit ko lang siya

“and besides this is for your revenge. i told you before right? That I'd help you” Awww. Tama na Lance. Please.

“at sa tingin ko naman gumagana. see? He confessed right? He said he loves you” </3

“lance....st----”

“nasayo lang naman yan eh. It's either you'll accept him again...or to hurt him” Napayuko ako sa sinabi niya. Bakit ba? Bakit ang sakit marinig ng mga salitang yun lalo na't galing sakanya?

“sabihan mo lang ako if we'll stop this game” he said smiling. Game? For him this is a game? O kaya lang naman niya yan sinabi kasi... ayaw niya akong maguluhan...?

“if you truly love him...i'll let go of you” he's now looking at me

“kesa naman maging hadlang pa ko sainyo....” No.... don't say that. Pease. Stop it

“kasi parang ang tanga lang kasi eh.... mahal niyo pala isa't isa tapos ganito....shet... kahit papano alam ko naman ang tama sa mali” Lahat ng sinasabi niya may point... pero mahal ko pa nga ba si Jake? Mahal ko ba siya dahil iniisip kong mahal ko siya? At bakit ako nasasaktan ngayon? Dahil ba nakikita kong nasasaktan si Lance? o dahil mahal ko na siya at ayaw ko ng marinig pa ang mga salitang patuloy niya pang binibitawan?

“Sharlot just tell me. sabihan mo lang ako ng gagawin. and i assure you. i'll do it” naghahari na ang katahimikan. Di ko alam ang isasagot ko.

“so much for this...” tumayo siya saka nagpatuloy mauna na ako” at naglakad na siya. Wag mo kong iwanan. Lance...please? Wag. Nakadepende na ako sayo mula nung naghiwalay kami ni Jake. Ikaw laging nandyan pag may problema ako. Lance. Bakit ba naiisip kong pag naghiwalay tayo di ko kakayanin?

Lance. Gusto ko siyang tawagin pero. Wala akong lakas ng loob. Hanggang sa tuluyuan na nga siyang nakaalis. Ang bobo mo Miyuki.

“ang bobo ko” I felt the hot fluid running down on my face. i'm crying againbecause of a guy but this time, For Lance.

kinaumagahan, inutusan kami na magtutor.

Nakakainis wala ako sa mood magturo eh.

Tsk... si Lance hindi magtuturo. Tinatamad daw siya. Buti pa siya nasasabi niya yun sa teacher

Yung top 10 ng batch ang magtuturo at dahil nga wala si Lance 9 lang kami at syempre including JL and Gail. Lahat sila may tinuturuan na. ako nalang wala. Bakit? Students na din mamimili kung sino magtuturo. Pero ayos lang na walang pumili sakín. Nakakatamad din kasi.

Nakadukmo lang ako sa mesa. Iniisip kung paano ko makakausap si Lance ngayon napaghahalata na iniawasan niya ako

“bakit kasi ganito ang buhay?” sabi ko

“kinakausap mo sarili mo” Napatingin ako sa nagsalita.

“so???”

“ang sungit mo na. nahawa ka na sa boyfriend mo?”

“anong paki mo?” Tama ang sungit ko na nga at sakanya? wow? Is this really me? Or just another me?

“nagbago ka nga... you’re not the Miyuki I had a relationship with”

“it’s Sharlot” I said...

“kelan pa?” Kelan pa nga? Nasanay ako kay Lance..

Lance Lance Lance!

I knew it! I love Lance!

Tumayo ako bigla “thanks Jake” I said

“for what?” he asked. Kasi narealize ko na mahal ko si Lance....

“for hurting me” I answered. Nakita ko nagform ng sad face yung mukha niya. Palabas na ako sa room ng biglang nagtanong si Gail.

“saan ka pupunta?”

“hahanapin ko si Lance”

“si Lance ba? Di pa ba niya nasabi sayo?”

“ang alin?”

“aalís siya sa papunta ibang bansa this summer. Inaayos niya ngayon yung mga papeles niya kasi after nung exam diretso na daw siya... ang balita ko nga nauna na dun yung parents niya” What? bakít di ko alam yun?

“eeehhh? Asan na siya? Alam mo ba kung nasaan?”

“umuwi ata?” Aish asar naman si Lance eh! Bakit di niya sinasabi sakin?

“yah! sige una na ako!” Sabi ko saka ako tumakbo. Malay mo maghanap yun ng magandang babae? Sa gwapo niyang yan? Baka siya pa ang mahanap. No...baka magkagusto siya sa iba. OA na ba ako? Eh hello? After ng exam? Ibig sabihin di siya aattend ng graduation? Eeeh??? Iwan niya ako dito? NO! Agad agad akong nagpunta sa bahay nila. And yeah! just in time!

“what are you doin here?” tanong niya nung bigla akong pumasok sa kwarto niya... di na din kasi ako kumatok. Tumulikod ako kasi naman topless kasi. nahiya naman ako pero gusto ko pa tignan. Joke! parang ang ano lang kasi alam niyo yun? Hot? aish SHARLOT! Stop.

“I’ll ask you again... what are you doing here in my room without knocking on the door first?”

“sorry”

“I asked you and that’s your answer?”

“no. ano kasi”

“what? I don’t have time Miyuki”

“ah. don’t call me MIYUKI!!!”

“yeah whatever”

“Lance...”

“what?”

“kasi.... ano....”

“ano???”

“ano kasi.....” Ang hirap naman nito.

“you know what..kung nandito ka lang para asarin ako... wala akong oras... nagmamadali ako”

“Lance. aalis ka daw? Pupunta ka ng ibang bansa?”

“yeah?”

“what? bakit hindi mo sinabi sakin? Isa pa... iiwanan mo na ako?”

“huh???”

“Lance...please don’t go...wag mo kong iwanan”

“hah???”

“wag kang makipagbreak sakin”

“.....” He seems confused. waaaaaaaaaaaaah

“Lance.”

“sino ba nagsabi sayong aalis ako?”

“Si Gail”

“that girl. what did she tell you?”

“that you’re going abroad after exam”

“yeah...”

“then...ganu katagal? Taon ba?”

“huh?”

“I’m asking you! Years ba?” Ewan pero parang natatawa na siya. dahil ba ang panget ko magpanic? Hello? Di ko pa nasasabi sakanyang mahal ko siya tapos iiwanan na niya ako?

“migrate ba?”

“Lance! Answer me !!!”

“hahahahahaha. you’re funny ahahahaha”

“huh???”

“admit it first Sharlot” saka niya ako hinawakan sa waist. he wrapped his arms around me. Kyaaaaaaaaaaaaaa.. Ang lapit niya....

“a-a-anong i-a-admit ko?” tanong ko Nilapit niya yung bibig niya sa tenga ko. I can feel him breathing at nakikiliti ako. Waaaaaaaaaaaaaaah putek naman eh.

“that you love me” he whispered. Wth? Ganun ba ako ka-obvious kanina?

“ano na? I’m waiting” Hala >.<

“i-i lo—” Hindi ko matuloy nahihya ako sakanya

“ano na? you what?” he’s teasing me! Ang mean! Tumingin ako sakanyang mukha at nakahawak pa din siya sa waist ko.Ghad. Masasabi ko ba? Nahihya ako!

“I-.....I love you” i finally said the magic words! Pero dahil nahihya ako tinago ko yung mukha ko sakanyang chest. ang init na ng mukha ko. kasi naman eh..

"di ko narinig yung I love you mo...again!" What? di daw niya narinig? Inulit nga niya eh >.<

"ayaw..."

"dali na"

"no..."

"dali! Kundi tutuloy ako sa pag-alis"

"eeehhhh!!! Naman eh...."

"one....two.....I'm waiting Sharlot"

"I said I love you"

"that's my girl...." tapos nilayo niya ako sakanya

"aalis ka pa din ba?" tanong ko medyo mahina lang ang pagkakasabi

"yes" Nalungkot ako sa sinabi niya

"bakasyon lang naman yun. Isang buwan lang" dagdag pa niya. What the heck? ISANG BUWAN LANG? ang drama ko kanina pang ilang taon yun! Nakakahiya! Kaya naman pala tinatawanan niya ako. Tapos ayon napaamin na ako ng di oras. He cupped my face..

"I thought you wouldn't love me back... I thought I'm hopeless" he said

"kanina ko lang din nga nalaman"

"tsk...then now that the feeling is mutual.... pwede ko ng gawin yung ginagawa ng mag-on? Without asking permission?"

"what do you mean?"

"like hugging, kissing and so on." >

Ayaw ko na ata? Nakalimutan ko...medyo may pagka perv si Lance. Ngumiti siya then Nilalapit niya yung mukha niya. Oh no..

Nagulat nalang kami nang biglang bumukas yung pintuan.

"ooooops sorry akala ko si kuya lang nandito. sige ipagpatuloy niyo lang. di ko alam binata na pala si Kuya. sige sige. gagawa na ba kayo ng pamangkin ko?"

"ay! di ko pala dapat yun tinanong..sige aalis na ako hehe" tas sinarado niya yung door pero bumukas ulit.

"what?" tanong ni Lance kay KC

"gusto ko babae ah" Tas sinarado niya yung pinto.

“oh! babae daw” sabi ni Lance

“isa ka pa!” sabi ko saka ko siya tinulak palayo. Kasi naman bakit ganito ang magkapatid na to!!!

“sige... sabihin mo nalang ulit yung magic words” Sabi niya nung nakahawak na ako sa door knob

“I love you Lance Mariano” Nakita ko yung ngiti niya sa mukha. Ang gwapo ng boyfriend ko! Haha

tumakbo na ako palabas. I finally said it! At naamin ko din sa sarili ko na mahal ko na siya at dahil yun kay Jake kanina. I finally told him my Magic Words.

I love you.....

Chapter 37: ang bad TT__TT

Officially kami na talaga. At yeah! araw araw na akong kinikilig sakanya!!! Kaso..bukas na ang alis niya. Di kami magkikita ng isang buwan. Kakatapos lang ng exam namin ngayong araw na ito. Bukas may isa pa! tas bukas na din kaagad alis ni Lance ano ba yan. di siya aattend ng graduation! Kawawa naman ako. haist wala kaming picture together? Aish!

“Neh Lance... wag ka na kasi umalis bukas” Pinisil niya yung ilong ko >.< ang sakit ah! Sadistang to!

“wag ka nga magpacute sa harap ko“

“at bakit? Ganda ko nga eh”

“di bagay sayo.magsungit ka nalang”

“eh??? Ikaw nga itong nagsusungit eh...”

“tsk...1 month ako mawawala loko ka..wag kang mangangahas na manlalaki”

“eh ikaw nga dyan eh! Mamaya may mahanap ka ng babae”

“at ako pa? sino kaya ang confused sating dalawa?” Awww ipamukha pa. sige pa. ang bad!

“hehe.. eh Bah diba mahal mo ako?”

“yeah...”

“eh..wag kang mambabae. wag mo ko ipagpapalit”

“who told you?”

“eh bah naman... umuo ka nalang kasi!”

“natural di kita ipapalit. baliw ka ba?”

Natatakot lang ako. Once is enough twice is too much haha.

Nandito kami ngayon sa favorite spot namin ng campus. saan pa? edi ang rooftop! Dito kami sa may gilid para syempre naman pag may umakyat dito di kami kaagad yung makikita. Saka hello? Ang posisyon namin? Nakahug siya sakin sa likod ko habang nakaupo kami at siya ay natutulog! Anyway hirap ako sa posisyon na ito ah nakakangalay.

Oo natutulog na nga siya kanina hindi pero sabi niya kasi matutulog muna siya haha. okay? Eh tatal naman tapos na ang exam ngayong araw na ito eh...

Bumukas yung pintuan. Ewan pero yung dalawang kakaakyat lang ata eh nag-aaway

"I've had enough!!! You ruined my life!"

"what? so ako pa? eh kung di ka sana nagpadala!"

"WHAT THE F*CK! Because I thought you were serious! And the fact that I believed you? I even betrayed her!!!"

"HER!!! SO HER AGAIN???"

"YEAH HER!!!"

"DON'T SHOUT! YOU'RE IRRITATING ME!"

"YOU'RE THE ONE WHO IS SHOUTING!"

"you know what? I did that to feel happiness"

"ow wow! Happiness na pala ngayon ang manira ng relasyon?"

"WOW JAKE! Ha-ha-ha... eh kung di ka din naman kasi tanga na magdesisyon diba?"

Jake?

"because I thought...I'm still in love with you"

"hahaha you thought? Wow then that's great... you know what? I'm happy... happy because your life became miserable..."

"what?"

"because you promised me one thing but you broke it.... you.....-----"

"because I thought he was your boyfriend"

"JAKE! That was before! At kahit balibaliktarin pa ang mundo... hindi mo mababago yung MALING AKALA MO! and now we're even. you broke mine. I broke yours. Now I'm up to that girl"

"no... don't you ever dare hurt her!"

“ang totoo niyan gusto lang naman kasi kita makuha nung una. pero. now?nagbago na ang isip ko”

“-----” She whispered something. alam ko. yung galit niya para saakin yun para saakin.

“binabalaan kita sa oras na nasaktan siya ng dahil sayo di kita mapapatawad kahit pa babae ka pa. hindi kita mapapatwad” Naramdaman ko humigpit yung yakap sakin ni Lance..]

Nararamdaman ko. mahal nga ako ni Jake. pero para hiwalayan niya ako nun dahil akala niya mahal niya si JL? The heck!!! Bakit ba sa pagrereyalisa ng mga bagay bagay ang bagal ng mga tao! I HATE THIS! Tas mamaya pa narinig ko ulit yung pagsara ng pinto. At kasunod nun ang paghikbi ng isang babae at si JL na yun.

“I HATE ALL OF YOU!!!” she shouted.

“Lance..she hates me?” I whispered

“obviously...” he answered....

“wala naman ako ginawa diba?”

“yeah..patapos na din ang school year so don’t worry”

“yup” Tas tuluyan na ngang umalis si JL sa rooftop. Tumayo si Lance. Malungkot ako kasi JL hates me huh? Why? Wala naman akong ginawa sakanya.

“That girl... I think she loves Jake...”

“I think so too”

“We've heard something that we shouldn't have” he said.

Yeah....

“anyway... don't get too affected by that”

“oo naman... wala na akong kinalaman sakanila”

“good” Tas tinayo din niya ako saka niyakap niya ko. Pero layo yung mukha namin. >.< ang pogi amp!

“alam mo bang...”

“ano?” tanong ko

“si Gail...”

“what about her?”

“spend your time with her”

“huh?”

“she’s leaving”

“huh??? What are you talking about? Bah... tayo dapat kasi aalis ka diba?”

“haist. Natural magdedate tayo ngayon -__-.... yung sinasabi ko lang naman pag wala na ako edi kayong dalawa”

“natural! Siya lang naman friend ko dito”

“tsk di mo ko naiintindihan”

“huh? Bakit?”

“well ask her... siya lang naman makakapagsabi sayo nun” Tas hinawakan niya yung kamay ko saka kami bumaba na.. Hindi talaga niya binibitawan ang kamay ko. Yung mga student pinagtitinginan kami. Diretso lang kaming naglalakad. Konti na din naman ang tao dito kasi maaga nga kami umuwi.

“Gusto ko dalawa lang tayo” he said

“Okay^^” pumunta kami sa parking lot kung saan nandun yung sasakyan nila. So hinatid nanaman siya ng driver? Haha

“hiramin ko kotse.” Eh paano si manong???

“okay sir” Tas inabot ni Lance yung pera kay manong driver at kinuha naman. Nung nakaalis na yung si kuya driver tinanong ko si Lance

“bakit mo inabutan ng pera?”

“para di magsumbong -__-“

“ang sama nito! Wag dapat ganun!”

“pag di ko ginawa yun malalaman lang nila papa na tinakas ko nanaman yung sasakyan ko” Ko? Sasakyan naman pala niya eh tapos bakit kelangan niya itakas? Adik siya?

“sasakyan mo yan?”

“oo” Di ko na carry!!! Ang yaman talaga! \$__\$\$. Jackpot pala ako sa boyfie ko eh! Ay mali mali. Swerte. Pumasok na siya sa sasakyan NIYA. Tsk di gentleman. ako na nagbukas sa kabilang door. Di pa niya i-nistart yung sasakyan....adik siya? Di pa kami aalis?

“oi di pa tayo aalis?” tanong ko. Humarap siya sakin. Hinawakan niya yung dulo ng buhok ko. Napalunok siya. Parang iba kutob ko? Gusto ko na ata lumabas? Ngumiti siya....ngumiti din ako pero yung natetense nga lang. Napayuko ako napakagat labi pa ako >.<

“don’t do that” Napatingin ako sakanya... curious-look-effect pa ako. Di ko naman kasi alam kung bakit niya yun sinabi

“w-why?” Napatingin siya sa labas

Tumingin siya ulit sakin as in sa mata tapos bigla niya ko hinila sakanya and then his lips met mine. napapikit pa ako ng di oras kasi biglaan kahit smack lang nama saka niya hinalikan yung noo ko at pagkatapos niyakap. Ang weird niya

“wag mo ko ipagpapalit ah” he said Nilayo niya yung mukha niya. Aww he’s too sweet na talaga. di ko carry! Pero parang... Aish! may namiss akong Makita. Napangiti ako tapos tinaasan niya ako ng kilay at pagkatapos unti unti kong inangat yung kamay ko hanggang sa mahawakan ko mukha niya saka ko KINUROOOOOOT!! Hahahaha

“a-a-O-OUCH!!! SHA-SHARLOT!!!! MA—mashakit! Ano. bitiwang mo na mukha ko” Tuloy ko pa din siya kinurot hahaha.. ang cute kasi niya pag nasasaktan. Kyaaaaaaaaaaaaah nakakainlove ahahaha

“SADISTA KA!!!...may balak ka bang ihiwalay yung pisngi ko???” naiiritang sabi niya nung binitiwang ko na siya haha

“eeeh kasi nama. ang cute kaya nakakain-love” Hinahawakan niya yung mukha niya

“it’s swollen” sabi pa niya habang nakatingin sa mirror. then he glared at me

Oh-uh.katakot ng mukha

“pano kaya kung yung iyo ang kinurot ko? liyak ka?” tanong niya

“HINDI!!!!”

“oh? Pa-try nga” sabi niya

Nakahawak na siya sa mukha ko. Naramdaman ko yung kamay niya parang kukurutin na niya ako kaya napapikit nanaman ako. feeling ko masakit. Wala naman akong aatrasan..ang masaklap pa ni-lock niya yung pinto. Ayan na kukurutin na niya ako.

“w-wa----” But instead he kissed my cheek.

“your cheeks are rosy enough. I don’t need to pinch it” he said

“BOLERO!!!”

“I’m just telling you the truth” tas pinaandar na siya yung car. Feeling ko nagblublush ako! ang init ng mukha ko..kaya naman tumingin nalang ako sa labas.

“bolero pa din” bulong ko

“sweet lang talaga” he said. Ang lakas ng pandinig!!!

“panget” sabi ko

“ah ikaw?” ako??? pangit ako? Nakahawak pa din siya sa mukha niya.

“masakit pa din ba?” tanong ko saka ko hinawakan yung mukha niya

“yeah” he answered...

Trinace ko yung scar niya di naman kalakihan at tulad nga ng sabi ko dati pa. nakakagwapo. He stopped the car nasa gilid kami ng highway

“why?” tanong ko

“Bah.... I love you” he said

“I love you too Bah” I answered. Ngumiti siya. bumaba siya saka pumasok sa likod ng sasakyan

“oi bakit ka lumipat?” tanong ko sakanya. yung posisyon ko ano nakasampa ako sa upuan saka nakatingin sakanya.

“matutulog”

“eeeeeeeeeeeh???”

“ang ingay ah”

“wag ka matulog!”

“then keep me awake” he challenged

“paano?”

“halika dito” saka niya pa tinapik yung upuan. Lumipat ako sa likod pero dun nalang din ako dumaan sa gitna haha.

“may balak kang sirain sasakyan ko?” tanong niya

“edi babalik na lang pala ako sa harap” sabi ko saka ko tinangkang buksan yung pinto pero niyakap niya lang ako sa likod bilang pagpigil

“bakit ba masyado kang sweet Lance?” tanong ko

“who cares? This is me. so don’t ask why”

“really? Eh bakit noon?” tanong ko

“kasi...I respect you....”

“eh ngayon di na?”

“nirerespeto pa din kita... kaya nga hanggang ganito lang” tapos yung buhok ko inayos niya at itinabi sa right shoulder ko tapos he buried his face sa neck ko.

“I love your smell” Wag kang magsalita!!! Dyahe. Tapos bigla niya akong kinagat. hindi kagat actually.

“LANCE!” Tas nilayo na niya yung mukha niya saka humiga.

“matutulog ako” he said. Edi matulog ka. Stupid Lance! Bahala siya. Di ko siya kakausapin pag-gising niya

“that mark, it symbolizes that you’re mine and mine alone” atpumikit na siya para matulog. Yeah. he left a mark. Mark on my neck. Ang bad!!!

Ang bad talaga. Paano kung makita nila kuya ito? Ni kaa-san? Ang bad!!!

Chapter 38: maling akala

Jake’s POV

Kung tinatanong niyo kung nagsisi ako? SOBRA! Shet. What the heck was I thinking? I let her go. I even hurt her feelings and I drove her away. Away from me. Shet.... shet talaga!

Pinakawalan ko yung taong totoong nagmahal saakin. Ang tanga ko. Ang tanga tanga ko sobra! Ngayon? Sising sisi ako! Bakit ako nagpadala sa iniisip ko? Niloko ko si Miyuki. Sinaktan. Gago din ako. Mula nung sinabi ni JL saakin na mahal niya ako. akala ko totoo. Akala ko din mahal ko pa siya Ang dami talagang nasisira ng akala. Ang gago ko para di ko naramdaman kaagad. Ang gago ko!

Mahal ko si Miyuki. At kelan ko lang nalaman? Nung sila na ni Lance? Nung masaya na siya kay Lance. Sinubukan ko siyang kunin ulit. Pero wala na. Mahal na niya yung lalaking yun.

I even called her a B*tch! The heck! When I saw them making out di ko kinaya. Nagdilim paningin ko. Di ko inaasahan na masasaktan ako ng ganun. Pero di naman niya kasalanan. Pero nakakalalaki lang kasi eh. Kakabreak lang pero nakahanap na siya ng iba. At si Lance pa.

Sinubukan ko. sinubukan kong kunin ka ulit. Sinubukan kong sirain ang relasyon niyo. Pero di ko kaya. Oo nga’t sinabi kong mahal kita. Sinabi ko sakanya ng personal. Pero alam ko sa sarili ko

Aasa nalang ako. NA ASA KA NALANG JAKE! Wala ka ng babalikan. Wala na.

Marahil nagtataka na yung iba. Bakit di ko kasama si JL. At kung bakit ang cold namin sa isa’t isa. Madami akong nalaman. Hindi na siya ang JL na dating kababata ko. She’s not the sweet child I met, She’s not the JL I loved. She completely changed. She changed.

“ginamit lang kita.....actually I hate that miyuki girl. Well yeah.. partly true.. I did loved you Jake... but that was a year ago...pero kinalimutan na kita mula nung naging kayo ni Miyuki”

Yeah. that’s it she said that. She hates miyuki. At matagal na daw.

“i even convinced her friends to leave her. not to talk to her. haha they are so pathetic. all of them... hahaha... inagaw ko mga kaibigan niya... her useless friends believed all my lies jake... they believed me”

Lahat ng kamalasan na nangyari kay Sharlot mula nung naging kami... yun ay dahil kay JL dahil sa maling akala ko lang. Nung mga panahon na yun. yeah I admit I used Miyuki to forget JL. Nagkagusto naman ako kay Miyuki. Hindi siya mahirap mahalin. Lalo na’t mabait siya, masiyahin at mapagmahal.

“inggit ako sakanya... lahat nasakanya na..sisirain ko siya... at sisiguraduhing walang matitira sakanya”

nung nalaman ko ang lahat ng yan nagalit ako sa sarili ko. Di ko naprotektahan si Sharlot. Hinayaan mawala ang lahat sakanya. Ang mga kaibigan niya. Pati na din yung pangunguna niya sa ranking. Lahat ng yun nawala dahil saakin dahil sa pagkakamali ko Kung siguro hindi ko yun inakala. Siguro masaya ang lahat. Siguro walang gulo. Siguro...mahal pa namin ni JL ang isa't isa. Siguro kahit papaano kaibigan ko si Miyuki. At siguro. Kasama pa niya mga kaibigan niya. Lahat ng iyon.. ay dahil sa maling akala ko lang.

Nasaktan ako nung may nagsabi saakin na. May boyfriend na ang bestfriend ko. Na may boyfriend na si JL. Si JL, siya ang unang babaeng minahal ko. Ang totoo niyan nangako ako sakanya. Na dapat siya ang first girlfriend ko. Ang tanga ko din mangako noh? Mangangako nalang yun pa. Nice.

Yun ay dahil akala ko mahal niya ako pero gumuho yun nung nalaman kong may boyfriend na siya. Pero akala lang din pala yun. Naniwala ako sa mga nagsabi saakin. At dahil dun Gumanti siya at kay Miyuki yun. At dahil lang sa inggit siya? At dahil lang naggselos siya?

“pero wala na Jake... wala na... ni isa wala ng natira... pareho lang naman tayo right? Di mo na din ako mahal. Halata naman eh. Akala mo lang yun nung una.. kasi kayo pa ni Miyuki... when you' were still cheating on her. hahaha.. am I a good pretender? A good liar? I love this... I love your face right now... is it painful Russell? To be betrayed? Betrayed by your ex bestfriend? Masarap din bang maipagpalit ng taong mahal mo? Nararamdaman mo ba yung naramdaman ko noon? Nung nawala lahat sakin ng dahil sayo?”

Ang ganti niya wala naman kinalaman si Sharlot. Wala naman.

“I'll take away Lance from her... hindi ko man makuha si Lance... sisiguraduhin kong mawawala din si Lance sakanya....”

Ang katagang yan... ang binulong niyang yan nung nag-aaway kami... yan ang di ko makalimutan. Gumanti nalang siya sakin. kasalanan ko naman. Wag lang kay Sharlot. Wag lang sakanya.

“that girl...mula nung nandito siya sa school na ito nawala ang lahat saakin. The popularity, the trusts of the teachers... and even you.... she took away all of you.... kaya naman kinuha ko lang ang akin... tama na yung dalawang taon ang kinuha niya... sawa na ako noon Jake... at ngayon na nakuha na din kita.... wala na siyang iba...kundi si Lance at si Gail....”

Dalawa nalang meron si Miyuki at di ko hahayaang mawala na iyon sakanya. Paano ko siya protektahan sa malayo? Paano?

“oh...i forgot... aalis na pala si Gail... oooops so si Lance nalang pala talaga...hahahaha... well i heard Gail and a girl from somewhere....na kukunin na siya ng lola niya sa California.. wow..what a coincidence right? Di na ako mahihirapan.. isa nalang ang ilalayo ko sakanya”

Lahat ng yun. lahat ng sinabi niya halatang punong puno siya ng galit. Pero bakit kay Miyuki pa? Bakit sakanya pa?

“kelan ka pa ganyan?” i asked her....

"i told you before right? I hate her... simula palang 1st year palang ayaw ko na sakanya. Simula palang inagaw na niya lahat saakin... at pagkatapos nung 3rd year... inagaw ka din niya..... life sucks... kelangan ko din ipatikim sakanya ang mga pinatikim niya saakin"

"stop that.... please... saakin nalang"

"sayo? JAKE! Are you trying to make me laugh? Ha-ha-ha! Walang wala ka na din... as i've said before too... i will make your life and hers miserable!" After she said that... she left....

Dahil sa inggit? Nagagawa niya yun???

"one more thing... i wanna be like her....and in order to get that, i'll take away everything from her...and i'm dead serious"

Just to be like Miyuki? Nagkakaganan siya? Shet what have i done? Kasalanan ko right? Dahil saakin. Hindi dahil assuming ako pero ako ang huling nawala sakanya at napunta sa taong ayaw niya. lahat kasalanan ko?Shet.

Chapter 39: Bestfriend

Sharlot's POV

Ilang araw na bang wala sila Lance? wala akong iniinis. Wala akong kinukurot. Wala! Miss ko na siya kagad.

"hoy wag ka ngang ganan! Pati ako tinatamad sa pagmumukha mo eh"

"eeehhh kasi naman eh wala akong kinukulit."

"alam mo kung ano?"

"ano Gailtot?"

"kulang nalang magkapalit na kayo ng expression sa mukha ni Lance eh. Jusko. Dalawang araw palang na wala yung tao grabe na yang mukha mo. Bored na bored! nandito naman ako."

"eh kasi naman gail eh... ang sarap kasi niyang inisin. Alam mo yun?"

"oo na edi ikaw na may lovelife ako na wala" ang boring talaga. Ang sama naman kasi ni Lance iniwan ako.

"ako naiinitan sayo sa ayos ng buhok mo. Bakit ba naka-side yan?"

"ah eh... wala naman hehe... trip ko lang masama ba?" Tumayo siya saka nagpunta sa likuran ko..

"itatali ko ah. Pinagpapwisan ka na eh"

"t-teka! Wa---"

“ano to? Bakit ka may ano.....—“

“INSEKTO!!! Kinagat ng insekto!”

“ganu kalaki yung insekto?” medyo yung mukha niya nakangiti ngiti pa

“hah??? Basta insekto”

“baka naman bampira yung kumagat sayo?”

“h-hindi...insekto talaga promise”

“asus..siguro yung bampira blonde pa yung buhok...”

“aha! Sinasabi ko na nga ba.” saka ang wide wide pa ng ngiti niya. The hickey he left is still on my neck!!! Bakit ba napansin pa yun ni Gail?

“Sharlot” she gasped “wag mong sabihing you did it with Lance?”

“HINDI!!!!”

“eh kung ganun bakit ka may chikini----“ Tinakpan ko yung madaldal niyang BIBIG!!! Paano ang pangit ng term pwede namang mark or hickey nalang...wag na niyang itagalog.

“kasi he’s stupid!”

“weh??? Eh gusto mo naman”

“hindi!!! Nabigla lang din ako”

“asus.... tuwang tuwa ka naman eh” Paano niya nasasabi mga yun? Adik ba siya?

“ang naughty talaga ng bf mo noh? Grabe siya haha” Naughty is not the term... pervert is the best one to describe him.

Pero kahit na miss ko na siya kaagad. Jusko po. Bakit kelangan pa kasi niya sumama? Hello next week graduation na. yeah adik kasi ang school namin eh pagkatapos na pagkatapos ng exam...graduation na! agad agad din kasing na check ang papers then natapos na din macompute ang grades how nice. Anyway Di nalang kasi dapat sumama si Lance.

“malapit na din graduation” pagbabago ko ng usapan...

“oo nga.. anong balak mo after? Saan ka na mag-aaral?” dagdag ko pa

“ako?”

“anong course?” tanung ko ulit. She remained silent

“hoy kinakausap kita...”

“Sharot kasi hmmm... di ko pa naisip”

“ah akala ko naman may naisip ka na.. pero mas maganda kung parepareho tayo nila Lance ng school. Diba? Ano sa tingin mo?”

“eh?? Hmmm siguro.. hehe” Si Gail iba kinikilos. nakakainis...

“wala ka sa sarili mo... may sakit ka?”

“wala noh!”

“may tinatago ka?”

“w-wala nuh!”

“eh bakit nauutal ka?”

“Sharlot! Naku... magshopping nalang tayo...”

“Shopping?? SIGE SIGE! Haha” I heard her sigh... may problema ba siya?

Pumunta kami sa mall.. kanina pa ako dada ng dada di naman siya kumikibo. Dami ko na din nary na damit kaso wala naman akong pera haha sayang sana nandito si Lance. JOKE! Haha...Lance nanaman ako ng Lance.

“ isang buwan ding wala si Lance what if pagbalik niya mag swimming tayo? Neh?” sabi ko

“swimming? Okay lang sakin”

“yey! Osige bili nalang tayo ng swimsuit!” sabi ko saka ko siya hinatak. Gusto ko kaya makita si Gail na naka swimsuit siguro ang sexy niyang tignan. Naka two-piece tas nakasalamin pa! PERFECT! Ang ganda ng lola mo! Haha

“wag yan.. ito nalang” saka ko pinakita sakanya yung hawak ko

“eeeew! Di mo ko mapagsusuot niyan nuh!”

“dali na try mo na!”

“Sharlot naman eh” saka pa siya nagpout

Ang cute ng kaibigan ko! Haha napapaligiran ako ng gwapo at cute! Ano ba yan. paglabas niya sa fitting room. witweew!

“ang sexy mo Gail!” tas bigla niya sinarado yung curtain hahaha. Kasi sabi na nga ba! Ang ganda niya sa dress na yan,,. Ang sexy.. weh? Akala niyo siguro yung two-piece noh? Nakabili na kami ng two-piece niya kanina. ang ganda

“ano na kaya mangyayari kapag college na tayo nuh?”

“hmmm new friends yun” she said smiling

“oo nga... sana di na ulit mangyari yung nangyari sakin nun”

“the downfall of the famous Miyuki Sharlot ba?”

“sinabi mo pa”

“di ka ba nanghinayang nung nawala sayo ang rank 1? 2 years din yun ah” tanong niya

“well pinagalitan ako pero... wala naman magagawa eh.. naapektuhan talaga ako sa nangyari and besides napagbintangan ako ng cheating and as a punishment di na ako makakatuntung sa rank 1 kahit kelan”

“nakakainis yung nanira sayo kung sino man yun!” nagagalit niyang sabi

“past is past Gail... we tend to forget the past and make new memories”

“weh?? Edi lahat ng mga naging kaibigan mo gusto mo ng kalimutan?”

“hmmm hindi naman... sila Kristine, Ina at Mae ba? Kahit papanu may pinagsamahan naman kami eh...”

“but...they left you... alone...”

“yeah... kahit di ko alam ang rason nila... pinaniwalaan ko nalang ang sinabi nilang dahil..gusto daw nila si Jake... pero ang totoo niyan sa pagkakakilala ko sakanila. Hindi sila ganun.”

“what do you mean?”

“okay lang sa kanila...okay lang naman samin dati kung sino ang magiging girlfriend ni Jake eh. Actually matutuwa pa sila pag nalaman nilang BF ko na si Jake.. ang kaso... ewan bigla silang nagbago noon... anyway.. hayaan na nga natin ang topic na yan... past is past nga diba?”

“ah okay...sabi mo eh hehe” Yeah past is past nga diba?

“ang totoo niyan.. ayoko ng naiiwan ako... masakit kasi eh... ang mawalan ng mga kaibigan..ay naku tara na nga sa ibang shop” Nauna akong maglakad.

Kung bakit nagkaganoon ang mga tao sa paligid ko nung third year ako.. wala na akong pakialam... Almost 2 years na din pala? Grabe. nakaya kong ganun.. pero i shared my third year with Jake... and when i was at my worst, Gail and Lance were there. High school....mamimiss ko kaya ang high school? Kahit kasi ganun. Never kong isinumpa ang school na to. Nakatulong pa nga ito pata mahubog akong maging matatag. Kapag naging college naman na mawawala na din ang mga rumors about sakin. Rumors that made me suffer....

Suffer? Yeah...i was bullied pa nga nung 1st week ng 3rd year eh...pero kasama ko pa noon mga kaibigan ko. Dati lang naman nung kami na talaga ni Jake dun lang ako iniwan ng mga kaibigan ko... and until now.. di ko pa din alam kung anung dahilan nila...

Gusto ko pa ba yun malaman? Wag na hayaan nalang. Mahirap ibalik ang nakaraan na. nagsorry na din naman sila eh. Kelan? Nung wala na kami ni Jake. At ang sabi pa nila nahihiya na daw sila sakin.... tapos umalis na sila nun. Di ko na sila ulit nakausap nun eh...pagnakakasalubong ngitian nalang.

Ganun ata talaga? But Gail? Na akala ko di ko makakasundo.. wow! Eto at ibang iba siya sa inakala ko... i love gail..

“Gail dalian mo gutom na ako!” medyo malakas na pagkakasabi ko. Pumasok nalang kami sa may Shakeys... favorite ko eh haha. doon kumain kami. Napansin ko talaga di umiimik si Gail eh kanina pa.

“Gail sigurado ka bang wala kang problema?”

“wala naman...”

“sure ka?”

“oo kulit nito...”

“okay...” tas sinubo ko nalang tong kinakain ko Limang minuto... limang minuto na kaming tahimik...

“Sharlot...kasi...”

“hmmm???”

“ang totoo niyan matagal na kitang gustong maging kaibigan...”

“talaga???” Hehe... bakit kasi ngayon mo lang ako kinausap kaw talaga”

“eh kasi lagi kang umaalis kaagad noon eh. At kung hindi man lagi ka naman nandun kay Jake”

“hehe sorry naman nuh?”

“ang totoo niyan kasi... yung mga kaibigan mo...dati”

“oh? Bakit nanaman sila nasingit?”

“alam ko kung bakit ka nila iniwasan”

“HAH???? Bakit???”

“hindi ko alam kung sino kausap nila that time pero.. ang narinig ko lang.... she said that.. you’re a flirt na inakit mo lang daw si Jake.. at saka.. na binigay mo daw yung... V mo kay Jake >.<” Ang V ko? You mean. Hala???

“at sino namang walang kwentang tao ang mag-gagawa ng ganyang storya? Bwiset!”

“oi relax lang... di naman kaagad naniwala yung mga kaibigan mo eh. Kaso umiyak yung babae... ang narinig ko pang sabi niya... sila daw ni Jake nung naging kayo eh... na inagaw mo nga lang daw siya... yun yung narinig ko noon... ang totoo niyan di nga din alam ng mga kaibigan mo na kayo ni Jake nun eh”

Tsk walangya naman! kaya naman pala ako iniwan ng mga kaibigan ko siguro inisip nila ang dirty ko... awts. mas pinaniwalaan nila yung babae? Tapos...aish! Whatever... past is past na nga eh..past is past! Aalagaan ko nalang yung present ko...para gumanda-ganda naman ang future ko. Nakakainis sana di nalang nireveal ni Gail ang nalalaman niya..

“hayaan mo na nga yun.. tapos na yun eh wala na akong magagawa” yun nalang ang nasabi ko. Yun lang ba kaya siya nagkakaganyan?

“okay na nasabi mo na.. pwede ka na siguro bumalik sa kalog na Gail nuh?” Pero nginitian lang niya ako.

“Sharlot... ikaw ang bestfriend ko” she said

“natural tayo lang naman magkaibigan eh”

“Gail ang weird mo” bigla nalang lumabas yan sa bibig ko

“matagal na”

“hindi ah..ngayon lang” Tapos naalala ko yung sinabi ni Lance na: *spend time with Gail*

Wag mong sabihing.

“May malubha ka bang sakit???” bigla kong natanong

“hah? Wala nuh! Adik ka na?”

“h-hindi.. ano lang kasi.. naalala ko lang yung sinabi ni Lance”

“na ano?”

“sabi niya magsaya daw tayo together”

“tsk... lokong yun”

“bakit? Anong meron?” tanong ko

“Sharlot ang totoo niyan... 1st week ng June....”

“anong meron?”

“di na ako mag-aaral dito”

“b-bakit??? Saan na? Ililipat ka na ng bahay?” halos mautal utal na ako dahil sa pagkagulat

“sa ibang bansa” dugtong niya

“aalis ako sa June 3”

“Friends right? Di mo naman ako kakalimutan diba? Di mo ibabaon sa past mo na kaibigan mo pa din ako?”

“o-of course. F-friend kita” Aalis si Gail? Then sa college mag-isa nanaman ako?

“pero kahit ganun pwedeng pwede naman tayo makapag-usap eh. May internet naman saka isa pa pwede tayo magtawagan everyday...” nalulungkot ako bigla

“wag ka na malungkot... isa pa... June pa naman yun eh..”

“nandyan din si Lance at Ales...”

“hala? Wag ka ngang umiyak” sabi pa niya hindi ko na kasi mapigil.

“kaw naman kasi eh! Magsasabi nalang bibiglain mo pa ako! alam mo namang mahal na mahal kita” sabi ko pa tapos Bigla niya akong niyakap.

“Sharlot... bestfriends na nga tayo diba? Tahan na... matagal pa naman eh... kaya this summer... dapat masaya tayo dapat lagi tayong magkasama”

“ang daya mo naman eh”

“wala naman akong magagawa... gusto na akong kunin ng magulang ko eh..basta wag mo ko ibabaon sa limot pag umalis na ako ah!”

“oo naman! Past is past... ikaw ay sa present... and will never be my past.... kaya ikaw ang present bestfriend ko... ikaw din ang magiging future bestfriend ko..maliwanag? kaya wag mo ngang sasabihin na ibabaon kita sa limot kahit kelan talaga ang weird mo....” saka ko pinunasan yung luha ko

“ang drama ko talaga” sabi ko pa

“super” she said saka niya ako hinug. Kahit kelan di ko siya ibabaon sa limot nuh... Gail is MY BESTFRIEND =)) Kasi kahit hindi kami naging magkaibigan kaagad..nagkakaintindihan kami...

At alam ko.. kahit na wala na siya dito sa pinas... still intact pa din kami...

She’s a real friend kaya kahit na ang sungit pa niya minsan. Siya pa din ang BESTFRIEND ko :)

Chapter 40: SUMMER

HELLO SUMMER!!!

Mag-iisang buwan na... oh ghad di niyo lang alam kung gaano ko siya kamiss. Why? Minsan lang siya tumawag. Nakakaini! tampo nga ako sakanya eh. Nung una nga di pa ako tinawagan mga 3 days after pa muna. Sabi niya madami daw sila pinupuntahan pero minsan naman naririnig ko yung kapatid niyang maingay ang sinasabi madami lang daw bumibisitang babae kasi crush daw nila si Lance! edi siya na pogi! SIYA NA!

“Gail bukas yung swimming diba?”

“yup... dapat ang gawin mo...dapat lusaw si Lance pag nakita ka!”

“paano naman?”

“Hello ganda mo kaya. Sexy mo pa... edi... swimsuit! Ganda naman ng katawan mo eh^^”

“eh... kaso....ako lang?” Natahimik siya. Ahaha kasi ako ayos lang.. eh siya kaya? Testingin ko lang kung papayag si Gail mag two-piece haha

“FINE! For you” YATTA!!! Hahaha i knew it di ako matatanggihan ni Gail! Excited na ako.

Anyway ngayon ang uwi ni Lance... he said he'll come straight to me. Pero di ko pa din alam kung nandito na nga siya. Sabi niya tatawagan niya ako agad! now now.. tignan natin kung nagsisinungaling siya! Bad bad kasi niyang tao.

Yung graduation namin nun. Ang boring. Walang Lance sa tabi ko eh. Kulang pa yung mga naawardan ng honor dahil nga wala si Lance. Nice one. Bakit ba kasi ang busy ng pamilya niya? Tsk. Ganyan ba talaga ang mayayaman? Naku naman. Ako at si Gail ay nakatambay lang sa bahay and as usual wala ang mom pati na din mga kuya ko. Hmmm... aish...

“ano bang magandang gawin?” tanong ko kay Gail

“gawin? Hmmm kung tumambling ka kaya?”

“GAIL! Seryoso ako >.<”

“and i am too” Tsk tong si Gail umiiral ang pagkamasungit haha

“sungit!”

“sharlot...hmmm ihanda mo na nalang mga damit mo”

“mamayang gabi na tinatamad pa ako”

“NGAYON NA!”

“oh tulungan mo ako” i said

“eh tanga ka pala eh. Alam mo namang masasaktan kayo pareh----“

“I DIDN'T EXPECT THAT! okay?” Galit na pero at least sumasagot

“didn't expect what Nathan?”

“that I'll fall for her” Teka wag mong sabihing matagal na yang pustahan na yan at di---

“Michael and I had a bet....”

“I know narinig nga namin diba? Isa pa yung tang inang loko na yun eh”

“tsk”

“sabihin mo nga kelan niyo pa pinagpusatahan si Miyuki?” medyo pagalit tono ko

Naasar pa din ako kahit papanu eh

“tagal na” Yun na yun matagal na?

“sa sobrang tagal nakalimutan kong pustahan pala yun”

“hah?”

“tangina..sinadya ko bang mainlove dun? Lahat ng pinakita ko sakanya totoo...”

“bakit ka pumayag na makipagpustahan?”

“katuwaan” What the heck???

“pero... nakalimutan ko nga talagang pinagpustahan namin siya... mahal ko siya...”

“kung ganun bakit mo sinabi yung mga yun?”

“to shut him up...” Gago pala to eh di nag-iisip. Matalino nga wala namang common sense...

“magpaliwanag ka nga sakanya”

“what for?? She hates me”

“eh tanga ka talaga! Natural nasaktan yung tao., minsan din ang bobo mo eh nuh? Mali simula palang ng pustahan niyo bobo ka na” Pinatay niya yung TV,,, si Xyla nakikinig lang samin.. sige marinig mo kami ng kuya mo na nagmumura which is unusual.

“tsk. Nakipagpustahan lang naman ako. I was bored and that time I was pissed. Pero kaibigan ko na si Sharlot noon. She was treating me as a friend so i treated her like one. Then time flies... i forgot about the bet. Anyways, i didn't even care about the bet in the first place.” Tsk labo nito ah. Ano ba talaga?

“wala kang pakialam sa bet?”

“yeah... never naman ako gumawa ng move” Labo talaga nito...

“then---“

“i helped her... nothing more nothing less... i liked her... then... fell for her.....” Corny pala ni Lance?
=___=

Pero mahal pala talaga niya si Sharlot? Sayang naman effort kong suntukin siya. Namaga yung kamay ko masyadong malakas pala pagkakasundok ko. Ayan tuloy ang pangit ng mukha niya hahahaha

“linawin mo Lance hah... pakilinao linawin mo lang mga sinasabi mo..” Dinial ko yung number ni Ales... Yan sakto in call na....

“Mahal ko si Sharlot. Wala akong paki alam sa pustahan na yan. At kung itatanong mo pa yung motor ko pati yung kotse ko... wala na. nasakanya na. lamunin pa niya. Gago siya”

Nagulat si Xyla sa sinabi nig gago este ni Lance

“WHAAAAAAAAAAAAAAT?? KUYA???? YUNG SASAKYAN MO???”

“LAGOT KA KAY PAPA NIYAN! PATI NA DIN KAY MAMA! HALA KA!!!”

“i don't care” he said....

Tangina! ANG YAMAN !!! IBIGAY BA YUNG KOTSE PATI YUNG PINAKAMAMAHAL NIYANG MOTOR!
NA MASKI SAKIN AYAW IPAHAWAK!!

Nakakainis ah....

Lokong Michael na yun. Ano bang nakakain nun at ganun siya? Dati ang pustahan lang nila yung race sa motor ah. Ngayon pinagpustahan babae pa! ayan minalas ka Lance... natalo ka...

"I lost... so I must face the consequences, right? We broke up...."

"tsk gago ka kasi"

"oo na gago na kung gago.. nagmahal lang naman" Tumayo siya saka umakyat na...

"gago nga ni kuya"

"tama ka" Teka si Xyla....

Nakanang! IDOL NA IDOL NITO KUYA NIYA TAPOS GINAGAGO NA NIYA???

^ _____ ^v <----Xyla

Pero ang gago nga niya

"oh narinig mo lahat ng mga yun?" tanong ko kay Ales na kanina pa nakikinig

(yeah... nakakainis talaga yang Lance na yan... sasapukin ko talaga si MICHAEL!!!)

"sakit sa tenga ah = ___ ="

(TSE!!! Thank you at least alam ko na. well part, may kasalanan si Lance.. pero sa sinabi naman niyang mahal niya si Sharlot at totoo lahat pinakita niya umpisa palang.... edi---)

"edi ang gagong Lance mahal na mahal talaga ang prinsesang si Miyuki"

(yeah)

"Prinsesa si ate Miyuki???"

I forgot nandito pa pala tong makulit na batang to - ___ -

"hindi... pero sa trato ni Lance sa pinapakita niya noon...nung nakikita ko sila... prinsesa kung ituring niya si Miyuki... ayaw niya ipahawak sa iba.. gusto niya siya lang.... seloso ang kuya mo pero gago siya"

"ah yun pala yun...ang gago talaga niya...." tas tumayo na siya...saka umalis...

(tskkk..o siya.. salamat uli Kysler)

“yeah no prob”

Dapat malaman ni Sharlot ito... kaso sa lagay ngayon? Mukhang mahirap pa....
Lalo na narinig niya mga yun. Baka ni isa samin na malapit kay Lance di na niya kakausapin...
Wag naman sana....

Chapter 51.2: Reasons (flashback)

Jade Louise POV

Akala ko talaga di na mangyayari to. Actually I don't care about Miyuki na. if she's happy now then fine. I'm not a kid anymore. Well whatever. Nakaganti naman na ako for two years. Sobrang galit ko lang talaga. Sobrang inis lang talaga. Pero kinukulit nanaman ako ni Michael. He said he'll insist the bet.

Pag siya nanalo, fine..magiging kami ni Michael. Kahit di ko naman gusto. Pero pag siya natalo tantanan na niya ako. hell... i hate him! Sana nga matalo nalang si Michael para tantanan na niya ako. i called Lance... saying that i knew about the Bet. I didn't say anything... i just said that i knew about it. he was shocked but didn't ask anything. Oh ghad. Wag ka na magpatalo sa Michael na yan! Yan gusto kong sabihin. Coz it's my fault in the first place. Ayan nakakarma ako sa nakakabwisit na taong to! Nananahimik na ako eh.

Mabait naman si Lance kaso masungit... siya halos kasama ko actually sa room namin kaya naman nakokonsensya ako. why? Kasi... he looks happy when he's with Miyuki. Magulo na ba ako? pero aaah! Ano ba yan. One time kasi... he helped me. Binabastos na ako ng mga kaklase ko pero Lance helped me. Mabait siya. Pero duh! di ko siya gusto. I'm still in love with Jake. Kahit balibaliktarin pa ang mundo. Si Jake pa din ang gusto ko. Pero malabo na. sa mga sinabi ko noon? Ewan ko lang kung paniniwalaan niya. Di ko naman kaya lahat ng mga yun eh. Ang mang agaw pa? ayoko na. ang laking karma na ang nababalik sakin. Ayoko na.

Pero Michael called me.

(narinig nung babae. And i think. They broke up)
“really?” i answered. I was shocked... then... aaah! I hate it.
(so kelan ulit tayo magdedate?)

I just hanged up the phone. The nerve. What date? Date himself!

Last year. I think that was her birthday. I was in the mall when this irritating man was begging for me to date him and begging for my phone number. Di ko siya pinapansin. Then suddenly umalis siya. And yeah akala ko tatantanan na niya ako. then i saw him approached someone i knew...

yeah...nagulat ako kasi itong taong nilapitan niya ay yung taong sinungitan ako sa rooftop. At kasama pa siya ang taong pinaka ayaw ko sa lahat. Si Miyuki Sharlot Parco. Sa totoo lang nahihirapan na akong magpanggap na mabait sakanya. Anyways, naiinis ako kaya naman umalis na lang ako sa kinatatayuan ko at nagpunta sa ibang shop. Then this guy... approached me again.

“sige na please???” he begged
“pwede ba ang kulit mo ah!”

Nakakainis talaga. Di pa ako tantanan.

Lumabas nalang ulit ako sa shop pero he’s still following me.

“I’m Michael” pakilala pa niya
“pwede ba mr. Michael... i don’t need you so get lost”
“i’ll do everything.”

that time kasi naiinis pa ako kay Miyuki. She has Jake. At sa nakikita ko noon mahal siya ni Jake. Pero hindi siya aware na mahal na niya si Miyuki. So napaisip ako sa sinabi ni Michael. Pero like duh! di din naman mangyayari yung iniisip ko. Yun ang akala ko.

“you want fun?” tanong ko sakanya
“yeah hahaha” he chuckled
“edi makipagpustahan ka”

Yeah... i’m the reason why... kung bakit sila nagpustahan

“hah?” he looked confuse
“dun sa lalaki kanina” i said pretending na di ko kilala si Lance
“you mean yung lalaking nilapitan ko kanina” tanong niya
“yep”
“bakit naman?” tanong niya
“well... you want fun right? Makakabenefit ka pa sa gagawin mo. Pwede ka pang makakuha nang kung ano sa lalaki” knowing na mayaman naman talaga si Lance. Pero hindi naman kasi talaga yun mangyayari
“sige yun lang pala eh. Tatal may gusto din akong makuha dun sa lalaki”

Sa personality ni Lance.? Papayag ba yun? Anyway i don’t care kung gusto ko man paghiwalayin si Jake at si Miyuki. I can do it myself. No need of Lance. Pero kung pumayag man siya then that’s good...

“hoy di ko pa alam pangalan mo ah” he said

"JL" i answered dryly

"JL sa mukha mo mukhang wala kang tiwalang mapapapayag ko siya ah"

Well obviously....

"kung tatanungin mo kung papayag yun. Papayag yun haha. kasi sa ugali niyang madaling ma bored? Naku papayag talag yun. Sa katunayan nga lagi naman kami nagpupustahan eh. Pero sa race lang."

Mukhang malabo nga

"number mo?" tanong niya pa

"saka na pag napapayag mo siya. Same school kami niyan so madali lang ako mahanap" i said saka ko na siya iniwan. Umakyat ako ako sa 4th floor ng mall. I saw Jake. Hinahanap niya si Sharlot. What a moron. Your girl is with someone.

Tsk. Why Miyuki? I'm far BETTER than her

"you saw Miyuki?" tanong niya

"no" i lied

I'm jealous. and dahil dyan gusto kong agawin si Jake sakanya... bakit si Miyuki pa? bakit siya pa Jake?

Ang hirap talaga itago ang nararamdaman ko kay Jake. Pero kasalanan naman niya eh. Kasalanan mo Jake.... i thought mahal mo ako... then why.....why?

"samahan mo muna ako" he requested

So ito ang ginagawa ko ngayon. Sinasamahan siya. Kahit na puro MIYUKI ang bukambibig niya. Pinipilit ko pa din ngumiti pati na din tumawa.

Nakakainis sa totoo lang. nakakainis

Siguro isang oras ko din kasama si Jake. Kahit papano nag enjoy ako. pero dumating na sila Lance at Miyuki. At dahil nahihirapan ako magpakaplastic. Nauna na akong umalis. Mahirap makipag plastican.

Few days later i saw Michael waiting for me outside the school.

“Miss JL.. panu ba yan? Pumayag siya”

What? pumayag si Lance? Yung lalaking yun?,,,good ang galing talaga. Umaayon ang lahat sakin. I didn't expect this. :)

That was on my mind then. But now? I don't effin care. But that was my fault. Pero anyway. Kung kasalanan ko man talaga then... ako ba dapat magbati sakanila? - ___ - eeew as if. I still hate Miyuki. Kung di siya maniniwala kay Lance then wala siyang tiwala kay Lance. Pero nagugUILTY ako for Lance,

Tsk.

Bahala na nga sila.

I'm sorry nalang. Pero wala akong gagawin. Michael's fault not mine. - ___ -

Chapter 52: Bahala na

Sharlot's POV

“di ka pa din papasok?” tanong ni Dennis na ilang araw na din tumatambay dito sa bahay. Meaning ng ilang araw, dito siya natutulog. Parang kapatid na din kasi turing ng mga kuya ko dyan eh

“ayoko tinatamad ako”

“kung ako sayo pumasok ka na”

“ayoko. Sino ka ba sa akala mo?”

“your friend”

Tsk - ___ - ni minsan di kita tinuring na friend. Ikaw ay kaaway ko.

Nakakawala sa mood tong tao na to.

“tsk loko din yung boyfriend mo ehh nuh?”

“ex” i emphasized

“oh edi ex kasi. Loko yun eh. Di naman pala seryoso tapos paniniwalain ka. Sarap upakan nun ah.
Pumasok ka na ng maituro mo sakín kung sino yun”
“pag yan nalaman ng mga kuya ko masasapok kita”
“yung ano? Yung sa ex mo?”
“oo”

Ayaw ko ipaalam sa mga kuya ko. Lahat lahat ng nangyayari ngayon.
Tumingin ako sa oras. Mamaya maya pa yung klase ko.
Naligo na ako.
Nag ayos.

Umalis.

“aalís ka na niyan?”
“oo... “ saka ako tuluyang umalis.

Nakaalis ako sa bahay, nakarating sa university na may sumusunod sakín - ___ - ano ko ba si Dennis?
Bodyguard? Kainis ah!

“wag mo nga akong sinusundan!”
“naka enroll ako dito kaya wag kang mafeeling!”

Okay?

“kelan pa?”
“kahapon”

Asar tong Dennis Arceo na to ah

“course?” tanong ko
“archi”

O ___ O same kami?

“bakít naman sa dinami dami ng course architecture pa?”
“wala para mabantayan kita”
“ay bahala ka sa buhay mo”
“okay edi gagawin ko gusto ko”
“BAHALA KA DYAN!”
“bahala talaga ako ^^”

Bahala ka talaga dyan - ____-. Nung napansin kong nagtitingin tingin siya sa paligid binilisan ko na maglakad para naman mawala na siya sa landas ko >.< naiinis ako ayoko ng may sumusunod saakin ngayon. Nakaka stress.

Pumasok na ako sa room.

Nakita ko agad si Kysler... pag nakikita ko siya nahihiya ako.

Nahihiya ako kasi alam niyang hindi seryoso sa akin si Lance.

Alam niyang napaglaruan lang ako

Alam niyang ang tanga tanga ko.

Kaya naman nahihiya ako.

At dahil tabi kami ng upuan. Okay...awkward. di niya ako kinakausap. At ganun din naman ako.

“subukan mo pakinggan si Lance” narinig kong sabi niya,

Di ako nakatingin sakanya,. Di din siya nakatingin saakin

“para san pa? para umiyak lang ulit sa harap niya?”

Tumayo ako ulit saka ako lumabas sa klase.

Ayoko talagang nakakakita ng taong kakilala ni Lance... nahihiya lang ako sa mga nangyayari.

Eto nanaman yung stupid na luha ko!!! Nangingilid na ata...pinunasan ko nalang...
Naglalakad lang ako sa corridor

“oi musta na?”

Ako ba kinakausap? Di kasi ako nakatingin sa dinadaan ko...

“Miyuki...” tawag niya

Ah ako nga....

“bakit?”

“ilang beses na kitang tinawag ah”

“ah..Jake? hello?”

“tsk... wala ka ata sa sarili mo?”

Isa pa tong ungas na nagpaiyak sakin eh. Kasalanan niya kung bakit napalapit ako sa taong yun.

“ah...wala...” i said sarcastically

“wala ka ata sa mood?”

“wow ah.. close na tayo?”

Tsk... sorry Jake wala lang talaga ako sa mood....

“kumusta na kayo ni Lance?”

Pagkasabi niya yun... on-cue yung luha ko... bigla nalang tumulo....

“hey... teka...ba-bakit ka umiiyak?”

Bigla niya ako niyakap....

“sshhhh tama na.... oi....”

“kasalanan mo din kasi to eh... *huk*..... kung hindi mo ginawa sakin yun..... kung hindi.....hindi sana ganito ngayon.... hindi sana ako nasasaktan ng ganito ngayon..... parepareho din kasi kayo eh.... parepareho nalang kayong lahat,,,,,, *sob*.....i hate you all,.....”

I hate you.....

Jake's POV

Nagulat ako bigla nalang siya umiyak.. hindi ko alam yung nangyayari... aish,,, ano bang ginawa ni Lance? Akala ko ba hindi niya papaiyakin si Miyuki?

“kasalanan mo din kasi to eh... *huk*..... kung hindi mo ginawa sakin yun..... kung hindi.....hindi sana ganito ngayon.... hindi sana ako nasasaktan ng ganito ngayon..... parepareho din kasi kayo eh.... parepareho nalang kayong lahat,,,,,, *sob*.....i hate you all,.....”

Sinusuntok suntok pa niya ako...

Sh*t Lance... anong ginawa mo sakanya?

“bitiwan mo na nga ako. lalo lang ako naiinis!” she said

Tsk... iba na yung Miyuki na kilala ko. Nasaktan siya ng todo panigurado.

Binitawan ko siya

“magsama sama kayo” sabi pa niya na may galit sa bores

O__O

Di ko naman siya masisisi kung galit din siya sakin.

“MIYUKI!” may tumawag sakanya...

Lalaki...

Tas bigla nalang ako...

WTF!!!

“kyaaaaaaaaaaah DENNIS!” sigaw ni Miyuki

Napahawak ako sa mukha ko.... may dugo yung labi ko

Tumayo ako

“GAGO KA AH!”

“IKAW ANG GAGO! PAPAIIYAKIN MO PA SIYA?”

Hah???

“DENNIS!!! Hindi siya!”

“hah???”

“hindi siya si Lance!”

O__O

That punch was supposedly for Lance?

the f*ck!

“pasensya na kala ko ikaw yung lalaking nagpaiyak dito eh”

Kung alam mo lang... -___- napaiyak ko na din siya.

“tara na nga!” saka niya hinila yung lalaki...

At sino nanaman yung lalaking yun? Dati si Lance ngayon may iba nanaman? -___- nagseselos pa din ako ano ba yan. Ano kayang ginawa ni Lance?

Lumabas ako sa building. Umupo ako sa pavilion.

Mula dito nakikita ko si Miyuki.

Ewan ko ba nakasanayan ko na to. Yung titigan siya sa malayo. Nagtaka nga ako nung ilang araw siyang wala eh. Kasi lagi siyang umuupo sa bench na yun tuwing break nila.

Isa pang nakapagtataka di niya kasama yung laging kasama niya. Yung lalaki.

Sa ngayon nga di niya break eh. Dapat may klase pa din siya. Ang lungkot niya. Tumingin ako sa relo ko. Pasimula palang ang break niya eh, Ilang araw na nga siyang wala tapos di pa siya pumasok sa klase nila? Ano bang nangyayari sakanya?

Bigla siyang tumayo. Parang nagmamadali siya eh. Napatingin ako sa direksyong tinitignan niya kanina.

Si Lance pala yun...tsk... mukhang iniiwasan niya si Lance.

Napatingin naman ako kay Lance... dapat ata pupuntahan ni Lance si Miyuki eh. -___- kaso natigilan. Bigla kasing kumapit si Miyuki sa lalaki kanina...

Aba? Pumapapel pa yung lalaki -___- nakakainis.... sino ba yun? Naiirita ako eh. kahit di ko alam nangyayari kay Lance at Miyuki ngayon. Dapat kay Lance pa din siya. -___-.

Sharlot's POV

naKita ko si Lance papalapit saakin. Ayoko siyang makita o makausap. Kaya naman tumayo ako saka naglakad papalayo... at sakto naman ang dating ni Dennis...

Kumapit ako sa braso niya

“woah? Anong nangyayari sayo?”

“wag ka na lang umangal...”

“tsk bakit ba?”

“basta...”

“wag ka na ngang tumingin sa likod! Titingin ka pa dun eh” sabi ko pa

“tsk bakit nandun ba yung ex mo?”

“wag ka na nga lang magtanong”

“pinagseselos mo naman sa lagay na yun?”

Pinagseselos ko nga ba? Hindi naman. Ayoko lang talaga siya makita at sigurado akong matitigilan siya pagnakita niya tung ginagawa ko ngayon.

Lumingon ako sa likod.

Wala na siya

Ang sakit lang kasi.

Na isipin na....

Hindi niya ako sineryoso?

Na...palabas lang ang lahat.

Na pinagpustahan lang nila ako

Napalingon ulit ako.. wala na siya sa likod...

Tumigil si Dennis sa paglalakad....

“bakit ka tumigil?” tanong ko na nakatingin sakanya

Tinuro niya yung sa harap..

O__O

..

..

.

.

“Sharlot”

Ang boses niya....

“pakinggan mo ako”

Naiiyak ako.....

“please?”

Ayoko pa....

Ayoko pa siya makausap....

“Lance.... please give me a break..... wag mo akong kausapin. O lalapitan... ayoko pa..... ayoko pang makita ka”

Nasabi ko ang mga yun na hindi tumitig sakanya,,,,

Ayoko.....

Masasaktan lang ako....

Natatakot na ako....

Binitiwang ko si Dennis..... tumakbo ako papalayo....

“SHARLOT! MAHAL KITA!”

Kahit magsisigaw ka pa dyan.... sinaktan mo pa din ako... di ko na alam kung ano ang katotohanan sa mga sinasabi niya.... ayoko na.....

Break na kami.... kaya wala na akong pakialam....

Bahala na siya..

Bahala na din ako

Extra chapter: hyperness XD

Xyla's POV

^_____^V!!!!

Naka V-sign ako ngayon haha bakit? May pictorial ako! hahaha. Syempre si bestfriend ang photographer :)). Nasa school pa ako. wala lang ako kasi ang model. Sai niya perfect model daw ako! akalain mo yun? Kahit hindi naman totoo hahahaha.

Well that's life.

Dito ako nag-aral para hindi ako mai-compare kay kuya hahaha. Ganun naman kasi parati XD. Aba? Nung elementary ako lagi akong sinasabihan ng mga teachers ko. Ang pasaway ko daw! Mas pasaway pa daw ako kay Kuya Lance hahaha mas maganda naman ako. natural kasi pogi kuya ko. IDOL ko yun eh hahaha. Lalo na yung girlfriend niya si Ate SHARLY! Kaya nga pag ako nanganak. XYLOT ang pangalan wahahahahaha
Kaso :(((

Di na sila TT____TT

Ang bad ni kuya TT____TT

Gumuho ang buhay ko

Wahahahahah OA much XD

Much much much! Gaya gaya much ako kay mommy!!! MUCH! Wahahaha ang dami ko talagang IDOL!!

“HOY! Ngiti ngiti ka pa dyan! Magconcentrate ka. Mag pose ka naman ng iba! Lagi ka nalang naka V-sign!”

“paki mo ba? Wala ka naman paki! Photographer ka lang ka lang ako model! Wahahahaha”

“SUS! Sapukin kaya kita!”

“geeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeeesh” >.<

“HOY! HABIELABS!” tawag ko. Yan ang tawag ko sa bestfriend ko wahahahaha... ang adik lang eh. siya una tumawag niyan di ako >.<

>///
<

Crush ko kaya yan wahahahaha

JOKE lang.

“OH???”

“uwi na ako = ___=” oha? Gayang gaya ko pa ang mukha ng kuya ko wahahahaha
“tsk.. sige uwi ka na nga. Mukhang bored ka nanaman eh” sabi niya

>.<

Paano niya nalaman?

“mind reader ka ba? Ha? Louie?”

“wala ka nanaman magawa sa buhay mo tsk”

“eh wala naman talaga. Ano muna ang buhay?”

“masaya ang buhay”

Ano ba yan ang layo ng sagot ni Louie pangit = ____ =

“ang pangit mo! Ang pangit pangit pangit mo!” ayan irita na siya XD

“tsk UMUWI KA NA NGA!”

Hala? Sinigawan ako wahahahaha

Makaalis na nga....

Weeeeeeeeeeeeeeeeeeeee

Tumakbo na ako papunta sa parking lot

“Hoy! Xyla! Dahan dahan sa pagtakbo!” sigaw ng kaklase ko

Wew... mga fans ko yan! Hahaha masyado kasi akong FRIENDLY! Hahaha

“BYIEEEEEEEEEEEEE!” sigaw ko na na ^___^V..... V-sign!

“hahahaha Ms. V-SIGN!!! ANG COOL MO TALAGA!” sabi pa ng kakalase ko na isa

Oh kita niyo na! dito sikat ako hahaha. Pag sa school ni kuya naku malabo! Nandun kaya si goddess Alesana... i mean sa dating school ni kuya.. pero kung sa new? Ay naku! Mukhang malabo din. Aba? Aba? Aba! Hindi ko naman kilala mga nandun... maliban nalang kay.. IDOL SHARLYLU! Waahahaha

“MANONG!”

“AYJUSMIYO!” ayang nagulantang si kuya driver wahahahaha buti nalang wala siyang sakit sa puso XD

“hahahaha hinay hinay sa kape manong masyado ka ng nerbyoso hahaha”

Di na siya nagsalita nakulitan siguro...

Hooooo! Hiningal ako tumakbo hahaha...

At sa kakatawa.

Hyper daw ako? hindi naman ah >.< normal ko to. Anong gusto nila? Kapalan ko mukha ko? Teka... teka teka >.< hmmmmmm

Wala lang...

Pagdating namin sa bahay. Sarado ang gate. Ano ba yan.... at dahil dyan lumabas si manong. Edi syempre pati ako lumabas hahaha...

Mag eexplore ako!!!

^_____^V

May gusto akong gawing maganda!!!

Hihihihhi

At dahil mukhang nagulat sa manong na wala ako sa loob ng sasakyan. Nagpapanic siya ahaha. Kawawa talaga siya sakín sarap pagtripan.... makaakyat na nga! SA WALL!!! Hahaha

At ayun umakyat nga ako sa pader!!! Cute ko talaga XD

“Xyla! Bumaba ka dyan” utos ni yaya sungit >.<

“AYAW!”

“ano ka ba! Pagagalitan ka nanaman eh!”

“SUS! Hindi naman ako yung pagagalitan... ikaw kaya ayos wahahahaha”

At ayun tumalon na ako..kaya nasa loob na ako ngayon ng property namin! Wew! Sarap talaga gumawa ng kalokohan! Tumakbo na ulit ako papasok ng bahay!

Pagpasok ko

O___O SHOCKS!!! Si daddy >.<

Si kuya....

Si mommy TT___TT

Kawawang kuya... pinapagalitan ata >.<

Tatahimik pa muna ako. makikinig muna ako >.<

Sa sala talaga siya pinapagalitan? >.<

“GHAD LANCE! Pinalaki naman kita ng maayos! Why did you do that?” said Daddy >.<

“YOU’RE GROUNDED!” dagdag pa ni Daddy >.<

Kawawang kuya

“Jun!” awat ni Mommy

“Lian naman kasi! Wag mo naman ini-spoiled ang mga bata! Tignan mo! Ang lakas gumawa ng kalokohan! He even gave his car and his BIKE! And now... you’re shutting me up?”

“hindi naman sa ganun Jun... nagpaliwanag naman siya ah”

“I DON’T CARE! KASALANAN NAMAN NIYA YUN EH! TAMA LANG GINAWA NI SHARLOT!”

I gasped >.< kawawa naman si Kuya

“From now on... don’t give him his allowance.... school at bahay lang pupuntahan niya! ARE WE CLEAR?”

Awww kawawa naman si kuya TT__TT

“yes dad” sagot ni kuya

Then dad went up... mom is cheering him up >.<

“promise me..don’t do that again” sabi ni mommy

“i didn’t do that in purpose” brother replied

Lumapit ako.

Wala naman ako sasabihin >.< kawawa naman si kuya

“okay lang yan!” sabi ko.. saka ako umalis...

Oha? Supportive sister ata ito!

Ay! BUMALIK PALA AKO!!!

“Mommy! nandito ako....” sabi ko kasi mukhang di ako napansin XD...

“tsk... go change your clothes na... shopping tayo” said mommy

YEHEY!!! COOL MOM!

Tumakbo na ako.. kasi excited ako hahaha... bibilhan ko si kuya ng madaming foods and chocolate tapos alam ko...hindi din niya kakainin kaya ako nalang din ang kakain hahahaha...

After ko magbihis... i saw kuya,... in his room

Pumasok ako without knocking coz its open naman kasi

"kuya.. are you okay?" i asked

"yeah" he answered

"kuya???"

"what?"

"are you really okay???"

"= ___ ="

Hala? Nagpoker face??

"then is that... you're not???"

"obviously" he said

Woah

"ganyan ba pag nagbreak?"

He glared at me

Waaaaaaaaaaaaaaaaah katakot >.<

"KUYA!"

"OH?"

"NAKAKATAKOT KA TT__TT"

Tapos....

Bigla nalang niya pinisil ang ilong ko!!!

"ARAY!!!"

Kinurot ko nga para matanggal ang kamay niya

“i’m okay” he said

“don’t worry” dagdag pa niya

“how about soccer? Di ka na babalik?” i asked
“maybe.... not.... not this time... saka na”

Tas tumayo na siya and then... went to the bathroom maliligo siguro >.<

So ayun.. bumaba na ako.. and wait for my mom...

Shoshopping kami XD

^__^v

Chapter 53.2

Alesana’s POV

Pabalik balik ako sa university nila Sharlot! Kelangan ko ito para naman pumunta si Sharlot sa birthday ko >.< isa siyang mahalagang kaibigan para saakin. At gagawin ko lahat makumpleto lamang mga kaibigan ko sa birthday ko! Hahaha

Ito ang spirit Ales! AJA!

Ang problema lang di ko naabutan si Sharlot >.< eh diba same lang naman sila ng schedule ni Kysler? Haist naman eh lagi ata siya nagka cut TT__TT

Lakad lang ako ng lakad....

Then i saw it all....

>.<

Waaaaaaaaah OH EM GEE!!!

Nandito na kasi ako sa pinaka likod ng university eh...

Then i saw Lance...

O__O

Sitting beside the sleeping Miyuki!!

KYAAAAAAH! Bati na ba sila???

>.<

Teka lalapit pa ako... ang kaso baka makita ako eh.. paano ba? Nagtago ako sa malaking halaman!

Narinig ko lahat....

>.<

Sumilip ako....

O__O!!!!

Hinalikan ni Lance si Miyuki Sharlot Parco!!! Kyaaaaaaaaah.... Lance! Pinapatawad na kita! Mas kelangan kong pagbutihin ang pangungumbinsi kay Miyuki na pumunta sa birthday ko!!! TUTULUNGAN KITA LANCE!!! Kasi ako ang bestfriend mo!!! Tutulungan kita!!!

Hihihi...

Tumayo na si Lance...uh-oh >.< agad akong tumayo...saka umalis sa kinalulugaran ko... baka makita ako nakakahiya hahaha. Sabihan pa akong chismosa!...

Sus kinikilig ako dito kay Bestfriend!

Naglalakad na siya. HmMMM ay di ko pa pala nasabi sakanya yung about sa birthday ko.

Sinundan ko siya.

“Hoy Lance!” tawag ko nung medyo nakalayo layo na kami kay Miyuki

“what are you doing here?” = ___ =

“eh kasi iimbitahan sana kita sa birthday ko”

“= ___ = saan nanaman ba yan? I’m grounded”

“HAH!??? DI KA PWEDENG GROUNDED!!! Di ka pwedeng mawala TT ___ TT”

“tsk”

>.<

“Lance please? Pumunta ka TT ___ TT”

“AY LANCE!”

“what?”

“ngayon nalang ulit kita nakausap >.< miss na kita” saka ko siya niyakap

“stop that. = ___ =”

“di mo namiss bestfriend mo???” tanong ko

Di siya nagsalita

Depress pa din siya TT ___ TT

“pumunta ka sa birthday ko.....”

“tsk...Ales....i don’t know. okay? As i’ve said i’m grounded = ___ =”

“eeeehhh! Okay lang yan papayagan ka naman ni tita Lian kasi bestfriend mo ako! haha”

“great = ___ =”

“papupuntahin ko din si Miyuki”

Nagtuloy lang siya sa paglalakad.....

Wala siyang sasabihin? Ayaw ba niyang pumunta si Miyuki? >.<

“i’m going”

“hah???”

“i’m going”

“Ano???”

“i said...i’m going.”

“sa birthday ko?”

“yeah”

“YES!!!” sigaw ko... haha si Sharlot lang pala ang makakapagpapayag dito eh hahaha

Ang problema ko nalang si Sharlot >.<

“kaso Lance”

“papasok na ako” he said tas umalis na nga siya

Aish... paano ko naman ngayon sasabihin kay Sharlot?

Gusto ko kumpleto ang mga kaibigan ko sa birthday ko.

Bumalik ako dun sa lugar kanina....

Kung saan nakahiga si Sharlot...

Nakita ko siya nakaupo... hinahawakan niya yung lips niya

Don’t tell me....

OH EM GEE!!!

ALL THIS TIME GISING PALA SIYA????

Waaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaah

Omg omg omg!!!

Kelangan na talaga sila magbati!!!

Ang bait ko talagang bestfriend Lance, dahil inaalala kita!!!!

May binulong si Sharlot... well halata naman kung anu eh...

Lance daw....

"Sharlot" tawag ko

"ah...Ales...." tumayo siya

"sige..papasok na ako" she said >.<

Tatakas siya!!!!

"teka....iiwan mo ako?? ayaw mo ako kausapin? >.<"

"ah h-hindi naman sa ganun... ano kasi.....ah..."

"Sharlot kaibigan mo ako"

"i know"

"eh yun naman pala eh...so dito ka na muna"

"Ales"

"Sharlot...mahal mo si Lance right?"

"let's not talk about him"

Pfffffffffffft umiiwas siya >.<

"Sharlot...sinubukan mo ba siyang pakinggan?"

"aalis na ako" iwas niya

Pero hinawakan ko siya

“kilala ko ang bestfriend ko...marahil nananakit nga siya ng feelings.. well i know..dami na yan na reject...but this is the first time i saw him crying”

“alam ko..mahal ka niya”

“i know that..” she answered

What? alam niya then? Ano? Bakit di niya pakinggan ng maayos? I mean narinig niya kanina pero mas maganda kung alam ni Lance na narinig ni Sharlot diba?

“kaya ko siya patawarin” dagdag pa niya

“then do so” i said

“pero natatakot lang ako”

“na masaktan ulit?” tanong ko

“yeah... dalawang beses na.... di ko na kakayanin ang isa pang beses”

Ngumiti siya

“Sharlot... naniniwala akong di ka sasaktan ni Lance....”

“ano ba talagang pinunta mo dito?” tanong niya na halata namang umiiwas sa topic namin

“kasi birthday ko na sa susunod....”

“gusto ko sanang makumpleto mga kaibigan ko eh... so pwe---“

“sorry pero di ako pupunta”

“Sharlot..... please???”

>.<

“pag-iisipan ko”

Tas tuluyan na nga siyang umalis.....

Aish naman eh >.<

I called Kysler

“hey..kaklase mo naman si Miyuki diba? Pilitin mo siya pumunta sa birthday ko! >.<”

(tsk... di ko nga siya nakakausap)

“dali na! ako nga nakausap ko siya eh. kaya mo yan!”

(oo na sige na)

Yey!!! Haha.. ang lakas ko ata kay Kysler ? anyway mabuti na yun hehe di na ako mahihirapan

Pero sinundan ko pa din si Sharlot ^^ kelangan pumunta siya... di makukumpleto ang birthday ko ng wala siya.

“Sharlot pupunta ka ah”

“pag-iisipan ko pa nga diba?”

“aish..pupunta si KC... sama ka?”

“di ko pa alam....”

“kelangan niyo mag-usap ni Lance >.<”

...

...

...

TT____TT di na siya nagsalita

“wala na yung kotse at motor niya”

“i know”

>.<

“napagalitan na siya nila tito”

“so?”

Waaaaaaaaaaaaaaaaah >.< ang tigas ng puso nito!!!

“grounded siya”

“mabuti naman”

TT_____TT

“di na siya pumapasok... umiyak pa siya...at higit sa lahat----“

“fine! Pupunta na ako...happy?”

“YEY!!! Sige sige susunduin kita sainyo ah... ano..dala ka ng swimsuit pati dala ka ng mga damit mo over night tayo... at----“

“okay okay... sige aalis na ako... may klase pa ako”

“osige^^...see yah.....”

Yey!!! Sa birthday ko kumpleto sila... at may possibility pa na...magbati yung dalawa^^

Kaya ko to!!!

AJA!!! ^_____^...

Chapter 54: misfortune or fortune?**Sharlot's POV**

Mali talaga na nandito ako ngayon eh >.< MALING MALI talaga.

Out of place ako. in fact nandito palang kami sa van ewan ko nga kung saan kami papunta eh. aish. At talagang pinagtabi kami ganun? Nakakainis ah. Di na nakakatuwa. Ano nanaman ba balak nila? - ___ - nakakainis ah. As in. talagang ang sikip pa! di naman sila nang-aasar?

“EEEEHHHH KASI NAMAN EH!!! >///<” idagdag pa yung nakakatuliling na katabi TT___TT basag na eardrum ko sa left ear...

“KC! Shut-up!” - ___ -

Mag-away pa kayong magkapatid parang di nila ako ginitna ah? Nakakainis na.

“hoy Kysler palit tayong pwesto” I said
“ayoko. Masusuka ako kung dyan ako sa gitna”

>.<

Tsk...

“Ales....”

“tulog siya” sabi naman ng katabi niyang di ko kilala.

Naman kasi... tsk...

Pumikit nalang ako baka sakaling makatulog at di ko nalang mapansin ang inis ko >.< naiinis talaga ako as in.

Nanahimik na sila. Wala ng nagsasalita. Minulat ko yung mata ko.

Saka ko tinignan mga katabi ko....

Tulog na silang lahat.

Ang cute ni Xyla ^^.. nakangiti pa siya matulog. Ang sarap kurutin eh ^^ kaso di ko naman yan pwedeng kurutin baka magising mabulabog pa lahat.

Tumingin ako sa mga tao sa likod. Tulog din sila.

“Matagal pa po tayo?” tanong ko kay manong
“Medyo po” sagot naman niya

Haist... di ko na matagalan to...

Pwede na kaya akong bumaba habang tulog na sila? Naman kasi eh >.<

Napatingin ako sa katabi ko.... tsk... sana lagi ka nalang tulog. Para hindi mo na maramdam yung nararamdaman ko ngayon. Wala lang baka kasi maramdaman pa niya eh. na... sa mga narinig ko noong isang araw. Nawawala na yung galit ko. Pero syempre kahit humingi ka pa ng tawad.. di mo mababalik kaagad tiwala ko sayo. Kahit sabihin mo pang mahal mo ako, at kahit pa mahal pa kita. Wala eh. sinira mo tiwala ko.

Umayos ako ng upo.

sigh

Sumandal saakin si Xyla...

Aish >.<

Then..

AISH!

...

...

...

..

Nakasandal na din saakin si Lance TT__TT

“hey” gising ko sakanya

Umayos siya ng upo...

"sorry" he murmured

Sorry... saan? Sa pagsandal o sa ginawa mo?

Di ko nalang siya pinansin...tumingin siya sa labas....

Pansin ko lahat ng galaw niya. Masyado kasing masikip dito. Kasi naman eh...

"ilang ka ba na nandito ako?"

"alam mo naman diba?" i answered

"you want me to get out now?" he asked

Of course we're both murmuring. Haist... we're so damn funny - ___ -

"you don't need to... i don't wanna ruin Alesana's day so don't think of anything that will ruin this day"

Parang kanina ako lang nag-iisip niyan ah?...

Awkward... really awkward....

"waaaaaaaaaaaaaaaaah!!!"

Napatingin ako sa katabi ko

">.< Louie!!!" medyo malakas pang pagkakasabi ni Xyla

Lahat nagising ng dahil sakanya

"Hoy anong nangyari sayo?" tanong nung babae.

"hehehe nanaginip lang ako ^^"

"you okay?" tanong pa ni Ales

"yup ^ ____ ^"

Buti pa tong batang to parang walang problema sa buhay.

"tsk..."

Biglang huminto yung sasakyan....

O___O--->lahat kami

“Kuya bakit ka huminto?” tanong ni Ales
“oo nga bakit po?” tanong naman ni Xyla

“nasiraan ata tayo” sagot niya

Nagsibabaan ang lahat.

“paano na yan? >.< naman eh... sinisira ng sasakyan na to ang araw ko ah” medyo galit na sabi ni Ales

“sus di mo pa naman birthday bukas pa” said Kysler

“oo nag naman” sang-ayon pa nung babae na isa. Tatlo yung girl na di ko kilala. At wala din ako sa mood makipagkaibigan sakanila - ___ -

I miss Gail.

Naglakad lakad muna ako

“saan ka pupunta?” tanong ni Kysler

“sa tabi tabi” sagot ko

“bumalik ka kaagad ah” sabi naman ni Ales

“okay”

May mga puno at mangilan ngilan na bahay. Creepy. Tas pinagtitinginan pa ako ng mga tao. Ngayon lang ba sila nakakita ng tao?

>.< naihi ako.... TT___TT

Nahihiya naman ako sa mga bahay.... pumunta ako dun sa may mga puno puno. Pero syempre hindi para umihi mamaya marape pa ako >.< nakakatakot....

Tumingin ako sa watch ko... wth? 45 minutes na din pala akong wala dun?
Makabalik na nga... >.<

Teka.. saan nga pala?

Hala...

I'll call Ales nalang....

Sh*t!

Walang signal... ano ba namang lugar ito? Di ba uso ang cellphone dito?

Magdidilim na... naman eh....

Patuloy lang ako sa pagalakad. Hala..nasaan na ba yung kalsada? Kasi naman....

Nasaan na nga ba ako? eeehhh creepy na swear..di ko alam bumalik sa kalsada. Ang mga tao naman dito parang di mapagkakatiwalaan...

Ang dilim na....

TT__TT

Awts... sumabay pa yung ambon... kelangan ko na sila mahanap. Baka mamaya magkatotoo mga pinapanuod ko... TT____TT yung mga nakakain sa gubat? Pero di naman to gubat... kaso....

BAKIT BA ANG TANGA KO???

Lumalakas na yung ulan....

Tumakbo ako dun sa kubo....

Buti nalang may masisilungan ako... pero nabasa na din lang ako

“tao po???”

“tao po....”

Walang tao...

Binuksan ko yung pinto....

Mukhang wala ng nakatira dito....

Natatakot ako..... kinuha ko yung cellphone ko.... wala pa ding signal....

Mommy.....daddy.....mga kuya TT____TT gail.... dennis....

Help me.....

TT__TT

Ang ginaw....

Tinignan ko yung watch ko... 6:00pm na pala....

Oh ghad,,,, someone help me....

Ilang oras na ba ang lumipas? Wala talagang naghahanap saakin ni isa sakanila?

Tumutulo na luha ko... ang dilim dito....

Naghanap ako ng pwedeng mailawan... kahit papano may nag-iisang kandila.... natatakot ako. paano kung bahay pala ito ng mangkukulam? Ng mamamatay tao? Ng ng....

Pinupunasan ko luha ko.... kaso ayaw talaga tumigil.... naman eh.... eyes...wag kang pasaway please?
Makisama ka nalang....

Giniginaw ako.....

“SH*T!” narinig kong may sumigaw

“ASAN KA NA BA?”

“SHARLOT!!!”

Si.....si Lance....

“is someone there?”

“Sharlot are you there???”

“L-Lance.....”

“Sharlot!” binuksan niya yung pinto...

Basang basa siya... at halatang tumakbo siya...

putik putik na din siya...

bigla niya akong niyakap.....

“don’t do that again... wag kang biglang aalis na walang kasama”

Tumatango nalang ako....

Umiiyak pa din ako....

“L-lance.....i-im scared”

At tuluyan na nga akong naiyak habang yakap niya ako....

“sshhhh,,, tahan na...nandito na ako”

Pinunasan niya yung luha ko.....

Basang basa siya talaga....

Kumalas na ako sa yakap niya...

“magpalipas muna tayo dito... delikado sa labas. Lalo na’t umuulan” sabi pa niya

Tinanggal niya yung shirt niya....

O__O

Natural ako naman tong si iiwas ng tingin....

“buti may kahoy dito” sabi pa niya

Tas gumawa siya ng apoy... sinampay din niya yung damit niya...

“wala kayang damit dito?” tanong niya

...

Nakaupo lang ako sa kabilang dulo...kahit papanu di na ako natatakot. Kahit papanu nawala na ung ginaw.

Binuksan niya yung cabinet doon....

Wala siyang nahanap....

Haist....

Umupo siya sa kabilang dulo pero bandang harap ko....

“Sharlot....” nagsalita ulit siya...

....

....

“i’m sorry... sorry kung nasaktan man kita.... but i swear----“

“Lance....you didn’t mean it don’t you?”

“yeah.... it was just----“

“a stupid game that you’ve agreed coz----“

“of his personality....” he continued

“pero Sharlot...lahat ng sinabi ko sayo.... totoo lahat yun.....”

“lahat ng pinakita ko sayo... lahat yun dahil mahal kita”

“Lance di naman kasi ganun kadali eh... hindi dahil nagsorry ka ngayon papatawarin na kita....

Lance... nasaktan naman kasi ako sa ginawa mo. Siguro kung nung una sinabi mo pa... siguro kung sinabi mo yun saakin noon pa...siguro di ako nasasaktan ngayon.....alam mo ba yun? Naiintindihan mo ako???”

Tumango siya....

“ang totoo niyan Lance....----“

“pwede bang.... kahit ngayong gabi lang.....”

Hah???

“wag ka munang magalit saakin?”

“hah???”

“kahit ngayong gabi lang.... pwede bang maging tayo ulit?”

Hah???

“pwede bang....ngayong gabi....ibalik natin yung dati?”

“okay lang kung....di mo na ulit ako pansinin bukas,....okay lang.....”

“Sharlot...desperado lang ako.....”

“kahit ngayong gabi lang”

Nasabi niya lahat yun ng nakatitig lang siya saakin....

“o-okay”

Bigla nalang yan lumabas sa bibig ko....

Pero di ko naman sinasadyang sagutin yung sinabi niya....

Ewan....

Pero.... ngayong gabi lang naman....

Bukas.... wala na ulit...

Ang tanga ko para pumayag.... ang tanga ko...

Chapter 54.2: our long night

Sharlot's POV

I....i agreed....

Kami ulit? Right? Ngayong gabi lang?

Ngayon lang naman... bukas hindi na... bukas balik ulit sa dati... bukas.....

“Sharlot mahal kita” he said

Sasakyan ko nalang ba lahat?

Ngayong gabi lang naman....

"i know" i answered

Niyakap niya ako.... how i miss his hugs....

His voice.....

"lalo kang pumayat" he said
"oi! Hindi ah... sexy ko kaya!"

He chuckled

"pwede ba kitang yakapin lang? ang ginaw kasi" sabi niya

"Ah so ako ang sweater?"

Tama Sharlot... Talk like you normally do.
Talk as if nothing happened

Just for this Night.....

Hinawakan ko yung kamay niya....

"pwedeng wag matulog?" tanong niya
"why? Kelangan kaya natin ng energy"
"wala gusto ko lang sulitin...."

Sulitin? Yung pagiging ganito namin ngayon?
Coz after this night...we're officially off again....

Balik na yung Miyuki na hindi pa napapatawad si Lance.....

He kissed my cheek

"sneaky brat" i said

Hinarap niya ako sakanya....

“don’t you miss me?” he asked

Kung alam mo lang kung gaano kita gusto yakapin after i heard your explanation. When i felt your tears on my face...

Kung alam mo lang Lance

“no” i answered

“tsk... you’re really a sadist hah”

“may i stretch your cheeks?”

“ayoko masakit” sagot niya

Pero wala naman siya magagawa eh...

“OUCH!!!! Ihihiwalay mo ba pisngi ko?”

Tumayo ako

“yup ^____^”

“at last you smiled”

“tuyo na ata yung damit mo...isuot mo na” iwas ko sa sinabi niya

“oo nga” he said...

Awkward pa din...

achoooo <----Lance

>.< sakitin

“sakitin ka...”

“nabahing lang -____-“

“sabi mo eh....”

“sino yung kasama mong lalaki?” tanong niya
“who???”
“the one i saw” Ahhhh

“that’s Dennis...he’s a...well...friend of mine maybe?”

“oh...i thought----“ di ko narinig yung sinabi niya >.<

“ano yun?” tanong ko

“wala”sabi niya

“tsk....”

“anong regalo mo kay Ales?” tanong ko

Walang mapag-usapan eh

“hmmm nothing”

“eeehhhh????? Bakit? Diba bestfriend mo naman yun? Bakit wala kang gift?”
“she don’t need any... meron na siya lahat eh”

Tama nga naman

“pero maganda pa din yung galing sa kaibigan... kasi memorable yun”

Ngumiti lang siya....

Napatingin siya sa wrist ko....

Yeah... di ko na sinusuot yung bigay niyang bracelet....

“yaaaaaaaaah” nag-inat ako... para maiwas yung tinitignan niya....
Lumapit siya saakin
“Too close” i said
“Does it matter???”

“w-well not really”

Napansin ko yung necklace niya..... the ring he gave me.... yun yung pendant niya....
I thought i threw it away?

Hinanap niya?

“natutulog ka ba ng maayos???” tanong niya

“Hah? Bakit mo naman natanong yan?”

“Luggage na kasi yung nasa mata mo”

“AH AH! BAD! Ang sama mo! >.<”

“ang pangit mo tuloy”

O ___ O

“ANG PILING MO! ANG GANDA KO KAYA!”

“tsk...di ka ba nakakakain ng maayos?”

“LANCE!!!”

“ang payat mo na.... magpataba ka na”

“EEEHHHH! KASI NAMAN EH!!!”

Tas tumawa siya....

I love the way he laughs...

Halatang totoo.... kasi bihira lang siya tumawa....

“ikaw? Balita ko di ka daw pumapasok”

“tsk - ___ - ang boring kasi”

“kahit na matalino ka pa.. di naman sa lahat ng pagkakatao----“

“i failed my exams, my professors hate me, laging absent i even dropped my 2 subjects” he said

O ___ O

p-pero.....

“pero ayos lang lahat ng yun...i deserve it”

Aish

“KAHIT PA GANUN DAPAT NAG-AARAL KA! Maawa ka naman sa mga magulang mo! Nagtrabaho sila tapos ikaw napaka pasaway mo... buti hindi ka pa pinapagalitan nila tita!”

“they did... nakiusap na din ang mommy ko sa prof ko.... i’m such a disappointment to them”

>.<

“Lance naman... kelan ka pa nagkakaganyan? Intindihin mo naman yung mga tao sa paligid mo”

“since nagkaproblema tayo...”

“di mo dapat yun ginagawang dahilan nuh!”

“ikaw din naman ah... nag kacut ka”

O___O

“ibahin mo naman ako...di nama---“

“di ka daw nakakasagot sa klase... zero din daw mga exam mo...”

“HOY!!! Are you my stalker? Inaalang lahat ng ginagawa ko?”

“yeah”

>.<

“STUPID STALKER!”

Ilang minuto din kami tahimik

Ang totoo niyan... yung bracelet... dala dala ko araw araw....

Stupid ba ako?

Kinapa ko yung bulsa ko...

O___O

Nasan na????

Hala??? Nasan na???

“oh? Bakit?” tanong niya
“nawawala”
“hah? Yung alin???”

Lumabas ako...

“HOY PUMASOK KA NGA!” sigaw niya

“teka... di naman ako lalayo... dito lang... may hinahanap lang ako”
“nasisiraan ka na ba? Umuulan!”

“DYAN KA LANG! WAG KANG LALABAS BAKA MATULUYAN KA PANG MAGKASAKIT!” sigaw ko

“Sharlot!”

Nasaan na ba???

Nahulog siguro nung nilabas ko yung cellphone ko....
Naman eh TT__TT

Nasan na???

“Sharlot bumalik ka na nga dito”
“teka lang..... may hinahanap pa ako”
“ano ba kasi yun? Nakakainis naman eh. ganun ba kaimportante yung bagay na yun?”
“OO! Importante sakin yun!”

Yun kasi ang unang binigay mo saakin nung naging tayo....

Mahalaga yun saakin.... kaya nga kahit galit ako sayo... yun ang bagay na di ko magawang maitapon.

Nasan na ba???

Kinakapa ko lang yung lupa....

Asan na???

“Sharlot....bukas mo na hanapin yun”

“ayoko!”

“pupuntahan na kita dyan”

“SABING DYAN KA LANG EH! PAG LUMABAS KA DYAN DI KO TATAPUSIN TONG GABI NA TO!”

>.<

Ayun!!!!

“nahanap ko na! hahahaha”

“stupid! Ano ba kasi yan?”

“wala ^ ____ ^....”

Binulsa ko nalang ulit....

Bumalik na ako sa loob....

May nakita siyang towel dun sa ewan ko kung saan niya nakita yun... binasa niya gamit yung tubig ulan... wala eh..

Saka niya tinangal yung mga putik sa katawan ko

“para kang bata” he said

>.<

Pffffft bata pa naman ako ah

Tas bigla siya tumalikod

???hmmmm? bakit kaya???

Tinanggal niya uit yung shirt niya O ____ O hala? Bakit???

“te-teka...a-ano----“

“wag ka ngang green....bakat kasi...isuot mo”

Hah??

Bakat???

“ang hilig mo talaga sa rabbit”

O___O

“BASTOS KA TALAGA! >///<”

Hinablot ko yung shirt na binibigay niya

Tsk....

“wag kang sisilip loko ka...sasabunutan kita at titiyakin kong makakalbo ka!”

“oo na”

Nakakailang..wala bang kwarto dito na pwedeng pagbihisan??? TT__TT

“wag kang titingin”

“oo sabi eh”

Tumalikod din ako sakanya..para talikuran nalang >.<

Nakakainis naman kasi,...

Tinanggal ko na yung shirt ko....

Then

He hugged me from behind...

And felt his lips on my neck >///<

“hey...w-what are you doing stop that” suway ko

But i think he’s not listening

Sh*t! stop it...

“I love you” he whispered to my ears

“i love you” he whispered over and over again...

He even bit my earlobe >.<

“Lance!”

“you’re blushing” sabi pa niya saka tumawa ng mahina

Saka niya ako hinarap sakanya and then kissed me...

.....

.....

Pag-gising ko... umaga na... may araw na din.....

And yeah....

Back to normal na kami....

Kinuha ko yung dami kong pinatuyo.....

Tulog pa din si Lance....

Pagkatapos ko magpalit ng damit... ginising ko na siya...

Chapter 54.3: please

Sharlot’s POV

Di kami nag-uusap habang pabalik... nauuna din siya maglakad....
Alam na alam niya kung saan talaga dadaan...

Back to normal na nga kami...

Di ko namalayan nasa kalsada na kaming dalawa....

“NAG-ALALA AKO SAINYO!!! TT__TT” saka ako niyakap ni Ales pati na din si Xyla

“okay ka lang? di ka naman nasugatan?” tanong pa ni Ales

“okay lang ako...”

“hinanap ka namin kagabi kaso umulan na kaya naman nagsibalikan kami dito TT__TT buti nakita ka ni kuya” paliwanag ni Xyla

“yeah”

“oh ayos na tong sasakyan” said manong

“buti naman kuya at naayos na! para makaalis na tayo” sabi naman nung babae

Mga atat ba sila?

Inakbayan ni Kysler si Lance....

“ano pare? Ayos na ba kayo?” rinig kong tanong niya

“hindi pa” sagot naman niya

“ang labo! Ang hina mo naman!”

Naririnig ko sila...okay? = ____ =

Kagabi.... parang normal nga lang kami... ako lang itong si ilang sakanya... kagabi kinalimutan naming dalawa na may kasalanan siya saakin...kagabi... kunwari di ko alam ang pustahan nila...

At ngayon...balik sa dati na kami...

Nagsimula na ulit kami sa byahe... lahat tulog...

Ang katabi ko na ngayon ay si Ales....

Kagabi... when he kissed me... bumalik lahat...lahat lahat... yung masasayang memories. As if wala talagang nangyaring away sa pagitan naming dalawa. As if kami pa din talaga.

Ang ewan ko lang.... kasi i responded to his kisses... muntik na....

Siya na mismo kumalas....

Saka siya na mismo nagsuot sakín nung shirt niya

Saka niya ako sinabihan na matulog na daw ako....

Ang totoo niyan 4am na din nun....

At katulad ng sinabi niya..natulog nga ako... hindi ko lang alam kung siya natulog din kaagad... ang alam ko lang tabi kami...

At nung pag-gising ko nga..wala na...

Tuluyan nalang ibabaon sa limot yung kagabi....

Dahil wala lang yun....

Tama....

Wala lang yun....

Alesana's POV

Imposible talagang di nag-usap ang dalawang ito. Imposible talaga! Kasi diba? Buong gabi sila magkasama. Hindi ba nila napag-usapan yung about sa sarili nila? Ano ba yan. Birthday na birthday ko eh >.<

Mga tatlong oras pa bago kami nakarating sa beach. May bahay din kami doon ^ ___ ^ syempre may branch din ang restaurant namin doon. Nakarating na kami sa venue.

Wow? Yung ibang inimitahan ko nandito na haha. baka kagabi pa sila nandito?

Pagdating ko. Super yakap sila saakin

“akala ko kung ano na nangyari sainyo” sabi ng kaklase ko

Ganun din ang sinabi nga iba parepareho lang naman kasi sinasabi nila eh hahaha

“Ate Sharly! Same room tayo ah ^ ___ ^” sabi ni Xyla kay Sharlot

“okay ^^” wow ngumiti si Sharlot

Napatingin ako kay Lance

Wala eh ganun pa din naman siya. Ganito oh = ___ =

“where's my room??” tanong ni Lance

“aaaaaaaaaah ang daya matutulog kayo?” tanong nung mga kaklase ko
“eh kasi may nangyari kagabi kaya naman kulang tulog namin”

“dun sa taas yung kwarto mo yung dati Lance”

Napatingin sakin si Sharlot. Nginitian ko lang siya. At ngumiti din naman siya.

